# My Drummer Boy

By: Nikkidoo

Sometimes, opposites do attract... in a funny way.

READ IT ONLINE! [http://www.wattpad.com/story/1230135-my-drummer-boy]

C H A R A C T E R S:

+Luna Reyes +Mrs. Leni Reyes

+Steff Lazaro +Mr. Charlie and Amanda Wright

+Jessie Wright +Casey Montez

+Kevin Perillo +Katrina Yuzon

+Justin Cuevo

+Rio Lee

MISS AUTHOR S NOTE:

I m entrusting you this SOFTCOPY so please take care of this. Please DO NOT repost this to any site without my permission. Thank you! ~Nikkidoo

REMINDER:

This SOFTCOPY is NOT edited so you may encounter some grammar or typographical errors as you read the story. The spacing is not consistent. It may change in various ways as the story goes on. Please be reminded about this. Thank you.

Copyright © April 19  May 22, 2012. Nikkidoo.
ALL RIGHTS RESERVED. Uploaded on http://www.wattpad.com
No part of this book may be used or reproduced in any manner whatsoever without written permission except in the case of brief quotations embodied in critical articles and reviews.

PROLOGUE:

Hindi ba t mas nakakainlove yung lalaking laging nagpapangiti sayo at laging nagpa
patawa
sayo tuwing malungkot ka? Yun bang kahit corny yung jokes niya eh nakakatawa pa
rin
sayo kasi mukha siyang ewan?

Pero hindi ganun yung nangyari eh...

Ewan ko nga ba kung bakit sa lahat ng pwedeng mangyari eh yung kabaligtaran pa y
ung
napunta sakin. Nainlove ako sa isang lalaking laging nagbibigay ng sakit ng ulo
sakin. Yun
bang kapag tumingala ka at nakita mo yung mukha niya eh para kang manganganak sa

pagka-buwiset? Yun bang kahit anong hinhin ng pakikipag-usap sayo eh parang lagi
ng
mura yung dating sayo? Saka yung feeling na alam mo yung history ng lovelife niy
a tapos
gusto mo siyang batukan sa sobrang rami ng ex niya pero hindi mo magawa?

Ewan ko ba. Pero ang pinakamahirap tanggapin sa lahat, eh yung taong pinakamamah
al
mo, yung nagbibigay sayo ng kasiyahan at lakas ng loob ay ang mismong taong
nagpapaluha sayo.

Yun bang parang minsan eh maitatanong mo sa sarili mo na tama bang pinili mo siy
a?
Masakit kasing umasa eh. Lalo na kung alam mong wala talagang pag-asa. Pero mas
masakit pa din yung isang araw eh malalaman mong yung kaligayahang nararanasan m
o ay
kasinungalingan lang pala...

CHAPTER 1
Luna

Ang tagal mag-Friday! Waaaahhh! Ba t ba kasi nasa 4-1 pa ko eh. Sa class namin yun
g lahat
ng stress at pressure. Sabay-sabay masyado yung projects at quizzes. Pati mga de
adlines
sabay-sabay din. Ano ba to, makabagong paraan para mabaliw ang kabataan?

By the way, ako nga pala si Luna Reyes. 16 years old, 4th year high school sa Mo
ulton
High. Ako rin yung Student Council President kaya lagi akong busy. Mahirap pagsa
bayin

yung buhay Section 1 at buhay presidente. Bukod sa magkakaibang gawain, nakakaubos pa ng energy! Pero wala akong magagawa eh, ako yung binoto ng MAGAGALING kong schoolmates eh. Hay nako grabe talaga.

May kuya ako at nakababatang kapatid. Kaso yung dalawa nandun sa States kasama si Mama. Dun nag-aaral ng pagdodoktor si Kuya. Gusto kasi niyang sundan yung mga yapak ni Mama eh. Yung makulit ko namang nakababatang kapatid, kinuha na ni Mama. Itatransfer daw siya run para rin makasama ni Mama kasi maliit pa yun. Grade 4 palang eh.

At ako naman, heto... naiwan. Bakit??? Wala lang! HAHAHAHA!!!! Nakakatamad din kasing bumyahe eh. Napunta na ko ng America for more than 5 times, tuwing bakasyon at sembreak yun. Sinabi rin sakin ni Mama na magtransfer na rin ako run para sama-sama na raw kami at para magsimula ng bagong buhay. Pero ayoko kasi 4th year high school na rin naman ako, graduating na, saka ayoko rin munang malayo sa mga kaibigan ko noh. Ang saya kaya ng buhay ko dito!

Since I was 9, si Mama nalang yung bumubuhay samin. Naghiwalay sila ni Papa. Sumama kasi siya sa ibang babae eh. Simula nun wala na kong pakialam sa kanya. Iniwan nila kaming naghihikahos nun. Kaya nga nung may nag-offer kay Mama ng trabaho sa America, hindi na siya tumanggi. Kapos na talaga kami eh. Buntis si Mama kay Teena nun, my litle sister. Nanatili kami run for almost two years bago ko naisipang bumalik dito sa Pinas. Kina Tita muna ko nakituloy nun hanggang maging third year high school ako.

Naka-jackpot si Mama sa America kasi big-time doctor na siya dun. Kaya ngayon, heto, may sarili na kong apartment. HAHA!!! Ang yabang eh noh? Pero syempre me ka-share din ako dito. Kasama ko sa apartment si Steff Lazaro, ang piiiiinakamatalik kong kaibigan sa buong mundo. Hindi ko na alam kung gano katagal na kaming mag-best friend. Kulang na nga lang eh sabay kaming ipinagbuntis ni Mama sa loob ng tiyan niya eh. Parang kapatid trato ko sa kanya. Actually, mas close pa nga kami ni Steff kesa ke Teena eh! HAHA!

Graaabeee!!! Sobrang na-miss ko siya nung nagpunta kong America! Internet chat at tawag lang connection namin! Gustung-gusto ko talaga siyang makita nun. Sabi nga niya nung pag-uwi ko,  I MISS YOU LIKE HELL!!!!

Englishin daw ba ko? Jusko, wala pa nga akong two years nandun eh. Hindi naman ako makakalimutin. Lalu na t 94 grade ko sa Filipino. HAHA!!!

Luna!!! Bilisan mo! Male-late na tayo!

Oo, andyan na ko!  My God. Napakabagal ko talagang kumilos pag nasa bahay ako. Nasigawan pa tuloy ako ni Steff ng di oras.

Diyos ko!!! Nakapagpakasal na ko dito at lahat, wala ka pa rin!  Nasa labas ng pint uan si

Steff, tinitingnan yung relo niya habang paulit-ulit na tina-tap yung paa niya s a sahig.

Kinuha ko yung bag ko sa room ko tapos bumaba ako ng hagdan. Pumunta ko sandali sa kitchen para kumuha ng cookie na binake namin ni Steff kagabi. Baligtad nga yung nagyari sakin eh, nag-toothbrush muna ko bago kumain. Haha, nakakaloko din eh noh?

Pinairal mo na naman yang katakawan mo!
Ngayon pa nga lang ako kakain eh!
Tumakbo ko papunta sa pintuan.  Sa wakas!  sabi ni Steff habang tinataas yung

dalawang kamay niya.

Mamaya ka na magmisa diyan!  I said habang nilo-lock yung pinto.  Halika na nga! Hinawakan ko siya sa braso at hinila palabas ng gate. 15 minute-walk lang yung s chool namin mula sa apartment. 5 minutes siguro through vehicle. Pero wala saming dala wa ni Steff yung may kotse o kaya e driver s license kaya wala kaming magagawa kundi ang i-take ang walking exercise tuwing umaga. Or should I say... Running exercise.

Tumakbo kami ni Steff papunta ng school. As always. Pareho kasi kaming late gumi sing eh. Pero mas matinik ako. HAHA!!!

Sa awa ng Diyos, nakaabot naman kami. Pagkatapak na pagkatapak palang namin sa third floor, nag-ring na agad yung bell. Eh buti t medyo makupad ding kumilos yung adviser namin. Bongga talaga!

First class namin ni Steff ay Chemistry. 4th year na nga kami pero me Chemistry pa. Dapat Physics na eh! Pero ang sabi samin required daw kasi ung Advanced Chem sa colleg e na papasukan ng klase namin. Pare-pareho kasi kami ng papasukang college eh! Haha! Oh di ba may unity?

Kaso hindi ko lang alam kung dito pa ko magco-college. Malaki kasi yung possibil ity na sa States na ko mag-aral pagka-graduate ko. I ll miss them a lot talaga.

Two periods Chem namin ngayon kasi Monday. Nasa Chemistry Lab kami ngayon. Tuwing first period yun. At sa dalawang oras na yun, hindi ko man lang makakausa p si Steff

kasi magkabilang dulo kami ng upuan. Siya sa harapan, katabi niya si Annie. Sama
ntalang
ako, nasa dUUUUUUUUlong-dulo. Montik na nga kong alikabukin eh. Plus, absent par
tner
ko. Oh san ka pa? Solo ko ngayong buong umaga ang pasanin ng experiments.

After two minutes, dumating na din yung adviser namin. Tumayo kaming lahat para
i-
greet siya.  Good morning, Mrs. Terrano. It s nice to see you!

Pagkatapos ay ngumiti samin si Mrs. Terrano.  It s nice to see you too. Be seated.

Pagkatapos nun ay pumunta na yung class secretary namin para papirmahin si ma am s
a
attendance.  Ms. Reyes, alam mo ba kung bakit absent si Mr. Astilla?

Ha? Po? Ah eh, hindi po eh.

Ah ganun ba. Sige, class may announcement ako sa inyo. Ngayong araw, may natangga
p
akong notice mula sa principal. At sabi don ay mayron tayong transferee from Ame
rica. And
according to his grades, nag-fall siya dito sa class niyo.

Pagkatapos nun, nagbulungan yung mga classmates ko. Narinig ko yung mga salitang

him? Ibig sabihin lalaki!   Pogi kaya yun? Sa America eh!

Quiet class.  Tinapik ni Ma am Terrano yung desk niya. Natigil kaming lahat.  Siguro eh

mas maganda kung sa kanya niyo mismo maririnig yung background niya.  Pumunta si
ma am sa may pintuan tapos binuksan. Pag bukas nun, may pumasok na lalaki. Ang
TANGOS ng ilong! Grabe! Nangunguna sa pintuan eh!

Saka ang tangkad din, mga 5 10  or 5 11 . At ang puti ah! Mistiso talaga! Pero hindi tal
aga
siya mukhang Amerikanong-Amerikano. I mean, wala naman siyang freckles, saka di
rin
siya blonde. Black yung buhok niya pero may touch of brown. Yumuko siya samin ta
pos
ngumiti.

CHAPTER 2
Luna

Ang cute-cute niya!  narinig kong bulungan ng mga babae samin. Kinikilig pa ang mga

potek! Sabagay, cute naman talaga siya. Pero marami na kong nakitang katulad niy
a eh. Sa
America pa lang sandamakmak na. Kaya siguro medyo wala siyang dating sakin. Kaya

tumingin nalang ako sa may bintana. Nakakatamad makinig eh.

 Hi everyone. My name s Jessie Wright. American yung Dad ko, while my mom is a
Filipino. Don t worry kasi marunong naman akong mag-Tagalog. Dito ko lumaki sa
Pilipinas. Actually, five months nga lang ako dun sa America eh. Hindi kasi ako
nakatagal
dun. Mas gusto ko dito. At sana magkasundo rin tayong lahat.

Napakagat-labi yung mga babae samin. Halatang pigil na pigil yakapin si... Ano u
lit
pangalan niya? Hindi kasi ko nakikinig eh. HAHA!!!

Samantalang yung mga boys samin, mga walang reaction. May narinig pa ko na,  Five
months lang pala eh. Kung makapag-introduction, English pa.

I rolled my eyes and smiled. Ipinatong ko yung siko ko sa desk tapos ipinatong k
o yung
baba ko sapalad ko. Boys, boys, boys... I thought. Insecurities nga naman. Palib
hasa kasi
walang pogi sa room namin. And to make it clear, in general! HAHA!! Wala akong t
ype dito
sa school eh. Kung hindi panget, mukhang mabaho. Kung hindi mabaho, sira-ulo. Ma
y pogi
din naman, kaso mga babaero. Ano ba tong school na to, lagakan ng mga nasa menta
l?

Isa pa tong si American boy. Mukang madami na ding pinaiyak to. My, my, my...

 Okay, since the introduction is done. I ll assign you a seat.  Inikot ni ma am yung mat
a
niya sa buong room. Hindi pa rin ako nakikinig. Nakatingin pa rin ako sa labas n
g sinabi ni
ma am na...  There! You ll sit there beside Ms. Reyes.

May narinig akong pumaswit sakin kaya napatingin ako sa katabi ko. Then she jerk
ed
her chin towards Ma am Terrano. Napatingin ako kay Ma am tapos biglang sinabi na,  Ha?

Po? Ano po yun?

Nagtawanan ang buong klase. Itinaas ni Mrs. Terrano yung salamin niya para titig
an ako.
 I said, Mr. Wright will sit there beside you, Ms. Reyes. Is that clear enough?

 Ha?  Nagulat ako. Grabe! Wala akong kamalay-malay!  Pero katabi ko na po si Arnie!

 Ayos lang yun. Absent din naman si Mr. Astilla eh. Saka we will have an experimen
t and
you need a partner. And I believe that Mr. Wright will be glad to sit beside you
 since you
ARE the Student Council president. I think he will learn many things from you ab
out our
school, Ms. Reyes.

Wala akong nagawa kundi ang mapanganga habang papunta si American boy sa tabi ko
.
Sinusundan siya ng tingin ng mga classmates kong babae. Yung iba ngumuso. Gusto
siguro
nilang makatabi yung Kano na to. Well, have him for all I care!

The next thing I knew was that he s already sitting beside me! Grabe ang tangkad n
ga
niya, siguro pag nagpantay kami, hanggang balikat lang ako o kaya kalahati ng le
eg.
Nakatingin ako sa kanya. Nakakainis potek! Nang-aasar ata yung ilong neto eh! An
g tangos
pag naka-side view! Nahiya tuloy yung ilong ko. Bumabaon eh!

He turned his head and looked at me. He smiled at me and I smiled back. Teka, ha
lata
atang pilit yung smile ko. Pero yamu na. Di naman kami close eh. Kinuha ko yung
textbook
ko tapos nagstart magkabisado ng steps para sa experiment. Nagsimula ng magdiscu
ss si
Ma am Terrano tungkol dun sa gagawing experiment namin. After a few minutes ng
pananahimik, nagsalita si American boy.  Medyo mahirap pala dito sa likod noh? Mal
ayo sa
blackboard.

Tumango ako. Tuloy lang sa pagbasa.

Ayos ka lang ba dito?

Tumango lang ulit ako. Tuloy pa rin sa pagbasa.

Sigurado ka ba?

Tumango ako ulit. Ang kulit din neto ah! Kanina pa tanong ng tanong. Di ba siya
nakakahalata na ayokong makipag-usap sa kanya? After a moment, kinuha na rin niy
a yung
textbook niya. Sa wakas! Natigil na rin...

Nilipat-lipat niya yung page. Hinahanap niya yung page na dinidiscuss.  Anong page
ba?
Itinuro ko yung number sa ibaba ng page na binabasa ko.

Ah. 125.  Then after that, he turned to that page. Binasa niya yung heading.  Common
Cations and Their Charges.

One hour na yung nakakalipas. At sa buong hour na yun, nakatingin lang ako sa te
xtbook
ko. Tumahimik na rin si American Boy sa tabi ko. Second period na... Gutom na ko
!!!
Arrgggghhh!!! Konti na nga lang kinain ko kagabi, hindi na ko nakakain kaninang
umaga,
double period pa sa Chem!

Narinig kong kumulo yung tiyan ko. I bit my lower lip. Kapag hindi pa ko nakakai
n after
five minutes, mangangagat na ko! Amp!

To my horror, narinig ata yun ni American boy kasi nangiti siya.  Kawawa ka naman,
.
Mukhang gutom ka na yah?

Tumingin ako sa kanya.  Obvious ba?

Ganyan ba epekto ng gutom? Nakakasunget?

Tumingin lang ulit ako sa page ng textbook ko na ilang beses ko nang nabalik-bal ikan.
Pampalipas lang ng oras.

Ms. Reyes. Napatingin ako sa harapan. Tinatawag pala ko ni Ma am Terrano;
Yes, Ma am? Tapos tumayo ako.
Finally! For the third time, nakarinig ka rin. Narinig ko yung mahinang tawa ng mg a

kaklase ko. Pero ang mas nakabwiset sakin eh yung ngiti nitong nasa tabi ko. Par ang nang

aasar eh. Now, do you know my question, Ms. Reyes?

Tumingin ako kay American boy. Ewan ko ba kung bakit. Basta tumingin lang ako sa

kanya. At nakangiti nga ang loko! N-no, Ma am. I m sorry.

Lalong lumakas ang tawanan. Hinilot ni Ma am Terrano yung sintido niya. Naku po!
Mukhang any time now mabu-busted na ko ah. Ba t ba kasi nagkakaganito ko? Gutom ng a
lang ba kaya to?

Okay, I ll repeat for the LAST time. Ms. Reyes, do you believe that opposite charge s can
attract each other?

Yes, Ma am.

Very good. And for the record, I ll ask you an interesting question... Have you eve r been
attracted to a person who s the exact opposite of you?

Kumurap ako. H-ha? Ano po? Nagtawanan yung buong klase. Pati si American boy
natawa na rin. Nakakaasar! Ba t ba kasi ako yung nasa hot-seat ngayong umaga?

Ano, Ms. Reyes. Can you answer the question or not?

Nakatayo pa rin ako run. Kumukurap. Sorry naman! Hindi kasi ako sanay na tinatan ong
ng tungkol sa mga bagay na ganun eh. Mana pa kung si Steff at kaming dalawa lang pero
hindi eh! Buong klase to! Nakakahiya!

Napakamot ako sa ulo ko habang tumatawa yung pamwisit kong mga kaklase. To my

surprise, tumayo din American boy. Perhaps I can answer that, Mrs. Terrano.

Nagtinginan lahat sa kanya. Syempre kasali ako. Nakaka-curious eh. Ngumiti si Mr s.

Terrano. Oh, really, Mr. Wright? Well let s hear your answer.
My answer is... yes. I have been attracted to a person who s the exact opposite of me.

Mrs. Terrano s smile widened.  Oh, that s great. Opposites really attract each other. And
when did that happen, Mr. Wright? Perhaps when you re in America?

Umiling si American boy.  No, Ma am.

 Then... When?

Inakbayan ako ni American boy then tumingin siya sakin.  An hour ago, Ma am.

CHAPTER 3
Luna

Dumagundong yung buong room. Ang mga loko, naghiyawan ng  Aaayyyiiiieee!!!

Nakatulala ako sa kanya. Naka-open pa yung bibig ko! Tama ba ko ng rinig? Anak n g!
Pinagtitripan ako netong bwisit na toh!

Inalis ko yung braso niya sa pagkakaakbay. Nakasibangot ako sa kanya tapos pasig aw
kong sinabi na,  Mahiya ka nga!  Pero hindi yun masyadong narinig kasi ang iingay ng  mga
classmate ko.

Pumapalakpak si Ma am Terrano sa may harapan. My God! Ano bang nangyayari sa klaseng to? Simula nung dumating tong American boy na to, ako na lang lagi yung napapahiya. Dati, ako pa naman yung pasimuno sa mga  Ayiieee!  na yun eh. Ang nakakaasar pa, naki-ayie pa si Steff! Yung babaeng yun! Napaka-traydor talaga! P atay sakin
mamaya yun!

 Okay, that s enough, class. Very good, Mr. Wright!  Umupo akong bigla. Sumandal ako tapos I crossed my arms. Nakakainis talaga. Mukhang buong period akonng sisibang ot ng
ganito ah.

 Ano bang problema mo?  Umupo na rin si American boy;
Tumingin ako sa kanya.  Ano ba sa tingin mo?
 Nagagalit ka ba dahil sa sinabi ko kanina o kinikilig ka lang?  Napanganga ko sa si nabi

niya. Hindi ako makapaniwala sa taong to! Hello?! Close ba tayo?

 Ang kapal ng mukha mo! Wag mo nga akong kausapin!  Binuhat ko yung upuan ko palayo sa kanya. Halos nasa end na nga ako ng table eh. Mas malayo mas mainam. Nakakabawas stress. Pero binuhat din niya yung upuan niya tapos lumapit sakin. A ba y

talagang! Hindi ko na lang siya pinansin. Sana matapos na tong period na to! Hin di ko na kayang makasama pa yung lalaking to!

Wow, lalong mas mahirap makita yung blackboard dito. Gusto mo ba talaga jan?

Wala kang pakialam.

Kawawa ka naman. Ang hirap maging pandak noh?

Natingin ako sa kanya. Pandak? Ako pandak? Excuse me, mukha lang kasi siyang kap re kaya nasasabi niya yun noh!

Ang tapang talaga ng hiya mo! Palibhasa kasi kapre ka! Kapre!

E di dwende ka naman? Tabi-tabi po...

Nilapit ko yung mukha ko sa kanya tapos tinitigan ko siya.  Alam mo, kung mahal mo pa yang ilong mo, tumahimik ka nalang at baka mamaya eh nakaturo na yan kanan mo!

Natawa siya.  Hahahahaha!!! Nakakatawa ka palang magbanta. Parang ewan lang eh. Kung sabagay, dapat ko ngang ingatan yung ilong ko pero sayo hindi na kailangan eh. Kasi kapag yung akin sinuntok, mababali, eh yung sayo? BABAON! HAHAHAHA!!!

Na-feel kong kumulo yung dugo ko. Ang kapal neto! Oo, aminado akong hindi katang usan yung ilong ko. Pero... Oh please! Sino siya para ipamukha sakin yun? Tumayo ako.  ANO BANG PAKE MO, HA?!!  Napatingin lahat sa akin at nahinto yung discussion. Napating in ako sa kanila. OH... MY... GOD!!! Nakakahiya yung ginawa ko! Amp! Nagskandalo ko ng di oras! Eh pano tong lalaki na toh eh, ang tigas ng bungo.

Buti nalang, may kumatok sa pinto. Binuksan ni Mrs. Terrano yun tapos nakita ko yung isa sa Student Council.  Good morning po, Mrs. Terrano. Pwede po bang iexcuse si L una Reyes? Mayron po kaming kailangang gawin sa SC room eh.

Sure. Ms. Reyes?

Sa wakas.  Kinuha ko yung bag ko tapos pagalit na lumakad palabas.

## CHAPTER 4
Jessie

The bell rang. Okay, lunch time na. Grabe, the first two hours of my shcool day was great. Pero nung umalis na yung babae na yun, medyo parang naging boring na eh. Ano kay a pangalan nun? Ang sarap asarin eh. Pikon! HAHA!!!

Pero mukhang big-time yung pango na yun. Student Council eh. Masipag siya for su
re.
Siguro siya yung taga-dala ng paperworks. Haha! Pumunta ko sa locker ko sa may h
allway.
Inilalagay ko dun yung books ko ng biglang may tumabi sakin.

Hey, zup?

Justin! Tapos niyakap ko siya. Zup, man? Haven t heard of you these past few months.
Right, he s Justin Cuevo. Vocalist of the band Pepperoni Cheese. I know, it sucks.
Ang baduy
noh?

Been searching for a new drummer. Kinamot niya yung ulo niya. Kung kailan pa
naman may palapit na gig saka siya umalis.

Eh kung ganun ba naman kasi kabaduy yung name ng band niyo eh. Ano ba kasing
nangyari?

Basta! Wag mo nang alamin! Inakbayan niya ko. Gusto mo bang sumali samin?

Napatingin ako sa kanya. Ha?

C mon, bro! Five months tayong di nagkita noh. Anong date na ba ngayon? End of
August na! Sa September may gig yung band sa School Fest. Nun ngang sinabi mo sa
chat na
uuwi ka na, hindi na ko nagdalawang isip na imbitahan ka sa banda.

That s right. Nung pumunta ko ng America, nagtransfer din ng school sina Justin, K
evin
at Rio. Childhood friends ko sila at mula grade one magkakasama na kami. Kaso ng
a, kinuha
ko sa America nun pero ngayong nandito na ulit ako, buo na naman yung grupo nami
n!
Actually may usapan kami na if ever makauwi pa ko, dito sa Moulton High ulit mab
ubuo
yung grupo namin.

Siguro nagtataka kayo kung bakit hindi ako kasali sa banda noh? The answer is si
mple...
My mom told me to stop playing the drums right before Justin formed the band. Ga
ling ng
timing noh? Pero nung nandun ako sa America, nakita nina Mommy at Daddy na bored
na
bored ako kaya they allowed me to continue playing and they even bought me a new
drum
set. Pero hindi talaga kinaya eh, bored talaga ko dun! Haha! Kaya nung umuwi ako
dito sa
Pilipinas, dinala ko yung drum set ko. Sa bahay namin ako umuuwi. Gusto ko sanan
g mag-
dorm eh o kaya apartment, kaso Mom insisted na sa bahay nalang daw ako kasi uuwi
daw
sila before Christmas. May kailangan pa silang asikasuhin sa States eh.

Ano?

Kinamot ko yung leeg ko.  Sige na nga! Kung hindi ka lang malakas sakin eh!

 Great!  Ngumiti siya.  Halika, dun tayo sa music room. Nandun sina Kevin at Rio. Saba ysabay na tayong kumain ng lunch.

Bumaba kami sa first floor. Malaki din pala yung Moulton High. May oval, malaki din yung gym tapos may swimming pool pa. Sabi nung mga classmates ko, tuwing Friday yung swimming lesson namin. May kamahalan din yung tuition dito, pero hindi ko na yun pinoproblema. Hehe. Andiyan naman sina Mommy eh.

Isa sa pinakaayaw ko ay ang marumi. Ewan ko ba, basta I hate dirty things. Sobra ng neat ko rin sa gamit. Hindi mo ko makikitaan ng kahit anong dumi. Mortal enemy ko ang dirt.

Pumasok kami sa music room. Hindi na namin sinarado yung pinto, dadating na rin naman daw kasi pamaya-paya yung order ni Justin na pizza eh. Nakita ko si Kevin na pinupunasan yung gitara niya. Si Rio naman tinotono yung bass niya. Tumingin sil ang dalawa samin ni Justin. At nung makita nila ko, abot tenga naging ngiti nila.

 Jess!  Tumakbo sila sakin para akapin ako.

 Oh hinay-hinay lang mga brad!  sabi ni Justin.  Baka hindi makahawak ng drum sticks yan.

Natingin silang dalawa sakin.  Ibig sabihin sasama ka na sa banda?  tanong ni Kevin.

 Naman!

Ngumiti sila tapos nag-high five kaming tatlo.  Yes naman! Ganyan sana!  sabi ni Rio .

Nagsalita si Justin sa mic.  Oh pano, let s give it a try? Pamaya-maya pa naman yung pizza eh.

 Game!  sigaw naming tatlo. Umupo ako sa likod at kinuha yung drum sticks. Grabe, ib a yung feeling ko. Excited na excited ako! Iba pa rin talaga kung kasama mong tutu gtog yung mga kabarkada mo. Parang sa inyo yung mundo.

 Teka, eh ano ba yung tutugtugin natin?  tanong ko.

 Your pick,  sabi ni Kevin.  Since bagong dating ka at bago ka sa banda. Welcome to Peperoni Cheese!

Nakapanliliit naman yun. Ayos na eh, bakit kailangan pang banggitin yung name ng banda? Anyway, I ll just make some fun.  How  bout Ang Huling El Bimbo?

Yung sa Eraserheads? tanong ni Justin. Tapos nangiti siya. Tumango ako. Sige, yun nalang. Tapos nagsimula na kaming tumugtog.

*Music Playing*

Maganda talaga yung boses ni Justin. May sarili siyang style sa pagkanta. Lagi d in siyang pinagkakaguluhan ng mga babae. Actually, sinabi niya sakin na nung lumipat silan g tatlo dito, puro babae daw yung nag-welcome sa kanila. Wow, artista ba? Pati naman ako eh, habulin din ng babae. Pero hindi ako interested sa kanila. Madami na kong naging girlfriend pero wala akong sineryoso sa kanila. Masyadong maaamo eh, ayoko ng ganun. Wala m an lang challenge.

Dumating na yung inorder na pizza ni Justin. Halos gitna palang kami ng kanta ka ya di muna kami tumigil. Itinuro nalang ni Justin yung sofa dun sa tabi nung TV. Nilag ay nung delivery boy yung pizza dun tapos umalis na. Hindi man lang sinarado yung pinto!

Pambihira. Oh, well. Yamu na nga.

Hindi kami nakaramdam ng gutom. Halos naka-ilang kanta na nga rin kami eh. Pamay amaya, bigla namin narinig sumarado ng malakas yung pintuan ng music room. Napatigil kaming lahat. Dun sa may pintuan, nakita kong nakatayo ang isang babae. Pamilyar yung mukha niya eh. Nakatingin siya samin pero halatang hindi siya nandito para magpa picture

o kaya magpa-autograph. Pinakita niya yung puting armband niya na may tatak na s eal.
Student Council President, sabi niya. Nakikiusap ako na itigil niyo na yang rehears al niyo. Class hours na. Madami na kong narinig na reklamo sa inyo na ang ingay-ing ay niyo daw.

Ah!!! Siya pala si pango! Oo, siya nga! Aba, akalain mo nga naman? Sa pagkarami-rami ng pwede niyang maging position sa Student Council eh presidente pa? What the hell? ! Hindi bagay! HAHAHA!!!

At ba t naman kami titigil? Tumayo ako. Nagulat siya nung nakita niya ko. Pero halatang mas naasar pa siya. Heto na naman po kami. Mapipikon ko na naman toh! H AHA!!!

Nagbabayad din naman kami ng tuition dito ah? Bakit namin kailangang sumunod sayo ?

Sumibangot siya.  Ikaw, newcomer! Ang bago-bago mo pa nga lang dito hindi ka na agad marunong sumunod sa rules ng school? Gusto mo bang umabot pa to sa Principal s Office?

 Anong sabi mo?  Lumakad ako palapit sa kanya pero pinigil ako ni Justin.  Sino ka ba para diktahan ako? Mommy ba kita?

 Ako lang naman ang Student Council President at para sa kaalaman mo, may karapatan akong magbawal ng mga estudyanteng hindi marunong sumunod sa school rules. Alam niyo bang yang ginagawa niyo na yan eh cutting classes?

 Ano bang pakialam mo?  Kumukulo na yung dugo dito sa babaeng to ah! Nakakaasar talaga! Kung makapagdikta akala mong kataasan!

 Tama na, Jess,  bulong sakin ni Justin.  Sige, susunod na kami sa klase, Ms. President.
Ms. President???!!! Anak ng tokwa oo!! Ba t tinawag ni Justin yung pango na toh na Ms.

President?? Kinakampihan pa niya yung bwisit na babae na toh kesa sakin?

 Okay, bilisan niyo.  Pagkatapos ay umalis na. Aba y talagang! Kung makapag-utos talaga...

Hinatak ko yung braso ko mula sa pagkakahawak ni Justin. Naiinis ako sa kanya. Sumunod na lang agad siya dun sa pango na yun.  Ba t ba sumunod ka kaagad sa bwisit na babae na yun?

Natawa sina Kevin at Rio. Sumibangot ako sa kanila.  Bakit tumatawa kayo?!

 Alam mo, Jess...  Inakbayan ako ni Justin.  Mabait naman si Luna eh.  So yun pala pangalan niya. Umupo kami sa sofa. Sumunod sina Kevin at Rio.

Nagulat ako sa sinabi niya.  Yon? Mabait? Weh? Di nga? Para ngang nag-aalborotong bulkan kanina eh!

Tumawa silang tatlo. May alam ba silang hindi ko alam?  Mabait naman talaga si Luna eh!  sabi ni Kevin.  May double personality nga lang! HAHA!

Kumunot yung noo ko.  Double personality? What do you mean?

 Actually, kaming tatlo lang yung nagsasabing may double personality si Luna,  umpisa ni Rio.  Kasi kapag nasa P-shift siya ng pagiging SC President, napaka-strikto nun! Parang presidente talaga eh, pero kapag nasa S-shift naman siya ng pagiging isang 4-1 student, aba, biglang babait yun! Kwela din yung kasama. Pero iba pa rin kapag yung kasama niya eh

yung mga classmate niya, lalo na si Steff, yung best friend niya. Grabeng magtaw
anan yung

section na yun balita ko!

Anong P-shift at S-shift?

Tumawa silang tatlo. Nagsalita si Justin. P-shift stands for President shift. And
it means,
Tumino ka na! Kundi patay ka! and S-shift stands for Student shift. It means, Compl
ete
freedom!

Aba, ganito palang katinik yung babae na toh. Matapang. Pero hindi niya ko kaya!
Mas
magaling ako sa kanya noh!

Kinain na namin yung pizza at habang kumakain kami, nagsalita si Kevin. Pero may
nalaman pa ko tungkol sa kanya. Natingin kami sa kanya. Siya nalang pala yung baba
e
dito sa buong school na hindi pa nagkakaroon ng boyfriend! Oh di ba? Interesting
...

Wala kasing nagkakamali sa kanya, sabi ko habang kumakain ng isa pang slice.

Oy! Hindi rin brad! Tutol ni Rio. Ang dami kayang nanliligaw dun, lalo na sa ibang
school. Kaso busted lahat yun!

Napataas yung kilay ko. Hindi ako makapaniwala na may papatol pa pala dun! Bukod
sa
wala na ngang binatbat yung ilong sa ilong ko, masungit pa! Pero may naisip ako
eh. It s my
turn to pay back the humiliation di ba? Nakakainis yung ginawa niyang pagmamando
samin
kanina. Akala mo kung sino eh. Hindi naman masama kung makikipaglaro ako sa kany
a di
ba? Kaya kumuha nalang ko ng isa pang slice at ngumiti. Patay sakin yung babaeng
yun!

## CHAPTER 5
Luna

Hah! Akala nung American boy na yun uurungan ko siya? No way! Uh-uh! Hindi ko al
am
kung anong magic yung ginawa nun at napunta sa section namin eh parang puro hang
in
lang naman laman nung ulo nun eh. I mean it LITERALLY!

Okay, class dismissed. Lumabas na yung teacher namin sa classroom. Finally! Tapos
na
yung klase! Nakakatuwa noh? Kahit Section 1 ako ayokong nagkaklase. HAHA!! I LOV
E
SCHOOL BUT I HATE CLASSES.

Yung pasaway na American Boy na yun, hindi pumasok! Pinagsabihan ko na silang magkakaibigan na pumasok na kaso... Bahala nga siya! Pake ko ba sa kanya? Mainam pa ngang bumaba grades niya eh para bumaba siya ng section. Ako na siguro ang pianakamasayang tao sa mundo nun.

Waaahh!!! Ba t wala si Jessie?!

Tumingin ako kay Steff habang nag-aayos ng bag ko. Sinong Jessie?

Tumingin lang din siya sakin tapos pumamewang. Hello? Present ka ba kaninang umaga Luna? Si Jessie! Yung poging transferee?

I snapped my fingers then I remembered. Ah! Si American boy.

Tumaas yung kilay niya. American boy? May tawag ka na ngayon sa kanya? Ano yan, crush mo ba sya? Crush mo? OMG!!!

Grabe teh, tumigil ka nga dyan! Hindi ko lang maalala yung name niya kaya yun yung tawag ko sa kanya. Jessie? Pweh! Pambabae. Bakla kaya yun?

Ow em! Yung poging yun magiging bakla? No way! I ll kill myself!

Kinuha ko yung bag. Mukhang ikaw yata yung may crush sa kanya eh. Lumabas ako ng room tapos pumunta ko sa hallway. Kasabay ko si Steff. Magkatabi lang din kami ng locker.

Alam mo bang sikat na sikat na agad yung American boy mo na yun? sabi ni Steff habang nagpapalit ng gamit sa locker.

Natigil ako. He s soooo NOT my American boy. Bwisit kaya yun. Magkaibang magkaiba kami nun kaya imposibleng maattract ako sa kanya.

Bakit naman? Dun nga nagsisimula yung magandang love story eh. Kita mo kanina sa Chem, parang nagparamdam siya sayo. Remember? Super kinilig ako nun!

Oo nga pala! Hindi kita mapapatawad Steff Lazaro! Nangunguna ka pa kanina sa pagaayie eh kita mo namang nabubwisit na ko! Ni-lock ko yung locker ko tapos lumakad paalis.

Hinabol ako ni Steff. Ayaw mo ba nun? Sa pagkadami-daming babaeng nagkakandarapa sa kanya, ikaw yung una niyang inakbayan? Ang swerte mo sis!

I frowned at her. Jeez! sabi ni Steff. Kung makatingin ka naman parang kakainin mo ko ng buo ah! Sorry na!

Sorry your face!

Nag-start na ulit akong lumakad ng mapansin namin na nagtatakbuhan yung mga girls.
Ano kaya yun?

Tara puntahan natin?  sabi ni Steff.

Wag na! May gagawin pa ko

Tara na!  Hinila kong bigla ni Steff. Hay nako, heto na naman tayo. Ang kulit talaga nitong si Steff. Pinairal na naman ang pagka-curios niya. Nang nandun na kami sa gym, may nakita kaming mini stage na itinayo sa gitna. Grabe yah, may design pa yung stage, pink and red pa, tapos may nakalagay na banner sa likod na  I m sorry!

Nandun sa stage yung band ng school. Ang BADUY NA BADUY na Pepperoni Cheese. Ewan ko ba kung bakit buo pa yung banda na yun! Ang babaduy naman. Siguro kasi pareparehо silang may itsura? At nagulat din ako kanina nung malaman kong kasali na pala si

Ameri Jessie sa bandang yun. Mga kaibigan ko pa naman sina Justin, Kev at Rio.

Pero heto, andun na rin sa taas ng stage si Jessie. Biglang sumakit yung ulo ko. Makita ko pa lang yang bwisit na ALBINO na yan, naiirita na ko. Pamwisit yung mukha eh. Nagkakagulo yung mga babae sa baba ng stage. Yung iba pinipicturan sila. Sa totoo lang kaninang tanghali nung binawal ko silang magrehearse dun sa music room, wala naman talagang nagreklamo sa kanila eh. Gawa-gawa ko lang talaga yun, pero kahit na! Mali pa rin yung ginagawa nila. Nag-iingay sila habang class hours saka nagcu-cutting sila. Tsk! Nung pasukan lang sila nagtransfer dito pero ganito na agad sila kasikat? Grabe yah...

Steff! Halika na nga! Wag ka ng makigulo dyan!  Hinihila ko yung braso ni Steff.
Wait lang! One minute lang! Please?
Binitawan ko siya.  Bahala ka nga diyan! Magkita nalang tayo sa apartment!  Paalis na

sana ko nung bigla kong narinig yung pangalan ko sa speaker.

Luna Reyes! Nasan ka, Luna Reyes?!

Napatigil ako sa paglalakad, lumingon ako. Nakita ko si Jessie na nagsasalita sa mic.
Luna Reyes!  May hinahanap siya sa audience ng bigla kaming nagtama ng tingin. Ngumiti siya. Napanganga ko.  I found you!  Tapos tinuro niya ko. Bigla nalang tumahimik yung mga babae sa ibaba tapos tumingin silang lahat sakin.

Ginagalit talaga ko ng lalaking toh! Sumibangot ako sa kanya tapos sumigaw.  Ano na naman ba to, ha?

I m sorry, Luna. Hindi ko naman sinasadyang galitin ka eh.

Anong hindi sinasadya? Magtigil ka nga! Saka pwede ba, bumaba ka nga diyan! Nakakahiya ka eh!

Nakita kong nagbulung-bulungan yung mga babae. Yung iba naman nakangiti. Hindi ak
o
bababa dito hangga t hindi mo ko pinapatawad! Nakita ko yung expression ng mukha ni
ya.
Mukhang paninindigan nga niya yung sinabi niya.

Kumulo na naman yung dugo ko. Takte naman oo! Bumaba ka na diyan!
Ayoko! Umiling siya;
Bumaba ka na sabi diyan eh! Para kang bata!
Hu! Tapos tumingin siya palayo sakin. Malapit ng sumabog yung ugat ko sa ulo!

Napakakulit talaga nitong taong toh! Teka, tao nga ba toh?!! Mas matino pa sa ka
nya yung
palaka eh! Pagalit akong umakyat sa stage. Hinatak ko yung braso niya tapos tinr
y kong
kaladkarin siya pababa.

Teka lang! Patawarin mo muna ko!

Tumigil ka nga diyan! Bitawan mo na yang mic! Dadalin kita sa Principal s office!

Tumigil siya sa pagpupumiglas bigla. Nagulat ako. Sige papayag akong pumunta ron
pero sa isang kondisyon...

Sumibangot ako at nairita. Ano na naman ba yon?!!

Bigla siyang lumuhod tapos hinawakan niya yung kamay ko. Nagsalita siya sa mic a
t
sinabing, Please be my girlfriend?

CHAPTER 6
Luna

Nakatingin lang ako sa kanya. Nakaluhod parin siya at hawak pa rin yung kamay ko
. Ang
naiba nga lang, ubod ng ingay ng paligid ko. Naghihiyawan yung audience. Grabe,
guguho
na ata yung buong gym.

Tumayo si Jessie, hawak pa rin yung kamay ko. Hindi ako makagalaw. Para bang na

freeze ako sa kinatatayuan ko. Please be my girlfriend, Luna Reyes.
Tumaas yung kilay ko. Nakahitit ka ba?

Natawa siya, tapos ngumiti.  Ba t naman ako magda-drugs eh kung sayo palang baliw na

ko?  Lalong lumakas yung sigawan. Tumingin ako kina Kevin. Natatawa sila ni Rio
samantalang si Justin eh nangingiti lang. Tumingin ako kay Steff sa ibaba. Ang a
nak ng
tokwa, kung makasigaw daig pa yung baka! Nakakaasar talaga oo! Best friend ko ba
 talaga
tong taong toh?

At eto namang mokong sa harap ko nag-pick-up line pa!  Baduy mo.  Inalis ko yung
kamay ko sa pagkakahawak niya. Aalis na sana ko pero hinawakan niya ko sa braso.
 Nainis
ako.  Ano ba?! Pabayaan mo na nga ako!

 Eh patawarin mo muna ko!

Napakamot nalang ako sa ulo. Napakakulit nitong taong to!  Oh sige na! I forgive y
ou na!
Matigil ka lang.

Ngumiti siya.  Talaga?

 OO NGA PO...

 E di tayo na ulit?  Tapos inakap niya ko. Nagulat ako. May paakap-akap pa toh! Ano
siya,
sinuswerte?!! Hay nako, nababaliw na ata yung audience eh. Kanina pa sila tili n
g tili! Ang
sakit na sa tenga!

Tinulak ko siya palayo.  Anong tayo na ULIT? Kailan ba naging tayo ha?! Lumayo ka
nga!

 Honey naman...  Nanlambing pa ang potek!  Nagkahiwalay lang tayo ng one month
hindi mo na ko agad kilala?

 Honey ka diyan!!! Ibaba mo na nga yang mic!  Sinubukan kong agawin yong mic pero
itinaas niya yun. Hindi ko maabot!!! Arrggghhh!!! Kapre kasi sa taas toh eh!

 Tigilan mo na yan!

 Everyone, thanks for helping me and my girlfriend be together again! Aalis na kam
i ah!
Good day sa inyong lahat!  Binigay niya yung mic kay Kevin tapos humarap sakin. Hi
ndi ko
gusto yung ngiti niya. Kakaiba eh. Nagulat nalang ako nung binuhat niya ko! Pote
k! Hindi
yung buhat na maayos, kundi yung buhat na nakasampay sa balikat niya! Asar talag
a! >_<
Nahulog pa yung bag ko! Pag nawala yun sisipain ko siya pabalik sa America sinas
abi ko sa
kanya!

 Ibaba mo nga ako!!!  Bumaba siya sa stage tapos tumakbo palayo. Hindi ako
makababa!!! Kahit na anong kawag yung gawin ko, hindi pa rin ako makababa. Pamay
a

maya, naiyak nalang ako. Ewan ko ba kung bakit, pero bigla nalang akong naiyak. Natigil si Jessie sa pagtakbo nung ma-feel niya na nahinto na ko sa pagkawag.

At last, ibinaba na rin niya ko. Yumuko ako tapos tinakpan ko yung mukha ko. Nakakainis! Nagkahalu-halo na yung inis at kahihiyan sa puso ko. Hindi ko na kinaya kaya siguro naiyak ako. Wala naman akong ginagawa sa kanya na ganun kagrabe para gawin niya sakin toh. Nakakabwisit talaga!!!

Tumalikod ako sa kanya tapos lumakad palayo. Hinabol niya ko.  Teka lang! Ano yan,

iiyak ka nalang? Ang hina mo naman pala...

Humarap ako sa kanya. Nahinto siya sa pagsunod. Sigurado akong basang-basa yung mukha ko ng luha.  I-Inaano ba kita ha? Nakakainis ka na!

Hindi mo ba naaalala? Inistorbo mo yung jamming session namin nina Justin kaninang tanghali!

Dahil lang don. Kailangan. mo pa kong. i-ipahiya. sa buong school? Alam mo ba kung gano kasakit yung ginawa mo? Para mo kong hinubaran sa harap nilang lahat!  Pinunasan ko yung mata ko. Biglang sumikip yung dibdib ko. Dahil siguro to sa inis. Sa nag-uumapaw na inis... Hindi siya nakakibo. Nakatingin lang siya sakin.

Tumalikod ulit ako at lumakad palayo. Pero this time, hindi na siya sumunod.

CHAPTER 7
Jessie

Bumalik ako dun sa gym. Wala nang tao. Pati sina Justin wala na rin. Umakyat ako ng stage tapos may nakita akong bag. Kinuha ko yun tapos tiningnan yung wallet nung owner. Red na Hello Kitty pa yun. Siguradong babae yung may-ari nito.

Nung binuksan ko yung wallet, nakita ko yung picture ni Luna. Nakatutok sa kanya yung camera tapos naka-peace sign siya. At nakadila pa. Nangiti ako. Ang kulit niya sa picture!
Malayong malayo yung itsura niya sa Luna na kaharap ko kanina. Napakasaya niya dito pero yung kanina namamaga yung mata sa kaiiyak. Medyo nagi-guilty ako sa ginawa ko.
First day of school ko, may napaiyak na agad ako! Malas talaga! Tsk...

E siya naman kasi eh! Kung makapag-utos kaninang tanghali. Hay, yamu na nga! Iso
soli
ko na lang yung bag niya bukas. Baka sakaling malamig na yung ulo nun. Sinukbit
ko yung
bag niya tapos lumakad na pauwi.

Malapit lang yung bahay ko sa school. Mga 15 minutes lang yung kailangan mong la
karin.
Binuksan ko yung gate tapos kinuha ko yung susi ng bahay sa bulsa ko. Pumasok ak
o at
dumiretso sa kwarto. Hindi ko na pinansin si Ate Angie, yung katulong namin, kas
i medyo
wala ako sa mood makipag-usap. Initsa ko yung bag ni Luna dun sa may sofa. Nagpa
lit ako
ng pambahay tapos humiga sa kama.

Nahiga lang ako dun for five minutes then naisipan kong i-open yung laptop ko. N
agsurf
ako sa net. Nag-twitter ako, nag-facebook pati MSN. Pero na-bore ako kaya tumigi
l nalang
ako. Nagpatugtog nalang ako ng music. Hay, nakakatamad talaga. Tapos biglang may

pumasok na idea sa ulo ko. Ano kaya kung halungkatin ko yung bag nung pango na y
un?
Hindi naman niya malalaman di ba?

Nangiti ako tapos pumunta sa sofa para buksan yung bag niya. Una kong kinuha yun
g
wallet niya. Tiningnan ko yung pictures dun. Nakakatawa siya. Ang kulit-kulit ta
laga! May
isang babae din dun. Siguro yun si Steff? Tapos nakita ko rin yung family pic ni
ya, lima yung
nandun kaso may punit dun sa upper right corner. Yun siguro yung daddy niya pero
bakit
pinunit niya yung mukha? Siguro galit siya dun kaya niya ginawa yun.

Pagkatapos ko sa wallet, tiningnan ko yung notebooks niya. Aba napakasipag palan
g
mag-lecture nito! Bawat salita siguro ng teacher namin eh sinusulat niya. Kulang
nalang eh
pati yung pag-ubo isulat niya eh.

Naghalungkat pa ko hanggang sa nakapa ko yung cellphone niya. Kinuha ko yun at
inunlock. Anime yung wallpaper niya. Hindi ko nga lang alam kung ano yun kasi hi
ndi ako
mahilig dun. Manapa kung cartoons eh. 56 new messages. Inopen ko yung inbox. Pur
o GM
lang pala eh! May mangilan-ngilang PM kaso puro lang din kay Steff. Pumunta ko s
a gallery
niya. Sandamakmak na pictures yung andun! Bawat madaanan ata nung babaeng yun eh

pinipicturan eh! May picture dun ng butterfly, langgam kahit langaw meron! Makah
ayop
ata yun eh!

Humiga ako sa sofa. Natatawa ko habang tinitingnan yung images niya. Pero may is
ang

picture na nakatawag pansin sakin.  First Prom! Grrr!!!  yung nakalagay na caption.

Nakasuot siya ng pink dress, may hawak na flowers tapos kinokoronahan ng isang t
eacher.

May nakasabit din na sash sa kanya na ang nakalagay ay  Prom First Princess .

Mukhang masayang masaya siya sa picture. At ngayon ko lang napansin... Cute din
pala
siya. Pag nakangiti siguro pero pag kasi lagi akong nasa paligid niya eh lagi si
yang
nakasibangot. Humahaba tuloy yung nguso niya.

Kinuha ko yung cellphone ko tapos pinasa ko sakin yung picture niya na yun. Pati
 yung
isang close-up pic niya nung nakapatong na sa kanya yung korona. Nangiti ako.
Nakakatuwa yung itsura niya dito. Ibinalik ko yung cellphone niya sa bag tapos h
umiga ulit
sa kama. Ang tagal ko ding tinititigan yung picture niya na yun. Palipat-lipat l
ang ako sa
dalawa eh.

Ewan ko ba! Hay, siguro nakokonsensya lang ako sa ginawa ko kanina kaya ganito k
o
ngayon. Bumiling ako habang hawak ko pa rin yung cellphone ko. Tinitigan ko sa m
ata yung
picture ni Luna. Ang ganda rin pala nung mata niya. Ilang mascara kaya yung inub
os dun
para mapapilantik yung eyelashes niya?

Ngumiti ako for the last time tapos tumuloy ng matulog ng hindi pa naiko-close y
ung
picture niya.

CHAPTER 8
Luna

Pagdating ko sa apartment, pumunta agad ako sa CR. Naghilamos ako tapos tumingin
 sa
salamin. Mugto pa yung mata ko. Ayokong makita ko ni Steff na umiiyak dahil lang
 dun sa
kalokohan nung Jessie na yun!

Gagawa na sana ko ng assignment kaso naalala ko na nahulog nga pala yung bag ko
dun
sa school! Amp! I m so pissed!! >_< Isa pang ikinagagalit ko, sa harap pa niya ko
umiyak!
Nainis din ako dun sa sinabi niya. Ang hina ko raw? De siya na malakas! Siya na
magaling!
Siya na! Ang swanget niya!!!

Pumunta ulit ako sa CR tapos naligo na. Nung tumingin ako sa salamin, hindi na
masyadong halata na umiyak ako. Haaayyy... Ang tagal naman ni Steff! San ba nagp
unta

yung babaeng yun? Wala ako sa mood mag-open ng laptop kaya dun nalang ako sa ANCIENT KEYBOARD nagpalipas ng oras.

Si mama kasi eh! Beginner palang naman daw ako kaya pangit pa yung binili sakin nun. E ngayon, ilang taon na din tong piano keyboard na to. Hindi naman sa pagmamayabang, pero sa tingin ko hindi na pang beginner level ko ngayon. Hindi naman Twinkle Twinkle tinutugtog ko noh.

Nakakaloko nga eh, apartment at laptop naibili ako na hindi ko naman inirequest tapos ngayon yung piano na kaisa-isang bagay na hinihingi ko eh HINDI MAIBIGAY! Pambihira naman oo!

Pero at least, gumaan-gaan yung pakiramdam ko habang tumutugtog ako. Mahilig talaga ko sa music. Bata pa lang ako hilig ko na yun. Pati anything about anime. Actually marami akong ginagawa sa bahay lalo na pag bored pero sa apat na bagay lang talaga umiikot yung mundo ko: school, arts, books and music. Wala akong time para sa love-love na yan! Masyado na nga kong busy pero etong bwisit na Jessie na toh nakikidagdag pa!

Tumingin ako sa orasan. 8:24. Tumigil na ko sa pagtugtog tapos pumunta sa laptop para ituloy yung ginagawa kong plano para sa School Fest. Kailangan kong matapos ngayon to para maidiscuss ko na bukas sa iba pang SC officers. Sa school fest, bawat section sa buong school ay magkakaroon ng kanya-kanyang booth. Wala pang plano yung section namin. Pano ang daming gawain! Hindi na namin maisingit! >_<

Pero kailangan muna talagang unahin yung pinaka-plot eh. Matagal na din akong nakaupo run, nagta-type. Narinig kong bumukas yung pinto sa ibaba. Pumunta ko dun at nakita si Steff, nag-aalis ng sapatos.  Finally!  sabi ko.  San ka na naman ba gumala ha?

 Parang mommy ka diyan ah! Wag kang magalit dahil lang sa hindi ka nainvite noh.
 Nainvite nino?
 Edi nung Pepperoni Cheese! Kumain kami sa resto dun sa may kanto pero hindi kasama yung magaling mong BOYFRIEND. Umuwi na ata eh...

Napangiwi ako dun sa salitang  boyfriend . Nakakasuka! Ew ew ew!  Ininvite ka nung PC?  PC yung codename ng Pepperoni Cheese sakin. Ambaduy kasi eh, hindi worth calling for.  Ano naman pinag-usapan niyo?

Umupo si Steff sa sofa dun sa living room.  Kung anu-ano. Pero napag-usapan namin
yung tungkol dun sa ginawa ni Sexyboy. Wala raw silang idea kung bakit ginawa ni
ya yun.
Pati raw sila nagulat eh.

Sumibangot ako tapos umupo sa tabi niya.  Bwisit na kumag na yun! Ang lakas ng tri
p!

Pero kanina nung nandun kayo sa taas ng stage, narealize ko na bagay pala kayo.  Ta
pos
ngumiti siya.

Tumingin ako sa kanya.  Ayos ka lang ba?? Ilang mundo pagitan namin noh! Saka hind
i
ako papatol dun! Panget niya na yun...

Sus! Sinasabi mo lang yan kasi galit ka sa kanya. Saka magkaibang-magkaiba man ka
yo
ng hilig o kaya ng ginagawa, pareho naman kayo ng ugali. Mapang-asar!  Tumawa siya
.
Nagiti ako dun sa huli niyang sinabi.

Sinong mapang-asar ha?!  Binato ko siya ng unan tapos nagtawanan kami. Pamayamaya,
sabi ko,  Hindi ko siya papansinin bukas. Mas maganda na rin siguro kung ako nalan
g
yung umiwas ako di ba?

Tumango siya.  Yup. Mas mainam na nga yun.

Times like this, kahit na may ginawa saking nakakainis si Steff, agad ko na siya
ng
napapatawad. Kahit hindi siya humingi ng sorry, napapatawad ko na agad siya. Sig
uro
ganun ko nga talaga siya ka-love. Hehe...

Nanood muna kami ng TV sandali tapos pumunta na sa kanya-kanya naming kwarto.

10:28 na pero hindi pa ko inaantok. Kaya kinuha ko yung sketchpad ko tapos umupo

malapit dun sa bintana. Hinawi ko yung kurtina tapos binuksan yung bintana. Asar
naman.
Walang masyadong maido-drawing dito! Eh pano nga yung tapat nitong bintana ko eh
yung
bintana nung kapit-bahay namin! Pag minamalas ka nga naman oo...
Sinarado ko na lang ulit yung bintana tapos humiga na sa kama. Nagpray muna ko t
apos
natulog na.

CHAPTER 9
Jessie

Pagpasok ko ng room, nakita ko si Luna na nakaupo dun sa usual place niya. Sa du
lo.
Tapos nakatingin siya sa bintana. Chem kami ngayon, kaya magkatabi kami. Ang aga
naman
pumasok nito! Section one na section one talaga ugali eh!

Habang pumapasok ako, nakatingin yung mga classmate ko sakin. Yung iba
nagbubulung-bulungan, yung iba naman naiintriga kung ano yung mangyayari samin.
Huminto ako dun sa tabi ng table namin. Tumingin siya sakin tapos sumibangot. Po
tek!
Humaba na naman po yung nguso niya...

Inabot ko yung bag niya. Oy. Heto yung bag mo. Naiwan mo kahapon.

Kinuha niya yon. Alam ko.

Umupo ako sa tabi niya. Hindi mo ba alam yung salitang thank you o kaya salamat ?

Hindi niya ko pinansin. Hinalungkat lang niya yung bag niya. Ang sama ng ugali n
eto!
Pano pa ko makakapag-sorry sa kanya kung ganyan yung ugali niya? Asar naman oh.
Bahala nga siya! Pagkatapos, kinuha niya yung wallet niya. Wala akong pinakialama
nan
diyan wag kang mag-alala.

Pero tuloy pa rin siya sa paghahalungkat. Wala atang tiwala sakin tong taong to
eh!
Yaman ko na toh, magiging magnanakaw? Excuse me! Nakatingin pa rin yung mga
classmate ko samin. Hu! Mga chismoso t chismosa!

Pagkatapos, kinuha naman niya yung cellphone niya. Syempre hindi ko kinalimutang

ibalik sa wallpaper yun tapos ilock para hindi niya mahalata. Pamaya-maya, tumin
gin siya
sakin. Anong pinasa mo ha?

Kumarap ako tapos medyo kinabahan. H-ha? Anong pinasa? Ano bang sinasabi mo?

Iniharap niya sakin yung cellphone niya. Bukas yung bluetooth oh!

Potek! Nakalimutan kong i-off yung bluetooth! Amp! Wag sana niyang mahalata na
ipinasa ko yung picture niya. Aba y ewan ko! Baka naman nakalimutan mong i-off yan
kahapon?

Umiling siya. Imposible! Hinding-hindi ko makakalimutang i-off yun kasi iniingata
n
kong hindi magka-virus yung cellphone ko!

E ba t sumusigaw ka?! Sinabi nang hindi ko alam eh!

Sinungaling! Hinawakan niya yung polo ko. Ano yung ipinasa mo?! Ha?! Sumagot ka!!!

Anak ng! Konti nalang! Konti nalang at sasabog na ko!  Ba t ba ang kulit mo ha?! Sin
abi
nang wala eh! Wag mo nga akong sisihin sa katangahan mo!

Binitawan niya yung polo ko tapos kinuha yung bag niya. Tumayo siya tapos lumaka
d
paalis sa room. Isinarado niya ng malakas yung pinto. Nakakabwisit! Ba t ba ganun
yung
babae na yun? Ang hilig din magwalk-out! Weak siya! Weak!!!

Tinanong ako nung isa naming classmate.  LQ na naman ba kayo ha, Jessie?
 Oo nga. Di ba naging kayo na ulit kahapon?
Nainis ako sa mga tanong nila. Tumayo ako at sinabing pagalit,  Hindi kami! Hindin
g

hindi mangyayari yon kahit kelan! At higit sa lahat, hinding hindi ko magugustuh
an yung
babaeng yon kahit siya nalang yung nag-iisang babae sa mundo! Tatanda nalang ako
 ng
mag-isa!

Kinuha ko yung bag ko tapos umalis na rin ng room. Lumakad ako sa hallway ng gal
it.
Teka, ba t ba ko nagkakaganito? Nahahawa na ko ng pagwo-walk-out dun sa babaeng yu
n
ah! Pati yung init ng ulo nakakahawa! Amp! >_<

Ayokong pumasok ng klase ngayon! Baka kung anu-anong kabulastugan lang yung
magawa ko sa room. Wala ako sa mood eh. Patay talaga sakin yung babae na yun. Ie
edit ko
yung picture niya tapos ipopost ko sa internet. Ha! Akala niya ah...

Kinuha ko yung cellphone ko sa bag ko. Pero nung pagtingin ko, wala dun. Kinapa
ko
kung nasa bulsa ko pero wala dun. Hindi kaya naiwan ko sa bahay? Hindi naman sig
uro. Sa
lahat ng hindi ko pwedeng makalimutan eh yung cellphone ko. Sa classroom kaya? H
indi
rin, kasi hindi ko naman binuksan yung bag ko kanina eh.

Hindi kaya... Nanlaki yung mata ko. Hindi kaya... Sa bag ko ni Luna nailagay? Pa
tay!!!
Hindi niya dapat mabuklat yun! Amp! Kailangan kong makita yung pango na yun! Hin
anap
ko siya sa hallway. Sa may locker. Sa gym. Pero wala, hindi ko siya nakita. Then
 naisip ko,
baka nasa Student Council Room. Dali-dali akong pumunta dun at tama ako. Nasilip
 ko siya
sa window nung pintuan, nakaupo tapos hawak yung...

Kinabahan ako. Bigla kong binuksan yung pintuan, nagulat siya at montik pang
manitawan yung cellphone ko.  Ba t hawak mo yang cellphone ko ha?!  Lumapit ako sa
kanya saka kinuha yung cellphone.  Pakielamera ka talaga!

Tiningnan ko kaagad yung cellphone ko tapos nakita kong naka-open yung ipinasa kong picture niya. Tumulo yung pawis ko sa leeg. Nakaupo lang siya dun. Nakatingin sakin. Tahimik. Hindi ako makapagsalita. Dali! Umisip ka ng palusot Jessie! Isip! Isip! Isip!

Um.. Kasi... Ano... Luna... Yung picture... Um... Dumiretso ka nga! Ba t ba pautal-utal ka?!
Ba t may picture ako diyan sa cellphone mo? tanong niya. Lalo akong kinabahan potek.

Dapat pala hindi ko na ipinasa yun eh! Pahamak lang. Ano ba kasing pumasok sa ulo ko at

ginawa ko yun? May deperensya na ata ako sa pag-iisip eh!

Ipinamulsa ko yung cellphone ko. Kasi, ano, um... basta!

Anong basta? Yan ba yung pinasa mo?

Ba t ba tanong ka ng tanong?! Nainis ako. Ang kulit niya eh!

Ano ba yan. Buko ka nga, ayaw mo pang umamin.

Ano??!!! Aba y talagang! Pag ako hindi nakapagpigil, papatulan ko na toh! Kung lalaki lang toh, kanina ko pa nasapak eh. Teka nga lang, ba t ba kasi masyado kong defensive? Ano naman kung malaman niya na yun yung pinasa ko? Hindi ko naman siya gusto eh! Crush ko ba siya para matakot akong malaman niya na may picture siya sakin?

Kinalma ko yung sarili ko tapos ngumiti. Gusto mo bang malaman kung bakit ko pinasa yun? Tumingin siya sakin. Nag-shrug ako. Gusto ko sana kasing ipost sa internet eh. Plano ko pa ngang iedit yun para mas maging katawa-tawa yung itsura mo. Actually naipost ko na nga eh. Tapos tumawa ako. Teka lang, naipost? E pano pag tiningnan niya mamayang gabi yun sa net tapos nakitang wala naman? E di lalabas na sinungaling ako. Ano ba yan!
Napasubo ako dito ah...

Sumibangot siya. Naasar na naman toh for sure. Anong sabi mo?! Akin na nga yan!
Tinry niyang kuhanin yung cellphone sa bulsa ko pero umiwas ako. Tumakbo ko tapos hinabol niya ko. Binilisan ko pa para hindi niya ko maabutan.

Ang bagal mo!

Hoy! Bawal tumakbo sa hallway! Bumalik ka dito!

E bakit tumatakbo ka?!

Bwisit! Pag nahuli kita magkakalasug-lasog yang katawan mo!

Tumawa lang ako. Pamaya-maya, bumagal na siya sa pagtakbo hanggang sa makatakas

na ko ng tuluyan. Umakyat ako at nagpunta dun sa rooftop. Hinahabol ko yung hini nga ko.

Grabe, ang tulin ding tumakbo nung pango na yun. Montik na kong maabutan ah. Aka
la ko
hindi na hihingalin yun eh.

Dinukot ko yung cellphone ko sa bulsa ko. Pero wala na dun yun! Shemay naman oh!

Kawawala pa nga lang, nawala na naman?! Pag minamalas ka nga naman oo...

Pumunta ko dun sa may lilim tapos nahiga. Ang hangin dito. Ang sarap matulog. Si
guro
may magbabalik naman nun. Pupunta nalang ako sa Guidance Office mamayang tanghal
i at
baka may nagsoli na nun.

Pumikit ako. Nagpalipas nalang ako ng oras dito sa rooftop hanggang sa tumunog y
ung
bell.

CHAPTER 10
Luna

Ang bilis tumakbo nung kapre na yun! May pagkasa-tikbalang eh! Nakakainis talaga
!!! Amp!
>_<

Hindi na ko umattend ng klase. Ang sabi ko sa mga teacher ko, may gagawin ako du
n sa
SC room. Pumayag naman sila. Actually meron naman talaga eh. May nakatambak pa n
a
paperworks dun kasi hindi ko nagawa kahapon dahil nga dun sa ginawa nung bwisit
na
lalaki na yun. Nagpalipas ako ng oras dun. Pamaya-maya, tumunog na yung bell.

Pumunta ko ng canteen para mag-lunch. Nandun din si Steff, kasamang kumakain nun
g
PC. Aba, ano toh, buddy buddy na rin sila? Nung nagtransfer kasi dito yung PC, n
aging
parang friends narin namin sila ni Steff pero hindi pa ganun kataas yung level n
g friendship
namin sa kanila para sabay-sabay kami na kumain. Kaya medyo na-shock ako.

Pumila muna ko dun sa may counter para kumuha ng pagkain tapos pumunta ko sa

kanila. Nakita ko ni Steff kaya kinawayan niya ko.  Luna!!!

Natingin sakin sina Justin, Kevin at Rio. Ngumiti sila sakin.  Oy! Dito sumabay ka
 na
saming kumain,  sabi ni Kevin. Umupo ako sa tabi nila. Nasa right ko si Kev, tapos
 nasa left
ko naman si Steff. Nasa tabi niya si Rio tapos kaharap ko si Justin. Ngumiti siy
a sakin.
Ngumiti rin ako. Buti talaga at wala dito si Jessie. Kundi, nako, nakaka-spoil n
g moment!

Sa kanilang tatlo, or apat na pala, si Justin yung pinakagusto ko. Actually, med
yo crush ko
nga siya eh. Kasi ang bait-bait niya. Hindi katulad nung hybrid na KAPRE-TIKBALA
NG na

yun! Si Kevin naman yung pinakakwela sa kanila. Si Rio naman, ewan. Nakakatuwa rin siya kaso medyo tahimik eh.

Habang kumakain... Ba t parang wala ka sa mood? tanong sakin ni Justin.

Umiling ako. Hindi. Wala lang toh...

Inaway ka na naman ba ni brother Jessie?

Tumingin ako sa kanya. Sasabihin ko ba sa kanya? Pero wag na lang siguro. Wala rin naman siyang kinalaman sa gulo namin eh. Naku sya ba? Hindi ah. Wala lang talaga toh...

Sure ka ba? Sorry nga pala dun sa ginawa nun kahapon ah? Sabi kasi ni Steff nainis ka daw.

Natingin ako kay Steff pero hindi siya nakatingin sakin. Umiinom lang siya nung milk shake niya. Naku! Alam ko na toh eh! Hindi siya makatingin kasi may nagawa siyang kasalanan! Sus! Ba t kailangan pa niyang sabihin sa mga taong toh?

Ah, yun ba? Wala na yon... Ngumiti ako.

Buti naman kung ganun. Ngumiti si Justin. Akala ko kasi magkakagalit kayo eh. Buti nalang at mabait yung nakabangga ni Jessie.

Nag-usap-usap muna kami bago naghiwa-hiwalay. Ang daldal ni Kevin! Grabe. Pero parang na-feel ko na naging close na sila ni Steff. Naku! Siguro crush na ni Steff tong si Kevin. Si Rio naman medyo tahimik pa rin as usual. Si Justin naman ang sarap kausap. May sense. Si Kevin kasi minsan wala ng kabuluhan yung sinasabi eh. Naging comfortable na rin ako sa kanila. Masarap silang kasama.

Inimbitahan kami ni Steff ni Kevin na pumunta sa bahay nila ngayong Sabado. Medyo nag-alangan ako, hindi dahil nakakailang pa sila kundi dahil for sure andun si Jessie. Baka magtama na naman kami tapos sumabog pa yung Mt. Pinatubo. Sabi ko pag-iisipan ko muna kasi madami kako kasi akong gagawin. Sabi nila sana daw makarating ako.

Pero sa buong time na magkakasama kami, meron ding mga nakatinging babae. Yung iba nagbubulung-bulungan. Baka naiinsecure sila? Wag naman sana. Hindi maganda epekto nun. Tsk! Baka mamaya eh sabunutan nalang nila kami ni Steff.

Natapos yung araw ko ng matiwasay. Hindi ko nakita si Jessie! Yoohooo!!! Ang gaan sa pakiramdam! Haaayyy...

Nakatulog din ako ng matiwasay. Wala akong inaalalang kahit ano. Kinabukasan, ma aga

kaming pumasok ni Steff. Napansin niya na parang masaya ko. Ba t parang mas magaan ka

pa sa hangin ngayon ha? May nangyari ba?

Wala naman. Hindi ko lang kasi nakita ng matagal si Jessie kahapon.

Ah. Kaya naman pala. Eh pano yan, first period pa namn eh magkatabi na agad kayo.

Kaya nga sira na agad yung araw ko eh. E di hindi ko nalang siya papansinin. Pumas ok na kami ng room, pero nagulat kami nung abutan naming tahimik yung mga kaklase n amin. Usually nagkakagulo sila kahit umagang umaga palang eh. Nung nakita nila kami, nagbulung-bulungan yung iba. Pero ang nakakacurios, nakatingin silang lahat saki n.

Ano bang nangyayari dito? tanong ni Steff.

Lumapit samin si Annie, yung seatmate ni Steff twing Chem. Pinakita niya sakin y ung school paper. Dahil dito...

Kinuha ko yun tapos tiningnan ko. Nagulat ako ng mabasa kong may scoop sakin dun . Hindi lang basta ganun lang, may picture din ako dun. Lalo akong nabigla nung marecognize ko yung photo ko dun. Yun yung picture ko na ipinasa ni Jessie sa ce llphone niya. Inedit yung picture ko dun tapos yung nakalagay na caption: Our president, the Prom Monster! Tapos kung anu-ano pa. May pahabol pa na nakalagay sa ibaba: For a better

photo, go to the Freedom Board!

Oh my God! sabi ni Steff.

Tumakbo ko papunta dun sa Freedom Board. Dala ko pa rin yung school paper. Mahig pit yung pagkakahawak ko dun. Kinakabahan ako habang papalapit ako sa Freedom Board.

Nung nandun na ko, maraming studyante yung nagkukumpulan dun. Tapos nung nakita nila ko, natigil silang lahat. Yung iba bumubulong, yung iba nakasibangot tapos yung iba tumatawa.

Pumunta ko sa unahan. Tumambad sakin yung isang tarpaulin na naka-pin sa Freedom

Board. At sa tarpaulin na yun nakaprint yung picture ko nung prom. Pero magkaiba yung nasa school paper at nandito. Yung nasa tarpaulin ay yung close-up pic ko.

Oh my God. Look who s here, sabi nung isang babae sa tabi ko na hinead to foot pa ko . Nakakahiya ka. Tapos tumawa silang lahat. Para na rin akong sinapak sa mukha. Para ng gumuho yung mundo ko. Sa galit ko, hinila ko yung tarpaulin. Pati yung iba pang

picture ko

32

na kasama si Jessie nung pinagtripan niya ko. Nilukot ko yung mga pictures. Nang ingilid na
yung luha ko. Nung tumalikod ako, nakita ko si Jessie kasama sina Justin, Kevin at Rio.
Nakatingin lang siya sakin at mukhang gulat pa.

Tuluyan nang tumulo yung luha ko. Sumikip yung dibdib ko. Parang hindi na ko
makahinga. Sigurado kong pinagtatawanan na niya ko. Kinuha ko yung tarpaulin tap os
lumapit ako sa kanya. Nagkatinginan lang kami. Luna. Sa galit ko, itinaklob ko sa kanya
yung tarpaulin. Nagulat siya tapos inalis niya yung tarpaulin. Ihinampas ko sa k anya yung
school paper. Ano ba?! Luna! Pagkatapos nun sinampal ko siya.

Nakita ko yung pagkagulat niya pati nina Justin. Nanlalaki yung mata niyang naka tingin
sakin. Nakahawak yung kamay niya dun sa pisngi niya. Humikbi ako. Masaya ka na?
Pinunasan ko yung mata ko. Masaya ka na ba?! HA?!! Hinampas ko siya ng hinampas.
Paulit-ulit hanggang sa hindi ako nakukuntento.

Ano ba!!! Itigil mo na nga yan!!! Hinawakan niya yung kamay ko pero hinatak ko

kaagad yun. Itinulak ko siya ng malakas.

Ano bang ginawa ko sayo ha?! ANO BANG GINAWA KO SAYO AT GINAGANITO MO
KO??!!! Tumakbo ako paalis. Hindi ko na kaya yung sitwasyon dun. Para kong binugb og sa
kahihiyan. Bakit kailangan pa niyang ikalat sa buong school yung picture ko na y un? Tapos
inedit pa niya! Pero ang mas masakit dun ay yung mga panlalait na nakakabit dun sa
Freedom Board at sa school paper. Ang sakit... Ang sakit-sakit...

Hindi ko alam kung san ako pupunta. Hindi naman kasi ako pwedeng lumabas ng scho ol
at magsisimula na yung first period eh. Narinig kong tinatawag ako ni Steff pero patuloy pa
rin ako sa pagtakbo. Gusto ko munang makapag-isa. Pamaya-maya, nawala na siya sa likod
ko. Siguro hindi na siya nakahabol. Mabagal kasing tumakbo yun eh. Sa girl s CR na lang ako
nag-stay. Pumunta ko sa isang cubicle. Ibinaba ko yung takip ng bowl at dun ako umupo.
Itinaas ko yung paa ko at dumukdok ako sa tuhod ko. Umiyak lang ako ng umiyak du n
hanggang sa lumipas yung galit na nasa puso ko.

Grabe na yung ginawa niya eh. Binastos niya ko sa harap ng buong skwelahan. Ang sakit
talaga... Wala na kong mukang ihaharap pa sa kanila. Naisip ko, kailangan kong i labas tong
galit na toh. Hindi lang basta galit eh. Nanggigigil ako! Kaya tinadyakan ko ng tinadyakan
yung sahig hanggang sa mapagod ako. Hanggang sa manghina na ko at hindi ko na ka yang

kumilos pa. Pamaya-maya, naramdaman ko na nga yung hinahanap ko. Nanghina yung buong katawan ko. Nanlalambot ako. Sumikip na naman yung dibdib ko. Hindi na nam an
ako makahinga hanggang sa maramdaman ko na parang tumakbo ko ng ubod ng layo. Hinihingal ako.

Binuksan ko yung pintuan ng cubicle. Pero bago pa ko makalabas, bumagsak ako at biglang dumilim yung paligid ko.

CHAPTER 11
Jessie

Nakatingin lang ako habang tumatakbo siya palayo. Sinundan siya ni Steff. Hindi ako
makagalaw sa kinatatayuan ko. Para bang nanigas ako. Naramdaman ko nalang yung kamay ni Justin sa balikat ko.  Jess.

Hinipo ko yung noo ko. Ang sakit ng ulo ko. Hay nako.  Ano bang nangyayari, Justin ?

Ipinakita sakin ni Kevin yung tarpaulin pati yung school paper. Ito yung mga pic ture ni
Luna na pinasa ko sakin ah? Panung...

Humarap ako dun sa mga studyanteng nagkukumpulan sa harapan. Tahimik lang sila. Pare-parehong nakatingin sa akin. Sumibangot ako.  Sinong may pakana nito ha?!! SUMAGOT KAYO!!!

 Jess. Calm down.

 Hindi, Justin! Kailangan kong malaman kung sinong walang hiya yung gumawa nito! Lumapit ako sa kanila pero naglayuan sila. Lalo akong nagalit.  Lumabas kayo! Kung

sinuman kayo!  Pero walang umamin ni isa man sa kanila. Pamaya-maya dumating na yu ng
teachers. Nagulat sila sa nakita.

 Oh my god!  Tinakpan ni Mrs. Terrano yung bibig niya.  Who did this?

 Yun nga rin po yung gusto naming malaman, Mrs. Terrano,  sabi ni Rio.  Kabud nalang lumitaw yung mga pictures na toh ngayong umaga dito sa Freedom Board.

 Nasaan si Luna? Ayos lang ba siya?  tanong ni Mrs. Terrano.

Umiling si Justin.  I don t think so, ma am. Tumakbo po siya kanina ng umiiyak. Pinagbibintangan po niya si Jessie na nagkalat nung pictures niya pero naniniwal a po

akong hindi niya magagawa yun.  Pagkatapos tumingin siya sakin.  Jess, sundan mo na si

Luna.

Nagdalawang-isip ako.  Pero... Galit na galit sakin yun.

Hindi mo malilinis yung pangalan mo hangga t hindi mo siya nakakausap.

Maniwala kaya siya?

He patted my shoulder then smiled.  Let s hope.  Tumakbo ko para hanapin si Luna. Una kong pumunta sa Student Council room kasi baka dun siya unang pumunta. Pero wala siya run. Sumunod kong tiningnan yung room pero wala din siya room. Tapos pumunta ko ng gym, ng rooftop, sa hallways pati sa oval nakarating ako. Pero wala eh. Wala tal aga.  Hindi kaya umuwi na yun?  Pero hindi eh, may guard dun sa gate. Siguradong hindi siya palalabasin nun.

Naglalakad ako sa hallway ng second floor ng biglang may humawak sa braso ko. Nu ng paglingon ko, nakita ko si Steff. Bakas sa muka niya na may masamang nangyari. U miiyak din siya. Kinabahan ako.  Jessie, tulungan mo ko! Si Luna!

Anong nangyari kay Luna?

Hinimatay siya! Nandun siya sa girl s bathroom!  Pagturo niya dun sa CR, tumakbo na agad ako papunta dun. Hindi ko alam kung ano yung mararamdaman ko. Basta ang ala m ko, kailangan niya ko. Hindi na ko nagdalawang-isip na pumasok sa CR. Pagbukas na pa gbukas ko palang nung pinto, tumambad na agad sakin si Luna na nakabulagta sa sahig. Wa la siyang malay.

Luna!  Tumakbo ko papunta sa kanya. Namumugto yung mata niya. Kasalanan ko to eh. Kasalanan ko to! Kung hindi ko lang sana ipinasa yung pictures na yun yun hindi mangyayari toh! Binuhat ko siya tapos dinala ko siya sa clinic.

Naghintay kami ni Steff sa loob ng clinic habang chinecheck up siya nung school doctor. Nakaupo kami dun sa sofa sa tabi nung kama ni Luna. Pamaya-maya, humarap samin s i Dra. Marquez.  Nagbreakdown siya dahil sa sobrang stress. Hindi na kinaya nung katawan niya yung sobrang pagod, physically, mentally or emotionally. Nakakatulog ba siya ng maayos twing gabi?

Mukha naman pong maganda yung tulog niya kagabi eh. Kaninang umaga lang po ang sigla-sigla niya,  sabi ni Steff. Nangingilid na naman yung luha niya.  Pero usually po late na

siya nakakatulog dahil sa school works pati narin po yung mga gawain niya sa Stu
dent
Council. Twing uuwi po kami lagi po siyang pagod.

Tumango si Dra. Marquez.  I see. Pero magiging okay na rin siya. Kailangan lang ni
yang
magpahinga.

Tanghali na pero nandun parin kami ni Steff sa clinic. Pamaya-maya, tumayo siya.

Kukuha lang ako ng makakain. Siguradong gutom ka na rin.

Ngumiti ako sa kanya.  Thanks.  Tapos umalis na siya. Tumayo ako at umupo sa gilid n
g
kama ni Luna. Tinitigan ko lang siya. Namumula pa rin yung ilong niya. Ganun ba
kagrabe
yung pag-iyak niya kanina? Nakakaguilty tuloy.  Sorry,  mahina kong sabi. Pagkatapos
nun,
dumilat na siya. Nagulat ako.  Luna? Luna!

Nung nakita niya ko, tinry niyang umupo pero nahihirapan siya. Hinawakan ko siya
sa

braso.  Magpahinga ka muna! Sabi ni Dra. Marquez wag

Lumayo ka sakin!  Inalis niya yung braso niya sa pagkakahawak ko. Tiningnan niya ko

ng may galit sa mata niya. Pagkatapos nun ay tinulak niya ko palayo sa kama niya
. Pero
nung ginawa niya yun, nahulog siya.

Luna.  Tinulungan ko siyang umupo pero itinulak niya yung kamay ko.

Lumayo ka sabi eh! Nandidiri ako sayo! Nakakasuklam ka!

Parang may kumirot sa puso ko. Hindi ko alam kung bakit pero nasaktan ako sa sin
abi
niya. Tumayo ako tapos nagkatinginan kami.  I m sorry kung lagi kitang inaaway pero
gusto ko lang malaman mo na hindi ako yung nagkalat nung pictures mo.

Sinungaling! Maniwala ako sayo...

Kung ayaw mo talagang maniwala, bahala ka. Basta ako sinabi ko lang sayo kung ano

yung totoo.  Pagkatapos nun, lumakad na ko paalis pero nakasalubong ko sa may pint
uan si
Steff, may dalang pagkain.

Ngumiti siya sakin.  Heto na yung burger   Pero umalis na ko bago pa niya ituloy yung
sasabihin niya. Naglalakad ako sa may hallway. Para kong baliw. Hindi ko alam ku
ng saan
ako pupunta. Pero may isa lang yung gusto kong mangyari, gusto kong pagbayarin y
ung
nagkalat nung pictures na yun. Kaya pumunta ko ng Guidance Office para tingnan k
ung
nandun na yung cellphone ko. At tama ako. May nagsoli na nga nung cellphone ko.
Sigurado
akong dito nakuha nung taong yun yung pictures.

Inabot na nung Guidance Counselor yung cellphone ko. Kinuha ko yun tapos nag-thank you.  Pwede po bang magtanong sa inyo?

 Sige, ano yun?

Tiningnan ko yung cellphone ko tapos tumingin na ulit ako sa kanya. Sino po yung nagdala nito dito?

CHAPTER 12
Jessie

Tiningnan nung Guidance Counselor yung list niya.  Hmm... Si Ms. Sarah Vernon. Kaninang

umaga lang niya isinoli yan.

 Anong year po ba siya?

 Um... Fourth year. Ang alam ko siya din yung editor-in-chief nung school paper eh.

Aha! Siya pala. Siya rin yung dahilan kung bakit nakaabot pa sa school paper yung picture ni Luna. Patay sakin yung babaeng yun! Nag-smile ako.  Thank you po. I need to go na po.

Paglabas ko, nagpunta na agad ako sa publication office sa fourth floor. Nung in open ko yung pinto, nagtinginan silang lahat sa akin.  Sino dito si Sarah Vernon?  Tumingin tingin ako sa paligid.

 Ako,  sabi nung isang babae na may bitbit na school papers. Ibinaba niya yun sa table tapos lumapit sakin. Ngumiti siya.  Why?

 I need to talk to you... In private.  Nakita kong ngumiti yung mga kasama niya tapos yung iba nagbulungan. May isang babae na tinapik yung balikat niya. Potek, kung makangiti tong Sarah na toh! Feeling niya siguro liligawan ko siya. Hello?!!

 Um. Okay.  She tucked her hair at the back of her ear. At nagpa-cute pa ha?! Umalis ako tapos sumunod siya. Pumunta ko ng rooftop at dun ko siya kinausap. Nakangiti pa rin siya. Hindi ba niya alam na nabubwisit ako sa ginagawa niya na yun?! Parang baliw eh...

 What it is it you want to talk about?

At nag-english pa!  Are you the one make up those nasty photos?

Nawala yung smile niya. Guilty toh for sure!  What? I-I don t know what you re talking

about.

Nainis ako. Don t play dumb with me! Alam kong ikaw yung nagsoli nung cellphone ko this morning sa Guidance Office. At dalawa lang yung pwedeng maging source ng photos na yun, it s either Luna s phone or mine. Sure naman ako na hindi ibibigay sayo ni Luna yung photos na yun at yung phone ko naman eh nawala tapos IKAW yung nakapulot...

Hindi siya makaimik habang nakatayo pa rin dun sa harapan ko. Yumuko lang. Lumapit ako. Bakit mo ginawa yun? Hindi siya nagsasalita. Alam mo bang nasaktan ng todo si Luna dahil dun sa ginawa mo?

Wala akong pakialam! Masaktan siya kung masaktan siya! I JUST DON T CARE ABOUT HER! Tapos umiyak siya. Ano bang problema nitong babaeng toh?! Naiinis ako sa kanya! L-Lahat nalang g-gusto siya. L-Lahat nalang ng... s-sikat dito sa... school kilala siya. Pati ikaw na... na bagong dating lang... siya agad yung... napansin... Crush kita Jessie eh... kaya... kaya lalo a-akong nais sa kanya nung... nung nakita ko k-kayong magkasama sa SC room.

Hindi ako nakapagsalita for a moment. Teka, parang nalihis ata yung usapan? Andito ko para sumbatan yung babaeng toh pero ang nangyari eh isang confession. Pambihira. Eh kahit na. Hindi mo pa rin dapat ginawa yun.

Sobra na kasi... akong... nainis sa k-kanya eh. Tumingin siya sakin ng mapula ang mata. P-pati ikaw... gusto niyang... k-kunin sakin. I-I like you... Jessie.

Parang medyo na-awkwardan ako. Hindi naman sa hindi ako sanay na may nagcoconfess sakin ng harapan, pero ewan ko ba. Ang awakward eh... Um. Tapos kinamot ko yung ulo ko. I m speechless.

Hinawakan niya yung braso ko, tapos tiningnan ako ng parang nagmamakaawa. I m sorry, Jessie.

Inalis ko yung braso ko. Kay Luna ka mag-sorry. Wag sakin.

Hinawakan niya ulit yung braso ko. Kung yun ang gusto mo, sige luluhod pa ko sa harap niya pero sa isang kondisyon...

Napatingin ako sa kanya. Ano yun?

Inakap niya kong bigla. Ang higpit. Nagulat ako. Hindi ako makagalaw sa pagkakaakap

niya. Tapos nagsalita siya, You ll be my boyfriend and you ll do whatever I ask for. Hinawakan ko siya balikat tapos tinulak palayo. Baliw ka ba? Hindi ko gagawin yun!

Sumibangot siya.  Kung hindi ka papayag sa kondisyon ko, well, expect more nasty things from me. That Luna s stay here will be like hell. I swear it!  Tapos lumakad na siya paalis. Ano ba tong pinasok ko! Ano naman sakin kung maging hell nga yung buhay ni Luna? Di ba galit ako sa kanya? Di ba asar ako sa kanya? O yun naman pala eh! Eh bakit nandito ko ngayon sa kinalalagyan ko? Ang gulo!!!

Pero hindi ko kaya eh. Kahit dalawang araw palang kaming magkakilala nung babae na yun, hindi ko pa rin kayang i-take yung ganun kasamang ginawa sa kanya. Kahit na gano ko inis sa kanya. Kahit na pinagbibintangan niya ko na ako yung may pakana ng lahat . Hindi pa rin kaya ng konsensya ko eh. Baka naman ito na yung time para magstart over ulit kami ni Luna. Baka naman pwede kaming maging friends di ba??

Sandali lang!  Huminto si Sarah tapos lumingon sakin.  Sige, I accept your condition. Ngumiti siya tapos tumakbo papunta sakin. Inakap niya ko.

Really?!! I m so happy!

Pero may kondisyon din ako...

She pulled back.  Kahit ano! Sabihin mo lang.

First...  Itinaas ko yung isang daliri ko.  You ll say sorry to Luna.  Tumango siya. Second, hindi mo na siya guguluhin pa.  Tumango ulit siya.  And third, wag na wag na WAG mong sasabihin kay Luna na ginagawa ko toh para sa kanya, okay?

Ngumiti lang siya.  Deal.  Inakap niya ulit ako. Hinayaan ko lang siya. Wala na kong magagawa eh. Tumingala nalang ako tapos hinintay na bumitaw na yung linta na toh . Hay nako!!! LORD, ano ba tong pinasok ko??!!!

CHAPTER 13
Jessie

It s been three days nung naging kami na ni Sarah. And take note, three IRRITATING days.
Simula nung naging kami, lagi ko na dapat siyang sinusundo sa bahay nila para sa bay kaming pumunta sa school. Pagkatapos nun, kailangan sabay kami maglunch, tapos p ag uwian naman, kailangan hihintayin ko siya sa may gate tapos ihahatid ko muna siy a sa bahay bago umuwi. TAKTE ANG HIRAP!!! Pero wala akong magagawa eh, yun yung deal namin kaya hindi ako makapalag.

Eh bakit ko ba kasi ginagawa toh?! Para kay Luna? Eh galit nga sakin yung tao eh! Saka simula nung iniwan ko siya dun sa clinic hindi ko na siya nakita. Hindi pa raw pumapasok eh...

Baka siguro kasi naguiguilty ako?? Oo, tama, tama.. Baka yun nga...

Kinuha ko na yung bag ko tapos bumaba na. Kailangan ko pang sunduin yung linta na yun eh. Malapit lang pala bahay niya samin kaya nilakad ko nalang. Alam na rin nung family niya kasi pinakilala niya ko kahapon. Ang bilis noh? Nakupo eh baka kapag binreak ko toh eh buong angkan niya makalaban ko? Patay don!

Tumapat ako sa gate nila. Kinuha ko yung cellphone niya tapos dinial yung number niya...

Calling...

Linta

After three rings, sumagot siya.  Hello?

Andito na ko.  Tapos binaba ko na. Pagkatapos ng three minutes, nakita ko siyang lumabas sa pinto nila. Nag-smile siya sakin tapos tumakbo. Inakap niya ko ng mahigpit.

I miss you, baby!

Nginitian ako nung mommy niya kaya ngumiti rin ako. Grabe hindi ko talaga alam tong butas na pinasok ko. Bumitaw na siya, nakasmile pa rin.  Tara na!  Tapos hinawakan niya yung kamay ko.

Naglakad kami papuntang school. At ang nakakasama pa ng loob, kailangan holding hands pa! Amp! Pambihira! >_< Pano pag nakita ko nina Kevin? Hindi ko pa nga sinasabi sa kanila eh. Three days ko na rin sila iniiwasan para lang maitago tong nangyayari samin ni Sarah eh. Potek talaga...

Habang naglalakad kami, may nakita kaming dalawang babaeng lumabas sa gate, nagtatawanan. Suot nila yung uniform ng Moulton High. Yung isang babae matangkad, yung isa naman, ayos lang, katamtaman naman.

Tumingin sakin yung mas maliit, pareho kaming nagulat. Nawala yung ngiti ni Luna
 nung
nakita niya ko. Umiwas nalang siya ng tingin. Napatingin din sakin si Steff, ngi
nitian niya ko
kaya ngumiti na rin ako.

May binulong si Sarah.  Nakakaasar talaga pagmumuka niya.  Ano raw? Hindi ko nalang
yun pinansin tapos lumakad na kami. Nasa harapan namin sina Luna at Steff. Pagda
ting
namin sa school, pumunta na kami sa kanya-kanya naming classroom.

 Wait lang, baby!  Hinila niya ko tapos kinissan sa cheek. Nagulat ako. Kelngan ba
talagang dito pa? Nakakahiya sa mga classmate ko oh! Amp!

Ngumiti siya.  I ll see you after school, okay?  Tumango ako. Nakita kong nakatingin
sakin yung mga kaklase ko pero nung nakita nila kong nakatingin sa kanila, umiwa
s sila.

Siguro iniisip nila na kung kelan lang eh kami pa ni Luna pero ngayon may bago n
a ko.
Hindi naman totoo na kami ni Luna eh pero yun kasi yung pinalabas ko. At ngayong

magkagalit kami, akala nila iniwanan ko siya. Bat pa kasi ginawa ko yun eh! Ako
tuloy
nahihirapan ngayon! Ako pa tuloy yung napasama! Aalis na sana si Sarah pero pini
gilan ko
siya.

 Our deal, remember?  sabi ko ng mahina.

 Oh, yes! Yes! I remember.  Binitawan ko siya tapos lumapit siya kay Luna. Tumingin
si
Luna kay Sarah.  I m so sorry, Luna. Ako yung nagpakalat nung pictures mo few days a
go.
Nainsecure kasi ako sayo eh. Nadala lang ako ng inis ko. I m sorry talaga.

Tumingin sakin si Luna tapos kay Sarah. Sana naman mapagisip-isip niya na hindi
talaga
ko yung nagpakalat nun. At sana mapatawad na rin niya ko. Ngumiti siya kay Sarah
.  Hindi
mo naman kailangan pagtakpan yung BOYFRIEND mo eh. Hindi naman kita idadamay sa
galit ko.

ANO BA NAMAN YAN!!! Ba t ganun yung sagot mo Luna?!  Pero ako talaga yung
nagpakalat nun. Walang kasalanan si Jessie.  Hinawakan ni Sarah yung kamay niya.
 Promise, di ko na uulitin. Patawarin mo ko Luna. Pati si Jessie. Ako na yung humi
hingi ng
tawad para saming dalawa. Sorry...

Parang medyo nailang si Luna. Ngumiti nalang ulit siya.  A-ano ka ba! Wala na yun
noh!
Hehe. Sige pinapatawad na kita...

Ngumiti si Sarah.  Talaga? That s great! Thank you thank you! Sige aalis na ko ah? B ye!

Tumakbo siya paalis ng room. Lumapit ako kay Luna tapos inabot yung kamay ko.

Are we good?

Tiningnan niya yung kamay ko. Tumingin siya sakin, nag-smile ng konti tapos inab ot
yung kamay ko. Tumango siya. Nag-smile ako sa ginawa niya. Pati yung mga kaklase ko
nagsigawan ng  Ayun!  Yung iba pumalakpak.

Haaayyy... Nakahinga na rin ako ng maluwag. Parang binunutan ako ng tinik ah.  Can I sit
beside you?  She nodded again. Nung umupo na ko, nilabas niya yung notebook niya. May
sinusulat siya, hindi ko nalang tiningnan at baka magalit na naman to. Nung puma sok na si
Mrs. Terrano, nag-upuan na yung mga classmate ko. Nag-goodmorning kami.

Good morning class. Be seated.

Discussion lang kami ngayon sa Chem. Ang boring grabe, matututo akong mag-headba ng
dito. Pagkatapos ng Chem namin, TLE naman. Magluluto kami ngayon... at magkapart ner pa
kami ni Luna. Haaayy, pagkakataon nga naman.

Sabi nung ma am namin kailangan daw may innovation. Cake yung gagawin namin
ngayon. Buong process ng paggawa namin hindi kami nag-uusap. Tinuturo lang namin

kung ano yung iaabot nung isa. Hay. AWKWARD...

Hanggang sa designing na. Ako yung naglagay ng icing tapos siya na yung bahala s a
toppings. Nilagay niya yung sliced bananas sa paligid tapos may crushed grahams pa.
Nilagyan niya ulit ng icing yung gitna, yung pabilog. Tapos nilagyan niya ng cho colate. At
dito na ko nagreact...

Wag yan ilagay mo. Mas maganda yung cherry.  Inalis ko yung chocolate tapos nilagay

yung cherry.  Oh di ba?

Kumunot yung noo niya.  Ayoko niyan! Hindi naman ako kumakain ng cherry eh.  Inalis
niya yung cherry tapos inilagay ulit yung chocolate.

Eh hindi nga bagay!  Nakita kong naglingunan yung mga kaklase ko sa table namin.

Ooops... Napalakas ata. Hihi.

Eh eto gusto ko eh!

Ikaw lang ba kasi kakain?!

Eh ikaw lang din ba kasi yung kakain?!! NAKO!!! HETO NA NAMAN PO SIYA!!! Nakakairita talaga boses netong pango na to.

Ang pangit eh! Banana yung nilagay mo sa paligid tapos kakana ka ng chocolate!
Eh yun yung feel ko eh bat ba?! Tapos dumila siya sakin. BUWISET!!! NAKAKAASAR

PAGMUMUKA NETO!! LALO NA PAG DUMIDILA! DUMODOBLE YUNG SUNGAY!! AMP! >_<

Sa inis ko, kinuha ko yung chocolate tapos kinain ko. Natingin siya sakin, nanla
laki yung
mata. HOW DARE YOU??!!! ISA NA NGA LANG YAN EH!!! NAPAKABWISET MO!! Tapos tinulak niya ko. Huh! E di nakita mo katapat mo...

Nangiti ako. Edi heto iluluwa ko...

Sumibangot siya. NAPAKASALAHULA MO! NAKAKADIRI KA TALAGA! Inalis niya yung apron niya tapos kinuha yung bag. Aalis na naman siya?? Magwo-walk out?? Ang wea
k
talaga!

Pinahiran ko ng kamay yung bibig ko. Montik na kong mabulunan sa chocolate na to
.
Buwiset. Honey, aalis ka na naman? Ang hina mo!

Honey ka diyan! Ipapakagat kita sa bubuyog eh! HAHA!!! ANO RAW?!! NAKAKATAWA TALAGANG MAINIS TONG BABAENG TO! Ngumiti ako. Akala niya nakalimutan ko na yung pantitrip ko sa kanya ah. Hinawakan ko yung braso niya tapos bigla nalang siyang

sumigaw. Nakakabingi potek. YYYUUUUCCCKKKK!!! Alisin mo nga yang kamay mo!!!

Inalis niya yung kamay ko. Ang salahula mo!!! Me chocolate yang kamay mo tapos ihahawak mo nalang sakin??!! Me laway rin yan kadiri!!!

Ay oo nga pala ipinahid ko kasi sa bibig ko! Haha! Ang arte mo naman honey! Nun n
gang
NAG-KISS tayo hindi ka kumikibo eh!

Naku po!!! Nagshake hands na naman yung kilay nito oh! Kinuha niya yung ginawa naming cake tapos itinapon sa mukha ko. ANAK NG!!! WALANG HIYANG BABAE TOH!!! Narinig kong nagulat yung mga kaklase namin. Yung iba nga napasigaw ng OH MY GOD!

Inalis ko yung cake sa mukha ko. Galit yung expression ko. Actually gusto ko na
ngang
sumabog eh! Nakita kong nakasibangot siya. KISS THAT DAMN CAKE YOU FREAKIN PSYCHO!!! Kinuha niya yung bag niya tapos umalis na siya ng room ng galit.

CHAPTER 14

Binagsak ko yung pintuan sa likuran ko tapos lumakad paalis. Nakakaasar talaga y
ang
lalaking yan!!! AMP!!! Buti nga sa kanya! Isumpak niya ng buo yung buwisit na ca
ke na yon!

Teka, ba t ba nagwalk-out na naman ako??!! San ako pupunta nito?! Haist... Buhay n
ga
naman oo. I decided na pumunta nalang sa Student Council room, pero on my way th
ere,
nakarinig ako ng ingay dun sa may hallway. I turned to my right tapos nakita kon
g may
pinapalibutan yung mga students.

Pamaya-maya, narinig kong may sumigaw.  WALA KANG KWENTA!  Tapos sumigaw din
yung ibang students na nanonood. Naku po. Mukhang may away na nangyayari dun ah.

Syempre as the president, pumunta ako ron tapos pinaraan naman nila ako.

TAMA NA NGA YAN!!!  sigaw ko sa dalawang lalaking estudyanteng nag-aaway.  Alam
niyo bang bawal magsuntukan sa loob ng school?! Pwede kayong masuspend niyan! At

kayo, bakit nanonood lang kayo?! Dapat inawat niyo yung dalawa na to eh!

Natigil yung dalawang lalaki. Diyos ko, mukha silang mga hukluban!!! Pwe!! Ang b
abaho!
Wala bang disiplina tong mga to??

WAG KA NGANG MANGIALAM!!!  sabi nung lalaking may piercing sa tainga.  AWAY
NAMIN NI JEFF TO!

SI TJ YUNG NAGSIMULA!  Itinuro ni Jeff si Tj.

ANONG AKO?! EH IKAW NGA TONG NAGSUMBONG SAKIN!!!  Susugurin na sana ni Tj si
Jeff ulet pero pumagitan ako.

TAMA NA YAN!!! IHINTO NIYO NA TO!!! NGAYON NA!!!

SABI NANG WAG KANG MANGIALAM EH! SINO KA BA PARA UTUSAN AKO HA?!!!!

Kumunot yung noo ko. Ang sarap sapakin nitong kumag na to ng walang lubay!!!
Ipinakita ko yung armband tapos sinabing,  Student Council President. Ngayon, kung
ayaw
mong tumigil, umasa kang ako mismo yung sisipa sayo papuntang President s Office!

WALA AKONG PAKIALAM! TUMABI KA NGA DYAN!  Tapos itinulak niya ko ng malakas.
Sinalo ako nung ibang estudyante sa paligid.

Tumawag kayo ng kahit sinong professor, dali!  sabi ko sa kanila tapos umalis na yu
ng

iba para gawin yung sinabi ko.

Hawak ni Tj yung polo ni Jeff.  Napakasumbungero mo talaga! Alam mo bang montik na

kong makulong tapos palayasin ng bahay dahil dyan sa kadaldalan mo?!!

Pumunta ulit ako sa kanila tapos pilit na inaalis yung pagkakahawak ni Tj sa pol
o ni Jeff.
IHINTO NIYO NA SABI YAN!!!

Tinitigan ako ng masama ni Tj.  LINTEK NAMAN!!! SABI NG WAG KANG MAKIALAM!!!
Tapos sinampal niya ko ng malakas. Napaupo ako sa sahig. Narinig ko yung pagsiga
w nung
ibang mga estudyante sa paligid ko. Napahawak nalang ako sa pisngi ko. Naramdama
n
kong nangingilid yung luha sa mata ko pero hindi ko pinayagang tumulo yun. Kasi
pag
nakita ko ni Tj na umiiyak, ibig sabihin lang na nanalo siya. Na mahina ako.

Nalasahan ko yung dugo sa bibig ko. Siguro nag-crack yung lips ko. Nakakainis ta
laga!!!
Tapos may naramdaman akong kamay na humawak sa braso ko tapos hinila akong patay
o.
Tiningnan niya lang ako tapos tumalikod na.  Hoy, tol. Ba t naman nananakit ka ng ba
bae?
Bakla ka ba?  tanong ni Jessie.

Anong sabi mo?!! Gusto mo rin bang masapak? HA??!!

ANONG KARAPATAN MONG SAMPALIN SI LUNA HA?!  Susugurin na sana ni Jessie si Tj
pero hinawakan ko siya sa braso.

JESSIE! Wag mo na syang patulan! Baka pati ikaw e masuspend!

Wala akong pakialam kahit masuspend ako ng isang taon o makick-out sa school! Mal
i
yung ginawa nitong sira-ulo na to eh!!!

Tapos nun, tinulak ni Tj si Jessie. Napaatras siya tapos napabitaw ako sa braso
niya. Sa
ginawa sa kanya na yun, nakita kong kumunot yung noo niya. Sumugod din siya tapo
s
sinuntok si Tj. Pero naiwas siya kaya sa locker tumama yung kamo ni Jessie. Pagk
atapos
nun, sinuntok ni Tj si Jessie.

JESSIE! TAMA NA!!!  sigaw ko sa kanila.  PIGILAN NIYO SI TJ! ANO BA!!!  May isang
lalaking estudyante na mukhang kabarkada ni Tj na umakap sa kanya kaya nahinto s
iya.
Ako naman, inakap ko si Jessie sa likod. Si Tj naman, mukhang ayaw magpaawat kas
i kahit
padami na ng padami yung umaawat sa kanya e ayaw paring tumigil sa kakapalag.

Inakap ko ng mahigpit si Jessie. Ramdam ko yung paninigas ng katawan niya. Galit
na

galit siya.  Jessie. Tama na. Please.  Naiyak nalang ako. Hindi ko alam kung bakit b
asta bigla

nalang tumulo yung luha ko.

ANONG NANGYAYARI DITO??!! Tumahimik lahat nung biglang dumating si Mr. Aurelio, yung principal namin. Matanda na siya, mga late fifties. Anong gulo to?! Tumingin siya sakin.

Sir, yun pong dalawa na yon yung nagsimula ng gulo. Itinuro ko si Jeff at Tj. Kayo na po ang bahala sa kanya.

Yan din kayang transferee na yan! sabad ni Tj.

Manahimik ka nga! sigaw ko sa kanya. Pinagtanggol lang ako ni Jessie nung sampalin mo ko!

Nanlaki yung mata ni Mr. Aurelio. My God! Sinampal ka ni Tj?! Umoo nalang ako. Hindi ko mapapalagpas tong ginawa mo! Sumunod kayong dalawa ni Jeff sa Principal s Office! Ngayon na!

Bago sumunod, tumingin si Tj kay Jessie tapos sakin. Ikaw ang may kasalanan nito. Tumingin ulit siya kay Jessie. Hindi pa tayo tapos.

Unti-unti nang nagsisialis yung mga tao. Nalasahan ko na naman yung dugo sa bibig ko kaya kinuha ko yung panyo tapos ipinahid sa lips ko. Nung tiningnan ko yun, may bakat ng dugo. Nakita yun ni Jessie. Ayos ka lang ba?

Umiling ako. Obvious ba? Kita mo na ngang maga tong pisngi ko e!

E bat sinisigawan mo ko?! Ikaw na nga tong pinagtanggol ko e!

Hay nako, heto na naman po kami. Pero at least may point siya. Nag-pout nalang ako. O sige na, mauna na ko. Aalis na sana siya ng bigla kong hawakan yung manggas ng polo niya. Bakit?

Sumama ka sakin. Tapos hinila ko siya paalis.

## CHAPTER 15
Luna

Pumunta kami sa clinic tapos kinausap ko yung nurse. Iniwan kong nakaupo si Jessie sa may pulang sofa sa loob. Kinuha ko yung first aid kit tapos umupo ako sa tabi niya.

Kumuha ako ng betadine tapos hinawakan ko yung kamay niya. May sugat siya sa kamay. Siguro dahil yun sa pagkakasuntok niya dun sa locker. Actually, medyo nayupi pa nga yung

locker, e metal yun! Nirequest ko na rin sa nurse na ako na yung gagawa ng treat ment kay
Jessie kasi hindi pa rin naman ako nakakapag-thank you sa kanya e.

Pati yung polo niya, lukot tapos may bahid pa nung icing ng cake na itinapon ko sa kanya.
Shocks, nakakaguilty tuloy. -_-

Papahiran ko na sana ng betadine yung sugat niya ng bigla siyang nagsalita.  Marun ong
ka ba niyan?

 Oo naman! Wag ka ngang magulo. Hihiwain ko yang sugat mo e!

 Jeez. Napakabrutal mo talaga!

 Tss. Ang ingay naman!  Para siyang batang nakapout dun. HAHA!!! Ang cute niyang tingnan. Parang inigawan lang ng lollipop ah! Pagkatapos kong lagyan ng betadine , iniroll
ko yung gauze sa kamay niya para matakpan yung sugat.

Habang nagroroll ako, nagsalita ako.  Thank you nga pala ha.

Tapos natingin siya sakin.  Ano?

 Wala! Talo bingi!

 Tss. Ang sunget...  Nangiti nalang ako kasi ngumuso siya tapos umirap pa ata! Haha!

Lols.  Ayos na ba yang pisngi mo?

 Uh-huh. Nawawala-wala na rin yung pamumula e.

 Ah. Ganun ba...  Natapos ko na ring lagyan ng gauze yung kamay niya. Inililigpit ko

nalang yung first-aid kit.  Thanks ha.

Tumango ako.  Yeah.

 Weh. Ang sagot sa thank you e welcome.

Tumingin ako sa kanya tapos ngumiti.  Gusto pala hindi sinabi!

Kumunot yung noo niya. Naasar na naman ata ang kapre! Haha!  Di bale na nga!  Narini g
naming bumukas yung pinto ng clinic. Pumasok si Sarah kasama yung dalawang kaibi gan
niya sa loob. Pagkakita na pagkakita kay Jessie, tumakbo siya papunta sa kanya.

 Jessie!  Umupo siya sa pagitan namin ni Jessie. Tapos umasog pa ng paatras! Aba y pinapaalis ata ako! Well, kung sa bagay, sila ang mag-bf kaya dapat nga lang sig uro na
umalis ako.  Oh my God, Jessie! What happened to your hand? Are you alright now, sweetie?

Medyo natawa pa ko dahil sa ka-OA-yan ni Sarah. Saka, ew! Sweetie? Anong kabaduyan yon! Di na uso yun noh! Kelan nga ba kaya nauso yon? Ewan. Wala akong alam sa mga ganyan eh. Hehe.

Ibinalik ko na sa nurse yung first-aid kit. Tapos bumalik ako sa sofa para sana kunin yung bag ko ng biglang nagsalita si Sarah.  Luna, Jessie told me na ikaw daw yung gumamot sa kanya. Thanks ha. Sige, you can leave now.  At paalisin daw ba ko? Haist. Ibang klase talagang babae to.

Ngumiti nalang ako sa kanya tapos I picked up my bag. Umalis na ko ng clinic tapos naglakad sa may hallway.  Luna!  tawag sakin ni Justin. He jogged towards me. Medyo naconscious ako sa itsura ko. Ewan ko ba, hehe. Hinawakan niya yung mukha ko tapos tiningnan-tingnan.  Ayos ka na ba? Balita ko nasampal ka raw ah?

Inalis ko yung mukha ko sa kamay niya.  Tsk! Matindi pa sa virus kumalat yung balita ah. Pero ok na ko.

Weh? Talaga?

Ngumiti ako then I nodded.  Oo nga. Kita mo oh, nawawala na yung pula.

Kinurot niya yung kabilang pisngi ko. Napangiwi ako.  Aray!

Tumawa siya.  Ayan! Pantay na! HAHAHAHA!

Kabuwisit mo talaga!  siniko ko siya ng mahina.

Sige, ganito nalang. Let s hang out this Saturday? You need to relax din naman paminsan-minsan. Lagi ka nalang busy e.

Aba, aba, aba! Si Justin, inaaya akong mag-hang out! Akalain mo nga naman? Pagsinuswerte ka nga naman talaga Luna Reyes. Sasagot na sana ako ng biglang mag-vibrate yung cellphone ko. Kinuha ko sa bulsa ng palda ko yun tapos inopen ko yung inbox. Unknown yung number. Inopen ko yung message tapos yung nakalagay, ito:

Fr: 090638*****
Hoy, pango. Kailangan free ka this Saturday ah. Hindi request yan. UTOS yan!
<End of Message>

Nangiti nalang ako tapos natawa sandali. Umiling-iling ako. Hay nako. Isang tao lang yung tatawag sakin ng pango. At ISANG tao lang din for sure ang maglalakas loob na magtext sakin ng ganun aside from Steff na nakaregister naman yung number sa cellphone ko.

Ano? Game ka ba? tanong ni Justin.

Nilock ko yung cellphone ko tapos ibinulsa ulit. Sorry. Pero may lakad ako nun e.

CHAPTER 16
Luna

After class, umuwi agad ako. Actually, inaya ko na si Steff kaso tumanggi siya. Sabi niya manonood daw siya ng rehearsal ng PC. Ew. Ano ba nangyayari sa best friend ko? Baka mahawa siya ng kabaduyan dun.

I m so sorry for Justin. Dapat magye- yes naman talaga ako e, pero nung nagtext yung kapre na yun, biglang nagbago decision ko. Ewan ko ba. Siguro kasi may utang na loob ako sa kanya? O kaya baka naman nacucurious lang ako sa gagawin niya nun. HAHA! And take note ah, hindi AKO yung nag-aya, SIYA. Nililinaw ko lang, hehe.

Okay, so pagdating ko sa bahay, gumawa muna ko ng assignments. Pagkatapos nun, nag-online ako. Tss. Wala man lang naka-online na kakilala ko. Kaya nagsurf nalang ako sa net, nag-youtube, twitter, facebook, at kung anu-ano pa. Pamaya-maya, may nagmessage sakin sa chat box...

BlackScythe_Casey101: Luna!!! Si Casey to!

(Casey is pronounced as KC)

Aba! Si Casey! The one and only Casey Montez! May Y! Messenger na pala sya. Nice! Hindi kasi siya mahilig sa social networking sites e kaya hindi na rin kami nagkakacontact. Friend ko nga pala siya from America. Nung pumunta ako dun for the first time, nakilala ko siya kasi katrabaho and friend ni mama yung parents niya.

Sa kanya ko rin natutunan yung mga rock music. Sa totoo lang, cool siya e. Medyo
crush
ko nga rin siya e hihi. ANG ARTE!!! Kaso matagal na rin kaming di nagkikita e, a
no na kaya
itsura niya ngayon? Balita ko me banda na rin siya e. Black Scythe siguro pangal
an kasi yun
yung name niya sa chat e.

Deathghurl_03: Ui bro!!! Musta na? Pano mo nalaman account ko?
BlackScythe_Casey101: Heto, fluent in Filipino na! Haha! Ang higpit ni Mommy and
Daddy

e. Ako pa?! Galing ko na to!
Deathghurl_03: Sows! Whatever! Haha. Ui miss na kita. Kelan ka ulit uuwi dito?
BlackScythe_Casey101: Tsk. Lakas talaga ng charm ko! Haha. I miss you too sis. : >
Kelan?
I dunno. Last time I got there was... three years ago? I don t remember na e;
Deathghurl_03: Uh, so sad naman. Pero try mo ah? Magdala kang bagong CD s tapos yu
ng
electric guitar mo! Mag-iingay tayo pag-uwi mo! HAHA!!!
BlackScythe_Casey101: Ayown! Ade lumabas din! CD at gitara lang habol mo sakin e
!
Deathghurl_03: Nako! Tampo na naman bro ko oh...
BlackScythe_Casey101: HEH!!!
Deathghurl_03: Kaarte mo ba! Haha. Ui nga pala, may nakilala akong boy dito. May
itsura
sana kaso bwiset...
BlackScythe_Casey101: Naku, baka naman pinagpalit mo na ko jan? Magtatampo na ta
laga
ko!
Deathghurl_03: Sus, gumaganon?? Haha. Hindi ah. Bwiset talaga yun e, baduy pa. P
ag-uwi
mo ituturo ko sayo noh? Makikita mo na sooooooobrang layo ng agwat niyo pagdatin
g sa
music...
BlackScythe_Casey101: Sure! Hehe. Ui cge na, i gotta go na sis. Nice chatting wi
th u, sana
maulit. Bye! I love u... <3
Natigil yung kamay ko sa keyboard. Natulala ako sa monitor tapos parang medyo
tumalon yung puso ko. Tama ba yung nakalagay sa screen?  I love u  tapos me heart pa
?
Teka teka.. Baka kung anu-ano lang yung iniisip ko, baka naman pag-ibig kapatid
lang yung
tinutukoy niya? Oo, oo, yun nga lang yun...

Napansin kong medyo tumagal na yung pagkakatitig ko sa monitor kaya nagtype na k
o...
Deathghurl_03: Ok. Ingat! I love u too bro... :)
BlackScythe_Casey101 is offline.

Sumandal ako sa upuan. Grabe, ano ba tong pinag-iiisip ko? Tumino ka nga LUNA RE
YES!
>_<
Tiningnan ko yung cellphone ko. 3 Messages received. Ay, naka-silent pa pala pho
ne ko.
Inalis ko yung silent tapos inopen ko yung inbox.

From: Steff

Ui berat! Medyo malelate ako noh? Lalabas aq ksma ung PC! Mainggit ka dali!!! xP

<End of Message>

From: Steff

I can t come home 4 dinner. Magtake out ka nlng o kya kh8 anu nlng anjan. Kaw n bh
la

noh?? Hehe. Ang saya nga pla dito! Ang galing tlgang kumanta ni Justin! <3
<End of Message>

Nasan naman kaya yung berat na yun? Baka nasa videoke bar. Kumakanta daw si Just
in

e. Grr!! Nakakahinayang naman. Pero okay lang, yamu na. Wala na kong magagawa e.

Alangan namang humabol pa ko run, nakakahiya naman di ba?
Yung huling message ang hindi ko inaasahan.

From: Kapre! >_<

.
<End of Message>

Period? Yun lang? Ano na naman ba trip neto? Sinusumpong na naman ba ng kabaliwa
n
toh? Hindi ko pa nga pala siya natatanong kung san niya nakuha number ko. Teka,
rereplyan ko siya...

RE:

Hoy, ano na nmn ba trip mo ngayon?

From: Kapre! >_<

Bored ako e...

Huh! Ayos din to ah...

RE:

Eh kung dagukan nalang kaya kita ng walang lubay??

From: Kapre! >_<

Ayoko. Masakit yun e...

RE:

Weh. Joke ba yun? Nga pala, san mo nakuha # ko?

From: Kapre! >_<

E sakin nalang yun...

RE:

Naku, so stalker na kita ngayon, ganon?

From: Kapre! >_<

Excuse me, stop flirting. Buti sana kung maganda ka. Pero hindi e. Oy, sa Saturd
ay ah? Don t
4get...

Napatitig nalang ako sa text nya na yun. BUSET NAMAN OH! Finiflirt ko raw siya?!

EXCUSE ME DIN NOH! Kahit kelan hindi pumasok sa utak ko na makipag-flirt sa kany
a at
kung pumasok man, I m so sure na HINDI siya yon! Saka, hello??? Buti raw sana kung

maganda ko pero hindi naman daw?! ANG KAPAL NIYA!!! Tapos pagkayari niya kong la
itin,
ipapaalala pa niya yung tungkol dun sa pag-aaya niya sakin sa Saturday??? MANIGA
S
SIYA!!! Nakakaasar! >_<

Pero hindi e. Chance ko na to para makaganti. Bwahahaha!!! Humanda ka sakin Jess
ie
Wright... >:)

RE:

Sige.

Mga 2 minutes siguro yung lumipas bago siya nag-reply. Ano kaya ginawa nun? Huh!
!!
Wala akong pake! Magpakamatay pa siya for all I care!

From: Kapre! >_<

Sunduin nlng kita jan sa inyo. 10 AM. Secret nlng yung destination. Cge, bye...

Kesa replyan ko siya, nagcreate ako ng new message...

To: Justin ^^,

Jhuzt, sorry kanina ah. Pero tumawag yung friend ko, sabi niya di na raw tuloy u
ng lakad
namin. So... open pa ba ung offer??? Hehe...

Then I press Send. After a few moments, nagring yung cellphone ko.

From: Justin ^^,

Sure! San mo ba gustong pumunta? Your call..

RE:

Uhm.. sa Walter Mart tau. Ok lang??

From: Justin ^^,

Yeah. So dun na tau maglunch? Sunduin nlng kita jan?

RE:

Naku, wag na. Hehe, I ll meet you there nalang. See u! :)

From: Justin ^^,

I ll be counting the minutes. :))

Nangiti ako. Because of two reasons: first, makakasama ko si Justin alone for th
e first
time and second, makakaganti na rin ako jan sa BWISET na Jessie na yan.

Chapter 17
Jessie

GRABE. Hindi ko matake yung ginawa ko. Well, inaya ko lang namang lumabas yung b
ukod
tanging babaeng kinaiinisan ko. Kailangan e. Why? Kasi pagtitripan ko sya! HAHA!
 Akala ba
nya mapapatawad ko nalang sya basta-basta sa pagtapon niya ng cake sa mukha ko k
asi
ginamot niya yung kamay ko?? No way!

Alam nyo ba yung plano ko? Well, I ll just make her like me lang naman. Tapos kapa
g
patay na patay na siya sakin saka ko sya POOF! Bebreakin. O di ba? Total success
 yun. I
don t care kung masaktan man siya o makasakit ako ng iba. Bakit, sino ba sya sa bu
hay ko??
Puro sakit na nga lang ng ulo binibigay niya sakin e!

Tinext ko sya para paalalahanan tungkol dun sa date namin. Teka, date nga ba yun
?
Hindi rin. Outing sounds more appropriate. And I can t stand the word  date  when she s
involved. I don t hate her, I just DON T like her. Hindi kami magkasundo e. Kahit an
o gawin
ko, o gawin niya, o gawin nila o gawin NIYO, wala... Para lang din kaming aso t pu
sa at the
end of the day.

And ito pa nga pala, nung tinext ko siya, akala ko maiinis siya kasi sinabi kong
 hindi siya
maganda pero, guess what?  Sige  lang yung reply niya. Nagtaka ko nun kaya hindi ko
pa

siya nireplyan. Ano kaya pumasok sa isip nun? Baka naman me binabalak yun? Haist! Ewan! Bahala na...

So, san ko nga ba siya dadalin sa Sabado? Hmm.. Sa mental kaya? Sa zoo? Sa safari? HAHA!!! Lol. Sa park na nga lang. Tapos pag nagutom kami, sa restaurant nalang na malapit dun sa park kami kakain. Oo sige yun nalang, bahala na si Batman!

The day after...

Nagising ako ng 8:15. Naligo muna ko tapos nagbreakfast. Pinili ko yung pinakamagandang polo shirt ko. Syempre, this is the first step of my plan kaya kailangan walang palpak. Inutusan ko rin yung maid namin na pakintabin ng husto yung shoes ko. Isinuot ko rin yung pinakamahal na relo ko.

Lumabas ako ng gate at lumakad papunta sa apartment ni Luna. Sandali lang yung lakaran kasi malapit lang naman yung tirahan namin sa isa t isa. Pagtapat ko sa gate nila, kinuha ko yung cellphone ko at idinial yung number niya...

Calling...
Pango >:b

After three rings, sumagot siya.  Hello?

 Nandito ko sa gate niyo. Lumabas ka na dali.

Nakita kong bumukas yung bintana sa second floor. Dumungaw si Luna don.  Ang aga pa ah?

 Basta bilisan mo na. Ang kupad mo talaga.

 10 ang usapan ah? 9:23 palang.

 Bakit, hindi na ba pwedeng mapaaga pa yun? Dalian mo na!

 Oo na! Oo na!  She hung up and closed the window. Ibinulsa ko na rin yung phone ko.

After 15 minutes, lumabas na rin siya sa apartment. Naka t-shirt siya at pants, rubber shoes, sling bag and beret. Medyo napangiwi ako. Ano ba namang klaseng porma to.

Tatakbo ba siya sa EDSA??? Akala ko pa naman naka dress siya at high heels pero iba pala

style nitong pango na to.

O bat ganyan ka makatingin? tanong niya. Kay aga-aga nakasibangot na naman to!

Tiningnan ko siya mula ulo hanggang paa. Bat ganyan suot mo? Hindi mo ba alam yun g
salitang dress ?

Bakit, san ba tayo pupunta? Sa prom?

Naku! Ang sunget! Tara na nga! Nauna kong lumakad tapos sumunod siya. Ang awkward. Hindi kami sabay maglakad pero pareho naman kami ng pupuntahan. At isa pa,
kami ang magkasama ngayon. Huminto ako sa paglalakad, huminto rin siya.

O bat huminto ka?

Mauna ka nang lumakad. Susunod nalang ako.

Hindi okay lang. Mauna ka na.

Ang panget namang tingnan kung yung lalaki yung nasa unahan tapos sinusundan siya

ng babae.

Pumamewang siya. E hindi ba yun naman ang gusto mo? Yung nagkakandarapa sayo yung mga babae?

Nakakainis! Ang daming reason nitong babaeng to! Matalino nga ba talaga siya o m autak
lang? Teka, magkaiba naman yun di ba??? Ayaw mo talaga?

Mauna ka na nga!

Ganun? E di kung ayaw mo talaga... Ngumiti ako tapos lumapit sa kanya. Nakita ko y ung
pagiging alerto niya. Tapos nun, umakbay ako sa kanya. Sabay nalang tayo. Ano, ta ra na?

Nanlaki yung mata niya tapos inalis yung braso ko sa balikat niya. Hindi na! Mauu na
nalang ako. Lumakad siya paalis.

Natawa nalang ako. Ibang klase. Mabilis yung paglakad niya, halatang iniiwan ako. Pero
I stayed calm, parang wala lang. Nagsstroll lang ako kasi alam ko, babalik din y un. Haha. At
yun na nga, huminto siya. Nangiti ako. Nakatayo lang siya dun hanggang sa maabut an ko
siya.

San nga pala tayo pupunta? tanong niya. HAHA!!! Sabi na eh!

Sa park po.

Ganun ba? Sige. Tapos naglakad na ulit siya.

Sumakay kami ng jeep. Pagdating namin sa park, umupo muna kami sa bench. Tumingin siya sa cellphone niya tapos sakin. Nagugutom ako.

E di bumili ka ng pagkain.

Kumunot yung noo niya. Sumandal siya sa bench tapos sinabi ng mahina, Walang kwenta. Aba at gumaganon?

I sighed then I stood up. Sige, pupunta lang muna ako ng CR. Dadaan na rin ako sa burger stand. Wait lang.

Pumunta ko ng public CR. I looked straight at the mirror. Kaya mo yan, Jess. Kaya mong tiisin yang babaeng yan. Kayang-kaya yan ng charm mo. Maghintay ka lang. After that, pumunta ko ng burger stand. Grabe ang haba ng pila, pero kailangan e. Kesa naman bumalik ako dun sa bench ng walang dala edi nabingi lang ako sa pagdidiwara nun. Haist. Ang tagal magluto nung nagtitinda, grabe.

Umorder ako ng dalawang cheeseburger tapos bumili na rin ako ng dalawang coke. Bumalik na ko dun sa bench pero nung pagtingin ko dun, wala na siya. Tumingin tingin ako sa paligid, sa may swing, sa may slide, sa mga tindahan na malapit at baka nagutom lang yun pero wala e. Umupo nalang muna ko dun sa bench at naghintay. Baka nagCR lang.

Medyo matagal na rin akong nakaupo run kaya tinxt ko na siya...

To: Pango >:b

Hoy, asan ka na ba?

Hinintay ko yung reply nya. Pero 10 minutes na nakakalipas, wala pa rin yung reply niya. This time, medyo naiinis na ko kaya tinawagan ko na siya. And guess what? Cannot be reached. Pinatay ata yung cellphone ng potek! Tinry ko ulet pero wala pa rin. Nabwiset na talaga ko kaya tumayo na ko. Iniwan na ko nung bwiset na yun! NAKAKAASAR!!!

Kumunot yung noo ko. Kinuha ko yung dalawang burger tapos itinapon sa trashcan. Sayang, alam ko, pero hindi ko na naisip yun dahil sa sobrang inis ko. Umupo nalang ulit ako dun. After 15 minutes, I decided na maglibot nalang. Wala na rin naman e, umalis na sya. Kesa naman sayangin ko yung araw ko di ba?

Matagal tagal na rin akong naglibut-libot dun. Ang inet grabe! Woohh! Then kumulo na rin yung tiyan ko. Dapat kasi kinain ko nalang yung burger e. Pero yamu na, tapos na yun eh. Tiningnan ko yung cellphone ko. Hindi pa rin siya nagtetext.  Bwiset talaga.  Then ipinamulsa ko ulit yung cellphone ko.

Since mainit at nagugutom na rin naman ako, I decided na pumunta nalang sa pinakamalapit na mall dito sa park. Sumakay ako ng jeep at pumunta ng Walter Mart para kumain ng lunch at magpalamig.

Chapter 18
Luna

Ayun, at pumunta na nga ng CR ang panget. HA! Akala mo ah. Pagbalik mo mag-aapoy ang pwet mo sa kahihintay!

Tumayo ako tapos pumunta sa sakayan ng jeep. Pumunta ko ng Walter Mart gaya nga ng napag-usapan namin ni Justin. Pagbaba ko, tumambad sakin ang mahabang pila ng mga tao sa entrance. Chinecheck kasi nung guard yung mga bag. E ang bagal pa. San ka pa? Daig pa prusisyon.

Tss. Me bomba ko dito. Beware,  sabi ko ng mahina. Ba t ba? Nakakainis eh!

Atlast, nakapasok na rin ako. Tinext ko si Justin.

To: Justin ^^,

San ka na?

Pamaya-maya, nag-beep yung cellphone ko.

RE: Justin ^^,

I m here @ Music Central.

To: Justin ^^,

Cge. I ll be there.

Wow, kahit nasa mall umaandar ang pagiging music addict nitong taong toh. Pumunta ko

dun at nakita ko siyang tumitingin sa mga nakasabit na gitara.  Justin!
Lumingon siya tapos nag-smile.  Oi!

I smile then lumapit ako sa kanya.  Marunong ka palang mag-gitara?

 Uhm, medyo. Mas magaling pa rin si Kevin. Saludo ko run eh! Akalain mong ang isan
g
utong tao eh pwedeng maging master ng gitara?

I shrug at nag-pout.  Ou nga eh, at akalain mo rin bang may sira-ulong nagddrums?  s
abi
ko ng mahina.

 Ha? Ano yon?  tanong ni Justin.

Umiling ako at tumawa.  Ah, wala! Wala! Tara kain na tayo! Nagugutom na rin kasi a
ko
eh.

 Sige. San mo ba gusto?

 Uhm, okay lang ba kung sa McDo nalang tayo? Feel kong mag-McFlurry eh. Hehe.

Nagulat ako ng bigla akong akbayan ni Justin. Ngumiti siya.  One McFlurry, coming
up!

Naglalakad na kami papunta ng McDo ng biglang nag-beep yung cell ko. Kinuha ko y
un sa
bulsa ko at inopen yung message.
From: Kapre! >_<
Hoy, asan ka na ba?

Nangiti ako. Nag-uumpisa nang mainis yung panget na to for sure. Bwahaha! Taste
my
revenge! At para lalo pa siyang mainis, inoff ko yung cellphone ko at siguradong
 tatawag na
yun pamaya-maya.

Manigas siya dun! Panget na yun.

Umorder ako ng dalawang burger, isang McFlurry at isang sundae. Kumain kami dun
ni
Justin, nag-usap ng kung anu-ano...

Pagkatapos, umalis na kami, dala pa rin yung ice cream namin. Pumunta kami ng Wo
rlds
of Fun. Inaya ako ni Justin eh.

 Dito ka muna sa entrance,  sabi niya.  Bibili lang ako ng tokens.

Tumango nalang ako at tiningnan siya habang bumibili ng token. At aba, yung mga
babae
sa likuran niya, kung makatingin! Nag-uusap-usap sila habang patingin-tingin kay
 Justin.
Well, what do I expect? Gwapo si Justin. AT AKO KASAMA NIYA! Wahaha! Bleh!

Nako tumutubo na naman yung sungay ko... Hihihi...

Pabalik na si Justin sakin.  San mo ba gusto?

Kahit saan.
E hindi pwede yun! San nga?
Ikaw nga bahala.
Hmm... Ah alam ko na! Hinila niya ko papasok sa loob ng WOF. Pinaupo niya ko dun s
a

may tapat ng videoke. Namili siya dun sa songbook. Aba, kakantahan ako ni Justin
???
Naks!!!

Ah, eto.

Naghulog siya ng dalawang token at pinindot yung number ng kanta na napili niya.

Pamaya maya, lumabas sa screen yung title: Makita kang muli
Sugarfree

*Sigh*

Ano ba toh.. Kaibigan nga siya ni Kapre.. Hindi naman sa baduy pero hindi lang k
asi yung
mga ganun type kong kanta eh.

Pero okay lang kasi cute naman siya haha! Saka ganda pa nung boses. Madaming tao

yung pumaligid at nakinig. Nakangiti ako sa kanya at umokay sign pa ko. Medyo pa
tapos na
yung kanta niya nung may tumabi sakin.

Andito ka lang pala ha, bulong nung katabi ko.

Kinilabutan na ko nun. Alam ko na kung sino yun, kung kaninong boses yun. Yung h
eight.
Pati yung nakamamatay na aura.

Jessie.

Tumingin siya sakin at mula sa tingin na yon alam kong mababalatan na ko ng buha
y.
Ngpalakpakan yung mga tao sa paligid ko pero nakatulala pa rin ako kay Jessie.
Pinagpapawisan ako! Shucks!!!

Oh Jess, andito ka rin pala, sabi ni Justin;
Yes. Tapos tumingin ulit siya sakin. Nako! Patay talaga ko dito!!! Sige pare ha.
Kinuha niya yung braso ko at hinila palabas. Jessie! Ano ba bitawan mo nga ako! Pe
ro

matibay yung kapit niya sakin at para siyang binging hindi makarinig.

Jessie!!! Bitawan mo sabi

Naramdaman kong may humawak sa isa ko pang braso. Nahinto si Jessie. May mga tao

nang pumapaligid samin. Nakakahiya naman tong dalawang toh!!! Bwiset!!!

Pare, ano bang problema?  tanong ni Justin. Nagkatinginan silang dalawa, nagtitimbangan ng lakas.

Kasama ko si Luna, pare,  sabi ni Jessie.  Nalate lang ako ng konti. Thanks for keeping her entertained while I wasn t here. I ll take the rest from here.

Hihilahin na sana ko ni Jessie pero hinatak ni Justin yung braso ko.  That s impossible, Jess. Coz I m with her.

Lalong lumakas yung bulung-bulungan sa paligid ko.

Ang swerte naman niya! Pinag-aagawan ng dalawang guwapong lalaki!

Kainggit!

Sana ako nalang siya!

Kinagat ko yung labi ko at napapikit nalang. Pambihira tong dalawa toh!  Wag nga kayong magskandalo dito!  sigaw ko sa kanilang dalawa.

Ikaw nga sumisigaw siyan eh!  sagot ni Jessie

Look, Jess,  sabi ni Justin.  Hindi ko alam kung bakit mo sinasabi na ikaw yung kasama ni Luna, pero I m pretty sure na siya mismo yung pumayag na makipaghang-out sakin ngayon.

You look too, Justin. She agreed to hang-out with you but she AGREED to have a DATE with ME.

Napatingin ako kay Jessie.  H-Ha?

Hinila ulit ako ni Jessie pero this time, bumitaw na si Justin. Ngumiti si Jessie kay Justin.
I m sorry Justin, ireschedule niyo nalang yung lakad niyo. But for today, she s mine.

Ha? Ano daw? Tok tok tok, katok sa ulo. Hindi maprocess ng utak ko yung mga pangyayari. At higit sa lahat, bakit ba iniwan kong mag-isa si Justin dun?

Hinila ko ni Jessie pababa ng hagdan.  Aray! Bitawan mo nga ako! Nagtitinginan na yung mga tao oh!

Binitawan ako ni Jessie nung nasa baba na kami.  Sheez! Ang brutal mo talaga!  Inayos ko yung buhok ko.

Ikaw ba naman paghintayin nang ganung katagal eh! Ano bang problema mo?! Ba t hindi ka na bumalik?! At higit sa lahat, ba t kasama mo si Justin?! Anong hang-out ba yung sinasabi niya?  sunud-sunod na tanong ni Jessie.

Ay, bugbugin daw ba ko ng tanong?
Sagutin mo nalang kasi!
E naiinis ako sayo eh! Saka pake mo ba kung kasama ko si Justin?!
May usapan tayo ngayon ah?!! Nauna ko!
Excuse me, nauna kaya si Justin!
So tinotwo-time mo ko?!
Nanlaki nalang yung mata ko. Ano daw? Two-time? Ha? AS IF NAMAN KAME!!! Baliw ka

na nga! Anong two-time? Tayo ba?! HOY LALAKE, dati pinalampas ko yung pantitrip mo ha,

pero ngayon hindi na! Umayos ka nga! Bwiset! Makabalik na nga lang kay Justin!

Aalis na sana ko ng hawakan niya ko sa braso. Teka nga lang Luna. Sige, palalampa sin
ko na yung pinaghintay mo ko pero wag ka namang bumalik kay Justin.

Napatingin ako sa kanya. Ba t kinikilig ako? Ano toh ha?? Plak plak plak!!! Gumisi ng ka
nga Luna! Alam mo kung ano kasound mo?? Para kang CONCERNED BOYFRIEND!

Napabitaw siya sa braso ko. De sige! Bumalik ka na sa kanya! Magsama kayo!!! Tapos

lumakad na siya paalis.

May pumutok atang ugat sa ulo ko. Nag-iinit na naman eh. TALAGA! MADAPA KA SANA! UTAK PALAKA! KAPRE! ANG PANGET MO!
Tapos tinadyakan ko yung sahig sa inis. Pero medyo nahiya rin ako kasi pinagtiti nginan na
pala ko. Yumuko nalang ako at umakyat ulit.

Pero nung pagpunta ko ulit sa WOF, wala na si Justin don. Kinamot ko nalang yung ulo
ko. Nice Luna, ang galing galing mo. Ngayon ikaw nalang mag-isa..

*Sigh*

Chapter 19
Jessie

Tsk! Bad trip talaga. Habang nakasakay ako ng jeep mainit pa sa tambucho yung ul o ko
ngayon namang pagbaba mukha akong ewan na nakasibangot.

Nakakabwiset eh. Ikaw ba naman iwan at paghintayin ng ganung katagal?! Ako na ng a
yung nagmagandang loob na bumili ng pagkain niya eh! Pambihira! Pag nakita ko yu n
makakatikim sakin yun!

Syempre unang una kong pinuntahan e kung san merong pagkain. Nag noodles lang ak
o.
Ayokong kumain ng kanin eh. Baka magLBM pako at mainit ulo ko.

Pagkatapos kong kumain, nag-ikut-ikot muna ko. Napagdesisyunan kong manuod muna ng movie. Nakita kong pinagtitinginan ako. Sus! Gwapo ko na toh madedeadma lang?
! Di
ren! HAHA!

Nginitian ko yung mga babae na nakasabay ko sa escalator papuntang second floor.

Nagtawanan sila ng mahina. Yun lang eh, ganun lang kadali. Eh bakit si Luna kail
angan pa
atang kulamin bago maakit sa charm ko? Hindi nga ata tao yun...

Pagtungtong na pagtungtong ko palang sa second floor, may narinig na kong kumaka
nta.
Pamilyar yung boses na yun ah. Galing dun sa Worlds of Fun. Pumunta ko dun since

madadaanan ko na naman yun bago ko makapunta sa sinehan eh.

At tama nga ako. Pamilyar nga sakin yung boses pati yung taong kumakanta dun sa
may
videoke. Si Justin. Ang cheap ha, bakit sa ganito pa siya kumakanta eh me banda
naman
kami?

Lumapit ako sa kanya para bwisitin sana siya pero instead, ako pa yung nabwisit.
Kasi
nakita ko si Luna na nakaupo dun, nanunuod kay Justin. Tulo laway pa!

Bwisit naman oh! Aba at umokay pa siya! Pambihira! Bakit kasama niya si Justin?!
Hindi
ba t KAMI yung magkasama? Kaya ba siya biglang nawala kasi magkikita sila ni Justi
n??

Lalo akong nabwisit kaya pumunta na talaga ko dun. Umupo ako sa tabi niya. Aba a
t
hindi pa agad ako nakilala!

Andito ka lang pala ha, sabi ko.

Bigla siyang nalingon sakin. Nanlaki yung mga mata niya at napanganga pa ng kont
i. HA!
Dapat lang na matakot ka!

Jessie, sabi ni Luna.

Tinitigan ko siya sa mata. Gustong kong manliit siya sa kinauupuan niya. Teka, m
asyado
naman ata yun? Pandak na nga yung tao eh! HAHA!!!

Oh Jess, andito ka rin pala, sabi ni Justin. Tumingin ako kay Justin.

Ay hindi! Wala ako dito actually multo nga lang ako eh. Awoooo...

Talagang nagpapa-empress pa siya dito kay Luna ah. Kailangan pang kumanta? Psh..
.

Yes, sagot ko tapos tumingin ulit ako kay Luna. Sige pare ha, sabi ko kay Justin at pagkatapos nun, kinuha ko yung braso ni Luna at kinaladkad siya palabas.

Jessie! Ano ba bitawan mo nga ako! Pero hindi ko siya binitawan at nagpanggap ako na walang naririnig.

Nagpupumiglas siya sa pagkakahawak ko. Jessie!!! Bitawan mo sabi

Pagkatapos nun, bigla nalang parang may pwersang nagpahinto sakin. Nung paglingon ko, hawak na ni Justin yung isa pang braso ni Luna. Umeeksena na naman tong good guy na toh! Problema namin ni Luna toh eh!

Pare, ano bang problema? tanong ni Justin. Nagkatinginan kami.

Kasama ko si Luna, pare, sabi ko. Nalate lang ako ng konti. Thanks for keeping her entertained while I wasn t here. I ll take the rest from here.

Hihilahin ko na sana ulit si Luna ng hilahin din siya ni Justin. Aba t lumalaban pa ha? Kaibigan ko ba talaga tong lalaking toh? That s impossible, Jess. Coz I m with her.

Wala na kong pakialam kung may mga tao na sa paligid namin. Gusto ko lang namang

makausap si Luna eh!

Wag nga kayong magskandalo dito! sigaw ni Luna.

Ikaw nga sumisigaw siyan eh! Kaengot talaga nung babae na yun. Wag daw magskandalo eh siya unang sumigaw! Ang lakas talaga nung boses niya, natanggal na lahat ng earwax ko ah!

Look, Jess, sabi ni Justin. Hindi ko alam kung bakit mo sinasabi na ikaw yung kasama ni Luna, pero I m pretty sure na siya mismo yung pumayag na makipaghang-out sakin ngayon.

HANG-OUT? Ano bang pinagsasasabi neto?? E kami may usapan ni Luna ah? Hindi naman kaya pareho saming pumayag makipagkita si Luna?? Pambihira! Flirt pala tong babaeng toh!!

You look too, Justin. She agreed to hang-out with you but she AGREED to have a DATE with ME.

Yeah, take that!

Napatingin sakin si Luna. Oh ilalaglag pa ko neto eh!

H-Ha? gulat na tanong niya.

Hinila ko ulit si Luna at finally, this time bumitaw na si Justin. Nakatingin pa rin siya
sakin. Mukhang hindi madigest nung utak niya yung sinabi ko ah. Nangiti ako.  I m so rry
Justin, ireschedule niyo nalang yung lakad niyo. But for today, she s mine.

Natulala na naman sakin si Luna. SUS! BAKA NAMAN FEEL NA FEEL NA NITO HA?!

Hinila ko siya pababa ng hagdan.

Aray! Bitawan mo nga ako! Nagtitinginan na yung mga tao oh!

Jusko! Grabe namang pumalag toh! Siguro wrestler to dati! Binitawan ko siya nung nasa
baba na kami.

Sheez! Ang brutal mo talaga!  Inayos niya yung buhok niya.

Ikaw ba naman paghintayin nang ganung katagal eh! Ano bang problema mo?! Ba t
hindi ka na bumalik?! At higit sa lahat, ba t kasama mo si Justin?! Anong hang-out ba yung
sinasabi niya?  sunud-sunod kong tanong.

Hindi ko alam kung san ba nanggagaling yung mga tanong na yun. Basta ang alam ko

kailangan ko ng sagot! NGAYON NA!

Ay, bugbugin daw ba ko ng tanong?

Lalo akong nabwisit sa sinabi niya na yun. Siya pa me ganang magbiro ah!  Sagutin mo
nalang kasi!

E naiinis ako sayo eh! Saka pake mo ba kung kasama ko si Justin?!  Sus! Nagmumuka n a
namang bruha to oo!! Pumipikit pikit pa mata! At aba aba aba! Me irap pa! Tangga lin ko yan
eh!

May usapan tayo ngayon ah?!! Nauna ko!

Excuse me, nauna kaya si Justin!

Weh? Nauna si Justin? NEKNEK MO!!!

So tinotwo-time mo ko?!  Tama, yun nga! Sige! Matameme ka diyan!

O.O
Nanlaki na naman yung mata nito! Parang halimaw amf! Ba t ba bigla-bigla nalang
lumalaki ng ganun??!

Baliw ka na nga! Anong two-time? Tayo ba?! HOY LALAKE, dati pinalampas ko yung pantitrip mo ha, pero ngayon hindi na! Umayos ka nga! Bwiset! Makabalik na nga l ang kay
Justin!

BABALIK? No! Hindi pwede!!! De ako naman magmumukang tanga?! No way! Kung hindi makuha sa mapusakal na usapan e di idaan sa masuyong usapan. Di ba?? Wushu...

Hinawakan ko siya sa braso. Lumingon siya sakin ng nakakunot yung noo. Tss. Oo n ga
naman. Teka nga lang Luna. Sige, palalampasin ko na yung pinaghintay mo ko pero w ag ka
namang bumalik kay Justin.

Aba, effective ata?! Medyo namula pa! Kinikilig toh! Naku naku!

Nagsalita siya. Alam mo kung ano kasound mo?? Para kang CONCERNED BOYFRIEND!

Napabitaw ako sa braso niya. Ang kapal neto! Para namang may balak akong ligawan

siya! Che! De sige! Bumalik ka na sa kanya! Magsama kayo!!! Tapos lumakad na ko pa alis.
Tsk! Lalo pa pala kong mabbwiset pag kasama ko siya eh! Bad trip. (-_-)

Pamaya maya, para siyang matandang natagusang nagsisisigaw dun. TALAGA! MADAPA KA SANA! UTAK PALAKA! KAPRE! ANG PANGET MO!

Tapos with matching tadyak pa ha?! Grabe. Utak palaka? Kung ganun ako, siya nama n
utak langgam! Bukod sa maliit na natutuyo pa! Pambihira!

Hindi ko siya pinansin, medyo malayo na ko sa kanya ng lumingon ako. At bumalik nga
kay Justin! Tss! Ayoko na! Nakakabad trip talaga!!! Grrr!!!

Lumabas na ko ng mall at sumakay ng jeep. Uuwi na ko. Bahala siya sa buhay niya!

## Chapter 20
Luna

Lalalalala. Ako lang mag-isa. Yehey! Magbunyi! (-_-)

Pano ba naman yang Jessie na yan panira eh! Okay na sana eh bakit kailangan lagi siyang
me scene? Hay naku.

Nakakahiya na tuloy kay Justin.

Naiinip na ko kaya ibinalik ko na yung battery ng cp ko at tinawagan si Steff. S umagot
siya sa ikatlong ring.

Hello?

Hoy berat, punta ka naman sa Walter oh. Samahan mo ko.

Sorry girl, pero nagpapamanicure ako ngayon eh. I m here at the parlor.

Tss. Akala ko ba ikaw yung dakilang kaibigan ko? Mas importante pa sayo yang kuko mo eh.

Wushu! Me ganong factor? Basta I can t kita kits nalang sa apartment, sige malolowbat na ko! babuh!

Then she hung up.

Tss. Tingnan mo toh, umiral na naman pagkamaarte.  Para kong sira na kinakausap yung cellphone ko. Pinamulsa ko nalang ulit yun.

Wala akong choice. Makauwi nalang nga!! Hmpf! Bad trip!

Nag-abang ako ng jeep sa labas nung mall pero kaalis lang daw. Haist kaya napagpasiyahan ko na pumunta nalang dun sa may crossing para dun nalang maghintay ng jeep.

Tumingin ako sa orasan sa cp ko. Ay, 4:00 na pala. Pamaya-maya, naramdaman kong umuulan na. Kapag sinasapak ka nga naman ng malas oo.

Nagshort cut na ko para madali. Nagjog na rin ako. Pagliko ko, may nakita kong grupo ng mga adik. Kaaga aga mga lasing! Pambihira! Ang babaho nila! Mga sira kabataan nito! Tss.

Babalik na sana ko pero pinaswitan nila ko.

Hindi ko sila pinansin. Excuse me, I have a name. Saka hindi ako nakikisakay sa mababahong katulad niyo noh.

Aba! Masungit tong isa na toh!  Nagtawanan sila.

Ew. Better to be away from this dreadful place. Nagulat nalang ako nang tumakbo sila at paligiran ako. Shucks, ang lakas na ng ulan. Basang basa na ko. Thanks to them ha, THANK YOU.

Ano bang kailangan niyo?  Tinry kong wag manginig yung boses ko kasi sa totoo lang kinakabahan na ko.

Lumapit sakin yung blonde na lalaking may piercing sa ilong.  Gusto mo bang maglaro?

Hinwakan niya yung braso ko.

Bitawan mo nga ako! Panget!

Lalo silang nagtawanan.  Palaban tong isang toh! Gusto ko toh!

Takte naman oh! Eto na bag ko oh!  Ibinigay ko sa blondie yung bag ko. Pero ihinagis niya lang yun sa tabi. Napanganga ko.  Ano bang kailangan niyo ha?!

Ngumisi siya tapos hinawakan yung pisngi ko.  Ikaw,  bulong niya sa tenga ko. Sheda!

Ang laks ng tibok ng puso ko. Lahat na ata ng kilabot lumitaw na sa katawan ko! Waaahh!

Tinulak ko siya.  Ang baho ng hininga mo! Nakakasuka!

Nagsalubong yung kilay niya. Ohmyohmyohmy! Patay na ko nito! Tumakbo bo ko at kuniha yung cellphone sa bulsa ko. Hinahabol nila ko. Parang tambol sa bilis kumabog yung dibdib ko!

Pumunta ko sa ringtones. Nanginginig yung daliri ko at lingon ako ng lingon sa likod. Pamaya-maya, may nabangga ako. Ayos naman sa timing oh! Mukhang kakampi pa ata nila toh eh!

Hinawakan niya yung braso ko.  Mga pare! Ito ba hinahabol niyo?  tanong nung panget na lalaki sa harap ko.

WALA NA!!! Naubutan na nila ko! Grr!  Oo pare!  sabi nung blonde habang hingal na hingal.  Pinahirapan kami niyang habulin siya! Ang bilis palang tumakbo nung babaeng toh!

Pinaligiran nila ulit ako habang hawak ako nung isang lalaki sa braso. Sheda! Ano nang gagawin ko???! >_<

Tingnan nga natin kung ano yang nasa ilalim ng t-shirt na yan,  sabi nung blonde at akmang hahawakan ako ng pinindot ko yung cellphone ko.

Waaang! Waaaang! Waaaang!

Nabitawan ako nung lalaki at parang nagulat pa silang lahat. Nalingon yung iba sa paligid. Ito na pagkakataon ko...

Tumakbo ko ng mabilis. Kahit basang basa na ko, hindi ko ininda yun basta makalayo lang ako sa mababahong toh. Pumunta ko dun sa loob ng isang tricycle na nakaparada sa gilid.

Itinaas ko yung paa ko dun sa upuan. Inakap ko yung sarili ko. Hindi ko napansin na nanginginig na pala ko. Sa takot. Sa lamig.

Kinuha ko yung cellphone ko sa bulsa ko at idinial yung number ni Steff...

The number you have dialed is unattended or out of coverage area....

Shedah naman oh! bulong ko.

Dinial ko naman yung number ni Justin.

Subscriber cannot be reached. Please try again later. *toot*

Natulala nalang ako habang nakatapat sa tenga ko yung cellphone. Pambihira naman
!
Kung kelan ko sila kailangan saka naman... Haist!

Then biglang may pumasok sa isip ko. NAKO! Mababaliw na talaga ko! Ayoko! Ayoko!

Hindi ko siya tatawagan! HINDE!!!

Nasan ka na ba?! Lumabas ka na nga! Bwiset!

Kinabahan ako sa narinig ko. Andito na yung mga adik!! Shemay! Wala akong choice
.
Kahit labag sa loob ko, dinial ko yung number ni Jessie.

Tatlong ring na pero hindi pa rin niya sinasagot. Sagutin mo! Panget ka! bulong ko
.

Pumikit na ko. Diyos ko. Natawag ko na ata lahat ng santo!

Ba t ba?! inis niyang sagot.

Uhm kasi...Ano.. Ah, Jessie...

Ibababa ko na.

Teka lang! Please. Kailangan ko ng tulong mo. N-nandito ko sa may kanto sun sa crossing. Nasa loob ako ng ticycle. Please, puntahan mo ko...

Naku! May pakinig-kinig ka pa ha?! Hindi mo na ko maloloko!

Anakanang!!! Hindi ko naman siya niloloko eh! Lakas talaga ng topak! Amp! >_<

Hindi kita niloloko! Please puntahan mo ko

Andyan ka lang pala ha! Hinawakan niya yung braso ko at kinaladkad ako palabas ng tricycle.

Bitawan mo ko! sigaw ko;
Luna? Anong nangyayari jan?!
Kinuha nung blonde yung cellphone ko. Tulungan mo ko Jessie! sigaw ko. Sana narini
g

niya. Please! Sana po narinig niya!!

*toot* Pinatay nung lalaki yung cellphone ko. Nag-umpisa nang mangilid yung luha
ko.
Ano nang gagawin ko?!

Naloko mo kami kanina ah... Pero ngayon, wala ka nang kawala!  Kinuha niya yung
dalawang braso ko. Pumapalag ako pero malakas siya. Hanggang sa nakahiga na ko s
a daan.
Ang gaspang ng semento at ang lakas pa ng ulan.

TULUNGAN NIYO KO!!!  sigaw ko.

Shit! Takpan niyo nga bibig nito!

Pamaya-maya, may kamay na sa bibig ko. Kinagat ko yun.  ARAY!

TULONG!!! Ahmmm!!!

Tinakpan na naman nila yung bibig ko. Naramdaman ko yung labi nung blonde dun sa

leeg ko. Pilit akong kumakawala pero walang nangyayari.

Hmmmm!!! Tulmmmmm! Tulmmmm!!  Tuluyan na kong umiyak. Naiinis ako sa
ginagawa nila sakin. Gusto ko silang sapakin ng walang humpay! Pero wala akong k
alaban
laban.

Itinaas niya yung t-shirt ko hanggang sa lumitaw yung tiyan ko. May humawak sa m
ga
paa ko kaya hindi ako makasipa. Naramdaman ko nalang na binubuksan niya yung but
ones
ng pants ko!!!

Wala akong tigil sa kakaiyak at kakahagulgol. Habang tawa naman ng tawa yung apa
t na
nasa paligid ko..

Ibinaba nila yung pants ko hanggang tuhod kaya lalo akong naiyak. Hanggang sa in
ialis
na nila yun ng tuluyan. Sumipa ako at natamaan ko sa mukha yung isang nakahawak
sa paa
ko.  Aray!!! Walang hiyang babae toh!

Sinubukan kong tumayo pero napadapa ako kasi dinaganan ako nung blonde. Tumawa

siya sa tenga ko.  Anong pakiramdam ha?! Nakakainis ba?!

Hawak niya yung isang braso ko sa likod ko. Yung isa naman pinipilit na iusad yu
ng
katawan ko. Punung puno ng luha yung mata ko. Blur na nga lang ata yung nakikita
 ko eh.
Pumikit ako ng madiin.

Patayin niyo nalang ako!!! Patayin niyo nalang ako!!!

*PAK!*

Nadilat ako kasi biglang nawala yung bigat sa likod ko. Pagtingin ko sa gilid, nakita ko si Jessie. Nakakunot yung noo niya at nakatingin sa mga lalaki.

Naknang! SINO KA BA?! tanong nung blonde habang sapo-sapo yung pisngi niya.

Napaurong na din yung ibang lalaki. Hindi sumagot si Jessie. Lumapit siya dun sa blonde at hinawakan yung t-shirt.

Gago ka ha! sigaw ni Jessie. Sinuntok niya ulit yun. Lalo namang napaatras yung ibang lalaki. Nanlalaki yung mata nila. Hinagis ni Jessie yung blonde at tumingin sa mga lalaki.

Anong tinitingin tingin niyo diya ha!?
Tumayo yung lalaking blonde. Ang yabang mo ah! Sinuntok niya si Jessie pero nakailag

ito. Sumali na rin yung ibang mga lalaki.

Jessie, sabi ko ng mahina. Hindi ko alam pero biglang nanghina yung buong katawan ko. Parang wala na kong lakas. Hindi na ko makasigaw.

Nasuntok si Jessie. Dumugo yung ibaba nung labi niya. Pinunasan niya yun at nakipagsuntukan ulit. Tinadyakan siya sa tiyan pero hindi niya yun ininda.

Halika na nga! sigaw nung blonde. Madami na din silang sugat at pasa. Ibang klase palang makipag-away tong si Jessie. Kaya kahit limang katao sabay-sabay..

BAD TRIP! Madapa-dapa pang umalis yung mga lalaki.

Huminga muna si Jessie ng makailang ulit. Tapos pumunta siya sa tabi ko. Shucks. Ba t hindi ako makatayo?!! Nakadapa pa rin ako dun! At bakit parang umiikot yung paningin ko?!

Iniupo ako ni Jessie. Itinaas ko yung tuhod ko at inakap yung katawan ko. Nakayuko ako. Nahihiya ako sa sarili ko. Hiyang hiya...

Ayos ka na ba? tanong ni Jessie.

Tumango ako. Nanginginig pa din yung baba ko. S-salamat h-ha?

Halika dun muna tayo sa silong.

Inalalayan ako ni Jessie papunta dun sa may gilid kung san may bubong. Umupo kami sa semento. Ilang minuto na kami dun pero hindi pa rin humuhupa yung ulan. At hindi pa rin ako tumitigil sa kakakinig.

Pamaya-maya, tumayo si Jessie. Hinubad niya yung polo niya hanggang sa puting sando nalang yung suot niya.

*blush*

Teka ba t ba ganito? Kailangan pa ba talagang magpa-impress sa harap ko?! O baka naman yun lang ang tingin ko? Hay! EWAN!!

H-hoy. W-wag mong sabihing iiwan m-mo ko dito?

Hindi siya sumagot. Inilaglag lang niya yung basang polo niya sa tabi. Then nara mdaman
ko nalang yung braso niya na umakap sakin mula sa likod. Umupo siya sa may likur an ko.

*Lub dub lub dub*

Ang lakas ng tibok ng puso ko. Napanganga ko ng bahagya kasi hindi ko expected y ung
gagawin niya. Ang buong akala ko eh iiwanan niya ko.

Okay na ba?  tanong niya.  Hindi ka na masyadong giniginaw?

Napatango nalang ako kasi parang naputol yung dila ko. Lalo pa niyang hinigpitan yung
yakap niya.  Sorry kung medyo nalate ako ah. Buti nalang nasa crossing palang ako.

Nakikiliti yung tenga ko dahil sa hininga niya.  A-ayos lang.

Pamaya-maya, sumandal siya at talagang hinila pa ko! Lalo akong nailang kasi yun g ulo
ko nasa dibdib na niya. Lord! Help me! Huhuhuhu...

Pero nagulat ako nung maramdaman ko na ang lakas din ng tibok ng puso niya. Lumunok nalang ako kasi wala akong masabi. Ano to?? Bakit ganito din yung puso n iya??

Matulog ka nalang muna. Matagal-tagal pa yung ulan na toh,  sabi niya habang nakayakap parin sakin.

Sige.  Tapos bumiling ako. Ang tigas nung dibdib niya, parang flat na unan eh! Pero to
my surprise, lalong bumilis yung tibok ng puso niya.

Pati yung sakin din. Hinawakan ko yung puso ko. Ang bilis bilis ng tibok. Para n a kong
hindi makahinga sa sobrang bilis.

*Lub dub lub dub*

Ba t ang lakas ng tibok ng puso mo?

Haya! Ano ba yung sinabi ko! Erase erase erase! Hala!! Stupid mouth! :X

Naramdaman ko siyang gumalaw. Nung tumingin ako sa kanya parang medyo namula siya. Ako rin, feeling ko namula din ako. Ang init ng pakiramdam ng pisngi ko eh .

Syempre napagod ako eh! Ikaw ba naman makipagsuntukan sa limang tao! Ano bang klaseng tanong yan.

Sungit naman neto.  Napansin ko yung pasa sa gilid ng bibig niya. Nagulat ako ng bi gla nalang hinawakan yun ng daliri ko!! Shucks! Ano bang nangyayari saken?! Kinokont rol ako ng alien!!!

O_O <--------Jessie

Nagulat din siya pero nakatingin lang siya sakin. Pamaya-pamaya, ipinatong niya yung daliri niya sa labi ko.  Kung gusto mo ng kiss, saka nalang at hindi ka pa nagto-t oothbrush.

Nagulat ako kaya bigla nalang naalis yung kamay ko sa gilid ng bibig niya. NAKAK APASO TALAGA KAYABANGAN NITO!!

Wew! Feeling mo naman! Baka nga ikaw hindi nagto-toothbrush eh! Baho ng hininga mo!

Nangiti siya.  Eh ikaw nga tong humahawak sa may bibig ko eh! De ibig sabihin gust o mo ng kiss.

Hindi ah! Che! Panget mo!

*Bad trip mode*

Hihiwalay na sana ko pero nahila ko ng akap ni Jessie. Tumatawa siya.  Bitawan mo nga ako! Anong tinatawa-tawa mo dyan?! ASAR!

Inakap lang niya ko ng mas mahigpit.  Osige hindi na, hindi na.

Ngumuso ako. Ano bang problema nitong lalaking toh?? Ilang beses kaya tong inire ?!

Sige na, matulog ka na muna.

Wala kang gagawin ah? Patay ka sakin!  banta ko.

As if naman na may pagnanasa ako sayo noh.

Hinampas ko siya sa dibdib.

Aray!

Matigas eh. Pinapalambot ko lang. Mahirap matulog pag matigas yung unan.

Syempre may muscle eh. Ganda kaya ng katawan ko. Ideal body of a man.

Woooo!!! ANG HANGIN DITO MAY BUHAWI NA YATA!!!

Kinurot niya yung pisngi ko.  Haha! Matulog ka na nga! Kulet talaga!

After a few seconds, tumingin ako sa kanya. Nakapikit na siya pero nakangiti yun
g loko!
Haha!!! Pero nakakaguilty rin kasi ako yung dahilan nung mga pasa at sugat niya.
..

Actually, hindi ko rin mapigilang ngumiti eh. HAHA!!!

Pumikit na din ako ng hindi pa rin nawawala yung ngiti sa labi ko. Naghintay kam
i dun
hanggang sa tuluyan nang humupa yung ulan. At sa buong oras na magkasama kami, b
uong
oras ko rin naramdaman yung mabilis na pagtibok ng puso niya.

Chapter 21
Jessie

Hindi ko alam kung bakit pero hindi ako nakatulog. Papatila na rin yung ulan kay
a
pwede na kaming umuwi. Pero bakit ganun yung feeling ko? Parang ayoko pang umuwi
...

Tiningnan ko si Luna. Tulog siya at tutulo pa ata yung laway! Hahaha! Buti nalan
g talaga
at nasa crossing palang ako. Traffic kasi eh. At kung nagkataon, hindi ko alam k
ung ano na
yung nangyari kay Luna.

Pero ba t sakin siya tumawag? Pwede naman kay Steff ah? Saka kay Justin. Pero ba t

sakin??

*isip*

Naku Jessie! Tumino ka! Wag kang mag-assume at baka mapahiya ka lang! >_<

Ba t ganun? Pag tinitingnan ko si Luna, parang may nag-uudyok sakin na lumapit sa kanya? Parang... Parang gusto ko siyang halikan...

Pero HINDI!! Hindi pwede!!! Hindi naman ako yung tipo na nagte-take advantage sa

walang kalaban-laban na babae eh! Oo madami akong ex, mahaba pa yung listahan sa Great Wall of China, pero wala pa kong nahahalikan dun nuh! Masyado kasi kong maarte. HAHA!

Ibang klase tong babaeng toh, sabi ko ng mahina habang pinagmamasdan siyang matulog. Ba t ba hinayaan kong marumihan yung sarili ko para sayo? Alam naman ng la hat na I hate dirt.

Natawa ko. Saka nasuntok pa ko ng dahil din sayo. Ang selfish mo. Ba t ba lagi nala ng akong napapahamak twing kasama kita? Me balat ka siguro sa pwet noh?

Gumalaw siya sa bisig ko. Nung dumilat siya, halos wala na ring maaaninag na pat ak ng ulan. Pumikit ako. Ewan ko ba, pero nagpanggap akong tulog pa.

Tahimik ng ilang sandali hanggang sa maramdaman ko na naman yung daliri niya sa gilid ng labi ko.

Nagsalita siya ng mahina. Sorry, Jessie ah? Kasalanan ko toh eh. Kung hindi dahil sayo baka kung ano na yung nangyari sakin... Pero utak palaka ka pa rin! Inis pa rin ako sayo!

Panget!
Ayos na eh! Ayun na! Ba t me lait pa?! Pambihira talaga tong babaeng toh!! Panira ng

moment.. >_<

Gumalaw siya. Parang humarap siya sakin, dahan-dahan. Natukuran pa nga nung tuho d niya yung hita ko eh! Ang saket! Potek! Montek na kong mapaaray eh!

Lalong dumidiin yung pagkakatukod nung kaliwa niyang tuhod sa hita ko habang gumagalaw siya. Naramdaman kong hinipo niya yung buhok ko.

Ayun, sabi niya.

Pero nadulas yung tuhod niya.

Kumapit yung kamay niya sa likod ng leeg ko kaya nahila din ako pababa.

Aray! sabi ko.

Nakaakap siya sa leeg ko. Ang higpit! Hindi ako makahinga! Nung tumingin ako sa gilid,
nakita kong nakapikit siya.

Huy!

Nadilat siya, bigla siyang bumitaw sa leeg ko. S-sorry.

Ano bang ginagawa mo ha? Kung gusto mo kong akapin, sabihin mo nalang! Hindi yung

gagawa ka pa ng ganitong style eh bulok na yan!

Kumunot yung noo niya. Yabang neto! Excuse me! May dumapo po kasing tutubi kanina

sa buhok mo. Ang akala kasi may nectar yang mga BALAKUBAK dyan sa ulo moh!

Kapal neto! Ikaw nga dyan eh! Parang nagssnow na yung ulo mo sa balakubak!

Weh? OA? Maniniwala na sana ko eh, kaso me nagssnow pa. Tsk. Tapos umiling siya.

Bwiset!!! Naasar ako dun ah!!! Grr!

Tumayo na ko. Hindi ko siya papansinin! Kaasar!

Tumayo na din siya. Weh? Galit?

Magsalita ka dyan mag-isa mo! Pango!! >_<

Gabi na pala, sabi niya. Tapos nagulat ako ng bigla nalang siyang sumigaw. Waaaah!
Talikod ka lang ah!

Nacurious ako dun. Bakit?

Ayt! Talikod lang sabi eh! Magsusuot ako ng pants!

Ay oo nga pala, haha! Kaengot naman nun! Naakap ko na nga at lahat ngayon pa nag ing
conservative? Pero tumalikod pa rin ako. Kaarte! Para namang may makikita dyan!

Che! Tumahimik ka nalang kasi!

Pagkatapos niyang magsuot ng pantalon, pumunta siya sakin. Sige, mauna na ko ah.

Tapos naglakad na siya.

Kinuha ko yung polo ko at sumabay ako sa kanyang maglakad. Hatid na kita?

Natigil siya at hindi siya tumingin sakin. Nako, mukhang alam ko na to ah.. (-_-) Tss.

Sige. Tapos lumakad na ulit siya.

O_o ???

Ha? Ano daw? Tama ba nadinig ko?! Huwaw! Nagmilagro ata??
Tumalikod siya at sumigaw. Hoy! Susunod ka ba o hindi?
Aba! Ano nga ba nangyari sa babaeng toh? Isinampay ko sa balikat ko yung lukot k
ong

polo. Sunod syempre!

*Luna s POV*

Pumayag na din akong ihatid niya ko. Nakakahiya, oo, pero anu magagawa ko? Ayoko

namang maulit pa yung nangyari sakin kanina. At isa pa, gabi na. Baka kung ano n
a namang
masamang elemento magpakita dyan sa tabi-tabi.

Sumakay kami ng bus kasi wala ng jeep na nagdadaan. Anong oras na ba? Tumingin a
ko
sa cp ko.

9?!! 9:00 na agad??!!!

Nilakad namin hanggang tapat ng apartment namin ni Steff. Patay lahat ng ilaw. T
ulog na
kaya yun? Nagdoorbell ako.

*Ding dong*

Walang nangyari.

*Ding dong*

Wala pa rin.

*Ding dong ding dong ding dong*

Asar naman! Steff! STEFF LAZARO!!!!

Hwag ka ngang sumigaw dyan! Makakabulahaw ka eh!

Eh nakakainis eh! Baka hindi pa umuuwi yun. Kung san-san naman kasi gumagala yung

berat na yun eh.

Kinapa ko yung bulsa ko.

O_O

 Shucks!  sigaw ko.

 Sabi nang wag kang maingay eh!  sabi ni Jessie.

 Yung susi ko! Nasa bag!

 Eh nasan ba yung bag mo?

 Naiwan malamang!

 Tss! Kasunget mo! Malay ko ba?! Buti nga sayo!

Napatalungko nalang ako. Hawak hawak ko na yung ulo ko.  Hala! Pano na yan?! San a ko
matutulog?!

Ba t ba sinasapak ako ng malas ngayong araw?! Baka kasi katabi ko ngayon dito ang HARI NG KAMALASAN! Buset!

 Tumayo ka nga dyan! Para ka nang suso dyan!

 Ano nang gagawin ko?! Ano nang gagawin ko! Huhuhuhu...

Tumalungko si Jessie sa tabi ko.

 San ako matutulog?!!! Kasi naman eh!!!  Sinapak sapak ko yung poste ng gate namin.

Nakakainis eh pano! Ang sama-sama ng araw ko!!!

 May alam ako.

Natigilan ako. Tumingin ako kay Jessie. Nakangiti siya.  San?

 Sa bahay ko.

O_O ?!

Chapter 22
Luna

 AYOKO NGA!!!  Tumayo ako agad. Namula ko. Ayoko ng idea niya! Ayoko! Tama na yung nakakaasar na pagsasama namin kanina! Okay na yun! Ba t kailangan madagdagan pa?! Haist!!!

Tumayo rin si Jessie.  Nye! Eh san ka matutulog? Malapit lang naman yung bahay nam
in
dito sa inyo eh!

 EH KAHIT NA!!! AYOKO PA DIN!!!

Tumingin siya sakin mula ulo hanggang paa.  Para namang re-rapin kita!

Hinampas ko siya sa balikat.  Aray!!!

 Ang panget mo!!! PANGET!!!

 Ako na nga nagmamagandang-loob dito eh! De kung ayaw mo adi wag!! Tsk!! Bahala
ka!!

Lumakad na siya palayo. Grr!!! Nakakaasar talaga yun!!!

 TALAGA!!!  sigaw ko sa kanya. Umupo ako dun sa tapat ng gate namin. I crossed my
arms tapos nakakunot yung noo ko.

 Mukha siyang ewan!! Ba t naman ako matutulog sa bahay niya??? Hindi namin kami bati

ah!! Tss. Inis nga ako sa kanya di ba? I.N.I.S.??!

Mukha akong ewan na kinakausap yung sarili ko. Tumingin ako sa taas. Akyatin ko
kaya

yung gate?? Kaso walang tungtungan eh!!! Hindi ko abot!! Ba t ba ngayon ko lang na
isip

toh?!! Ang eng engs naman!

Dapat kanina tumungtong nalang ako sa balikat ni Jessie!! Buset.. >_<

Tumingin ako sa cellphone ko. Eleven na.

*sigh*

Medyo basa pa pants ko. Ang lamig tuloy ng pakiramdam ko sa binti. Saka kanina p
a ko
nangangalay sa pagkakaupo ko. Kainis talaga!!!

Iniunat ko yung binti ko tapos hinimas himas yun. Pamaya-maya...

 HALIKA NA KASE!!!

Nabitawan ko na yung cellphone ko sa gulat!!!

*Jessie s POV*

Mabilis akong lumakad papunta sa kanya. Nakakainis siya!!! Ba t ba kasi pinapahira
pan
pa niya sarili niya??!

Hinila ko siya patayo.

Ano ba!!! Bitawan mo nga ko Jessie!!!

Kinaladkad ko siya papunta sa bahay namin. Hindi ko siya kinikibo. Nakakainis eh
!!!
Pinaghintay na naman niya ko dun ng mahigit isang oras! Akala ko bibigay na eh k
aso ang
tigas ng ulo!!! Kaya hindi na rin ako nakapagpigil.. Amp!!

Jessie! Ano ba!!

Shh! Wag ka ngang sumigaw!!!

Bitawan mo sabi ko eh!!!

Ang lakas talaga ng boses nitong pango na toh!! Ang saket sa tenga!!! >_<

*dedma*

Jessie!!!

*dedma pa din*

Isa!!

*Wala akong naririnig! x_x*

LALALALALALALALALALALALALALALA!!!

Binitawan ko siya. Hindi ko na kaya!! Sapak sa ingay bunganga niya!!! >_<

*Luna s POV*

Ang ingay mo!! Buset!!! sigaw ni Jessie sakin.

E di nakarinig din!!!

Ang tigas kasi ng ulo mo eh!!! Sabi ng sumama ayaw pa din!

Pumamewang ako. E sa ayaw ko eh!!! Ikaw nga diyan bigla nalang sumusulpot eh! Tinakot mo pa ko!! Akala ko ba umuwi ka na??!

May binulong siya. Nainis ako. Hoy ano yang binubulung-bulong mo diyan ha??

Wala! Kabadtrip ka talaga kahit kelan!!

Wala naman kasing nagsabi sayo na bumalik ka eh!!!

Hindi nga kasi ko umuwi!!

I blinked at him. H-Ha?? E san ka pumunta?

Kinamot niya yung ulo niya. Dun sa me poste... Napansin kong medyo nahiya siya.

Pinaghintay mo na naman ako!! Nakakainis ka na talaga!
Aba! At baguhin pa usapan?!

Hindi ko naman kasi sinabi sayo na maghintay eh!!!
E pwede ba kitang iwan mag-isa dun! Baka kung ano pa mangyari sayo!!!

O.O <---Luna
O_O <----Jessie

*Lub dub lub dub*

Teka ano toh? Ba t kinikilig ako?! Kaasar! Nakikipagtalo na nga ako sa taong toh t apos

me time pa yung puso ko para mag-inarte?!! Pambihira..
Hindi siya makatingin sakin. Actually ako man eh.

*awkward ----------->>>*

Wala! Kalimutan mo na yung sinabi ko!!! Tumalikod na si Jessie at naglakad paalis;

Teka! Hinabol ko siya. Sa totoo lang hindi ko alam kung bakit;
Tss. Tapos ngayon naman hahabol habol ka!!!
Nakakunot yung noo niya pero kita ko pa rin yung blush niya. HAHA!! Nahiya nga a
ng

loko. Hilaw na labanos kasi balat eh!! Haha!!

Sige na sige na! Sasama na ko..
Wushu! Wag na!!! Bumalik ka na don!!
Weh?? Galit? Nakangiti ako. Nakakatawa expression niya! Hahaha!
Hindi!
E ba t nakakunot noo mo???
Pake mo?!
Ngumuso ako. Tss. Sunget. Kung kelan naman pumayag na ko saka naman siya

nagmamaktol. Meron siguro to ngayon...
Hoy narinig ko yun ah!!!
Ay ganun ba hehe.
Lakas kasi ng boses mo eh! Nakalunok ka ba ng megaphone?
Hoy yabang mo ah! Panget lang kasi boses mo! Kasing panget ng ugali mo!
Excuse me! Higit naman ganda ng boses ko sa mukha mo noh!
Weh??? Di ako naniniwala.
De wag! Ano naman?!
Talaga!!! Panget na toh. Wala ka namang binatbat kay Justin eh! Tss..
Kumunot lalo yung noo niya. Ba t ba nasama na naman si Justin sa usapan?!
E bakit? Kaibigan mo kaya yung tao!

Hindi siya sumagot. Ay, nandito na pala kami sa bahay niya. Binuksan niya yung g
ate.
Nakapasok na nga kami sa bahay niya pero hindi niya parin ako sinasagot. Binuksa
n niya
yung ilaw.

Hmm.. Okay naman pala bahay niya. Wow, me ganun??? Haha!
Nakatayo ako dun sa may pintuan. Papaakyat na siya ng hagdan.

Jessie?
Wag mo kong kausapin!

Ngumuso ulit ako.  Sunget na naman?? Problema nun?

Umupo ako sa may sofa. Tumingin tingin din ako sa paligid. Ang ganda ng bahay ni
ya.
Akala ko sa dampa lang nakatira yun. Weh? OA?? Haha...

Bumaba na ulit si Jessie. May hinagis siyang damit sakin.  Suot mo. Dun ka sa gues
t
room.

Umupo siya sa sofa.  Tabi!

Umasog ako. Ang luwang luwang naman nung sofa nila ah! Kailangan pa talagang paa
lisin
ako?! Haist!

E San ba yun?

Diretso. Tapat ng CR.

Binuksan niya yung TV. Aba, nakabihis na pala siya ng pantulog. Pajama saka puti
ng
sando. Medyo na-awkwardan ako. Ba t ba kasi nakasando pa to!!! >_<

Tiningnan niya ko.  Ano?!  inis niyang tanong.

Wala po!  Tumayo ako at hinanap yung guest room.  Ang sunget talaga!

Pumasok muna ko ng CR at nagshower. Pagkatapos nun sinuot ko na yung binigay niy
a.

Ang laki naman!

Nilalamon ako nung t-shirt niya! Saka yung pajama niya nakasayad dun sa sahig. T
ss. De
siya na matangkad! Pero hindi naman ako pandak ah! Sadyang kapre lang siya.. >_<

Pumunta ko sa may sala. Medyo naco-conscious ako sa suot ko. Ang laki-laki eh. N
atingin
sakin si Jessie.  Para kang saranggola. Haha!

At natawa pa ang buset!!!

Hindi ko siya pinansin. Umupo ako sa sofa para manuod ng TV.

Hindi ka pa ba matutulog?

Natingin ako sa kanya.  Hello? E pinatulog mo kaya ako kanina.

Tsk. Ano ba yan. Ang ayos na nga ng tanong ko eh.

Nanood nalang ulit kami. Ano ba tong pinapanood niya?  Ano ba yan! Ang pangit nama
n
ng palabas!

Shh! Wag ka ngang maingay! Nanonood yung tao eh.

Tss...

I crossed my arms at sumadal nalang sa sofa. Itinaas ko na rin yung paa ko. Ang lambot naman dito haha. Ang sarap maupo..

Ilipat mo na nga! sabi ko.

Shh.

Tutok na tutok pa rin siya sa TV. Pamaya-maya ngumingiti ngiti na yung loko! Ano ba kasi yung pinapanood niya.

PBB??? Ano yun??

After five minutes, bored na bored na talaga ko. Gumapang ako sa sofa at kinuha yung remote dun sa kamay niya.

HOY!

Nilipat ko yung channel. Ayan!

Tumingin siya sa TV. Kumunot yung noo niya. Ano ba yang Survivor na yan?! Ang panget!

Che! Wag ka ngang magulo! Nanonood yung tao eh.

Akin na yang remote! Inaabot niya yon pero inilalayo ko. Tsk! Isa!

Dalawa! Sinabayan ko siya sa bilang. Bleah! Kala mo ah! :b

Luna!

Shh!

Pag hindi mo binigay yan! banta niya.

Ano gagawin mo? mataray kong sagot.

Hahalikan kita!

O.O !!!

Yuck!  sigaw ko.

De binigay mo din!

*blink blink blink*

Natameme ako. Para kong statwa dun. Hinawakan ko yung mukha ko. Shucks! Ang init

na naman ng pakiramdam ko! >_<

*beep*

Kinuha ko yung cp ko sa bulsa ng pajama. Naku baka si Steff toh! Lagot sakin yun
g babae
na yun!

Nung binuksan ko. Hindi si Steff yung nagtext.

From: Justin ^^,

Hello. Tulog ka na ba???

RE:

Nope. Can t sleep...

From: Justin ^^,

Ako man eh..

RE:

Why??

From: Justin ^^,

Dunno. Maybe I m thinking what happened kanina.

RE:

Aii ou nga pala. Sori ha?? :((

From: Justin ^^,

No! Don t be sorry. Nakauwi ka na ba??

Medyo naghesitate ako. Sasabihin ko kaya yung totoo? Hindi! Wag na! Baka kung an
o pa
isipin ni Justin..

RE:

Yup. Kaw ba?

From: Justin ^^,

Me too. Uhm, Luna?

RE:

Hmmm?

From: Justin ^^,

Miss you ..

Natulala ako sa screen ng cellphone ko. Napanganga pa ata ako shucks! Ano daw??

Nananaginip ba ko?? Ba t ganito text ni Justin sakin??

RE:

Wrong send ka ata?

Oo, wrong send lang siya Luna! Manalig ka!

From: Justin ^^,

Hindi ah. Haha. Para sayo yun. Di mo ba ko namimiss?

Nangiti ako. Waaahh! Ba t kinikilig na naman ako??! xD

Sinong katext mo? Gabi na ah...

Nakatingin sakin si Jessie.  Pake mo ba?

May pangiti-ngiti ka pa dyan ah! Sino nga yan? Boyfriend mo?

Hindi ah! Si Justin.

Tss. Si Justin? Ba t naman itetext ka nun?

Kasi close kami.  Close? Weh? Close nga ba kami? Siguro. Nag-miss you siya eh.

Wooh! Close mo mukha mo! Akin na nga yan!

Bigla niyang hinablot cellphone ko.  HOY! AKIN NA NGA YAN!

Tumaas yung kilay niya sa nabasa niya. Nahiya tuloy ako!  SABI NANG--!

Pahirapan muna sa pagkuha bago ko nabawi cellphone ko.  O ayan na!  sabi niya.  Tsk. Makatulog na nga! Patayin mo yung TV ah!

Tss. Ibibigay din pala eh! Opo opo!

Nung tiningnan ko yung cellphone ko, nainis ako.  Naku, pinatay pa! Bwisit talaga!

Pinindot ko yung switch ng cellphone ko.

Please insert sim card.

O_O

ANO?! JESSIE!

Tumakbo siya paakyat. Hinabol ko siya pero nakapasok na siya sa kwarto niya. Tin ry kong iopen yung pintuan pero nakalock ang bwisit! Bad trip na bad trip na talaga ko nun! Haist!

Jessie! Akin na yung sim card ko!

Bukas nalang! Matulog ka na muna!  sigaw niya sa kabilang side ng pinto.

Jessie naman eh!

Night!

Kinabog ko ng kinabog yung pintuan niya pero hindi na siya sumasagot.  NAKAKAINIS!

BANGUNGUTIN KA SANA! PANGET!

Padabog akong bumaba ng hagdan. Pumunta ko sa guest room at humiga agad. Kinuha ko yung isang unan at sinuntok ng sinuntok. Inimagine ko nalang na yung bwisit n a lalaki
na yun yung sinusuntok ko.

*Pak pak pak*

Nakakainis ka talaga Jessie Wright! Bwiset ka! Panget! Kapre! Tikbalang! Utak pal aka!

Sinuntok ko ng sinuntok yun hanggang sa mapagod ako. Hindi ko na namalayan na nakatulog na pala ko sa sobrang inis.

Chapter 23
Jessie

Jessie naman eh!  sigaw ni Luna.

Sige! Magsisisigaw ka dyan sa labas! Hindi kita pagbubuksan.

Night!  sigaw ko.

Nagtalukbong ako ng kumot. Kinabog niya ng kinabog yung pintuan. Napaupo ako. AN G
INGAY TALAGA KAHIT KELAN!!!

*Silence*

Aba? Huminto? Nabwisit na siguro yun. Tiningnan ko yung sim card niya na nasa pa lad
ko.

Tss. Me pa-I miss you I miss you pa si Justin ah. Close ba sila?? At eto namang p ango na
yun kinikilig pa! Daling bumigay!

Nilagay ko yung sim niya sa cellphone ko. Nung inopen ko yun, may nagtext agad.

From: Justin^^,

Luna??

Aba! Ba t me smiley pang ganun sa pangalan ni Justin?!
Wala! Tumatae! Mukha akong ewan na sinisigawan yung cellphone dun. Mareplyan nga

to...

RE:

Ow?

From: Justin^^,

Tulog ka na ba?? Tagal mong magreply.

Tss. Para namang ewan toh! Magrereply kaya ako kung tulog na ko!

RE:

Ah eh may inasikaso lang ako. Hehe sorry.

*beep*

Aba! Bilis magreply ng loko ah! Nalingat lang ng konti eh...

From: Justin^^,

Ah oks. Hehe anu inasikaso mo?

Libingan mo! Baka gusto mo nang pumasok sa kabaong?!

Teka! Ba t ba ang init ng ulo ko?! Parang hindi ko kaibigan tong tao ah! Tss. Ba t b a kasi

kailangan pang malaman kung ano ginawa??? >_<

RE:

Secret hehe. Ah may tanong ako sayo Justin...

From: Justin^^,

Ay haha. Sige, what is it???

Nag-isip muna ko. Tatanong kaya yun? E pano pag nalaman ni Luna na ako yung nakikipagtext ke Justin?? Hay! Bahala na nga...

RE:

Uhm.. I just want to know if... If you like me?

Hinintay ko yung reply niya. Ba t ganun, parang kinakabahan ako?? Ano ba naman!

Nababaliw na ba ko?? >_<
Medyo matagal din siya bago nagreply.

*beep*

Siguro naihi na yun sa gulat. Haha.

From: Justin^^,

Ano ba yun. Ba t mo naman natanong? Hehe.

RE:

No reason. I just want to know. So, do you like me??

*beep*

From: Justin^^,

Uhm. Yes? Haha :)

Neknek mo! Nilagay ko na yung cellphone ko sa may table na katabi ng kama ko. Bad trip! Hindi pwede yun! Hindi pwedeng magkagusto si Justin kay Luna! I m his friend . I m just caring for him! Di ba?? Ganun naman talaga yung magkaibigan di ba??

Humiga ako. Inakap ko yung isang unan. Nag-yes naman ang loko! May balak palang umamin yun kay Luna eh! Baka masira lang yung plano ko!

Oo nga, yung plano ko nga pala! Montik ko nang makalimutan. May plano nga pala k ong pa-inlove-in si Luna sakin tapos bigla ko siyang be-breakin!

Kaso sa nangyari ngayong araw parang medyo nag-aalangan na ko eh. Tutuloy ko pa kaya yun???

*sigh*

Ewan!

*Luna s POV*

Nagising ako ng nakasibangot. Waaahh!!! Ang sama ng tulog ko!! Hanggang sa panag inip ba naman sinusundan ako ng malas?!!

Sa lahat ng taong pwedeng mapanaginipan ko, yung kapre pa na yun!

Kung anu-ano daw pinagkakakalat niya sa school tungkol samin! Mag boyfriend daw kami tapos... Tapos... Nagawa na daw namin yung ano...

Tapos biglang lumobo yung tiyan ko!!! Waaahh!!! Ano ba yan?!! TOTAL NIGHTMARE!!!

>_<

Tumayo na ko at nagsuklay. Kinuskos ko yung mata ko.  Kaimbyerna naman kasi eh!

Lumabas ako ng guest room. Asan na ba yung kapre na yun?! Yung sim card ko! Huhuhu...

 Ah, iha?
Nakita ko yung isang kasambahay. Medyo matanda na din siya. Ngumiti siya sakin.  L
una

pangalan mo di ba?

 A-ah opo. Hello po.

 Manang nalang tawag mo sakin.

 Ah sige po, Manang, hehe.

 Halika, kain ka muna.

 Ah, thank you po hehe.

 Kagalang lang na bata!  Ginuide niya ko papuntang dining room. Nakita ko si Jessie dun,
nakaupo, nagbabasa ng magazine at umiinom ng kape.

 HOY!  sigaw ko.

Montik na niyang maibuga yung kape niya. Buti nga sayo! Pero medyo nahiya rin ak
o kay
manang, kay aga-aga nagiiskandalo ko. Hehe.

Lumapit ako sa kanya at binuka yung kamay.  Sim card ko?

Binigay niya sakin yun ng walang angal. Aba? Ano trip neto? Akala ko magdidiwara eh...

Umupo ako sa tapat niya. Tuloy lang siya sa pagbabasa ng magazine.

 Iha, anong gusto mong inumin?  tanong ni manang.

 Ah, Milo nalang po.

Umalis na si Manang. Tumingin ulit ako kay Jessie. Wala pa ring katinag-tinag sa

pagbabasa toh!

Pamaya-maya, tumingin na siya sakin pero kumunot na naman noo niya.  Ano?!

Tss. Kaaga namang kasungitan nito!

 Kape lang iinumin mo?

Ano sa tingin mo?
Ngumuso ako.  Wala! Sana kako sumakit tiyan mo!  bulong ko;
Hoy narinig ko yun ha!
Dapat Milo iniinom mo sa umaga para hindi masakit sa tiyan!
Eh ba t ba nangingialam ka?!
WALA PO. Nagsusuggest lang naman PO.
Pakielamera.  Tapo nagbasa na ulit siya;
Ba t ba ang sunget mo na naman ha?  tanong ko;

*No response*

Pag tinatanong ka, sumagot ka!

*(-_-)*

Hoy!

*Laganap na katahimikan*

Che! Walang kwentang kausap!  Sumandal nalang ako. Bad trip!!! Mukhang ewan yung lalaking toh! Ayaw mamansin??! Umandar na naman kasungitan nito oo! >_<

Iha, ito na Milo mo.
Ah, salamat po manang.  Kinuha ko yung Milo. Nakasimbangot ako kay Jessie habang hinihipan yung mug. Saboy ko sayo toh eh!!!

Humigop ako.

ARAAAY!

Binaba ni Jessie yung binabasa niyang magazine. Haist! Bunganga!!!! Kinamot niya yung likod ng tenga niya. Malapit na talaga kong mabingi sayo!

Nairita ko kaya ibinaba ko yung Milo. Hoy! Excuse me, dapat lang yan sayo noh! Nangunguha ka kasi ng sim card ng may sim card eh!

Hoy ka din! Naiirita kasi ko sayo kagabi! Mang-aagaw ng remote!

Ang panget ng pinapanood mo eh!

Mas panget kaya pinapanood mo!

Pwes pinakapanget ka!

MAS pinakapanget ka!

Utak palaka!

Utak langgam!

Kapre!

Tiyanak!

Tikba

DWENDE!

Tikba

TABI-TABI PO!!!

Tumayo ako. Bwiset!!! Para kong manganganak!!! Grr!!! Nakakapikon na ah! >_<

Lumakad ako paalis. Wala ka pala eh! PIKON! habol niyang sigaw sakin.

PANGET MO! sigaw ko.

WOW! NAKAKAHIYA NAMAN SAYO! ANG GANDA MO!

Haist!!! Nakakainis!!! Hindi ko na kaya! Kung hindi pa ko lalayas sa bahay na to
h baka
umahon pa yung sungay ko sa ulo. >_<

Lumabas ako ng gate ng nakasibangot. Kaasar! Tinadyakan ko yung semento. Kaasar talaga! Tadyak na naman.

Lumakad ako paalis. Pagdating ko sa tapat ng apartment namin, nagdoorbell ako. Pamaya-maya, bumukas yung gate.

Oh Luna! Ngumiti sakin si Steff. Di kita napansin umalis kanina ah!

Lalo akong nabad trip sa sinabi niya.  Eh pano mo ko makikitang umalis eh hindi ma
n
nga lang ako NAKAPASOK sa apartment! Tsk! Pambihira!

What?!

Pumasok na ko sa gate pati ng apartment. Sinarado ni Steff yung pinto.  Teka lang
sis!
Anon ba nangyari? Anong hindi nakapasok? Ba t ganyan suot mo?! Yuck! You have a th
ing
na pala sa mga damit ng lalaki! Nako sis natotomboy ka na!

Tange hindi! Nawala kasi yung susi ko.

Umupo ako sa sofa. Umupo din si Steff at shinake yung braso ko.  Tell me tell me!
Dali!

Ayun. Sinabi ko na kay Steff yung nangyaro dun malapit sa may crossing. Inakap n
iya ko.
Naku! Buti nalang sis at hindi ka napahamak! Nako kung nagkataon! Babalik yung mg
a

lalaking yun sa tiyan ng nanay nila!

Natawa ko.  Haha! Berat! OA??

Haha! Basta! So, pinagtanggol ka ni Jessie boy tapos?

Huminga muna ko ng malalim. Then sinabi ko na sa kanya lahat.

OoO <------Steff

-_-<--------Ako

HHUUUWWAAATTT???  Halatanng gulat na gulat siya.  Natulog ka sa BAHAY ni PAPA
JESSIE??

Tumango ako.  Wala akong magagawa eh! Kesa naman matulog ako sa kalsada di ba?

Hinawakan niya yung mga kamay at tumingin sa mga mata ko.  Ano ba Steff! Para kang

ewan!  natatawa-tawa kong sabi.

May nangyari ba?

Ha? Anong may nangyari ba?

Boba! E di yung kagabi! Ano, meron ba?

Tumaas yung kilay ko.

*isip*

Hmmm...

O_O

WALA AH! Bumitaw ako kay Steff! Jeez Steff! Kung anu-ano yang iniisip mo! Walang ganun! Never!

Naku di malayong mangyari yun noh! Nakitulog ka lang naman sa bahay ng isang gwapo at mayamang LALAKE...

Sus! Pwede namang magkaiba ng kwarto di ba??

Ay, ganun? Nagsnap siya. Sayang naman. Akala ko meron nang exciting na nangyari...

Tss! Berat ka talaga! Ba t nga ba ang tagal mong umuwi ha?

Ah yun ba? Nangiti siya. Hmm.. I smell something fishy!

Naku, ano yon ha?

Eh...

Eh ano??? tanong ko.

Tumingin siya sakin at ngumiti na naman na parang aso. Nagdate kami ni Kebs eh.

O_O

*^_^*

NAGDATE KAYO NI KEVIN?! sigaw ko kasi hindi talaga ako makapaniwala.

Chapter 24
Luna

Kinabukasan, sabay kaming pumasok ni Steff. At nagpaganda pa talaga ang loko!

Naku, sabi ko sa kanya habang naglalakad kami.

Che! Naku your face! Ba t di ka kasi magpaganda din para dyan sa American boy mo? Nang hindi ka naiinggit!

Yuck! Wag mo ngang ipasok sa usapan yun! Saka tigilan mo na nga yang kasusuklay! Makakalbo ka na niyan eh!

Hoy Luna Reyes! Itinuro niya sakin yung suklay. Kunwari ka pa eh! Alam ko naman na gusto mo si Papa Jessie eh!

Manahimik ka nga!

Sus! Sige ka! Baka maunahan ka pang makapuntos nung, ano pangalan nun? Sarah ba? Basta yung nagsusulat sa school paper!

Pake ko sa kanila! Pag-untugin ko pa sila eh!

Tsk! Yan ang hirap sayo girl eh! Ang talino mo nga at halos nasayo na lahat ng bi yaya ng Diyos pero pagdating sa love kulelat ka! Ambobo, tss..

Woo! Whatever! I don t have time for that messy thing. Ngumuso ako. Wala naman talaga kong time para sa ganun ah?! I m busy.. >_<

Papasok na kami ng gate ng makita namin si Jessie kasama si Kevin. Nag-uusap sil a habang papasok ng building.

Ngumiti si Steff.

Kevin!

Lumingon si Kevin at Jessie.

Oy! Steff! Ngumiti siya kay Steff;
Tumakbo sila para salubungin ang isa t isa. Nakatingin kaming pareho ni Jessie sa dalawa na yun. Mukhang nagulat din siya.

Tapos tumingin siya sakin. Sumikip yung dibdib ko. Hindi ko alam, basta parang s umikip yun tapos bumaba sa tiyan ko. Humigpit yung pagkakahawak ko sa strap ng bag ko.

Pero tumalikod na siya at naglakad ulit. Tingnan mo yun! Nagsusungit na naman! P arang hindi kami magkakilala ah! Pero ba t ba ganito ko?! Pake ko ba sa kanya! Grr! Asar naman!

>_<

Jessie!
Nakita ko si Sarah na tumatakbo papunta kay Jessie.  Hi baby! Do you miss me?
Umakap siya sa braso ni Jessie. Ngumiti naman siya!

May paakap akap pa. Wala bang unan sa bahay yun?  bulong ko.

Lumakad ako ng mabilis hanggang sa maabutan ko sila. Well, since iniwan naman ak
o ng
piiiinakamatalik kong kaibigan at sumama dun kay Kevin, ako nalang mag-isa papas
ok ng
room.

At hindi pa nagpaalam ang berat! Kainis! >_<

Hoy!  sigaw niya sakin;
I turned around and smiled.  Ay! Sorry ha? Nagmamadali kasi ko eh.
Tapos lumakad na ulit ako.  Buti nga sayo,  bulong ko;
Luna!

Natigil ako. Lumingon ako sa kanan at nakita ko si Justin na papalapit sakin. Ng
umiti

siya.  Hatid na kita sa room?
I smiled at him.  Ah, hehe sure.

Inakbayan niya ko.

O_O <-----Ako

^_^ <-------Justin

Natingin ako sa braso niya pero lumakad na siya. Wala akong nagawa kaya sumunod
nalang ako. Saka minsan lang to noh! Hihi. ^^,

*Jessie  POV*

Tsk! Bad trip na naman tong linta na toh oh! Nakakapit ng nakakapit sakin! >_<

Luna!

Teka ano yun? Ba t pumupunta si Justin kay Luna? At aba! Umakbay pa! Ano yon ha?!!

Umamin na nga yung lalaking yun na may gusto siya kay Luna eh!

Kaso ako nga pala yung katext niya nun. Kaya hindi pa alam ni Luna. Tss.
Kaasar talaga!!!
Hatid mo ko baby?  Nagpacute pa tong linta na toh! Sasabog na talaga ko sa inis!
Wag na! May paa ka naman eh!
Kumunot yung noo niya.  Hey! Don t forget our agreement Jessie Wright! You promised

me that
God okay okay! Just shut up will you?

Kailangan pa ba talagang ulitin yung tungkol dun sa stupid agreement namin?! Han
ggang

kelan ko ba matitiis yun?! Ba t ba kasi pinapahirapan ko yung sarili ko para dun s
a bwiset

na pango na yun?!

Ngumiti siya.  Okay baby. Lika na?

*sigh*

*Bad trip na naman*

*Luna s POV*

Lumakad kami ng nakaakbay si Justin sakin. Kaso, madaming nakatingin samin haban
g
papunta sa room.

Hey! Look at them oh!
Hindi pwede! Si Justin ko! Huhuhu...
Why is he with the president? Sila ba?
Oo nga noh! Nakaakbay pa!
Waaahh!!! Hindi pwede!

Yumuko nalang ako. Nakapanliliit naman! Nakakahiya! Tss..

Don t mind them. I m here, don t worry, bulong ni Justin sa tenga ko.

*blush*

Bumitaw na si siya nung nasa tapat na ko ng room. Pero kahit dun, nakatingin par in
samin yung mga kaklase ko.

So, see you later?

I smiled and nodded. Sure.

Uhm Luna?

Hmm?

Kinamot niya yung leeg niya. Kasi yung tungkol nung Saturday night. Ba t nga pala..
.
Uhm... di ka na nagreply?

Nag-isip muna ko. Ah! Tsk. Kinuha kasi nung bwiset na kapre na yun yung cellphon e ko
eh. Eh may nangyari kasing nakakainis eh. Pasensya na ah.

Ah, I understand. Pero nabasa mo yung text ko di ba?

Yup. Nabasa ko naman yung mga text mo eh.

Nagulat ako nung bigla siyang namula. Hala! Ang cute! Haha. Ba t kaya biglang namu la
toh? Ano kaya meron???

Ganun ba. Uhm so, can I know what do you think of it? tanong niya.

Ha?

Yung sinabi ko sayo. Okay lang ba?

Alin yun? AH!!! Yung miss?? Hala... Nag-init na naman yung mukha ko. Tss.

Ah yun ba.. Uhm okay
Excuse me.
Natingin kami pareho sa labas. Nakaharang kayo sa pinto, sabi ni Jessie pero sakin lang

siya nakatingin.

Ay, sorry pare ha. Umalis si Justin sa may pintuan. Pumasok na si Jessie at umupo na

agad dun sa may table namin.

Tss. Ang sunget talaga nun! sabi ko.

Haha! Wag mo nalang pansinin yun. Ganun talaga yun eh, pero mabait yun.

Naku! Di mo na kailangan pang ipagtanggol yung Hari ng Kayabangan na yun Justin!

Tumawa siya. So yung kanina. Ayos lang ba talaga sayo yung sinabi ko?

Ah oo naman.

I miss you lang naman yun eh.

Eh ikaw ba? What do you think about me?

*blush*

Haist! Ano ba yang tanong na yan Justin! >_<

Tinatanong ko lang naman eh.

Oh sige na! Ako rin!

Ou tama. I miss you lang naman eh. Di ba??? Malambing lang talaga siguro si Just in. Pero hindi ko masabi na I miss you too eh. Kaya ayun... Yun lumabas sa bibig ko.

Ngumiti siya. As in ngiti talaga. Ay, ganun ba kaimportante yung I miss you too ko???

Uhm Luna? Pwede ba kita ihatid mamayang uwian?

H-Ha?

Ano daw?? Tama ba narinig ko? Ihahatid AKO ni JUSTIN sa APARTMENT??? Oh my! Ano ba nangyayari sa mundo?! O_O

Ano? Tiningnan niya ko sa mata. Okay lang ba?

*Lunok*

Ah, s-sige.

Cool! Kinurot niya ko sa pisngi. I ll see you later nalang ah?

Uhm okay.

Lumakad na siya paalis, nagwe-wave pa nga ako sa kanya eh. Pero bumalik siya. Oh?

May nakalimutan ka ba? tanong ko.

Meron eh.

Kiniss niya ko sa cheek.

(^3^)(O_O)!!

Oh my!!!
Waah!!! Ang swerte ni Ms. President!
Ang sweet naman!
Kainggit!!!
Ang cute nila!!!

Napakadaming nagsalita sa paligid ko pero nanatili akong nakatayo dun. Hindi ako

makagalaw. Hindi madigest ng utak ko yung nangyari!!! Shucks!!! Kiniss ako ni Ju
stin! Sa
cheek!!! Oh my!!!

Ngumiti siya sakin. Shock pa rin ako. Hindi talaga ko makaget-over!

Bye,  sabi niya ng mahina.

Tumango lang ako. Kinurot niya ulit yung pisngi ko.

*Plang!*

Natigil lahat. Natingin kami ni Justin sa loob ng room. Nakita ko si Jessie na n
akatayo at
nakabuwal yung upuan niya. Nakakunot yung noo niya sa hindi ko malamang kadahila
n.

Chapter 25
Luna

Oh my! LQ na toh!

Nako! Baka magkagulo!

Exciting!

Lalong lumakas yung bulung-bulungan sa loob room kahit sa labas. Nakatayo pa rin si
Jessie dun, nakasibangot lang sakin.

Ano ba problema mo ha? tanong ko;
Is something wrong Jess? tanong naman ni Justin.
Wala naman. Itinayo niya yung upuan at lumakad papunta samin.
Tumingin siya sakin. I just need some fresh air. Tapos lumakad na siya palabas;
Hoy! San ka ba pupunta?! Magsstart na yung klase! sigaw ko sa kanya pero patuloy l ang

siya sa paglalakad. Isa-isa na ring nag-aalisan yung mga tao sa labas.

Just let him be, Luna. You know how stubborn he is, sabi ni Justin.

Kaya nga hindi ko pwedeng balewalain lang yung attitude niya na yun eh! Ako yung president ng Student Council kaya kahit papano, responsibilidad ko siya. Utak pa laka pa
naman yun.

Utak palaka? Natawa siya. Anyway, yung usapan natin ah? Mamayang hapon?

Tumango ako. Okay.

Then lumakad na siya paalis.

Hinanap ko si Jessie pero hindi ko siya makita kahit saan. Tinry ko na ring punt ahan
yung room ni Sarah pero wala daw siya dun.

Napaisip ako. Hindi kaya lumabas ng school yun? Pero hindi eh, hindi siya palalab asin ni
Manong Guard.

*isip*

*isip*

*isip*

Hindi kaya...

Pumunta ko ng second floor. Third floor. Fourth floor. Then finally, sa rooftop. Inopen ko yung pinto dun at sumilip. Andun nga si Jessie, nakatayo at mukhang may iniisip.

Huh! Andito ka lang pala kapre ka ah! Lagot ka sakin, sabi ko ng mahina.

Lalabas na sana ko ng pintuan ng bigla kong makita si Sarah. Papalapit siya kay Jessie at may binigay na juice. Umakap na naman siya sa braso ni Jessie.

Kainis yung babae na yun! Walang ginawa kung hindi kumapit! >_<

Nag-usap muna sila pero hindi ko marinig yung pinag-uusapan nila mula dito. Para kong ewan na nakikinig sa usapan nila don.

Hanggang sa isandal ni Jessie si Sarah sa may railing. Parang sumikip yung dibdib ko. Hindi ko alam kung ano gagawin ko. Inilapit pa ni Jessie yung mukha niya kay Sarah.

Humigpit yung hawak ko sa doorknob at napayuko ako.

Hindi ko na kayang manuod.

Umalis ako sa may pintuan at lumakad pababa ng hagdan. Masikip parin yung dibdib ko. Ewan ko ba pero bakit parang naluluha yung mata ko. Naiinis ako kay Jessie. Lalo na kay Sarah.

Pero mas lalo naman sa sarili ko. Ano ba nangyayari sakin? Bakit affected ako? Wala naman akong pakialam sa buhay ni Jessie ah!

Pero bakit ganun? Bakit biglang sumikip yung dibdib ko? Bakit biglang parang hindi ako makahinga? Bakit parang gusto kong umiyak? Bakit parang...

Ang sakit-sakit ng puso ko...

*Jessie s POV*

Hinabol na naman ako ng sigaw ni Luna. Bad trip! Kailangan ba talaga may kiss pa pagaalis lang? Ano sila, magboyfriend?! >_<

Nakakahiya naman yung ginawa ko kanina. Ba t ba kasi bigla nalang akong tumayo?!

Nagtinginan pa tuloy yung mga tao sakin! Asar naman!

Uy baby!
Lalo akong nabadtrip. Bakit na naman ba?! irita kong sabi kay Sarah;
Don t be like that baby! I need to talk to you.
Some other time okay?
Hinawakan niya yung braso ko. I bought us something to drink. Dun tayo sa rooftop.
Haist! Ba t ba kasi napaka-insistent nitong babae na toh?! E di ayun, wala akong nagawa.

Pumunta kami ng rooftop.

Pumunta ko dun sa may railing. Ang fresh ng hangin dito. Sana dito nalang nagkklase eh.
Binaba niya yung bag niya dun sa gilid ng pader.

Pagpunta niya sakin, may dala na siyang juice.

Kinuha ko nalang yun. Baka magdiwara pa toh eh!

Inopen ko yun at uminom. Ano ba gusto mong pag-usapan?

Umakap na naman siya sa braso ko. Bwiset! Lintang tao nga toh!

Nakita ko kung ano yung nangyari kanina. Ba t naman bigla kang tumayo? Nagseselos ka ba?

Montik na kong masamid sa iniinom ko. What are you talking about?

Don t play dumb with me! I saw everything! Para kang selos na selos na boyfriend kanina!

Look. It s not what you think. Naiinis lang ako kay Luna kasi parang nagkakagusto na sa kanya si Justin. And you know that he is my friend. Pinoprotektahan ko lang siya.

So you hate her? That s why you re protecting Justin from that girl?

Medyo natahimik ako ng konti. Nakatingin lang siya sa sakin. No, I never said that I hate her.

So do you like her?

Nakatingin lang ako sa kanya. Hindi ko alam yung sagot. Ano ba? Gusto ko nga ba talaga si Luna? Ewan! Ang gulo eh!!!

Nagsalubong yung kilay ni Sarah.  Answer me, Jessie. Do you like her??

 I don t know.

Umalis siya sa pagkakahawak sa braso ko.  How dare you, Jessie! Hindi ko mapapatawad si Luna kapag inagaw ka niya sakin!

Hinawakan ko siya sa magkabilang balikat at isinandal sa railing.  Let go of me! I ll make her life a living hell!  sigaw niya sakin.

Tinitigan ko siya ng mabuti sa mata.  Don t you dare do that to her! Alam mo naman na may agreement tayo di ba? You leave her alone, and I ll be yours. Remember?

Galit pa rin yung mga mata niya.  Bakit mo ba kasi ginagawa yun para sa kanya ha? Ano mo ba siya??

Binitawan ko si Sarah. Actually, I don t know myself either.  Kasi...

 Kasi ano?

Lumunok muna ko. Ano ba sasabihin ko sa kanya? Bahala na nga!

 Because I want to be the one to give her the misery. I have a plan, Sarah.

Nagulat siya sa sinabi ko. Lumapit siya sakin pero wala nang galit na makikita sa mga mata niya.  Really? What is it?

 I ll make her fall for me. Then ibbreak ko siya. Yun yung plano ko all along. Kaya wag mo sanang bigyan ng kulay yung lahat ng ginagawa ko para sa kanya.

Parang kumislap yung mata niya. Ngumiti siya at inakap ako.  Oh baby! I m sorry kung nasigawan kita kanina. I just didn t know what you re planning. Pero hayaan mo, hindi na ulit to mauulit.

 Thanks Sarah.

Hay ano ba yung sinabi ko?!! Ang engot naman!!! Siguro masyado lang akong nadala ng pangangailangan. Ayokong lumaki pa yung alitan namin kanina kaya siguro bigla ko nalang nasabi yun.

Pero ang kinababahala ko, hindi ko alam kung yung sinabi ko ba na yun eh nakabuti o nakasama...

Chapter 26
Luna

Luuuuunaaaaaa!

Ay kabayo! Montik ko ng mabitawan yung iniinom kong shake. Ba t ba sumisigaw ka

Steff?!

Ipinatong ni Steff yung siko niya sa table at nilapit yung mukha niya sakin. Excu
se me
Miss Luna Reyes. Hindi po ako yung kanina pa tulala! Kaninang umaga ka pa ah! Ha
nggang
ngayon lunch break pa rin ba yang drama mo?! Napag-iinitan ka tuloy ni Ma am Terra
no!
May problema ba sis?

Pinaikot-ikot ko yung plastic cup sa kamay ko. Problema? Ano nga ba problema ko?

Nababaliw na ba ko?

Ba t ba masyado kong affected dun sa nangyari kanina? Hindi naman ako involved dun

ah?

*sigh*

Hwag kang magbuntung-hininga lang dyan! Magsalita ka aba! sabi ni Steff;
Kasi.. Hindi ko alam Steff eh.
Anong hindi mo alam? Baliw ka na ba??
Oo. Parang...
Hinawakan niya yung parehong balikat ko. Napatingin ako sa kanya. Sabihin mo saki
n;

Baka I can help naman eh. Si Jessie ba?
Nagulat ako sa sinabi niya. Biglang lumakas yung tibok ng puso ko. Inalis ko yun
g kamay

niya. Ano ka ba! Ba t mo naman nasabi yan?!

*Lub dub lub dub*

She rolled her eyes. Eh kasi naman po, hindi ba siya lang naman yung pasakit mo sa buhay?!

Ay, oo nga pala. Ininom ko ulit yung shake ko.

Anong oo nga pala?! Hinampas ni Steff yung table. Nagtinginan samin yung iba dun sa may rest area. Wag mong sabihin sakin na hinihypnotize ka na nun?! Ba t mo nakalimuta yun?!

Berat! Wag ka ngang magulo! Pinagtitinginan na tayo eh! Stressed lang talaga ko...

Stressed stressed ka dyan... Sapukin kita ng walang lubay eh!

Tumawa ko. Haha! Kumain ka na nga! Kakainin ko yang burger mo eh!

Neknek mo! Inilayo niya yung burger niya tapos humarap ulit sakin. Ano na nga?? Sabihin mo na kasi...

Tss. Kachismosa talaga...

Itinulak niya yung mukha ko. Dali na kasi!

Oo na, oo na! Atat??

Ayun at ikinwento ko na nga kay Steff. Nanlaki yung mata niya. Oh my gosh! Nakita mo talaga silang magkiss?!

Tumango ako.

Mas excited pa yung itsura ni Steff ngayon kesa sa nanalo ng loto. Then what?? Ano ginawa mo?? Pumasok ka ba sa eksena? Hinablot yung buhok nung maldita na yun tapos inakap mo si Jessie tapos

I left.

Natigilan si Steff. Tiningnan niya muna ko. Mukhang nadisappoint siya. Nyeh. Ganun lang yun?? Wala ka man lang ginawa?

Umiling ako. Ba t naman may gagawin ako?? Ano ba ko sa kanila??

Uy uy uy! Itinuro-turo ako ni Steff. Alam mo ba kung ano kasound mo ngayon? Para kang BITTER NA QUOTE!!!

Tss.

Oo nga! Wag mong sabihing... Oh my gosh! Nagselos ka?!!

O_O <----Ako.

 Hindi ah! Ba t naman ako magseselos?! Wala akong pakialam kay Jessie noh! Panget
niya na yun! Hinding hindi mangyayari sinasabi mo!

 Eh ba t defensive ka your honor?

 Steff naman!! Nagpapaliwanag lang ako!!  >_<

 Aish! Oo na oo na sige nagpapaliwanag ka na! Pambihira toh! Kailangan talagang pa
ti
ako awayin??

Ngumuso ako at sumibangot. Nakakainis naman! Ba t ba ang gulo ng isip ko ngayon??
Tumino ka nga Luna Reyes!!! Mas madaming importanteng bagay na dapat mong
pagtuunan ng pansin!

 E ba t ka umalis?  tanong ulit ni Steff.

 Hindi ko alam.

 Bumilis ba yung tibok ng puso mo nung nakita mo silang nagkiss??

Natingin ako sa kanya.  Ano ba namang tanong yan!

 Sagutin mo nalang kasi!!! Aangal pa eh!!

Tumingin ako sa ininom ko.  Oo.

Nilapit niya sakin yung upuan niya.  Sumikip ba yung dibdib mo nun?

 Uhm.. Oo..

 Tapos para ka bang baliw na naiinis na ewan??

Natawa ko.  Ano bang tanong yon?

 Basta! Sagot na lang kasi!

Nag-isip ako.  Hindi naman parang baliw. Parang napikon lang ako.

 Okay. Last question...  Lumapit yung mukha niya sakin.  Sumakit ba yung puso mo??

*Lub dub lub dub*

Ba t bigla akong kinabahan sa tinanong niya? Teka, kaba nga ba toh?? Ba t ang bilis
ng

tibok ng puso ko?? Hindi na naman ata ako makahinga...

Ano?  tanong ni Steff.

Tumango ako.  Parang tinusok ng karayom yung puso ko.

Pumalkpak siya ng isang beses at hinawakan ako sa magkabilang balikat.  E di nagseselos ka nga friend!

Ha? Pano?

Tsk! Abnormal ba at hindi alam yun??

Naasar ako kaya inalis ko yung kamay niya.  E sa hindi ko pa naeexperience yun eh!

Well congartulations Miss Reyes kasi tao ka na!

Selos?

Selos nga ba yung naramdaman ko kanina? Ba t naman ako magseselos??

Hindi nga kaya...

May gusto na ko kay Jessie?

*Jessie s POV*

Haist! Ayoko ng afternoon classes! May TLE kasi eh! Ayoko ng baking o kahit anon
g
related sa pagluluto! Madumi kasi yun eh! And you know that I hate dirt...

Manapa yung Math trip ko.

Oh di ba? I M THE KING OF THE WORLD! Hahaha. OA??

Pagpasok ko ng classroom, nakita ko si Luna na nakaupo na dun sa table namin.
Alphabetically arranged kasi kami twing Math, eh R siya tapos ako W. Wala naman
kasing
apelyido na nakapagitan samin dito sa classroom eh, kaya ayun...

Tumingin yung ibang mga kaklase ko samin. Yung iba naman ayaw pang magpahalata n
a
tumitingin sila. Hay, buhay nga naman. Ang daming chismosa. (-_-)

Tumaas yung ulo ni Luna para tingnan ako. Pero ikinagulat ko nung umiwas siya ng

tingin at ibinaling nalang yung tingin niya dun sa may bintana.

Nakiramdam muna ko bago umupo. Problema nito?

Karaniwan kasi sisigawan ako nito, o kaya aasarin o ang pinakamadalas niyang lin
ya
sakin,  Katabi ko na naman ang trahedya.

Kaya nanibago ko. Ano kayang trip neto???

Umupo na ko. Dahan-dahan at baka bigla nalang akong sagpangin nito. Pero hindi s
iya
natinag, nakatingin pa din siya sa labas.

Kausapin mo na kasi Luna! Tell him you re sorry,  sabi nung isa naming kaklase. Nag-
agree naman yung iba.

Oo nga, tell me you re sorry,  sabi ko kahit hindi ko alam kung ano yung pinagsasasab
i

nila.

Tumingin siya sakin na nakakunot ang noo.  Magtigil ka nga! Ba t naman ako
magsosorry sayo! Hindi pa ko baliw noh!

Aist! Luna naman!  sabi pa nung isang classmate namin.  Syempre kinissan ka ni Justin

kanina noh! Malay naten kung nagseselos ba tong si loverboy mo!

HA?? Hindi ah! Diyos ko naman!  Yun pala ibig sabihin ng mga loko!

Biglang tumayo si Luna. Natingin sa kanyang lahat kasi ang lakas ng pagkakaurong
niya
sa silya niya.

Nakakunot pa rin yung noo niya.  CR lang ako.

Tapos lumakad siya paalis ng room ng malibis. Nakatingin ako sa kanya hanggang n
ung
sumarado yung pinto. Ano ba talaga problema nun? Ba t kaya nag-iinarte yun?

Tiningnan ko yung nakaopen na notebook niya.  Tss. Nagsosolve lang pala ng Math ka
ya
ganun eh!

Oo tama. Hate kasi niya yung Math eh. Baka hindi makuha yung solution kaya sigur
o
nagmamaktol ng ganun. Haha. Pambihirang babae...

Eh ang dali naman pala nito eh! Eng engs talaga yun.

Sinolve ko yung problem na nakasulat sa page ng notebook niya na yun. Pagkatapos

kong isolve yun, tiningnan ko yun. Ngumiti ako.  Perfect solution.

Tapos, tumama yung mata ko sa note sa ibaba ng page. Maliit na maliit lang yung pagkakasulat nun.

Bigger problem on next page ------>

Tumaas yung kilay ko. Nacurious ako kaya itinurn ko yung page. Biglang nanlaki y ung
mata ko. Nagulat ako sa nakasulat dun sa page na yun kasi yung bukod tanging nak asulat
lang dun ay yung pangalan ko.

Chapter 27
Luna

*Blag!*

Isinarado ko yung pinto sa likod ko. Bumaba ako sa second floor para mag-CR. Nag hugas
ako ng mukha kasi inis na inis ako. Pagtingin ko sa salamin, parang medyo namumu la yung
mata ko.

Hala, umiiyak ba ko? O sadyang naiinis lang?? Hay! Ewan ko ba!!

Nakakainis ka Jessie Wright! Nakakainis ka talaga! Ba t ba lagi nalang ikaw yung bw iset
sa buhay ko?!

Mukha akong tangang nagmamaktol mag-isa dun.

*beep*

Aba, first time ulit na may nagtext sakin ah. Mula nung Saturday wala na kong narereceive na message. Akala ko nga sinira na nung kapre na yun yung sim ko eh.

Kinuha ko yung cellphone ko sa bulsa ng palda ko. Pagtingin ko, one message rece ived.
Nung iopen ko yun, nagulat ako ng may nakalagay na ibang pangalan dun sa sender.

From: Linta

I miss you na baby. :*

Kumunot yung noo ko. Sino ba toh?? Saka anong I miss you?? Baliw ata toh eh. Kel an pa
nagkaroon ng name na Linta sa contacts ko?? Weird...

RE:

Cnu toh?

I waited for 2 minutes bago siya nagreply ulit.

From: Linta

U re kidding me right? I m Sarah. Cnu pa ba?

Sarah?? Yung girlfriend ni Jessie?? Eh ba t nagtext sakin toh? Pano ko nagkaroon n g
number niya dito? At bakit Linta name niya sa contacts ko??

Kinabahan ako kasi wala talaga kong idea kung ano nangyayari. Inopen ko yung inb ox.
Puro Linta lang naman yung nakalagay.

Kinlick ko yung contacts ko. Hinanap ko yung pangalan ni Steff. Nagulat ako kasi wala
siya sa contacts! Hala! Ano ba nangyayari??!

Binaba ko yung contacts. Sino-sino ba toh? Ba t puro babae yung nakaregister??

Nakita ko yung name ni Justin...

Then ni Kevin...

At yung...

Name ko? Ba t meron akong name dito??

It made sense. Alam ko na kung ano yung nangyari. Pinagpalit ni Jessie yung sim card
namin! Amp! Bwiset na lalaki yun!!!

Lumabas ako ng CR ng galit. Umakyat ako ng room at inopen yung pinto. Hindi pa n aman
klase, thank God, kaya dire-diretso ko sa table namin. Hinampas ko siya sa likod
.

Aray! sigaw niya. Ano ba problema mo?!

Nagtinginan na naman yung mga kaklase ko samin.

Ilabas mo yung sim card ko!

Napansin kong medyo namutla siya. Lalo tuloy akong nainis. Ilabas mo na sabi!

Ano bang sinasabi mo?! Ibinalik ko na sayo yun ah!

Ipinakita ko yung text ni Sarah sa kanya. Aba, talagang nagulat pa ah?! See that?
! Sayo
tong sim na toh! At actually, puro text pa toh ni Sarah!

Ouch! Sakit naman nun!

Oo nga! Nahuli pa siya ni Luna na katext si Sarah.

Nainis ako sa mga pinagsasasabi ng mga kaklase ko. Ba t ba ang hilig nilang mag-
assume?! Nakakairita na ah!!

Inilabas ni Jessie agad yung cellphone niya agad. Kinuha niya yung sim at ibinig ay sakin.
Kinuha ko yun at ibinulsa. Kinuha ko yung sim niya sa cellphone ko.

Believe me... Wala talaga kong alam. Oo, totoo na inilagay ko yung sim mo sa cell phone
ko nung gabi na yun sa may kwarto ko, pero hindi ko naman talaga alam na nakalim utan ko
palang pagpalitin ulit yon!

Nagbulung-bulungan yung mga kaklase namin.

Anong sinasabi ni Jessie na gabi na yun?
Don t tell me magkasama sila ng isang gabi?
May binaggit pang kwarto si Jessie! Oh my gosh!
Nainis ako sa mga pinagsasasabi nila. Tumahimik nga kayo! Lalo akong nabwisit kasi

nadulas pa tong lalaki na toh na magkasama kami nung gabing yun!
Asar talaga! >_<

Tsk! Sorry na kasi! Akin na yung sim ko..  Inabot niya yun pero iniwas ko yung kama
y
ko. Lumakad ako papunta dun sa may bintana at itinapon yung sim niya sa baba.

Napatayo si Jessie.  HOY! ALAM MO BA YANG GINAWA MO??!

OO!! AT HINDI KO PINAGSISISIHAN YON!

Aalis na sana ko ng room pero hinawakan ako ni Jessie sa braso. Galit na galit y
ung mata
niya. Akala ko sisigawan na niya ko dun pero hinatak niya lang ako palabas ng ro
om.

Jessie ano ba! Bitawan mo nga ako!  sigaw ko sa kanya;
Napapatingin na lahat ng tao na nadadaanan namin. Nahiya tuloy ako.  Ano ba Jessie
!

hininaan ko ng konti yung boses ko.

Pero mabilis pa din yung paglakad niya. Parang wala siyang naririnig.  JESSIE!

Lumabas siya ng building at pumunta dun sa may halaman kung saan bumagsak yung
sim card niya. Tumingin ako sa taas at nakita kong nakasilip sa bintana yung mga
kaklase
ko. Tss! Hanggang dito ba naman, umaabot pagkachismoso nila?!

Binitawan niya ko.  Hanapin mo yun! Sinasabi ko sayo!

De ikaw!

Hanapin mo sabi eh!

Para ano?? Para replyan si Sarah?!

Ba t naman napasok si Sarah sa usapan?!

Eh siya lang naman katext mo eh!

Ano bang pake mo?! Nagseselos ka ba??!

Natigilan ako. Nakakunot pa rin yung noo niya.  Ano? Nagseselos ka nga ba??!

Bumilog yung kamay ko sa may gilid ko. Naramdaman kong parang nag-init yung liko
d
ng mata ko.

Syempre HINDE!!  sigaw ko sa kanya.

Oh yun naman pala eh!!! Eh di hanapin mo na!!!

Umiling ako. Nagmatigas.

Lumapit siya sakin.  Okay! Fine!! Wag mo nang hanapin!! Ganyan naman ugali mo eh!!

Bibili nalang ako ng bagong sim!! And this time, don t expect me to text you anymo
re!!

Fine!! De bumili ka!!!  sigaw ko.

Talaga!!

Umalis na siya ng galit.

Nanghina yung buong katawan ko. Nagkahalu-halo na yung inis at sakit sa puso ko
kaya
hindi ko namalayan na umiiyak na pala ko. Humikbi ako. Patuloy pa rin yung pagtu
la ng
luha ko.

Kasalanan ko toh eh. Ako ang may kasalanan! Ayoko naman kasing makatext pa niya
si
Sarah eh! Ayoko nun! Lalo naman na mas ayaw ko na kalimutan na niya ko habambuha
y.

Tumingin ako sa taas pero wala na yung mga kaklase ko. Siguro start na yung klas
e...

Pumunta ko dun sa may halaman at hinanap yung sim niya. Aray! Napunit yung sleeve
ng uniform ko kasi may tinik yung halaman. Tiningnan ko yung braso ko. Nagkaroon
ng
sugat yun at dumugo pa.

Pero hindi ko pinansin yun. Pinagpatuloy ko pa rin yung paghahanap. Nakakainis!
Hindi
ko mahanap! Buong maghapon akong naghanap dun. Minsan uupo lang ng saglit para
magpahinga tapos maghahanap na ulit ako.

Naglabasan na yung mga estudyante. Hindi ko pa rin nahahanap yung sim. Ang dami
ko
nang sugat. Ang sakit na ng likod ko. Hanggang sa...

Ayun! Kinuha ko yung sim niya. Sa pagitan kasi ng mga bato yun bumagsak kaya hindi

ko mahanap. Nangiti ako. Parang lahat ng pagod ko nawala. Parang pinalitan ng tu
wa t saya
dahil sa pagkakahanap ko ng sim na toh.

Tumakbo ko pabalik ng room. Excited na excited ako na para na kong ewan. Balak k
o
talaga na pagbukas na pagbukas palang ng room eh tatawagin ko na agad siya tapos
magsosorry.

Pero may narinig akong kalabog.

Natigil ako at lumakad para buksan yung pinto pero nakalock yun. Pumunta ko sa m
ay
glass window para tingnan kung ano yun...

Sumikip na naman yung dibdib ko. Hindi na ko makahinga. Ang lakas-lakas ng tibok
ng
puso ko. Humigpit yung hawak ko dun sa may sim card ng makita kong nasa loob sin
a
Jessie at Sarah...

Naghahalikan.

Chapter 28
Luna

Hindi ko namalayan na pumapatak na pala yung luha ko. Napakasikip na ng dibdib ko.
Parang may emosyon na matagal nang gustong lumabas.

Parang sasabog na yung puso ko sa sobrang sakit.

Pagyuko ko, pumatak yung luha ko dun sa may sim card. Mahigpit yung pagkakahawak ko dun. Nanginginig pa yung kamay ko. Lumakad ako paalis.

Hindi ko kayang makita pa yung nangyayari dun sa loob. Mismong yung mga paa ko na yung umalis kasi alam nitong nasasaktan na yung puso ko.

Ibinulsa ko yung sim at lumakad ng parang lutang. Nakatulala ako sa sahig. Umiiyak pero walang hikbi na lumabas sa bibig ko.

*Blag*

Hindi ko rin namalayan na nadapa na pala ko. Wala kasi akong naramdaman na sakit.
Parang yung lahat ng sakit ay naipon sa puso ko. Tumayo ako ng walang nararamdaman.

Patuloy lang ako sa paglakad ng ganun hanggang sa makalabas ako ng building. Nakita ko si Justin na naghihintay dun sa may gate.

Napatingin siya sakin at ngumiti. Kumaway pa nga siya.

Hindi ko na kaya. Ang sakit ng nararamdaman ko. Tumakbo ko papunta kay Justin at umakap. Inakap ko siya ng mahigpit na para bang yun nalang yung pag-asa ko para humupa yung sakit sa puso ko.

Umiyak ako ng umiyak. Lumabas na rin yung hikbi na kanina ko pa kinikimkim. Inakap rin ako ni Justin.

 Luna?  mahina niyang sabi.  Ba t ka umiiyak? Ano bang nangyari?

Inakap ko lang siya ng mas mahigpit. Kinagat ko yung labi ko kasi ayokong humagulgol.
Ayokong umiyak ng dahil lang kay Jessie...

Kung kailan pa naman sigurado na ko sa nararamdaman ko para sa kanya saka pa magkakaganito. Kung kelan unang beses kong naramdaman yung ganitong emosyon, yun g
pagmamahal, saka pa ko masasaktan ng sobra.

Ang hirap talaga... Hindi ko alam kung san ako pupunta...

Mas naghihirap yung kalooban ko kasi hindi niya alam na naghihirap ako ng ganito

ngayon. Wala siyang alam...

At yun ang mas masakit...

Shh. Hinaplos ni Justin yung buhok ko. Paulit-ulit niya kong pinatahan.

Hindi siya tumigil ng kakahaplos ng buhok ko at kakatapik sa likod ko. Hindi na niya rin
ako pinilit magsalita kasi alam niya na lalo lang akong iiyak.

Nung nahimasmasan na ko. Umalis na ko sa pagkakayakap ko sa kanya. Pinunasan ko yung mga mata ko. Grabe, ang labo ng paningin ko. Ang hirap talaga pag umiyak ak o. Tuluytuloy...

Okay ka na? Hinaplos niya ulit yung buhok ko.

Tumango ako.

*hikbi*

S-salamat ah.

*hikbi*

Halika. Hatid na kita.

Nakaakap yung isang braso niya sakin habang papauwi kami. Natigil na din ako sa paghikbi at humuhupa na din yung bigat sa puso ko.

Pagdating namin sa apartment, humiwalay na siya.

Are you sure you re okay? tanong niya.

Nagawa kong ngumiti na. Yes. Thank you ulit.

Just call me if you can t sleep. Sasagutin ko kaagad yun.

Okay.

So, sige, mauna na ko.

Uhm, Justin?  Hinawakan ko yung braso niya. Lumingon siya sakin at nagtitigan kami.

Ngumiti ako.  Good night.

And I kissed him on the cheek...

When I pulled back, nakatulala pa rin si Justin. Halatang gulat na gula siya.

Luna.  Pangalan ko lang yung nasabi niya.

Sige, papasok na ko.

Isinara ko yung pintuan sa likod ko. Sumandal ako dun. Hinawakan ko yung dibdib ko.
Ramdam ko yung bawat pagtibok ng puso ko. Kalmado na siya ngayon, hindi katulad kanina na halos sumabog na siya sa sobrang sakit.

*Jessie s POV*

*Riiiinnnnggg!!!!*

Hanggang uwian hindi pa din nawawala yung kunot ng noo ko. Nakakainis eh! Ano ba

problema nung babaeng yun?!

Lalo akong nainis nung sinundo ako ni Sarah sa classroom.  Hi baby!

Hindi ko nalang siya pinansin kasi baka masaktan ko pa siya.  Wait lang naman!
Hinawakan niya yung braso ko.  Let s talk.

Hinila ko yung braso ko at akmang aalis ng nagsalita siya.  If you don t want to tal k with
me, pwes, talk with this!

Natigilan ako. Paglingon ko may pictures na iwiniwave si Sarah sakin. Nakaupo si ya dun
sa may table. Nakangiti pa siya. Lumapit ako at kinuha yun.

Nanlaki yung mata ko sa nakita ko. Kami ni Luna yung nasa picture. At yun pa yun g time
na inakap ko siya nung umuulan kasi ginaw na ginaw siya nun. Ito yung montik nan g may
mangyaring masama sa kanya.

See? How interesting,  sabi sakin ni Sarah.

Where did you get these?!  Naku naman! May nakakuha pala ng pictures namin ni Luna!!!

May nagdala niyan kaninang tanghali sa Publishing Office. I know hindi ako dapat magselos kasi ginawa mo lang yan para kunin ang loob niya. I m sure you ll get her pretty good kung ipupublish ko toh.

NO! DON T!  sigaw ko.

Nagulat siya sa pagsigaw ko. Kumunot yung noo niya.  Why?? Don t say na nagke-care ka sa babaeng yun??

Huminga ko.  No. O-Of course not. It s just that, I have other plans. Siguradong magagalit si Luna sakin pag pinublish niyo toh. Hindi ko na siya magagawang magkagusto pa sakin. Do you understand? So just drop the article. Please?

Ano ba tong pinagsasasabi ko? Amp!

Hmm.. Alright. I ll drop it then.. If...

If what?

Umakap siya sa leeg ko at ngumiti.  If you kiss me.

Huminga ko ng malalim. Nakatingin lang ako sa kanya. Naiipit ako! Ayoko nito eh!

Ayokong mangyari ang lahat ng toh! Pero ano, may choice ba ko? Wala na naman di ba?!

Kahit kelan talaga pahamak si Luna!!! Lagi nalang akong naiipit sa ganitong sitwasyon twing siya yung involve! >_<

Fine,  I said.

Ngumiti siya at umupo dun sa table. Inilapit ko yung mukha ko sa kanya hanggang sa maglapat yung labi namin.

Hinigpitan niya yung yakap sa leeg ko. Pamaya-maya, naramdaman ko yung kamay niya sa buhok ko.

Bwiset!!! Ba t ba kailangan siya pa maging first kiss ko??! T_T

Yung mga kamay ko nakahawak dun sa gilid ng table. Humiwalay na ko sa kanya. Napakalaki ng ngiti niya. Habang ako eh ibig-ibig nang tumalon sa bangin.

Your promise, Sarah.

I ll keep my word, baby.

Bumaba na siya table.  Punta muna kong Publishing Office. May work pa ko eh.

Nagwink muna siya sakin bago tuluyang umalis.

Umalis na rin ako ng room at bumaba. Paglabas ko ng building, yung guard nalang yung
andun at ilang mga teachers na naglalakad pauwi.

Nung nandun na ko sa tapat ng bahay ko, nagdalawang-isip akong pumasok. Nakuha n a
kaya ni Luna yung sim card ko?? Pero ang tanong, hinanap naman ba niya??

Hindi mapakali yung utak ko kaya minabuti kong puntahan nalang siya. Malapit lan g
naman yung bahay niya eh kaya walang kaso.

Nung nandun na ko sa kanto nila, nakita ko si Luna sa labas ng gate nila...

Kasama si Justin...

Kumunot yung noo ko at naramdaman ko na naman yung inis na hindi ko malaman.  Ba t
ba magkasama na naman yung dalawa na yun?

Nagtago ako dun sa may poste kung san ako nagtago dati nung hindi makapasok ng
apartment si Luna. Hindi ko marinig yung pinag-uusapan nila pero nakikita ko yun g bawat
kilos nila.

Tumalikod na si Justin kaya itinago ko yung ulo ko dun sa may poste. Nagpalipas ako ng
ilang sandali. Ba t ala pa si Justin?? Dito dapat yung daan niya di ba??

Kaya sumilip ulit ako. Pero this time, nagulat ako sa nakita ko.

Hinalikan ni Luna si Justin sa pisngi.

Bigla nalang bumilog yung kamay ko. Hindi ko alam kung san galing yung inis na
nararamdaman ko ngayon. Lalo na nung ngumiti pa si Luna kay Justin.

Inis na inis ako. Pikon na pikon pero hindi ko mailabas. Parang naipong lahat sa dibdib
ko...

Isinandal ko yung ulo ko sa may poste. Hindi ko maintindihan yung nararamdaman k o.
Ang bigat-bigat ng dibdib ko. Parang may pumupuno dun na emosyon na hindi ko malaman..

Pero nakasisigurado ko sa isang bagay...

Ito yung unang beses kong maramdaman yung sinasabi nilang kirot sa puso.

Chapter 29
Luna

Pagpasok ko ng kwarto ko, nun ko narealize na naiwan ko pala yung bag ko dun sa room.

Tss. Ano ba yan. Ba t ba lagi nalang akong nakakaiwan ng bag?

Kinuha ko yung sim ni Jessie dun sa bulsa ng palda ko. Kumunot yung noo ko. Nain is lang
ako! Gusto kong sirain to! Gupitin ng gupitin! Sunugin hanggang sa maging abo!!

Pero hindi ko kaya eh...

Parang... Parang may pumipigil sakin...

Pumunta ko ng CR at nag-shower. Ako lang mag-isa dito ngayon kasi wala pa si Ste ff.
Baka kasama na naman nun si Kevin. Haist. Pero okay lang yun kasi hindi niya nak ita na
mugto ko yung mata ko kaninang pagpasok.

Nagpalit na agad ako ng pantulog at humiga sa kama. Wala akong ganang kumain. Hi ndi
rin ako nagutom kaninang tanghali kay shake lang yung nilunch ko.

Dumapa ako at ibaon yung mukha ko sa unan. Para kong ewan na nagkakakawag dun sa

kama!

Hanggang sa magsawa ako ng kakaganun. Umupo ako at kinuha yung laptop. Inopen ko

yung facebook at nag-update ng status...

Luna Reyes

I hate this day. :(
Like Comment Few seconds ago

*sigh*

Siguro mga five minutes akong nakatulala dun. Hindi ko alam kung ano gagawin ko eh.
Lutang ako ngayon. Haist...

*tiiing*

Biglang nag-appear yung YM ko.

BlackScythe_Casey101: Lungkot ka ata ngayon Baby Lulu?

Nireplyan ko si Casey.

Deathghurl_03: Natatandaan mo pa rin pala yung nickname na yun?? Hehe..
BlackScythe_Casey101: Ou naman! Pwede ko bang makalimutan? Hehe. So ba t nga

malungkot ka??
Deathghurl_03: Bad trip ngayon Baby Lulu mo eh.
BlackScythe_Casey101: Tsk! Why naman? You know you can talk about it with me...
Deathghurl_03: Honestly, ayoko na talagang pag-usapan pa yun eh. Okay lang ba?
BlackScythe_Casey101: Ganun? Okay. But cheer up ka na ha??

Madaling sabihin Casey. Kung pwede nga lang isang iglap eh masaya na agad ako.

Deathghurl_03: I can t pa eh. Pero lilipas din toh. :)

BlackScythe_Casey101: Aist. Okay. Hey Baby Lulu, guess what?? Magbabakasyon kami dyan sa Phils!
Deathghurl_03: Talaga??! Kelan?!!
BlackScythe_Casey101: Next month! Miss mo na ba ko??
Deathghurl_03: Of course not! >:b
BlackScythe_Casey101: Tsk! Ganyanan na pala ah! >_<
Deathghurl_03: Haha joke lang! Toh naman. Of course miss na kita noh. Miss ko na yung paggigitara mo. :)
BlackScythe_Casey101: Yun nga lang talaga habol mo sakin eh! Tampo na ko...
Deathghurl_03: Ay, haha. Me ganun? Pero miss na nga talaga kita. :) Pati si Steff miss ka na rin nun...
BlackScythe_Casey101: Ganun? Haha. Kamusta na nga pala yun?
Deathghurl_03: Ayun. Berat pa din haha. May bf na nga eh...
BlackScythe_Casey101: Huwaaat?!!! Sino nagkamali?? O_O
Deathghurl_03: HAHA! Kabusit nito! Kevin name eh. Friend nung kinabbwisitan kong lalaki.
BlackScythe_Casey101: Ah ganun ba. Turo mo sakin ah pagdating ko? Maasar nga si Steff haha. Pati yung lalaki na kinabbwisitan mo ah. Promise mo yun di ba??

Huminga muna ko ng malalim. Nawala na naman ako sa mood.

Deathghurl_03: Okay.

Yun lang sinabi ko.

Deathghurl_03: Out na ko ah? Bye!

Pinatay ko na yung laptop ko ng hindi pa nalalaman yung reply ni Casey.

*Kinabukasan*

Sabay kaming pumasok ni Steff. Bida siya nang bida nung tungkol dun sa date nila ni Kevin. Nagpunta daw sila sa may arcade. Napakagaling daw ni Kevin mag-video game . Lagi daw talo yung computer eh.

Syempre ako naman, tango lang ng tango.

Pero ang mas nakakakilig pa dun, sinabihan niya ko ng cute!  sabi ni Steff. Tuwang tuwa

siya kaya parang natutuwa na din ako.

Luna? Hello! Nakikinig ka ba talaga?! Kanina ka pa hindi umiimik eh! Para kang ew an na tango lang ng tango dyan! Ano ba talaga problema??

Meron ako ngayon.  Ano toh, ba t nagsinungaling ako kay Steff?

Ah, kaya naman pala umaariba na naman yang mood swing mo eh. Nga pala, ininvite ako ni Kevin sa bahay niya sa Friday para maglaro ng video game. Gusto mong suma ma?

Umiling ako.  Wag na kayo nalang. Madami pa kong gagawin eh.

Haist!  Hinawakan niya ko sa braso.  Ano ka ba! Mag-enjoy ka naman paminsan minsan! Daig mo pa yung nag-oover time na empleyado sa call center eh! Sige na kasi suma ma ka na!

Hindi nga pwede...

Bahala ka. Overnight yun eh. Samahan mo naman ako please?

De wag kang mag-overnight!

Eh hindi pwede yun!  sigaw niya.

Pambihirang Steff haha. Umiral na naman pagka-maechos.

Ano. Sige na please?  Pumikit pikit pa siya sakin. At nagpacute pa ha??

Natawa ko.  O sige na sige na! Mukha kang ewan dyan. Kung hindi ka lang malakas sa kin eh.

Pumalakpak siya.  Yey! Sabi na t sasama ka din eh! Alam ko namang hindi mo ko matitiis.

Ah ganon?!

Hindi joke lang! Halika na nga! Magbago pa isip mo eh... Hinila niya ko papuntang school.

Pagpasok namin ng room, wala pa si Jessie. As always naman. Uupo na sana ko sa s eat
namin pero natigilan ako. Ayokong makatabi siya ngayon. Baka mahirapan lang ako.

Hangga t maaga iiwasan ko na siya.

Para hindi na ko masaktan pa...

Pumunta ko sa may upuan ni Steff.

Steff, tawag ko sa kanya.

Ow?

Pwede bang palit muna tayo?? Tabi muna kami ni Annie.

Tumaas yung kilay niya. Baket?

Galit pa rin kami ni Jessie eh.

Sus! Nagwave siya ng kamay. Maaayos niyo rin yan!

Hinawakan ko siya sa braso at nagmakaawa. Sige na? Please? Sasama naman ako sayo mamaya kina Kevin eh?

Naku nangonsensya pa! Osige na sige na! Kinuha niya yung bag niya at tumayo.

Ngumiti ako sa kanya. Thank you! Thank you!

Tss. Basta sasama ka ha?

Yes ma am! Sumaludo pa ko sa kanya.

*Jessie s POV*

Puyat ako ngayon. Hindi kasi ko makatulog kagabi eh. Kahit anong baling gawin ko

namumulirat parin yung mata ko! Ang hirap ng ganun! Tsk! >_<

Pagpasok ko ng room, hindi si Luna dinatnan ko dun sa table namin kundi si Steff
.
Nagtaka ko kaya lumapit ako sa kanya.

Uy, mali ata yung naupuan mo, sabi ko sa kanya.

Ngumiti lang siya sakin. No. It s my seat now. Tinapik pa niya yung table.

Umupo ako sa tabi niya. Ha? Eh asan si Luna?

Ngumuso siya sa may harapan.  Ayun oh.
Tumaas yung kilay ko.  Ba t nandun yun??
 Nakipagpalit eh.
 Ba t naman?
Nagshrug siya.  Aba ewan.
 Tss. Wala kang kwentang best friend! Hindi mo man lang alam yung dahilan!
 Eh sa hindi ko alam eh!  sigaw sakin ni Steff.
Nagtinginan yung mga kaklase namin. Ang lakas din ng boses nito! Magkaibigan nga sila

ni Luna! Amp! >_<
Nagbulungan yung iba.

 Si Steff naman ngayon?

 Kahapon lang sila ni Luna yung nag-aasaran tapos ngayon...

 Ouch! Tapos best friend pa niya!

Tss. Bumulong pa eh rinig naman! Yung mga kaklase ko talaga oo. Tumingin ako kay

Luna pero nakaupo pa din siya dun. Nakatalikod. Parang walang pakialam sa nangya yari.

Sumibangot si Steff at tumayo.  Hoy! Hindi totoo yang sinasabi niyo ah! May Kevin na ko
kaya wag niyong lagyan ng malisya toh!

 Weh? Kayo ni Kevin?  tanong nung isa.

 Oo naman! Tanong mo pa sa kanya!

Natahimik silang lahat kaya umupo na si Steff. Napakabagal ng araw ko ngayon. Ew an ko
ba. Tinitingnan ko si Luna pero kahit isang saglit, hindi siya lumingon dito.

Naasar na ko nun. Hindi ko alam kung bakit. Basta ang alam ko asar na asar lang ako.

Natapos yung araw ko ng hindi siya nakakausap. Kinabukasan naman nung pumasok ako, wala siya.

Absent daw at may sakit sabi ni Steff.

Gusto ko syang itext pero wala nga pala yung sim ko sakin. May bago na kasi kong sim
kaya wala akong number niya. Sinubukan kong hingin kay Steff pero ayaw naman niy ang
ibigay! Kapag naman pinilit ko nang-aasar pa kaya tinigilan ko na...

Hindi ko naman mahingi kay Justin kasi... Alam niyo na...

Wala rin daw number sina Kevin at Rio ni Luna. Ayoko namang pumunta ng Student Council room at wala naman akong kaclose dun.

Hay! MABABALIW NA KO!!!

Saka malay natin kung pumasok na siya bukas di ba?? President yun eh, kaya hindi

pwedeng umabsent ng matagal.

Kinabukasan, wala pa rin siya. May sakit pa din daw. Gusto ko na sanang puntahan siya
sa bahay eh kaso ano naman sasabihin ko? Di ba?? Baka mapahiya lang ako...

Halos isang linggo na yung nakakalipas pero wala pa rin siya. Ano na ba nangyari dun??
Dahilan na ni Steff ngayon eh pumunta daw si Luna dun sa tita niya sa Maynila. Nagbakasyon daw muna dun at aalis na papuntang America yung tita niya.

Halos isang linggo din akong binulabog ng isipan ko. Hindi ako makatulog sa gabi kasi
naiisip ko siya.

Lalo na yung bwiset na linta na yun! Buong linggo ding kapit ng kapit sakin! Asar na asar
na nga ako eh! Kung lalaki lang yun matagal ko na yung pinatulan..

Monday na ulit. Walang kabuhay buhay yung linggo ko na yun. Parang impyerno eh.

Pagpasok ko ng room, nagulat ako nung makita ko si Luna dun sa may upuan namin. Nahinto pa nga ako dun sa may pintuan eh.

As usual, parang hindi niya naramdaman yung presence ko kasi nakatingin lang siya dun
sa may bintana.

Lumapit ako sa kanya pero hindi ko alam kung ano sasabihin ko. Parang napipi ako na
ewan.

Umupo ako. Ang tahimik. Nakakabingi.

Uhm... umpisa ko.

Tumayo siyang bigla. Binuksan yung pinto at lumabas.

Chapter 30
Luna

Sinabi ko na kay Steff kung ano yung totoo. Nung una gulat na gulat siya. Pero syempre tinry niya kong intindihin.

Sabi niya sakin na tutulungan niya daw ako. Sabi ko sa kanya na hindi muna ko papasok hanggang Thursday. Siya nalang kako yung bahalang magdahilan.

Pumayag naman siya at ginawa yung best niya para tulungan akong makamove-on. Ang totoo niyan nasa bahay lang ako. Tinry kong maglibang at mukhang umeepekto naman kasi hindi ko na naiisip si Jessie.

Nung Friday, pumasok na ko kasi sa tingin ko okay na ko.

Kinamusta ko nung mga classmate ko. Namiss daw nila ko. Ang sweet nga nila eh! Kahit mga chismosa haha.

Pamaya-maya, bumukas yung pinto. Parang alam ko na kung sino yun ah. Tumingin nalang ako sa bintana at hindi siya pinansin. Naramdaman kong umupo na si Jessie sa tabi ko.

Pinilit kong pigilin yung puso ko pero mukhang bibigay na naman siya. Ang lakas-lakas ng tibok nun. Ayaw kumalma. Hanggang sa...

Uhm...

Biglang sumikip yung dibdib ko. Hindi ko kaya...

Yung lahat ng araw na tiniis kong huwag pumasok at maglibang eh parang nawala sa isang iglap nung pumasok siya sa room.

Ang hirap pala ng ganito...

Sobra....

Tumayo ako at naglakad palabas. Kahit sumarado na yung pinto sa likod ko at magkaiba na kami ng kinalalagyan ngayon, ayaw pa ring tumigil ng puso ko sa kakatibok ng ubod ng lakas.

Buong hapon akong hindi nakaattend sa klase. Kasi buong hapon ko ding pinagod yung sarili ko dun sa Student Council room. At least nakahanap ako ng peace of mind dun.

Akala ko ready na kong makita siya, pero hindi pa pala.

OA ba ko?? First time ko kasing maramdaman yung ganito eh, kaya hindi ko alam kung ano yung gagawin ko...

Bumukas yung pintuan at pumasok si Steff.

129

Berat. Maghapon ka na dyan ah. Naglunch ka na ba?

Umiling ako.

Haist! Papatayin mo ata yang sarili mo eh! Kumain ka na at pupunta na tayo kina Kevin!

Hindi ako nagugutom eh.

Tumayo ako at minasahe yung braso ko. Buong araw akong nagsusulat pero ngayon la ng
ako nakaramdam ng ngawit at pagod.

Tss. Bahala ka nga! Halika na.

Paglabas namin ng school, naghintay kami ng jeep dun sa may kanto. Bumaba kami n i
Steff dun sa isang subdivision.

Hinanap ni Steff yung binigay na address ng bahay nina Justin.

Eto! Ito yun!  Tinuro niya yung malaking bahay sa kanan namin.

Wow, yaman ah,  sabi ko.

Talaga! Kaya secured na future ng mga anak ko noh.

Natawa ko.  Mga anak?

Haha! Whatever!  Nagdoorbell siya. May lumabas na katulong.

Sino po sila?  tanong nung katulong.

Steff at Luna po. Andyan po ba si Kevin?

Ah opo opo. Hinihintay po niya kayo.  Binuksan niya yung gate at pumasok na kami ni

Steff. Pagpasok namin ng bahay, lalo kaming namangha sa luwag ng sala! May chand elier
pa! E di siya na! Si Kevin na ubod ng yaman! >_<

Lalong lumaki yung ngiti ni Steff nung makita niya si Kevin na pababa ng hagdan.

Babe!  sigaw ni Steff kay Kevin.

Oh babe? I miss you na!

Tumakbo si Steff papunta kay Kevin. Inakap niya yun. Babe? Haha. Me paganun ganu n na
sila ngayon ah.

Upo kayo,  sabi ni Kevin.

Umupo kami sa sofa nila. Ang lambot nun. Ang sarap upuan. Haha.

Laro tayong scrabble!  sigaw ni Steff.

Scrabble? Marunong ka ba nun?  Nakangiti si Kevin.

Oo naman noh! Ano tingin mo sakin, boba?

Lagi ka ngang talo sakin sa mga laro eh!

Eh pano mandaraya ka!

Oy hindi ah! Sadyang magaling lang ako!

Manigas ka dyan!

Kiniliti ni Kevin si Steff. Ang sweet sweet nilang tingnan.  Wag ka ngang magulo! Andito
si Luna eh!  sabi ni Steff.

At nahiya pa talaga sakin? Ano yon? HAHA!

Sige na nga! Laro tayo, teka kunin ko lang yung board.

Umalis si Kevin para kunin yung scrabble. Nag-usap muna kami ni Steff.

Ba t umalis ka kaninang umaga?  tanong ni Steff.

Hindi ko pa pala kaya Steff eh. Nahihirapan pa din ako.

Ibang klase kang magmahal girl. Pakasalan mo na kaya?

Itinulak ko siya.  Ano ka ba! Wag ka ngang magulo. Nahihirapan na nga yung tao eh.

Eh ikaw lang naman nagpapahirap sa sarili mo eh! Ba t hindi ka nalang tumingin sa i ba
para matapos na yang kalbaryo mo noh.

Hindi naman ganun kadali yun nuh.

Kaya mo nasasabi yan kasi hindi mo pa nattry! Lagi ka kasing naka-stick kay Jessi e kaya
hindi mo makalimutan yung mngmgmgmgm!!

Tinakpan ko yung bibig niya.  Ang ingay mo! Baka marinig ka ni Kevin!

Inalis niya yung kamay ko.  Ba t di mo bigyan ng chance si Justin? Sa tingin ko may gusto
siya sayo eh.

*blush*

Pano mo naman nasabi yun?
Kinamot ni Steff yung ulo niya.  Ano ka ba naman sis! Ang hina mo!
Ngumuso ako.  Eh sa wala akong alam eh!

Manhid ka pa sa bato eh! Trust me, may gusto sayo yun. Kung makatingin pa nga lan
g

sayo eh parang gusto ka nang tunawin eh! Tapos di ba kinissan ka niya sa pisngi?
? Yun lang
yung pwedeng explanation don! Wala nang iba!
Talaga? Like niya ko?? Hindi ko talaga alam eh. Bigla ko tuloy naaalala nung hin
alikan ko
siya sa pisngi!

Nakakahiya! Baka sabihin pa niya na may gusto ko sa kanya! Hala! I m so dead. :x
Oh heto na yung scrabble.

Umupo kami sa lapag para maglaro.

I ll beat you like hell Mr. Kevin Perillo.
Ngumisi si Kevin kay Steff. Prove it to me honey.
De sige kayo na nag-uusap! Ako na OP! sigaw ko;
Natawa silang pareho.

Ano ka ba! Kinina lang kausap kita eh! sabi sakin ni Steff;
Haha! Ang kulet niyong dalawa! Maglaro na nga tayo!

Natapos yung unang round namin. Nanalo ko kaya wala silang masabi. Parehong talo

yung pustahan nila! Hahaha!
Next round na kami nung magyayayang mag-video game si Steff. Siya kasi yung kule
lat

eh! Haha!
Kulelat na naman babe ko oh! Inakap ni Kevin si Steff at pinanggigilan yung pisngi
.
Tinutulak ni Steff yung mukha ni Kevin. Che! Pinagbigyan lang kita noh! Tinatamad
lang

ako ngayon mag-scrabble. Tara video game na tayo!
Haha sige na nga. Para matalo na ulit kita! asar ni Kevin.
Woo! You wish!

Isinet na ni Kevin yung video game. Niligpit namin ni Steff yung scrabble. Umupo
kaming
dalawa sa sofa at pinanood si Kevin.

Oh heto na, binigay ni Kevin yung console kay Steff.

Nagplay yung Mario Kart. Nung mag-umpisa na yung laro, naghihihiyaw si Steff.

Aist! Kadaya mo! sigaw ni Steff;
Tumawa ng malakas si Kevin. Ano ka ba babe! Karera toh no! Syempre me banggaan!

Tawa ko ng tawa kay Steff. Ano ba Steff! Karera yan hindi pabagalan!
Naku! Sige tawa ka pa dyan! sabi sakin ni Steff. Umiiwas iwas pa nga yung katawan

niya habang naglalaro.

*Tan-ta-na-nan!*

Yes! sigaw ni Kevin. Nanalo ko!
Ibinigay sakin ni Steff yung console tapos sumibangot. Walang kwenta yung laro na yan.

Ayoko niyan!
Naku, talo na naman babe ko? Inakap ulit ni Kevin si Steff.
Che!

Nangingiti lang ako. Napaka-sweet nila. At last nakahanap na din si Steff ng lal aking para
sa kanya. Actually bagay na bagay nga talaga sila eh. Pareho silang isip bata at kalog.
Match na match sila...

*ding dong*

Lumabas yung katulong mula dun sa kitchen, may hawak pang bimpo.

Ate Ana ako na po, sabi ni Kevin at tumayo.

Habang wala si Kevin, nag-usap muna kami ni Steff.

Sweet niyo ah? Montik na kayong papakin ng langgam! tukso ko sa kanya;
Syempre naman! Inggit ka lang eh!
Oy hindi ah!
Sus! Deny pa lola niyo!
Che! Wag mo kong kausapin!

Ngumiti siya at tinulak yung mukha ko.

Aray! sabi ko ng nakangiti.

Buti nga sayo!

Pamaya-maya, pumasok na si Kevin. Tumatawa siya at mukhang may kausap pa sa laba
s.
Nagulat kaming pareho ni Steff nung pumasok sina Justin at Rio.

Medyo bumilis yung tibok ng puso ko. Hindi kaya kasama nila si Jessie??

Oh! sabi ni Steff. Kasama ba kayo sa pulong namin ngayong gabi?
Pulong? tanong ni Justin na matawa-tawa.
Naku wag mong pansinin yang babe ko, tinotopak na naman yan eh, sabi ni Kevin;
Hoy Mr. Kevin Perillo! Narinig ko yun ah! Tinuro-turo pa nung daliri ni Steff si K
evin.
Sinarado na ni Kevin yung pinto. Parang medyo nadisappoint ako na ewan. Hindi ko

alam kung ano yung mafefeel ko. Ayokong makita si Jessie pero parang gusto ko ri
n. Ano
ba?? Ang gulo talaga! >_<

Umupo sina Rio, Kevin at Steff sa sahig para maglaro ng video game. Si Justin na
man
umupo sa tabi ko.

Tagal mong hindi pumasok ah? tanong niya.

Oo nga eh...

May nangyari ba?

Natingin ako sa kanya. Ha?

Related ba yung pag-absent mo ng halos isang linggo dun sa pag-iyak mo nung isang

gabi?

Kinabahan ako. Ba t alam ni Justin?? Psychic ba toh??

Ngumiti nalang ako. Hindi. Sumama lang talaga yung pakiramdam ko nun.

Natingin siya sakin. Kita sa expression niya na parang hindi bumenta yung paliwa
nag ko.
Pero ang sinabi lang niya ay, Okay.

Talo na naman! sigaw ni Kevin.

Ibabalibag ko na tong console mo! Napikon ata si Steff. Haha!

Uy wag naman babe!

Che! Walang kwenta!

Nagtawanan kaming lahat.

Sige tawa pa kayo! Tsk! sigaw ni Steff. Inakap lang siya ni Kevin habang nakasiban got

siya.

*blag*

Narinig namin na may sumaradong pinto.

Ano ba yun? Kanina pa may maingay ah...

Natingin kaming lahat sa may taas. Kinamot niya yung ulo niya at mukhang kagigis ing
lang. Lumakas yung tibok ng puso ko ng makita kong bumababa ng hagdan si Jessie.

Chapter 31
Luna

Nagkatinginan kami ni Jessie. Hindi ko alam kung ano yung sasabihin ko. Medyo napanganga pa nga ako eh. Pero ako yung unang umiwas ng tingin.

Sumandal nalang ako sa may sofa at humalukipkip. Tumingin sakin si Justin pero u malis
din yung tingin niya maya-maya.

Oh Master Jessie! Andyan ka pala! sabi ni Rio.

Hindi siya pinansin ni Jessie at dumeretso nalang sa banyo.

Ay, taeng tae ba yun? tanong ni Rio.

Kagigising lang eh. Pagbigyan na, sabi ni Kevin at bumalik sa paglalaro.

Napansin kong nakatingin sakin si Steff. Nagtaas ako ng kilay. Okay ka lang? She mouthed at me.

Tumango ako. Tapos naglaro na ulit siya.

Pamaya-mata, lumabas na si Jessie sa CR. Tiningnan ko siya sa gilid ng mata ko k asi
ayokong mahalata niya na tinitingnan ko siya.

Umupo siya dun sa isa pang sofa sa kaliwa. Nanood siya nung laban nina Kevin at Rio sa
video game sa may TV.

Umayaw na kasi si Steff kasi natalo na naman siya.

Patingin tingin ako kay Jessie pero patuloy pa din siya sa panonood. Ang tahimik niya.

Nakakapanibago. Hindi ko rin mawari yung expression sa mukha niya. Para siyang robot...
Si Justin din tahimik lang na nanonood.
Ano bang nangyayari sa mga taong toh?

Kain na mga anak, sabi nung katulong nina Kevin na may katandaan na.

Tumigil muna sina Kevin at Rio sa paglalaro. Pumunta kaming lahat dun sa maluwang na dining table. Katabi ko sa kaliwa si Justin, sa kanan ko naman si Steff. Magkatabi naman sila ni Kevin.

At sa harapan ko, si Jessie yung nakaupo. Kaya nung kumakain na, hindi ako makakain ng maayos kasi naiilang ako. Actually awkward nga yung scene eh. Lahat kami tahimik. Yung plato at utensils lang yung maingay.

Si Steff man tahimik. Siguro naiinis din siya kay Jessie. Alam na kasi niya lahat ng nangyari eh. Yung tungkol dun kay Sarah.

So, basag ni Kevin sa katahimikan. Ano gusto niyong gawin pagkatapos nating kumain?
Tulog na tayo, sabi ni Jessie habang tuloy pa din sa pagkain.
Napatingin sa kanya lahat.

Nyeh, bawal kayang matulog ng busog, sabi ni Rio;
De wag kang magpakabusog, sagot naman ni Jessie;
Tsk. Umandar na naman kasungitan mo brad!

Natapos kaming kumain ng ganon yung sitwasyon. Lahat tahimik ulit. Pati nung nasa sala nga kaming lahat ulit, tahimik pa rin eh.
Ayoko na! sigaw ni Kevin. Ba t ba ganito?! Dapat nag-eenjoy tayo eh!
Oo nga, tama si Kebs, sabi ni Justin.
Alam ko na! Tumayo din si Steff. Tumakbo siya dun sa may sala. Pagbalik niya, may dala siyang bote.

Let s play Truth or Dare.
In ako dyan! sabi ni Kevin;
Ako din!

Umupo na sina Rio, Steff at Kevin sa sahig. Tumingin sila samin nina Justin at Jessie.

Kayo ba? tanong ni Kebs.

Sali ako. Ikaw ba Luna?

Tumingin ako kay Justin. Ako din.

Ibinaling ni Kevin yung tingin niya kay Jessie. Ikaw ba Jess?

Nope. I ll watch nalang.

Bumilog kami sa may sahig. Si Steff yung may hawak ng bote. Excited na excited y ung

mukha niya. Walang angalan ah! sabi niya.

Pinaikot niya yung bote. Tumapat yung nguso nun kay Kevin.

Waahh! Pumalakpak si Steff. Ano babe, Truth or Dare?

Teka me daya ata yun eh!

Wala ah! Sige na dali!

Nag-isip si Kevin. Uhm.. Truth sige.

Ay, walang kwenta toh. Manong nag-dare, sabi ni Steff.

Abeh nagtanong ka pa! Natawa kaming lahat.

Tsk! Sige na sige na! Ako magtatanong ah. Yung totoo sabihin mo!

Yes ma am.

Ngumiti si Steff. Parang alam ko yung ngiti na yun ah. Yun yung ngiti na may kal okohan
na iniisip si Steff. Patay ka Kebs..

Question... Totoo bang nag-ahit ka ng buhok sa kili-kili nung first year?

Halos masamid na si Kevin. Namula siya. Hindi naman namin napigilan na matawa. S abi
na eh! Si Steff talaga...

Ano ba yang tanong na yan!
Tell us the truth! sabi ni Steff;
Eh kasi naman eh!
Di ba walang angalan?!
Kumunot yung noo niya. Hay! Sige na sige na! OO TOTOO YUN! Eh para naman sa play

namin yun eh! Napagkatuwaan ako ng mga kaklase ko na maging babaeng bida eh! Kai nis

yun!

Ay, wag ka nang mainis babe! Inakap siya ni Steff.

San mo ba kasi nalaman yun?

Ngumit si Steff.  I have sources.

Next spin ng bottle, tumapat yun sakin. Nagulat ako.

Luna! Truth or dare?  tanong ni Kevin.

Ha?

Ngek. Truth or dare kako!

Uhm.. Ano uhmm...

Nag-isip ako. Ano ba maganda?? Kung magdedare ako baka kung ano pa pagawa sakin!

Eh kung magttruth naman ako baka manliit ako sa kahihiyan sa itatanong sakin!

Haist ano ba?! >_<

Ano na?  tanong ni Steff.

O sige, truth.

Tsk! Wala ka namang thrill sis eh!

Wag ka ngang magulo Steff!

Hay sige na nga... Question, question... Ah!

Napansin kong napatingin siya kay Jessie. Bigla akong kinabahan. Nako Steff sina sabi ko
sayo! Tinuan mo yan!!!

Okay, ito na... May gusto ka na ba FINALLY sa school naten?

Ha?!

Nangiti lang siya. Nakakainis ka naman Steff eh!

Sagot nalang kasi!

*blush*

Wag kang mamula dyan!

Hindi naman kasi eh!  sigaw ko.  Sige na, OO meron. Masaya ka na??

Wow!  sabi nina Rio at Kevin ng sabay.

Yumuko yung katawan niya palapit sakin.  Sino?

Bigla kong naramdaman na parang may tumama sa may pwetan ko. Napalingon ako sa may baba. Tumama yung tsinelas ni Jessie sakin.

Napatingin ako sa kanya at tumingin naman siya. Parang may kahulugan yung tingin
niya.
Parang may gusto saking sabihin. Lumakas tuloy yung tibok ng puso ko...

Ayie!!!

Napalingon akong bigla kay Steff. Nakangiti siya ng todo sakin.  Si Jessie pala ah
!
Kailangan talaga tingnan pa?! Ang sweet!

Ngumiti din si Rio.

Hindi ah! Steff naman!  bigla kong bawi.

Tumingin si Steff kay Justin kaya natingin tuloy ako sa kanya. Nakangiti din siy
a pero
hanggang labi lang at hindi sakop yung mga mata niya. Parang...

Parang pilit lang...

Kunwari ka pa eh!  dugtong pa ni Kevin.  So si Jess nga ba?

Haist! Isa isang tanong lang aba! Basta meron akong gusto sa school pero wala ako
ng
binabanggit na pangalan!

Nyeh! Wala namang thrill to oh!  Ngumuso si Steff.

I mouthed at her.  Ano bang ginagawa mo?

Pero kumindat lang siya sakin. Hala, Steff, lalo mo kong pinapakaba eh!

Ako naman magpapaikot! Kanina ka pa eh!  sabi ni Rio kay Steff.

Pinaikot niya yun. Nung huminto, tumapat yung nguso nun kay Justin.

So Justin,  umpisa ni Steff.  Truth or dare?

Hm.. Sige dare naman para maiba.

Ayan!  sigaw ni Steff.  Ganyan sana para exciting!

Tumingin ako kay Steff. As in tinitigan ko talaga siya ng mabuti at makahulugan.
Sabi ng

tingin ko,  Wag kang magkakamali Steff ah! Kundi lagot ka sakin!

Pero alam niyo ba ginawa niya? Dinilaan niya lang ako! Potek! >_<

My dare for you Justin is...  Gumapang siya papunta kay Justin at may ibinulong.

Hay! Kailangan secret pa?  sabi ni Kevin.

Kumindat si Steff kay Justin. Mukhang gulat na gulat si Justin kasi hindi agad s
iya
nakakilos.

Do it Justin. It s a dare.

Ano ba yon?  tanong ko.

Secret! Malalaman mo din.  Pati ako kinindatan niya. Tumaas yung kilay ko.
Humarap sakin si Justin at hinawakan ako sa mukha.

Oh my!  sabi ni Kevin.

Si Rio naman napasinghap.
Tapos si Jessie narinig kong huminga ng malalim.
Napansin kong namumula ng konti yung mukha ni Justin.

It s a game Luna,  sabi ni Justin sakin.

Nakangiti ng todo si Steff. Kumabog ng todo yung dibdib ko. Nanigas ako sa kinau upuan
ko na para bang may pumipigil sakin na kumilos.
Lumapit yung mukha ni Justin sakin. Hindi ko mapigilan na manginig yung kamay ko .
Huminga din ako ng malalim.

Naramdaman ko na yung tip ng ilong ni Justin sa ilong ko. Tinitigan niya ko sa m ata.
Tumitig din ako sa kanya. Hanggang sa bigla nalang may inabot si Jessie sa sahig na
nagpahiwalay samin ni Justin.

Nagulat ako kaya montik pa kong bumuwal sa sahig. Buti nalang at naitukod ko yun g
kamay ko sa likod.
Kinuha ni Jessie yung bottle at umupo sa gitna namin ni Justin. Umasog ako ng ko nti para
makaupo siya.

Sali na ko. Ulitan,  sabi ni Jessie.

Napakalaki ng ngiti ni Steff! Talo pa yung aso amp!
Nakakainis! Planado toh ni Steff eh! Berat na yun!
Hindi pa tapos yung dare!  sabi ni Kevin na parang nabitin pa at hindi natuloy yung kiss.
Let it pass. Gusto kong sumali. NGAYON NA...
Napabuntung-hininga nalang si Kevin at napakamot sa ulo.  Hay sige na nga! Sinwert e

lang kayo ni Luna, Justin!
Okay lang,  sabi naman ni Justin.

Hindi na ko mapakali. Mabilis pa din yung tibok ng puso ko. Hindi ko alam kung d ahil ba
toh dun sa dare kanina kay Justin o dahil...
Dahil katabi ko na si Jessie ngayon.

Lumiyad si Jessie at itinukod yung parehong kamay niya sa likod. Medyo nailang ako kasi yung kaliwang kamay niya eh malapit sakin tapos yung ulo niya nakabaling pa sa direksyon ko.

Kaya para tuloy kaming magboyfriend na tumitingin sa stars sa damuhan.
Ahaaaaaaay!!! Ano ba tong naiisip ko! Erase erase erase! >_<
Nung pinaikot yung bote, sumigaw si Kevin.  Ayan! Sasali Sali kasi eh!
Tumapat yung bote kay Jessie.  Truth...
Wala pa kong tinatanong!
Eh yun din naman itatanong mo eh haha..
Ako magtatanong!  singit ni Steff;
Kanina ka pa eh! Ako naman!  sabi ni Kevin;
Please babe? Please? Last na promise.

Hinawakan ni Steff si Kevin at ngumiti na parang nakakaloko lang. Hay nagpaawa pa!

Psh. O sige na nga!
Thank you!

Humarap si Steff kay Jessie. Kinabahan na naman ako. Daig ko pa ata yung iniinterogate eh!

So Jessie... Mahal mo ba talaga si Sarah?

Natingin kaming lahat sa kanya. Parang medyo namutla siya. Kung ako man eh parang nahiya ako. Ewan ko ba! Ba t ba affected ako?! >_<
Ano, mahal mo ba talaga siya?  pilit ni Steff.
Hindi ko maalis yung tingin ko sa kanya. Gusto kong malaman kung ano yung isasagot niya. Hindi nagbago yung expression niya nung sumagot siya...

Yes.

Napayuko ako ng konti. Si Steff naman nawala yung ngiti.

Naramdaman kong tumingin siya sakin at parang may gustong sabihin pero hindi niy
a

yun magawa.
Naramdaman kong nangilid yung luha ko pero pinigilan ko yun.
Nung tumingin ako kay Steff, hindi ko maidescribe yung expression niya. Parang

nagsosorry yun na ewan..

Pero ako man sa sarili ko, hindi ko maidescribe kung gano kalalim yung sakit na tumagos
sa puso ko...

Chapter 32
Jessie

Ano, mahal mo ba talaga siya?

Hala! Anong sasabihin ko? Kapag naman sinabi kong hindi, magtataka sila kung bak
it

hanggang ngayon eh girlfriend ko pa siya.
Kaso lang ang KJ ko naman kung magsisinungaling ako. Pero... Pero... Pero kailan
gan eh...
Nakatingin silang lahat sakin.
Kahit si Luna nakatingin sa may gilid ko. Naghihintay ng sagot.
Lumunok ako. Tumingon kay Steff ng diretso at sinabing, Yes.

*Luna s POV*

Halika na nga! Tulog na tayo! Biglang tumayo si Steff. Tumingin kami sa kanyang la
hat

kasi biglang kumunot yung noo niya.
Lumakad siya paalis.

Babe! San ka pupunta? Tumayo din si Kevin at sinundan si Steff;
CR lang!

Pareho silang nawala sa paningin namin. Medyo rinig pa rin yung mga boses nila m
ula
dito pero tahimik lang kaming nakaupo dun.

Pamaya-maya, bumalik si Kevin ng nagkakamot ng ulo.  Ano ba problema nun?

Baka inaantok lang,  palusot ko. Alam ko na nainis si Steff dahil dun sa sinagot ni Jessie.

Haist! Halika na nga dun sa guest room. Kaso isang double bed lang yung andun.

Okay lang,  sabi ni Justin.  Maglalatag nalang kami sa sahig.

Pumunta yung mga lalaki dun sa Master s bed room. Sabi naman ni Kevin mauna na
kami ni Steff dun sa kwarto.

Kinatok ko sa pintuan ng CR si Steff.  Sis! Dun na daw tayo sa guest room!

Lumabas na si Steff sa CR na malungkot. Tumingin siya sakin.  Sorry Luna ah?  sabi n
iya
ng mahina.

Ano ka ba...  Inakap ko siya.  Wala yun.

Eh alam ko nasaktan ka eh...

Wag mo nang pansinin yun. Ako naman may kasalanan eh. Hinayaan kong mahulog ako
dun sa panget na yun.

Humigpit yung akap niya sakin.

Halika na?

Tumango siya.

Pumunta na kami ng kwarto. Ang laki at ang ganda nun. Umupo ako sa may kama...

Ang lambot shucks!!! ^_^

Bumukas yung pinto at pumasok yung mga lalaki nang may dala-dalang kutson, kumot
at
unan.

Diyan na kayong dalawa sa kama,  sabi ni Kevin.

Abaaaaaaaaaaa!!!

Pumito si Steff.  How gentleman.

Pinahiram na din kami ni Steff ni Kevin ng pajamas since wala naman daw yung ate
niya.
Sina Justin naman pinahiram din ng pantulog ni Kebs.

Nagpalit kami ni Steff sa may CR. Pagbalik namin, nakapantulog na din sila. Pati yung mga kutson nakalatag na din sa paligid ng kama.
Humiga na kaming lahat.

Goodnight,  sabi ni Kevin;
Goodnight,  sagot naming lahat;

Pinatay na ni Kevin yung ilaw.

*silence*

Ang dilim. Konti lang yung nakikita ko. Bumiling ako at humarap kay Steff. Naramdaman kong may humawak sa kamay ko.

Night,  bulong ni Steff.

Night...

Pinikit ko yung mata ko pero hindi ako dinalaw ng antok. Bumiling ulit ako. Bumiling. At bumiling ulit.

Dumilat ako pero hindi ko masyadong maaninag yung mukha ni Steff.

Steff,  bulong ko pero wala nang sumasagot. Buti pa siya nakatulog na.

Umupo ako at tumingin sa paligid. Grabe ang dilim talaga. Tumayo ako at dahan-dahang lumakad.

Buti nalang at wala akong natabig o natapakan. Binuksan ko ng dahan-dahan yung pinto.
Lumabas ako ng kwarto at pumunta ng kitchen. Buti pa dito di gaanong madilim.

Lalo naman sa kitchen kasi maliwanag yung bwan sa labas eh purong glass pa naman yung left side nun. Binuksan ko yung ref at kumuha ng pitsel.

Nagsalin ako ng tubig sa baso at binalik ko ulit yung pitsel sa ref. Sumandal ak
o dun sa
may counter at uminom ako.

Ba t ba hindi ako makatulog?

Siguro hanggang ngayon kasi binabagabag ako nung nasaksihan ko sa room...
Pati yung sagot ni Jessie kanina...
Biglang sumikip yung dibdib.
Haaaayyy!!! Ano ba yan! Pinapahirapan ko na naman yung sarili ko eh! >_<

Luna?

Napatingin ako sa harap ko. May taong pumapasok sa kitchen. Nung matapat siya sa

liwanag, namukaan ko siya.
Biglang tumalon yung puso ko nung nakita ko si Jessie. Para siyang anghel na nak
atayo

dun sa liwanag ng bwan.
Hala! Ano ba tong pinagsasasabi ko?! >_<
O-oh? Ikaw pala? Haya, nabubulol na naman ako! Uminom nalang ulit ako ng tubig.
Binuksan niya yung ref at nagsalin din ng tubig sa baso.
Umupo siya dun sa may table.

Hindi ka makatulog? tanong niya.

Grabe, ang lakas ng tibok ng puso ko. Nabibingi na ko sa sobrang lakas. Parang n
aiilang
ako na kasama ko ngayon si Jessie ng kaming dalawa lang.

Oo eh...
Ah. Ako din eh.
Bakit?
Ewan ko. May iniisip kasi ko eh. Tapos tumingin siya sakin. Hindi ko maiwasang hin
di

mamula. Buti nalang at madilim! Kung hindi... Naku!! >_<

Ba t ba nakatingin ka? Hindi ko mapigilang hindi itanong eh;
Masama ba?
Oo.
Tss. Nagsusungit ka na naman. Matutulog nalang eh...
Sabi mo nga hindi ka makatulog eh.

Tumayo siya at lumapit sakin. Hindi maalis yung mata ko sa kanya nung papalapit siya.

Ikaw kasi eh...

Tumaas yung kilay ko. Ay, ako daw ba sisihin?!

Anong ako?

Wala.
Tss. Ang labo mong kausap.  Tapos ngumuso ako.
Ayan na naman yang nguso mo eh!

Pake mo ba?!  Ngumuso ulit ako. Ba t ba eh naiinis ako eh! Ano ba problema nito sa pagnguso ko?!

Sige ulitin mo pa yan hahalikan ko na talaga yan!

O_O

Umalis ka na nga!  Itinulak ko yung dibdib niya. Shedah! Sasabog na ata yung puso k o!
Heeelllppp!! >_<

Hwag ka na kasing ngumunguso! Lalong humahaba eh!
Naasar ako sa sinabi niya.  Haist! Alis na sabi eh!!!
Nakakaasar yung nguso mo eh...
Ba t kasi pinapansin mo pa?!
Kapansin-pansin eh! Ang haba...
Inilagay niya yung baso dun sa couter sa tabi ko. Ako man ibinaba ko na din yun.
Ano ba

gusto nito? Asaran? Pwes, hindi ko siya uurungan! >_<

Nang-aasar ka na naman ba?

Oo.

I crossed my arms.  Tss. Kung kasing bait ka lang sana ni Justin eh,  sabi kong mahi na.

Napansin kong parang tumahimik siya. Akala ko nga nanigas na yun sa harap ko eh.

Ba t ba nasama na naman siya sa usapan?  tanong niya;
Eh pano po kasi... Ang layo ng agwat niyo pagdating sa ugali!  inis kong sabi;
Kahit na! Wag mo na kasing binabanggit yung pangalan niya basta-basta pag nag-uus
ap

tayo!
Eh sa yun yung nasa isip ko eh! Justin!
Sabi nang wag mo nang banggitin eh!

Ah ganon ah?! Naasar ka?? Sige, tanggapin mong lahat toh!

Justin!

Isa!  banta niya.

Justin Cuevo!

Sabi nang !

Lalo ko pang nilakasan.  Justin Justin Justin Justin Just

Nagulat ako ng buhatin ako ni Jessie at iupo sa counter. Nakatingin lang siya sa
kin pero
nakakunot ng konti yung noo niya.

*Lub dub lub dub*

Baba na sana ko eh kaso ipinatong niya yung kamay niya sa magkabilang gilid ko s
a may

counter. Nilapit pa niya yung katawan niya sa may counter kaya napabukaka tuloy
ako.
Hala! Pano ko tatakas nito?! AAng awkward naman!! >_<
Hindi ako makatingin sa kanya. Nakakailang shucks!!!

Sabihin mo nga sakin... Mababa yung boses ni Jessie. Para tuloy ibig-ibig ko nang matunaw ngayon. Gusto mo ba si Justin?

*blink*

Ha?
Gusto mo ba siya?
Ano bang tanong yan?! Pababain mo nga ako!
Pero lalo lang siyang lumapit sakin. Ano, gusto mo ba siya?
Ano ba yan! Nakakahiya naman yung tanong niya!!!

Hindi... sabi ko ng mahina;
Eh ako ba gusto mo?

*Lub dub lub dub*

>///<

Natingin ako sa kanya. Huminga ko ng malalim. Grabe! Gusto ko nang lumubog sa kahihiyan!!!

Hindi noh! Kadiri ka naman! Hala! Napasigaw pa ata ako! Baka magising sina Steff d un

sa kwarto!

Eh ba t namumula ka?

Tumaas yung mga kamay ko sa pisngi ko. Shucks! Kahit kelan pahamak tong blush na

toh! >_<

Hindi naman ah!!

Ayan oh. Daig mo pa me sakit...

Hala! Wala na ata akong lusot dito!!!

M-May naalala lang kasi ko...

Ano?

Ano nga ba?? DALI LUNA REYES MAG-ISIP KAAAAHH!!! >_<

Naalala ko lang yung... yung... yung kiss namin ni Justin kanina.

Haya!!! Ano bang dahilan yun?! Nakakahiya naman!!!

Lalong bumaon yung pisngi ko sa mga kamay ko. Shucks! Ang init-init ng mukha ko!
!!!

Ginusto mo ba yun?

Napatingin ako kay Jessie.

Ha?

Ginusto mo ba yung kiss na yon?! Kumunot na naman yung noo niya. I can t describe the look in his eyes. Hindi ko din maintindihan pero lumakas na naman yung tibok ng puso
ko.

Jessie wag kang maingay, baka magising sila

Inalis ni Jessie yung kamay ko sa pisngi ko at pinalitan ng mga kamay niya. Hini la niya ko
palapit sa kanya hanggang sa maglapat yung mga labi namin.

Nanlalaki yung mata ko. Parang yung puso ko tumaas na sa lalamunan ko. Dumiin yu ng
kamay niya sa pisngi ko.

Naramdaman kong ibinuka ng konti ni Jessie yung bibig niya. Tumalon yung puso ko

dahil sa ginawa niya na yun.

Nauubusan na ko ng hininga kaya parang napasinghap ako sa labi niya. Grabe, ang init sa
pakiramdam. Hindi ko maipaliwanag yung nararamdaman ko ngayon.

Parang may nag-uumapaw na emosyon na gustong kumawala sakin.

Hanggang sa ihiwalay ni Jessie yung labi niya para huminga. Nakita kong namumung ay
yung mata niyang nakatitig sakin.

Sabi naman sayo wag mo nang babanggitin yung pangalan ni Justin eh,  sabi niya ng mahina.

Hindi ako makagalaw. Nanigas na ata yung kamay ko sa magkabilang gilid ko. Pati yung
paa ko ayaw ng gumalaw.

Engot ka... Alam mo bang namiss kita? Umabsent ka ba naman kasi ng isang linggo e h.

Lalong lumakas yung tibok ng puso ko dahil sa sinabi niya na yun.
He pulled back at tumayo na pero nakatingin pa rin siya sakin.
Ako man, hindi na rin maalis yung tingin ko sa kanya.
Pamaya-maya, tumalikod siya at lumakad paalis. Pero huminto siya at lumingon sak in.

Ayan ah, ako na yung nagtuloy dun sa dare ni Justin kanina...

Tapos umalis na ulit siya at pumasok na sa kwarto.

Hindi ko alam kung maiinis ba ko o maiirita sa sinabi niya. Hindi ko na alam kun g ano
yung mararamdaman ko.

Naiwan akong nakaupo dun sa may counter. Hindi makagalaw. Nag-uumapaw yung tibok

ng puso.

Dahan-dahang tumaas yung daliri ko papunta sa labi ko.

Hinalikan ako ni Jessie! Hinalikan niya ko!!!

Gusto kong isigaw yun pero hindi ko magawa. Hindi ako makapaniwala. Hanggang nun g
humiga ako sa kama para matulog nakadampi pa rin yung mga daliri ko sa may labi ko.

At hanggang nung pumikit ako at dalawin na ng antok, hindi pa rin nawawala yung init at
lambot ng labi ni Jessie sa labi ko.

Chapter 33
Luna

Sinasapian ka ba?
Natingin ako kay Steff habang nagto-toothbrush kami sa banyo.  Ha?

Kanina ka pa ngiti ng ngiti dyan ah. Baka malulon mo na yang toothbrush mo.
Nagmumog na ko at isinoli yung brand new toothbrush na ibinigay samin ni Kevin.

Grabe di ba? Lahat available sa bahay nila!

Nagmumog na din si Steff.

Isinuot nalang namin yung uniform namin kahapon kasi wala kaming dalang damit.

Ano?

Anong ano ?

Ba t ka nga masaya ngayon? May nangyari ba?

Nagdalawang-isip muna ko. Sasabihin ko ba kay Steff? Eh siya naman yung best fri
end ko
eh kaya ba t maglilihim pa ko di ba? May tiwala naman ako sa kanya eh.

Oh ba t namumula ka naman ngayon?! nagtatakang tanong ni Steff.

Gusto mo ba talagang malaman?

Naman!

Ikinwento ko na nga yung nangyari kagabi. Napatakip ng bibig si Steff at ako nam
an
nangingiti pa rin.

OH MY GOD!! HINALIKAN KA NI JESS mmmmmmm!

SHHH!!! Tinakpan ko yung bibig niya. Ingay mo naman eh! Baka marinig nila tayo sa labas!

Huminga-hinga siya at pinapaypayan pa yung sarili. Catch me sis! I can t breathe!

Haha! Ang OA mo naman!

Panong hindi! Eh kiss yun! Kiss! K.I.S.S.!

Eh oo nga...

Anong oo nga?! It only means one thing... Gusto ka ni Jessieboy sis!

Hindi ko mapigilang mamula ta medyo mangiti sa sinabi niya. Ang sarap isipin nun
, pero
hindi pa rin ako sure.

Sana nga magdilang-anghel si Steff.

Nung lumabas kami sa banyo, nakita namin na nakaupo na yung mga lalaki dun sa di
ning
table, nagdadaldalan.

Natingin ako kay Jessie. Biglang tumalon yung puso ko at sinusubukan kong pigila
n yung
ngiti ko.

Baka akalain pa nila nababaliw na ko eh. Haha!

Oh andyan na pala kayo! sabi ni Kevin.
Ay hindi wala tulog pa! sagot ni Steff habang umuupo kami.
Ayst! Si babe ko oh binabara na naman ako!
Haha babe ka dyan.
Wew, kaaga aga pinuputakte na agad kayo, sabi ni Rio.
Nagtawanan kami.
Tumingin ulit ako kay Jessie. Mukhang busy na busy siya sa cellphone niya ah.

Nagpalaman ako ng sandwich at kumain.

Uy malapit na yung School Fest ah, sabi ni Justin.

Ay oo nga! sigaw naman ni Kevin. Hala! Ano ba kakantahin natin??

E-heads kaya ulet? tanong ni Rio.

Sabay kaming nabulunan ni Steff. Nagtinginan silang lahat samin. Uminom kami ng tubig
ni Steff.

Ano ba yan! Wala na bang iba? Magsasawa sa inyo tao nyan eh! sabi ni Steff.

Eh ano ba maganda? tanong ni Justin.

Face down! tuwang-tuwang suggestion ni Steff.

Sige Steff! Go! Boto ko sayo!!!

Hindi ba parang may growl yun?

Ano ka ba Justin, eh di alisin mo!

Napaisip silang lahat. Tanggapin niyo na kasi yung suggestion! Para naman mabawa san
ng konti yung kabaduyan nung PC!

Tingin niyo?

Okay lang sakin, sabi ni Justin. Tumingin siya kay Jessie. Ikaw ba pare? Mukha kasi ng
mahirap drums nun eh.

Okay lang, carry ko yan...

Sus! Kayabang neto! Parang siya na pinakamagaling ah!

Natingin siya sakin. Hala! Nahuli niya ko! >_<

Ano?? masungit niyang tanong.

Aba! Parang naghahamon ng away ah!!

Wala. Bakit?

Wala din.  Tapos bumalik na siya sa pagtetext.

Tss... Tingnan mo toh! Parang walang nangyari kagabi ah! Hindi man lang nahihiya
.
Masunget pa din! Nakakaasar...

Ako lang ata yung apektado dun sa kiss na yun eh! Kung sabagay, itsura palang ni
tong
lalaki na toh mukhang yung lahat ng naging girlfriend niya eh nahalikan na eh!

Naalala ko ulit yung kiss nila ni Sarah. Parang kumulo na naman yung dugo ko.

Uy sis. Ba t nakasibangot ka naman ngayon?  tanong saking mahina ni Steff;
Wala!  Tumayo ako at kinuha yung kamay ni Steff. Natigil sila sa pagkain at tumingi
n

samin.

Kebs, uwi na kami. Thanks.

Hinila ko si Steff paalis.

Ah oo nga! Thanks babe! Kita-kits nalang next time!

Pinagbuksan kami ng gate nung katulong. Lumakad kami dun sa may subdivision.

Ano bang nangyari sayo?
Nakakunot pa din yung noo ko.  Naiinis ako kay Jessie eh!
Sus! Me bago pa ba dun? Lagi ka namang inis dun di ba?
Inis ako sa kanilang dalawa ni Sarah!
Nako eh nagseselos ka lang pala eh! Me pa-walk out walk out ka pang nalalaman ah!
Tss. Hindi ah!  Binilisan ko yung paglakad;
Teka lang Luna!  Tumakbo si Steff para sabayan ako.
Nang makauwi kami, nagpalit agad ako ng damit. Nagsuot ako ng t-shirt at pants.

Kailangan kong gumala. Hindi lang ako mapapakali dito sa bahay.

Steff!  Kinatok ko siya sa kwarto niya.  Kain tayo sa labas? Ayoko dito sa bahay eh!

Ikaw nalang! Punta kong spa ngayon eh! Sayang naman yung discount ticket ko.

Umikot yung mata ko. Haaayyy...  Samahan nalang kita? Tapos maglunch tayo sa
pinakamalapit na resto dun.

Osige sige. 5 minutes.

After 5 minutes, lumabas na siya. Lumabas kami ng bahay at inilock yung gate. Bu
ti
nalang nakapagpa-duplicate na ko ng susi.

Pagdating namin sa spa, isinalang na agad si Steff.

At ako?

Ayun, nag-init yung pwet ko dun sa upuan. Tumingin ako sa cellphone ko. 11:57 AM
 na.
Nagugutom na ko! Waaahhh!!!

Pumunta ko dun sa receptionist sa may desk.  Miss, pwede bang pakisabi nalang kay
Steff Lazaro na nauna na kong maglunch? Nandun na siya sa loob eh.

 Yes ma am. Ako na pong bahala.

 Thank you.

Lumabas ako ng spa at humanap ng pinakamalapit na resto. Buti nalang at ilang bl
ocks
lang eh nakakita na ko. Pumasok ako dun at naghanap ng upuan.

Pag-upo ko, tiningnan ko kaagad yung menu. May lumapit sakin na waitress.  What ca
n I
get you ma am?

 Uhm. Isang lasagna.

Nagsulat siya dun sa parang booklet niya.  Drinks ma am?

 Water lang.

 Sige wait lang po ma am while I get your order.

Nung lumakad ng paalis yung waitress, napaisip ako. Wow! English speaking pa yun
g
mga waiter at waitress dito ah! Nakakadugo ng ilong! Haha..

After 15 minutes, dumating na yung order ko.

 One lasagna ma am.  Ibinaba niya yung plato at isang baso ng tubig.  May order pa po
ba kayo?

 Wala na. Thanks.

Yumuko siya.  Enjoy your meal ma am.

Nagstart na kong kumain. Grabe gutom na gutom ako ah at ang sarap pa nung pagkai
n.
Pamaya-maya, may nakita kong pumasok na babae.

Mas matangkad siya sakin ng konti at nakaponytail yung buhok. Naka-miniskirt at
fit na
sleeveless. Lalo pa tuloy siyang nagmukhang matangkad dahil dun sa high heels ni
ya.

Pumunta siya dun sa cashier at nakipag-usap. Umalis yung cashier at may kinuha.
Naghihintay siya dun nang biglang mapatingin siya sa direksyon ko.

Nginitian niya ko at lumakad papunta sakin.

Hey. Umupo si Sarah sa harapan ko. Long time no see.

Pinilit kong ngumiti. Oo nga eh.

Masarap ba?

Uhm oo.

Of course! Syempre yung restaurant namin yung number dito sa lugar natin! pagmamalaki niya.

Biglang pumait yung lasa nung lasagna sa bibig ko. Grr!!! Gusto kong sabunutan t ong
babae na toh! Pigilan niyo ko!!! >_<

Ibinaba ko na yung tinidor ko at nagpahid ng napkin.

Oh ayaw mo na?

Busog na ko eh. Salamat sa food.

Tumayo na ko para umalis pero humarang siya sa daan.

Excuse me, sabi ko sa kanya at tiningnan siya sa mata.

Can I talk to you for a minute? Dun tayo sa office ko.

Nagbuntung-hininga nalang ako at sumunod sa kanya. Ano naman kaya trip nito? Ba t kakausapin niya ko?

Pagpasok namin ng office, umupo siya dun sa may office table at humarap sakin. W ow,
kampante talaga?

I have a question for you Luna.
Lumapit siya sakin. Do you like Jessie?
H-HA?? Gulat na gulat ako. Ano bang pinagsasasabi nito?? Pano niya nalaman yun??

Bumilis yung tibok ng puso ko at feeling ko pinagpapawisan na ko.

Don t worry, hindi naman ako magagalit eh.

Aalis na ko.

Teka lang! Hinawakan niya yung braso ko. I m talking to you...

Bakit mo ba kasi tinatanong?

Medyo nakakahalata na kasi ko sayo. Sa school lagi kayong nagtatalo ni Jessie per o yung
pagtatalo nyo daig niyo pa yung magboyfriend eh.

Ganun ba yun?? Ganun ba talaga yung itsura twing nagtatalo kami?? Kaya ba parang

ewan pa na kinikilig yung mga kaklase namin??

Sarah

Tell me Luna,  pilit niya.

Nagtinginan kami sa mata. Hala! Ano bang sasabihin ko? Baka sabihin pa niya kay Jessie
yun eh!

No,  sabi ko;
Binitawan niya ko at ngumiti.  Okay. Then I ll tell Jessie na wag ka nang kulitin pa at

layuan ka na niya. Nakakahiya naman kasi na lagi ka niyang inaasar pero wala nam an pala
kayong pagtingin sa isa t isa. Ako na yung humihingi ng sorry para sa kanya.

Nasaktan ako sa sinabi niya. Alam ko naman na walang gusto si Jessie sakin eh. P ero ako,
oo inaamin ko na, meron nga akong gusto sa kanya. Pero hindi naman kailangan pan g
sabihin ni Sarah yun sa harap ko eh.

Lumakad na siya paalis pero pinigilan ko siya.

Ano yun?

Wag mong sabihin kay Jessie, please.

Ayokong malaman ni Jessie na gusto ko siya ngayon pero ayoko din naman na malama n
niya na wala akong gusto sa kanya. Hay! Ang gulo! Ang mainam nalang eh itahimik ni Sarah
yung bibig niya.

Tumaas yung kilay niya.

Why? Because you really like him?

Lumunok lang ako.

Tell me the truth Luna!

OO!  sigaw ko.  May gusto ko sa kanya! Sorry pero hindi ko napigilan eh! Nagulat din
ako nung narealize ko yun.. Hayaan mo hindi naman kita aagawan! Sayong sayo siya !

Tumawa ng malakas si Sarah. Sobrang inis na inis na ko.

Alam mo ba Luna?  Pinunasan niya yung luha sa mata niya. At naiyak pa sa sobrang

tawa! Amp! >_<

We have a date today. And may ibibigay akong gift sa kanya.

Ipinakita niya sakin yung cellphone niya. Nakita ko sa screen yung isang sound c lip.
Lumaki yung mata ko nung narealize ko na nirecord niya pala yung usapan namin!!!

Sinubukan kong agawin yung cellphone pero iniwas niya yun.  You re so stupid talaga.

Akin na yan!

Tinry ko ng tinry kunin yung cellphone niya. Nainis na ko kaya hinawakan ko siya sa
braso at kinalmot.

Aray!

Nahulog yung cellphone niya at nagkapira-piraso. Pareho kaming nagulat. Tumingin siya

sakin ng galit na galit.  HOW DARE YOU!!!

Tumakbo siya papunta sakin at sinabunutan ako. Gumulung-gulong na nga kami sa sa hig

eh! Sinampal niya ko.  I HATE YOU!!! WALA KANG KWENTA!! DIE AND GO TO HELL!

Gumulong ulit kami at ibinuhos ko yung lahat ng lakas ko para mapunta sa ibabaw.

Sinampal ko din siya.  IKAW MAY KASALANAN NIYAN HINDI AKO!!!  sigaw ko sa kanya.

Nung sinampal ko ulit siya, napansin kong parang dumugo yung lower lip niya.

AARAY!!!

*blag!*

Natingin kaming dalawa dun sa may pintuan. Biglang sumikip yung dibdib ko nung nakita kong nakatayo dun si Jessie, nanlalaki yung mga mata.

Sa ibaba ko naman, nag-umpisa ng umiyak si Sarah. Ba t umiiyak toh?! Hindi naman a ko
yung may kasalanan nito ah!!!

Isinarado ni Jessie yung pintuan at lumapit saming dalawa. Nagulat ako ng bigla niya
kong itulak paalis sa taas ni Sarah.

Naramdaman kong nangilid yung luha ko. Hindi Jessie! Mali toh! Hindi ako yung ma y
kasalanan!

Hinawakan ni Jessie yung labi ni Sarah kung saan yun dumudugo. Wala paring humpa y
sa pag-iyak si Sarah at umakap pa siya kay Jessie.

Tumayo ako.

Jessie

I can t believe na kaya mong gawin toh Luna.

Bigla akong natakot sa tingin niya sakin. Napakasikip na ng dibdib ko. Naramdama
n
kong tumulo nalang yung luha ko.

Hindi Jessie, mali yung inaakala

So sakin mo pa ngayon isisisi?! sigaw sakin ni Sarah. Ikaw nga dyan yung bigla nala
ng
nanghablot ng cellphone at nanira eh! Ang ayos ayos ng pakikipag-usap ko sayo!

Lalo akong nainis kasi iniiba ni Sarah yung storya. HINDI TOTOO YUN JESSIE!!! WAG

KANG MANIWALA SA KANYA!

TAMA NA LUNA! Hindi ako bulag! Nakita ko kung pano mo sabunutan si Sarah!

Hindi naman ako yung unang nanabunot eh!! Pinagtanggol ko lang yung sarili ko!!!

Sige na! sumigaw si Sarah at bumitaw sa pagkakaakap kay Jessie. AKO NA MAY
KASALANAN SIGE!! AKO NAMAN LAGI DI BA?! AKO NAMAN YUNG LAGING MASAMA EH!!!

Umalis siya ng office.

SARAH! sigaw ni Jessie.

Jessie...

Tumingin sakin si Jessie ng nakakunot yung noo. Nakakain ko na yung luha ko sa d
ami
ng pumapatak. Sinubukan kong hawakan siya sa braso pero inalis niya yun.

Jessie, please, maniwala ka

TAMA NA LUNA!!! Please! tama na...

Isinara niya yung pinto at hinabol si Sarah. Naiwan akong mag-isa dun sa loob. U
miiyak
na parang baliw. Hindi ko na rin mapigilang mapahagulgol. Napakasakit ng nararam
daman
ko ngayon.

Sobrang sakit...

Hindi naman totoo yun eh. Hindi totoo yung sinasabi ni Sarah. Alam ng Diyos kung
ano
yung totoong nangyari. Pero hindi ko naman mapipilit na maniwala sakin si Jessie
eh...

Wala na kong magagawa. Si Sarah yung nanalo. Kahit na hindi nga niya nagawang ib
igay
yung sound clip, nagawa naman niyang pagalitin sakin si Jessie...

Chapter 34
Luna

Mas nauna kong pumasok kay Steff kinabukasan. 6:00 palang pumasok na ko. Wala naman din akong ginawa kundi dumukdok dun sa table ko sa room.

Hindi ako nakakain kaninang umaga. Wala rin kasi kong gana eh.

Oh Luna!  lumapit sakin si Annie.

Kaaga mo ah!

Si Annie kasi yung laging una samin. Pero ngayon naunahan ko pa siya. Ngumiti ako sa kanya pero nakadukdok pa din yung ulo ko sa braso ko.

Pumunta na siya dun sa upuan niya.

Isa-isang nagsi-datingan yung mga estudyante. Si Steff naman nung nakita ko sa room, walang ginawa kundi bungangaan ako. Pero hindi ko siya naririnig. Parang biglang

sumarado lahat sa mundo ko...

Hinintay ko si Jessie pero hindi siya pumasok.

Napakabagal ng takbo ng araw ko. Nung lunch hindi rin ako kumain. Sabi ko kay Steff na may gagawin ako sa SC room pero ang totoo nun, maghapon lang din akong tulala dun.

Hindi ko mapapansin na uwian na pala kung hindi pumasok si Steff sa room.

Uy.

Oh?

Madami pa ba yan? Uwi na tayo..

Ah sige...

Tumayo ako at lumabas na kaming pareho sa room. Tahimik ako buong oras. Minsan kinakausap ako ni Steff pero tumatango lang ako. Minsan naman ngumingiti pag kinailangan.

Nung nasa bahay na kami, tumuloy na ko sa kwarto.

Dumapa ako sa kama. Ang bigat-bigat ng pakiramdam ko. Parang may napakabigat na bagay na nakadagan sa buong katawan ko.

Pagdilat ko ulit ng mata ko, nagulat ako kasi nakatulog pala ko ng hindi nagpapalit ng damit. Pumunta agad ako sa banyo at nagshower.

Pagkatapos nun, kinuha ko na yung bag ko para pumasok ng school.

Teka lang!  sigaw ni Steff habang kumakain dun sa table.

Kain ka muna.
Hindi na, sa school nalang...
Hindi pwede! Hindi ka kumain kagabi eh!
Huminga ko ng malalim. Sige.
Pag-upo ko, sumubo ako ng isa. As usual, nagkwento-kwento pa din si Steff. Salam at

naman at hindi pa siya nagtatanong.

Maaga kaming pumasok ni Steff. Pagpasok namin ng room, nakita ko si Jessie. Siya lang
mag-isa yung andito. Hindi ko na pinansin kung bakit maaga siya ngayon.

Biglang sumikip yung dibdib ko at napayuko nalang ako. Wait lang ah, may dadaanan

lang ako sa second floor.

Umalis si Steff. Kami nalang dalawa ni Jessie yung natira. Ang hirap ng bawat ha kbang na
ginagawa ko. Parang yung mga paa ko mismo yung ayaw lumapit sa kanya.

Pag-upo ko sa tabi niya, hindi niya ko pinansin. Hawak pa din niya yung cellphon e niya.
Hindi ko masyadong makita yung screen nung cellphone niya pero parang nakita ko yung
pangalan ni Sarah.

Lalong sumikip yung dibdib ko dahil dun. Katext pa niya si Sarah eh yun nga yung may
kasalanan! Hindi dapat ganito eh. Mali toh...

Ni hindi man lang pinakinggan ni Jessie yung explanation ko. Alam ba niya kung g ano
kasakit yun? Na hindi ka paniwalaan ng mahal mo?? Na paniwalaan pa yung kaagaw m o na
siya naman talagang may kasalanan?

Pero ang tanong nga... Mahal ka rin ba niya?

Alam ko na yung nangyari.

Tumaas yung ulo ko. Ha?

Tumingin siya sakin. Alam ko na na may gusto ka sakin.

Natigilan ako. Lumakas din yung tibok ng puso ko. Hindi ako makapagsalita. So si nabi pa
rin pala ni Sarah yun... So pano na?? Ano na mangyayari??

Jessie...

Kung may gusto ka sakin, hindi mo naman kailangang manakit ng iba eh. Alam kong
masungit si Sarah at hindi mo siya gusto, pero nagbibiro lang naman siya nun eh.
Nagbibiro

lang siya nung sinabi niya na itetext niya yung nalaman niya sakin. Hindi mo naman kailangang sirain yung cellphone niya.

H-Ha? Ano bang sinasabi mo? Medyo matawa-tawa kong tanong.

Please Luna, enough. Hindi pa ba sayo sapat na saktan mo si Sarah? Pati ako ngayon pagsisinungalingan mo pa? Nakita ko ang lahat. Ako mismo sa sarili ko ayaw maniwala, pero... God. Ano ba tong nangyayari?!

Kinamot niya yung ulo niya.

Naniniwala ka ba sa kanya? tanong ko. Biglang nangilid yung luha ko.

Luna... Ayaw ko man, pero wala akong magagawa. Nakita kong lahat

WALA KANG ALAM! Tumayo ako. Bigla nalang tumulo yung luha ko. WALA KANG ALAM SA MGA NANGYARI O KAYA DYAN SA MGA SINASABI MO!!! ANG BOBO MO JESSIE WRIGHT! WALA KANG KWENTA!!!

Tumayo din si Jessie at kumunot yung noo. HOY! Ikaw pa may ganang sumigaw ngayon?! Ikaw na nga yung may kasalanan dito tapos ikaw pa yang nagagalit?!!

WALANG KATOTOHANAN YUNG MGA SINASABI NI SARAH! BINABALIGTAD NIYA KO EH! SIYA YUNG MAY KASALANAN AT ALAM NG DIYOS YUN!!!

WAG MONG IDAMAY ANG DIYOS DYAN SA KASALANAN MO!! God, Luna! Hindi ko alam na ganyan ka pala!!!

Bumilog yung kamay ko. Gusto ko siyang suntukin ngayon pero hindi ko magawa. Gusto kong siyang sapakin ng sapakin hanggang matauhan siya. Ang dami kong gustong gawin ngayon pero may pumipigil sakin.

Hindi ko siya magagawang saktan. Kasi...

Kasi mahal ko siya... Kahit ang sakit-sakit ng sinasabi niya sakin ngayon, hindi ko siya kayang saktan.

Ganito ba talaga magmahal? Na kahit sinasaktan ka na niya, iniintindi mo pa din siya? Yung kapakanan pa rin niya yung iniintindi mo? Ang daya eh. Bakit kailangang ganun?? Bakit kailangang may isa pa na nahihirapan??

Kinuha ko yung sim niya sa bag ko at ibinato sa kanya. AYAN NA YANG SIM MO!!! PAREHO KAYONG WALANG KWENTA!!!

Nagulat si Jessie. Parang nawala sa isip niya yung sasabihin niya.  H-Hinanap mo y
un?

OO! AT MUKANG NAGKAMALI AKO SA GINAWA KONG YON!

HINANAP KO YAN NG BUONG HAPON KASI NATATAKOT AKO NA TULUYAN KANG MAGALIT SAKIN! AYOKONG MALAYO KA SAKIN KAYA TINIIS KO YUNG LAHAT NG SUGAT AT PAGOD! PERO ANO YUNG MAKUKUHA KONG KAPALIT? YUNG PAGHAHALIKAN NIYO NI SARAH?! ALAM MO BA KUNG GANO KASAKIT YON HA?! ALAM MO BA KUNG GANO KASAKIT PARA SAKIN YON?!

Yun talaga yung gusto kong sabihin sa kanya pero kinain lang lahat yun nung isip
ko.

Kumunot ulit yung noo niya.  DAPAT LANG NAMAN NA HANAPIN MO YUN DAHIL IKAW YUNG MAY KASALANAN KUNG BAKIT NAWALA YON!

OO SIGE! SABIHIN NA NATIN NA AKO MAY KASALAN NON! PERO GOD JESSIE! IBANG KASO NAMAN YUNG KAY SARAH!

Hinawakan niya ko sa braso.  Hanggang ngayon pa rin ba idinedeny mo yang kasalanan

mo?!

Aray!  Dumidiin yung pagkakahawak niya sa braso ko. Parang nililingkis niya yun. Hi
ndi
ko mapigilan na mapaiyak sa sakit.

Hindi mo alam kung gano din ako nasasaktan sa nangyayari ngayon Luna!!! Para na kong pinapatay!!! PERO ANG PINAKA-AYOKO SA LAHAT AY YUNG TAONG SINUNGALING!!

HINDI KA RIN NAMAN MANINIWALA KUNG SASABIHIN KO SAYO YUNG TOTOO EH!! KAHIT ILANG BESES KO NANG PINAULIT-ULIT SAYO NA WALA AKONG KASALANAN, SI SARAH PARIN YUNG PINANINIWALAAN MO!!

Humahagulgol na ko ngayon. Nahihirapan na kong huminga.

NAGKAMALI AKO SAYO JESSIE! NAPAKALABO NG PAG-IISIP MO!!! PARA SAN PA YUNG PAGHALIK MO SAKIN NUNG ISANG GABI HA?! DAPAT SI JUSTIN YUNG GUMAWA NON AT HINDI IKAW!!!

Binitawan niya yung braso ko at tinitigan ako sa mata. Kitang-kita ko yung galit
sa mga
mata niya.  SIGE! MAGSAMA KAYO NI JUSTIN!!! SIYA NAMAN TALAGA YUNG GUSTO MO DI BA?!! SIYA NAMAN TALAGA?!

Hindi ako makasagot.

IKAW YUNG GUSTO KO JESSIE! IKAW! IKAW LANG!! WALANG IBA!!!

Biglang bumukas yung pintuan. Lumapit si Sarah kay Jessie at umakap sa braso.  Bab
y,
tara na. Wag mo nang awayin si Luna. May kasalanan din naman ako eh.

Nainis ako.  PWEDE BA WAG KA NANG MAGMAANG-MAANGAN!!!

Hindi na ko makapagpigil. Susugurin ko na sana si Sarah pero hinarang ako ni Jes
sie.
 TAMA NA LUNA ANO BA!!! NAKAKAHIYA KA!

Kinagat ko yung labi ko. Ba t ba ganito yung nangyayari?? Hindi dapat ganito eh! B
akit
ako pa yung lumalabas na masama??

 Luna, please, tama na. Lalayo nalang kami sayo. Sana naman tigilan mo na ko. Wag
kang
mag-alala kasi pinatawad na kita. Alam kong hindi natin gusto ang isa t isa pero s
ana
naman wag na tayong magsakitan pa. Ayoko nang maulit yung nangyaring gulo satin.
..

 PLASTIK KA! NAPAKASINUNGALING MO!!!

 LUNA ANO BA?!!  inis na sigaw sakin ni Jessie.

 Halika na Jessie. Umalis na tayo.  Inakay na paalis ni Sarah si Jessie.

Maiiwan na naman akong mag-isa dito. Umiiyak. Bukod tanging yung apat na sulok n
g
kwartong ito lang yung makakarinig ng hinagpis ko. Lagi namang ganun eh. Ako yun
g
laging naiiwang luhaan.

Nakatitig ako sa kanila habang papunta sila sa pintuan. Nadudurog yung puso ko p
ero
hindi ako makagalaw sa kinatatayuan ko.

At bago tuluyang sumara yung pinto at maiwan akong mag-isa na umiiyak, nakita ko
ng
ngumiti sakin si Sarah na para bang umaangkin ng isa pang tagumpay.

Chapter 35
Steff

Ilang araw na ding balisa si Luna. Hindi ko naman alam yung dahilan kung bakit s
iya
gumaganito. Ilang beses ko na rin siyang tinanong pero ayaw niyang sabihin.

Hay ano ba pwede kong gawin? Ayoko naman ng ganito yung best friend ko... T_T Mi
ss
ko na yung masayahing Luna. Pero me kutob ako na involved si Jessie dito. Siya l
ang naman
yung nakakapagpalungkot ng ganito kay Luna eh.

Lunch na kaya sabay kaming pumunta ni Luna sa canteen. Nauna siyang umupo para
hindi kami mawalan ng pwesto. Bumili kong pagkain, spaghetti and shake.

Pagpunta ko dun sa pwesto namin, nakaupo lang siya dun, nakatulala na naman. Umu
po
ako sa harapan niya.

Sis?

Nakatulala pa rin siya.

Huy...
Tumaas na yung tingin niya.  H-Ha?
Hindi ka ba kakain? Heto oh, sayo nalang tong pagkain ko.  Inalok ko yung spaghetti
at

shake.

Ngumit siya at umiling.  Naku hindi na sis. Busog pa ko eh.
Kumunot ng konti yung noo ko.  Anong busog? Ni hindi ka nga kumain kaninang umaga

eh! Tapos yung pagkain mo kagabi parang wala namang nagalaw!

Yumuko lang siya.

Sis ano ba kasing nangyayari ha? Namamayayat ka na. Ilang araw ka nang ganyan.
Nagsisimula na kong mag-alala.

Hindi pa rin siya sumagot. Haist.

Hindi ko na rin mapigilang itanong.  Si Jessie ba?

Bigla siyang natingin sakin.  Ha?

Dahil ba kay Jessie toh?

Yumuko siya at tumango.

*sigh*

Sabi na eh! Nako yung Jessie na yun! Simula nung dumating yun sa buhay ni Luna l agi
nalang siyang nalulungkot o kaya naiinis! May kakambal atang malas yun eh!

Bakit? Ano ba ginawa niya?

Huminga siya ng malalim. For the first time, nagsalita na siya tungkol dun sa pr oblema
niya.

ANO?!!

Napatayo ako. Napansin kong nagtinginan yung mga tao sa canteen. Umupo nalang ul it
ako kasi medyo nakakahiya.

Anong sabi mo?! PAMBIHIRANG JESSIE YAN! Ba t dun sa bruha na yun naniwala?!!

Syempre girlfriend niya yun eh. Saka di ba si Sarah yung mahal niya? Kaya... Kaya

natural lang yun.

Umiling-iling ako. Kahit na ba eh! Pagkatapos nung ki nung nangyari sa inyo nung
isang gabi, maniniwala siya dun sa bruhilda na yun??!

Ako na mismo yung naasar kay Jessie para kay Luna. Nakakaasar talaga yung bruha na
yun! Napaka-plastik! Tapos yung Jessie naman na toh naniwala! Parang wala lang y ung kiss
nila ni Luna para sa kanya ah!

Sinasaktan niya ng todo yung best friend ko! Hindi ko toh mapapalampas!! >_<

Hayaan nalang natin sis, sabi niya ng mahina. Ganun talaga eh.

Hindi pwede yun sis! Ibinagsak ko yung kamay sa table. Ikaw yung nagmumukhang
masama dito eh!! Dapat malaman ni Jessie yung totoo!

Ilang beses ko na ngang sinabi sa kanya eh! Pero hindi siya naniwala...

Napansin kong nangingilid na yung luha sa mga mata niya. Ang sakit namang makita ng
ganito yung best friend ko. Parang ako rin mismo yung nakakaranas ng problema...

Basta! Kakausapin ko siya! sabi ko;
Ano naman sasabihin mo?
Yung totoo. Na hindi ikaw yung may kasalanan...
Umiling siya. Hindi rin siya maniniwala sayo. Kaibigan kita, syempre iisipin nun na

obvious lang na kampihan mo ko.
Eh di sasabihin ko kina Kevin. Siguradong mas kakampihan ka

WAG! Nanlaki yung mga mata niya at hinawakan yung mga kamay ko. Grabe nanlalamig yung kamay niya. Please Steff, please, promise me na hindi mo sasabihin sa kanila...

Pero...

Humigpit yung pagkakahawak niya sa kamay ko. Please?

Huminga ko ng malalim. Kahit kelan talaga tong si Luna, siya na nga yung dehado pero inaalala niya pa rin yung iba. Ayaw niyang mainvolve pa yung mga kaibigan ni Jessie. Ayaw niyang magkagalit galit sila.

At kung sakali, ayaw niya ring magkagalit kami ni Kevin.

Steff.

Okay, mahina kong sabi.

Thank you, sinabi niya at bumitaw na sa mga kamay ko.

*After school*

Pumunta ko sa music room kasi may usapan kami ni Kevin. Sabi niya manuod daw ako ng practice nila ngayon. Sus, magpapa-impress lang sakin yun eh haha.

Si Luna naman dumiretso nang umuwi. Syempre it s so awkward naman kung sasama siya papunta dito. Grr! Pwede bang sipain nalang paalis si Jessie?? >_<

Babe!

Ngumiti si Kevin nung makitang papasok ako ng music room. Inakap niya ko.
Naku babe nawiwili ka na ah! tukso ko.
Hehe, ang cute kasi ng babe ko eh.
Nakow! Sige na sige na!
Bumalik na si Kevin at nagtono ng gitara. Tumingin-tingin ako sa paligid. Nasan si Jessie? tanong ko.

Ewan nga namin eh. Hindi ko siya macontact. Cannot be reached, sabi ni Rio.

Ang weird nga niya this past few days eh. Tapos twing practice natin parang wala siya sa sarili.
Oh? Bakit daw? tanong ko kay Kevin.

Ewan nga eh.
Pamaya-maya, lumapit sakin si Justin.  Pwede ka bang makausap? Dun tayo sa laba.
H-ha? Sige.
Lumabas kami dun sa may corridor. Ano kaya sasabihin nito? Ba t bigla nalang akong

inayang mag-usap.

Sumandal si Justin dun sa may pader.  Ba t hindi mo kasama si Luna?

H-Ha?  Bigla akong kinabahan. Simula na naman ng lying session! Wew!  Eh masakit daw yung ulo niya eh. Kaya nauna na...

Bihira ko nalang siyang makita ngayon eh. Tapos parang lagi pa siyang matamlay. M
e
problema ba?

Hala Steff! Nangako ka kay Luna! Sa BEST FRIEND mo!!! Wag kang bibigay!!!

Hindi ko nga alam eh. Ayaw niyang magsalita nung tinatanong ko siya.

Ganun ba. Feeling ko kasi may nangyaring kakaiba sa pagitan nila ni Jessie eh.

HALA!!! Pano nalaman ni Justin yun?!! Nakakakaba naman toh!!! >_<

P-pano mo naman nasabi?  tanong ko.

Tumingin siya sakin.  Steff, hindi mo naman kailangang magsinungaling sakin eh. Al
am
ko naman na may gusto si Luna kay Jessie.

Napatingin ako sa kanya. Lumunok ako at nagtaka.  Pano mo naman nasabi yun?

Huminga siya ng malalim at ipinamulsa yung mga kamay. Parang biglang nag-iba yun
g
aura niya. Parang nafeel ko na nahurt siya kasi tama nga yung sinabi niya.

Napapansin ko kasi na lagi siyang tingin ng tingin kay Jessie. Saka nafi-feel ko din yun
twing magkasama kami. Na para bang may iba siya laging iniisip.

Hindi ba gusto mo siya?  agad kong tanong.

Tumingin muna siya sakin bago tumango.  Oo. Kaya nga nag-aalala ko para sa kanya.
Ayokong nakikita siyang ganun. Kaya kung maari sana Steff, sana naman eh sabihin mo
sakin kung ano ba talaga yung nangyayari.

Naku Steff! Pano na?! Para mo na ring tinraydor yung bestie mo nyan! Pero si Jus
tin
naman toh. He cares for Luna. He likes her. Hindi katulad ni Jessie. Mapagkakati
walaan mo
naman siya diba? Di ba??

Okay, I ll tell you. But you have to promise me that you won t tell ANYBODY especiall
y
Jessie about it.

Tumango siya.  You can trust me.

Ayun at sinabi ko na nga. Yung tungkol dun sa bruhang Sarah na yun at dun sa hin
di
paniniwala ni Jessie kay Luna.

Napapailing pa nga sya. Buti pa tong si Justin, napaka-rational. Hindi katulad n
i Jessie na
one-sided lang yung utak. >_<

Hay nako Luna! Ba t ba kasi si Jessie pa pinili mong mahalin eh! Andito naman si J
ustin,
naghihintay at siguradong gusto ka! Ba t ba kasi si Jessie pa?!

Grabe naman si Sarah,  sabi ni Justin.

Oo nga! Nakakainis talaga yung bruha na yun! Ang sarap sabunutan!

Ba t naman kaya si Sarah pinaniwalaan ni Jessie?

Eh syempre siya yung mahal niya eh! Di ba narinig naman natin nung naglaro tayo n
g
truth or dare? Yes yung sagot niya nung tinanong ko kung mahal ba talaga niya si
Sarah.

Umiling si Justin.  I don t buy that. Kilala ko si Jessie, hindi siya basta basta aa
min kung
gusto niya yung isang tao. Titiisin niya yung nararamdaman niya hanggang kaya ni
ya.
Matigas ulo nun eh. Ang ikinagulat ko lang eh kung bakit hanggang ngayon eh pina
gtitiisan
pa rin niya yang si Sarah.

Ha? Anong ibig mong sabihin? Hindi talaga mahal ni Jessie si Sarah?  nagtataka kong

tanong.

Tumango siya.  Yes, and I have a feeling na si Luna talaga yung gusto niya.

HALA!!! Tama nga yung hinala ko! Yung dalawa naman pala na yun yung
nagkakagustuhan ng palihim eh! Ayaw pa kasi nilang umamin sa isa t isa! Kaso pag
nagkataon, kawawa si Justin. Yikes! >_<

It explains everything. Kung bakit ang weird ng kinikilos nilang dalawa this past
few
days,  sabi ni Justin.  May mali nga pala talagang nangyayari.

Nakakainis nga si Jessie eh. He doesn t care about Luna. Parang trip lang yung ting
in
niya sa kanya.

No, Steff. Sa tingin ko hindi lang trip tingin niya kay Luna.

Tumingin ako sa kanya.  Pano mo nasabi?

Umalis na siya sa pagkakasandal.

Kasi kahapon, pumunta ko sa bahay nila para nga tanungin kung ano yung problema. Sinalubong ako nung katulong nila sa may gate. Sabi niya nandun daw si Jess sa g arden nila,
umiinom. Gulat na gulat ako nun kaya tumakbo ko agad papunta sa kanya. Nung maki ta ko
siya, lasing na lasing na siya. Ilang bote ng beer na yung nauubos niya at halos nakadukdok
na siya dun sa table. It was the first time that he drank alcohol kaya ang bilis niyang
nalasing. Hindi kasi talaga umiinom yun kaya gulat na gulat ako. Mukha talagang napakalaki ng problema niya.

Huminga muna ko ng malalim. Nagpatuloy sa pagsasalita si Justin.

Umupo ako sa harap niya pero hindi niya ko napapansin. Nagsalita siya nun at yung sabi
niya eh naiinis daw siya kay Luna. Hindi na raw niya kaya na para daw sasabog na yung
puso niya. Tapos bigla nalang siyang umiyak.

Nanlaki yung mata ko habang nakatingin kay Justin. Napanganga pa nga ako eh. Si Jessie?
Umiiyak?? Iniyakan niya yung best friend ko?

Sa tingin ko, kaya siya naiinis kay Luna dahil hindi niya parin maamin sa sarili niya na
gusto niya si Luna at dahil nasasaktan din siya sa mga nangyayari ngayon, sabi ni Justin.
You see? He loves her. Ang problema ay hindi niya alam kung ano yung gagawin niya sa
puso niya.

Anong gagawin natin ngayon? tanong ko.

Hindi ko alam Steff. Hindi ko alam kung ano yung mainam na gawin sa ngayon.

Naaawa ako sa kanilang dalawa, mahina kong sabi.

Ano kaya kung kausapin ko si Jess?

HINDI PWEDE! Hinawakan ko si Justin sa braso. You can t do that! Magagalit sakin si Luna! Nagpromise na nga ako sa kanya na wala akong pagsasabihan eh!

Huminga si Justin. Okay. Inalis ko na yung pagkakahawak ko sa kanya. I just wanted to
clear Luna s name, kaso mukhang mahihirapan tayong gawin yun.

Oo nga eh...

Sa totoo lang Steff? Gusto kong parusahan si Jessie eh. I wanted him to realize n a mali

yung kinampihan niya. Gusto kong matauhan siya. At gusto ko rin na marealize niy a na mali

yung ginawa niyang pang-iiwan kay Luna. Steff, I want to make Luna happy. I want her to

like me para hindi na siya mahirapan.

Hay pano ba toh? Ibibigay ko ba yung support ko sa kanya? Pero gusto naman talag a niya
yung best friend ko di ba? I believe that he can make her happy. Unlike Jessie n a lagi nalang
siyang pinapaiyak.

I want to do it. Kahit paunti-unti lang. I want Luna to realize na nandito lang a ko sa tabi
niya.

Tama si Justin eh. Luna deserves to be happy. At mukhang si Justin yung makakapa wi sa
sakit na nararamdaman niya ngayon. I know, somwhere deep inside her, that she li kes
Justin.

Maybe Justin can fill the space in Luna s heart. Maybe, maybe he can replace Jessi e
someday. Maybe he can make things better again...

Tinitigan ko siya ng maigi sa mata. Ipinagkakatiwala ko sayo yung best friend ko ah?
Wag mo kong bibiguin.

Ngumiti din si Justin sakin at tumango. I won t break your trust. I promise.

Chapter 36
Luna

School Fest ngayon so it means na napakagulo ng school. Nagkalat yung mga booth na
mukha namang ewan. Haist, ang bitter-bitter ko. Wala ako sa mood para maggala ng ayon
eh.

Pagpasok namin sa school ni Steff, napansin naming nagtatakbuhan yung mga estudyante.

Ahay! Magsstart na! Hinila ko ni Steff papunta dun sa quadrangle.

Punung-puno yung quadra, hindi kami makasingit! Magpeperform kasi yung PC eh. Eh

alam niyo naman kung gano sila kasikat dito.

WELCOME EVERYONE TO THE ANNUAL SCHOOL FEST OF MOULTON HIGH! sigaw

nung principal namin sa microphone.
Nagsigawan yung mga students at nagpalakpakan.

Tumungtong kami ni Steff dun sa table para lang makakita. Grabe hindi din sila e
xcited
sa School Fest nuh?

To be begin our activity, let us be entertained by a song number to be performed by the
ONE.. AND ONLY... THE CHARISMATIC... THE MOST POPULAR... AND THE EVERLASTING
MUSIC OOOOOOOOFFFFFFFFFF.... PEPPERONI CHEESE!

WOOOOHHHH!!!!

I LOVE YOU JUSTIIIIN!!

KEVIN BE MIIIINE!!!

BE MY BOYFRIEND RIO!!!!

I WILL GIVE YOU ANYTHING JESSIE!!!

Grabe! Napakaingay!!! Montik na kaming mahulog ni Steff sa kinatatayuan namin!
Parang me VOICE EARTHQUAKE! >_<

Lalo naman tumindi yung sigawan nung umakyat na sa stage yung PC. Kumaway sila s
a
audience. Pero aaminin ko, ang astig ng itsura nila ngayon. Black and white dram
a ng mga
loko. Tapos pansin ko din na may eyeliner sila na bumagay naman sa get-up nila.

Yung ayos din ng buhok nila ang astig. Dapat nga lang na magsigawan ng ganito yu
ng
mga estudyante na toh.

Good morning everyone,  sabi ni Justin sa mic.

Sumigaw na naman yung mga babae.

I LOVE YOU JUSTIN!!! WAAAH!!

ANG CUTE MO NGAYYOOONN!

PA-HUG NAMAN PLEEEEEASE??!

Inalis niya yung mic sa stand at tumuro sa audience.  ARE YOU READY TO PARTY
EVERYONE?!!

Lalong nilakas nung audience yung sigawan.

Ngumiti si Justin at pamaya-maya, narinig ko yung pagtatama ng drumsticks.

*tic*

*tic*

*tic*

At nagsimula na yung drums.
Biglang kumabog ng malakas yung puso ko. Drums nga pala yung umpisa ng Face Down
.
Ang galing ni Jessie. Kayang-kaya niya. Natulala ako sa kanya, hindi ko mapigila
n yung

pagtibok ng malakas ng puso ko. Parang yung bawat pagtama ng sticks niya sa drum
s eh

katumbas ng bawat pagtibok ng puso ko.
Nagsimula na rin yung gitara at yung pagkanta ni Justin.
Ang galing nilang lahat. Ang ganda ng boses ni Justin kaya lalong nagtilian yung
 mga

babae. Si Steff din sumisigaw para kay Kevin.

Pero hindi ko napapansin yun, o kaya yung strum ng gitara at dagundong ng bass.
Ang
bukod tanging naririnig ko lang yung bawat hampas ni Jessie sa drums at yung baw
at
pagtibok ng puso ko.

Nakakainis ka Jessie. Naiinis ako sayo. Bakit lagi mo nalang akong ginaganito? W
hy do you

always make my heart beat so loud? Why do you always make it beat so fast?
Kahit masakit na yung puso ko sa kakatibok ng malakas, hindi pa rin to magsasawa
...
Hindi pa rin toh mapapagod..
Kahit tumigil ka pa sa pagddrums at wala ng makarinig ng music mo...

Wag kang mag-alala kasi laging nandito yung puso ko...
Ikaw yung dahilan kung bakit patuloy yung pagtibok nito...

Ikaw yung musika sa puso t isipan ko...

Yung nagbibigay kulay at buhay sa mundo ko...

You are my My Drummer Boy, Jessie Wright...

You will always be My Drummer Boy...

WOOOHHH!!! I LOVE YOU PEPPERONI CHEESE!!

ISA PA! ISA PAAAA!!

Hindi ko mapapansin na tapos na yung kanta kung hindi nagsigawan yung mga tao. Nagsalita si Justin sa mic. Nagustuhan niyo ba? Gusto niyo pa ng isa?!

OO!!! ISA PAAAAAA!!!

ISA PA! ISA PA! ISA PA!

Okay, meron kaming pinrepare na isa pang song. Pero I need someone to sing this s ong with me. Luna Reyes, if you re here, can you please come to the stage with me?

Napanganga ko. Napansin kong tumingin si Steff sakin, nakangiti. Natahimik din y ung audience at nagbulung-bulungan.

Go girl! Punta ka na dun! Pinababa ako ni Steff at itinulak para pumunta sa stage.

Pinagtitinginan ako ng mga estudyante. Grabe! Nakakahiya! Ano bang pumasok sa is ip ni Justin?! Waaahhh!!!

Ah yung president pala.

Bakit siya?

Maganda ba boses niya?

Di ba sila ni Justin?

Sila ba? Ang alam ko si Jessie eh.

Nakakabingi naman yung mga bulungan habang papunta ko. Pati ngayon buhay ko pinagtsi-tsismisan na.

Pag-akyat ko sa stage, tumingin ako sa audience. Biglang nanginig yung kamay ko.

Shucks! Ang daming tao! >_<

Kinakabahan ka ba?  bulong sakin ni Justin.

Oo eh. Ang daming tao.

Wag kang mag-alala, nandito ko sa tabi mo.

Naramdaman kong hinawakan niya yung kamay ko. Natingin pa nga ako dun eh. Biglang nagsigawan yung mga tao.

AAYY!! KAINGGIT!!

SANA AKO NALANG SIYAAA!!!

HUHUHU NAIINGIT AKO!!!

Bigla akong namula. Hindi ko alam kung dahil ba sa hinawakan ako ni Justin sa kamay o dahil madaming tao. Binigyan niya ko ng mic.

Wag kang manginig,  sabi niya sakin.  Ayos lang yan. Remember, I m here.

Tumango nalang ako. Pamaya-maya, umupo kami dun sa nilagay na tatlong upuan sa gitna. Sina Jessie at Rio nasa baba na ng stage. Pinaupo ako ni Justin sa gitna, si Rio nasa kanan ko, siya naman yung nasa kaliwa.

Pareho silang may hawak na gitara. Nilagay na ni Justin yung mic sa stand.  This is for you guys.

Nagpalakpakan yung mga tao. Then nagsimula na yung strumming. Natuwa ako kasi alam ko yung kanta...

Justin:

I remember what you wore on the first day
You came into my life And I thought hey
You know this could be something
'Cause everything you do and words you say
You know that it all takes my breath away
And now I'm left with nothing

Me and Justin:
'Cause maybe it's true, that I can't live without you (Nangiti si Justin.)
Well maybe two is better than one (Hindi ko na rin mapigilang ngumiti. Parang na wala
na yung kaba ko at yung nararamdaman ko nalang ay saya sa puso ko.)

There's so much time, to figure out the rest of my life
And you've already got me coming undone
And I'm thinking two, is better than one

Habang kumakanta, natingin ako kay Jessie. Hindi ko mabasa yung expression niya.

Nakatingin lang siya sakin. Biglang parang sumikip yung dibdib ko kaya inalis ko na yung tingin ko sa kanya.

Kinanta na namin ni Justin yung last line...

Two is better than one...

Nagpalakpakan yung mga tao. Si Justin at Kevin man pumalakpak. Bigla tuloy akong nahiya pero ngumiti nalang ako.

Ang galing mo Luna, sabi sakin ni Justin.

Thanks. Ngumiti ako sa kanya.

Nung bumaba kami sa stage, madaming tumapik sa braso ko at nagcongratulate. Nagustuhan daw nila yung kanta.

Paglingon ng ulo ko, nakita ko ulit si Jessie, nakatingin pa din sakin. Huminga ko ng malalim at umiwas ng tingin.

Ba t ganun, parang may naramdaman akong kakaiba? Parang ang saya-saya ko. Parang nawala yung lungkot. Nung papalakad kami paalis ni Justin, hinawakan niya ulit y ung kamay ko, pero this time, I hold back.

Chapter 37

Luna

Sabay kaming kumain ni Justin kasi iniwan ako ni Steff. Pero I m sure naman na hin
di
niya kasama si Kevin kasi umuwi si Kevin. San kaya nagpunta yun at iniwan akong
mag-isa
dito kay Justin??

Tubig? Binigay ni Justin yung mineral niyang hindi pa nabubuksan.

Umiling ako. Nako, hindi okay lang. Mas kailangan mo yan eh pagod boses mo.

Hinde okay lang.

Inalis niya yung seal at inilagay sa kamay ko yung mineral. Nakaupo kami sa may
bench
kasi sabi ko napapagod ako.

Ewan ko ba. Ang bilis kong mapagod ngayong mga nakaraang araw. Marahil siguro ko
nti
lang yung kinakain ko tapos minsan nalilipasan pa ko ng gutom. Haist, ang hirap
naman ng
ganito...

San mo gusto pumunta? tanong ni Justin;
Kahit saan...
Dun tayo? Okay lang?? Itinuro niya yung isang booth dun sa kanan. Yun yung may dar
t

tapos kailangang tamaan yung lobo na nakadikit sa pader para manalo ng premyo.

Sige.

Tumayo na kami at pumunta dun sa booth. May mga babaeng naglalaro dun pero nung
makita nila si Justin, ngumiti sila at tumabi.

Nag-thank you naman si Justin at nagbayad ng 20 bilang fee para makakuha ng tatl
ong
darts. Nasa tabi niya ko para manuod.

Kaya mo ba yan? asar ko sa kanya.

Aba oo naman. Dali lang nito eh.

Baka sa noo nung tagabantay mo itama yan ah?

Natawa siya. Haha! Tingnan nalang natin...

Pwede pa ba isang player dito?

May tumabi sakin, matangkad. Natingin kami ni Justin sa kanya.

O-Of course, sabi nung tagabantay at hindi magkanda-ugaga sa pagkuha ng darts.

Jessie, yun lang bukod tanging nasabi ko.

Oh Jess, sabi ni Justin.

Pamaya-maya, may humila sakin paatras. Napatingin kami ni Justin dun sa babaeng may
hawak sa braso ko ngayon.

Let them play na silang dalawa lang, sabi ni Sarah at binitawan na ko.

Tss. Ang sarap sabunutan nitong babae na toh. Nag-iinit na naman dugo ko eh.

Ano ba gusto mo sa prizes Luna? tanong sakin ni Justin.

Ha? Uhm.. Tumingin ako dun sa may shelf kung san nakalagay yung prizes. Yung Stitch.

Tumingin silang lahat dun.

Ah sige sige. Ano ba kailangang targetin para dun sa Stitch, tanong ni Justin.

Yun pong blue na balloon, sabi nung tagabantay.

Maliit lang yung balloon na yun kaya mahirap paputukin. Haist, mahihirapan pa at a si
Justin ah.

I also want that one, baby, sabi ni Sarah kay Jessie.

Wag na, yung pink na bear nalang. Yun naman yung Grand Prize eh.

But I want that!

Tumalikod na si Jessie at naglaro. Si Justin din nagstart na. Pamaya-maya, kumam ot ng
ulo si Justin. May ibinigay sa kanya yung tagabantay tapos lumapit siya sakin.

Sorry Luna, ito lang kinaya ko eh.

Ibinigay niya yung isang Spongebob na stuff toy. Ngumiti ako. Okay lang, at least tinry
mo di ba? Cute naman siya eh.

Si Sarah naman natuwa na rin kasi nakuha ni Jessie yung pink bear. Tss. Pati yun g gusto
kong stuff toy aagawin pa niya. Buti nalang hindi napaputok ni Jessie yung ballo on ni Stitch.

Kinabukasan, sa may apartment, nagmamadali kami ni Steff gumayak kasi yung Secti on 1
yung naka-asign sa isang booth. Eh late na kami. Haaayy...

Bilisan mo nga sis! sigaw sakin ni Steff dun sa may pintuan.

Teka nga lang! Halos mabulunan na ko dun sa kinakain ko. Ininom ko yung Milo ng
biglaan kaya napaso tuloy ako.

ARAY!

Haist! Ano ba! Ang tagal naman eh!
Ayan na po! Ayan na po!  Uminom ako ng tubig para mawala yung sakit sa dila ko kahit

papano.

As usual, tumakbo kami ni Steff papunta dun sa school. Hingal na hingal kami nung makarating kami dun. Tapos aakyat pa kami hanggang third floor! Waaahh! >_<

Pagdating namin sa room, nag-aayos na yung mga classmate namin. Horror booth kasi yung samin eh. Actually nakakatuwa yung naisip naming horror booth, hindi lang siya yung bastang hahabulin ng multo, meron pang kailangang hanapin na susi yung gamer para makalabas.

Meron din namang hidden na special keys na may instruction kung anong chest ba yung bubuksan nun. Syempre panibagong hanapan na naman yun. Haha. Pero sulit yun kasi may lamang prizes yung mga chest.

Pero every batch hanggang 10 minutes lang. Pag nag-exceed sa time na yun, nako for sure paglabas nila, puro pahid sila ng lipstick at namumuti sa harina. Wahaha!

Ako yung naka-asign sa sounds kaya hindi ko na kailangan pang magmake-up. Pero si Steff, siya yung isa sa mga white lady! Haha! Kaya ayun, heavy make-up kailangan ng lola niyo.

Pero kung si Sarah yun hindi na kailangan ng make-up. Grr!

When everything s set, pinatay na namin yung ilaw at pinaandar yung sound.

WOW!  sigaw naming lahat.

Then after a few minutes, nagstart na yung horror booth. Ang dami daw nakapila sa labas. Mukhang patok toh ah. Haha. Nakaka-pitong batch na kami. We decided na last batch na yung susunod para makapag-lunch break na kami.

Enter the last batch.

Mula dito sa kinalalagyan ko rinig na rinig ko yung tilian at sigawan. Lalo ko pang nilakasan yung volume para lalo silang matakot.

Nagulat ako ng biglang may humila sakin. Nasandal ako sa may kurtina. Hindi ko maaninag yung mukha kung sino man yon kasi madilim. Kaya nangapa ako.

Yung una kong nahawakan eh yung leeg, papataas hanggang sa nakalagay na yung kamay ko sa pisngi niya.

Lumakas yung tibok ng puso ko nung bigla nalang din niya kong hinawakan sa pisng
i.

Sino ka ba? tanong ko.

Hindi siya sumagot.

Hinawakan niya yung kamay ko at may inilagay dun na malambot. Ano ba toh, unan??

Sino ka? tanong ko ulit.

Luna.

*Lub dub lub dub*

Kilala ko yung boses na yun. Hindi ako pwedeng magkamali. Siya nga toh. Siya toh
...

Jessie?

Hinawakan niya ulit yung pisngi ko at hinalikan ako sa labi. Nagulat ako kaya na
bitawan
ko yung binigay niya sakin. Hindi ko man siya nakikita ngayon, alam ko pa rin ku
ng ano
yung itsura niya.

Hinalikan niya ko ng mas madiin na para bang gusto na niya kong kainin. Para na
kong
mababaliw sa nararamdaman ko ngayon. Hindi ko alam kung bakit ayaw kumilos ng
katawan ko. Para kong isang matigas na bagay na hinahalikan ng malambot niyang m
ga
labi.

Napasinghap ako ng maramdaman ko yung labi niya sa may leeg ko. Shucks! Ano ba t
oh!

>///<

Nafeel ko na parang bumitaw na siya. Namimiss na kita, sabi niya sakin ng mahina.

Lalong lumakas yung tibok ng puso ko. Patuloy ako sa paghinga ng malalim kasi pa rang
natutunaw pa rin ako sa nangyari kanina.

Jessie...

Shh...

Narinig ko yung mga yapak niya paalis. Kinapa ko siya sa dilim pero puro hangin nalang
yung nahahawakan ng kamay ko.

Ano yon?? Ano ibig sabihin non??

Hindi ba t si Sarah mahal niya? Pero bakit niya ko hinalikan? Tapos sabi pa niya
namimiss niya na ko. HAIST!!! ANO BA YAANNN!!! >_<

Yumuko ako at kinuha yung binigay niya sakin. Ang lambot nga talaga nito, ano ka ya
toh??

Pamaya-maya, may narinig akong sarado ng pinto. Then afterwards, bumukas na yung

ilaw. Medyo napipikit pa nga ako kasi nasisilaw ako.

Pero pagtingin ko dun sa kamay ko. Nagulat ako kasi yung hawak-hawak ko ngayon a y
yung stuff toy na nagustuhan ko kahapon... si Stitch.

Chapter 38
Luna

Dali-dali kaming nagbihis ni Steff. Kahapon lang samin iniform kasi gusto daw ni la
kaming masurprise.

Sumakay kami ng bus papunta ng airport. Hindi ko alam pero buong biyahe ata akon g
nakangiti. Si Steff naman sa sobrang excited buong biyahe tulog. HAHA!!

Pero ako hindi ako makatulog eh. Lalo na ngayong alam kong makikita ko ulit si M ama at
si Teena. Tss. Kaya pala bihira nalang akong ichat ni Teena eh tapos si Mama bih ira nalang
tumawag kasi may pasabog palang ganito! Haha.

Nung nandun na kami sa airport, naghintay pa kami ng mga isang oras at kalahati.

Luna?

Napatingin kami ni Steff sa likod. Ngumiti si Mama sakin at tumakbo ko papunta sa kanya. Inakap ko siya ng mahigpit. Mama! I miss you!

Uy ako din!

Haha! Halika nga dito Steffie, baka magtampo ka pa eh! Inakap din ni Mama si Steff. Steffie yung tawag niya sa kanya kasi cute na cute siya kay Steff.

How about me?

Teena! Inakap ko yung nakababata kong kapatid. Ang laki mo na ah!

Ngumuso siya sakin. Ate! You look so thin na!

Aba! Englishera ka na ha makulit na bata! Kiniliti ni Steff si Teena.

Ano ka ba ditse! You re so like a kid talaga!

Ako pa kid ngayon ah?!

Nagtawanan kaming lahat. Ang cute noh? Family talaga kami. Si Teena ditse tawag kay Steff at mas close pa nga sila eh. Hmp. Haha..

Kumusta na ba kayo? Tanong ni Mama habang hinihimas-himas yung buhok ko.

Ayos naman Ma. Namiss talaga kita. Inakap ko ulit siya. Para kong bumabalik sa pagkabata. Iba pa rin talaga pag magulang mo yung katabi at aakap akap mo. Feeling mo safe ka at laging may magtatanggol sayo.

Kumain muna kami sa restaurant bago tuluyang umuwi. Ilang buwan lang daw sila dito kasi hindi naman daw pwedeng iwan ni Mama yung trabaho niya dun saka may pasok din si Teena. Buti nalang at sembreak nila ngayon kaya nakasama siya sa pag-uwi.

Nung nasa bahay na kami. Tinulungan kong mag-unpack si Mama. Si Steff naman si Teena yung tinulungan. Buti na nga lang at may extra pang room dito sa apartment. Dun kasi minsan tumutuloy sina tita pag bumibisita sila dito.

Inayos din namin yung kwarto na yun kasi matagal na ding hindi nagagamit yun.

Ma, tawag ko habang nagpupunas ng vase.

Hmm? Nagwawalis si Mama. Si Steff naman inaayos yung kurtina tapos si Teena inaayos yung kama.

Kumusta na sina Casey dun?

Ayun, ang laki na ni Casey. Ang tagal niyo na din di nagkikita di ba?

Opo eh, hindi ko nga po alam kung patpatin pa din yun.

Ay nako anak! Ibang-iba na si Casey ngayon! Ang gwapo na niya...

Oh? sabay naming sabi ni Steff.

Hay si Steff talaga! Kapag pogi yung pinag-uusapan napakalakas ng pandinig! Natingin saming dalawa si Mama at tumawa. Nako kayo ah. Baka mamaya pag umuwi

yun pag-agawan niyo pa.

Nako hindi po tita. May one and only na po ako eh.

Oh sino?

Kevin Perillo yung name Ma, sabi ko.

Siguro pogi yun. Nagustuhan ni Steff eh.

Ngumiti ng malaki si Steff. Syempre naman tita! Papatol ba ko sa uhuging suso??

Natawa kami. Uhuging suso? matawa-tawang tanong ni Mama.

Nako Ma! Wag mo na ngang pansinin yan! sabi kay Mama.

Tumingin sakin si Mama. Eh ikaw ba anak, me boyfriend ka na ba?

Hala, bigla akong kinabahan. Haya nagpapawis ako! Amp! >_<

Wala pa Ma eh, sabi ko;
NAKO!!! agad namang ni Steff;
HOY! Wala naman talaga ah?!
Alam mo anak, sabi ni Mama. Wala namang kaso sakin kung magka-boyfriend ka eh.

Basta ba hindi makakaapekto sa studies mo at yung talagang mamahalin at poprotek tahan

ka.
Oh ayan sis may blessing ka na!

Tiningnan ko ng masama si Steff. Pero alam niyo ba yung ginawa? Dinilaan pa ko!! !
Takte..

Tinuloy ko na yung pagpupunas ko. Tinitingnan ko yung rose dun sa vase. Ang gand a.
Sana marunong akong magdrawing ng ganitong rose! Huhuhu...

Napansin kong may nakasulat na parang quote sa ibaba kaya tiningnan ko.

Lumiit yung mata ko. Ano ba yan, hindi ko mabasa. Parang blurred eh. Aya! May

astigmatism na ata ako! Ba t ba kasi naimbento pa yung internet eh! Haha!!

Dito mo nalang ilagay yang vase sa tabi ng kama Luna,  sabi ni Mama sabay turo dun sa
end table.

Okay.  Pumunta ko dun na hawak yung vase.

*plak!*

Biglang dumulas sa kamay ko yung vase at nabasag. Natingin silang lahat dun sa m ga
bubog sa sahig.

B-Bakit nahulog? Mahigpit naman pagkakahawak ko ah?  sabi ko.

Wag kang kikilos Luna, baka matapakan mo yung bubog.  Winalis na ni Mama yung basag na vase.

Baka madulas kasi yung kamay mo,  sabi ni Steff.

Baka nga...

*Kinabukasan*

WOW!!!  sigaw ni Steff. Umupo na siya at agad tinikman yung beef steak na niluto ni

Mama.  ANG SARAAPP!! Tita wag ka nang umalis!!!

Haha, bakit naman? Hindi ba kayo nakakakain ng ganyan dito?

Hindi po!  sagot naman ni Steff at sumubo pa ulit.

Wala kasing magluluto Ma eh.  Umupo na din ako at kumuha ng pagkain.

Itinuro ni Steff yung tinidor niya sakin.  Yan po kasing si Luna eh! Walang alam s a
pagluluto!

Hoy! Nakakahiya naman sayo noh!! Ang galing mong magluto!!!

Siya lang po yung nakakagawa ng adobo na walang lasa! Akalain niyo yun tita? Bukod tanging siya lang yung nakakapag-patabang sa toyo!

Sumibangot ako sa kanya habang tawa ng tawa naman sina Teena at Mama.

O siya tama na yan mga anak, kumain na kayo at malelate pa kayo sa school.

Ang saya! Sana lagi nalang kaming ganito. Nakakamiss talaga sina Mama at Teena. Kahit kami-kami nalang eh masaya pa din kami. I really really do LOVE them...

Bye Ma!

Bye tita! Pasabi na din kay Teena!

Kumaway kami ni Steff kay Mama.  Ingat kayo ah! Wag papagabi!

Pagdating namin sa school, busy yung mga estudyante sa pagwawarm-up. Nagpalit na agad kami ni Steff sa may CR ng PE uniform namin. Last day na kasi toh ng School Fest kaya lahat ng estudyante eh kasama sa Fun Run.

Itinali namin yung buhok namin para hindi mainit. Naka white t-shirt kami at shorts. Rubber shoes naman yung suot naming sapatos. Saktong paglabas namin pumito yung PE teacher namin.

Nagtipun-tipon na yung mga estudyante at nag-ready sa pagtakbo.

Gano kalayo nga ulit yung tatakbuhin natin?  tanong ni Steff habang nakayuko kami.

Three kilometers.

Waaahh!!! Hihilahod na yung dila ko sa kalsada!

HAHA! OA ka naman sis!

Ready...  bilang nung teacher.

*priiiiiitttt*

Pagpito na pagpito palang eh agad nang nagsitakbuhan yung mga estudyante. Ang sa
rap
talagang mag-exercise. Nakakagaan ng pakiramdam.
Nakakakalahati palang kami pagod na si Steff.  T-Teka lang!  Hingal na hingal siya.  H
-

Hindi ko na.. k-kaya...
Huminto na siya at umupo dun sa ilalim ng puno.
Tumatawa ko habang papalapit sa kanya. Ang hina talaga sa takbuhan ni Steff!  Give
up

ka na?
Wag ka na ngang mang-asar dyan! Alam mo naman na hate ko to eh!  Sumibangot siya
at humalukipkip.

Sayang. Kung asaran lang sana yung pagtakbo matagal ka ng champion,  sabi ko sa

kanya.

Mauna ka na nga! Nang-aasar ka pa eh! Susunod nalang ako. Sasakay akong tricycle.
Tss. Daya!
No choice eh!
Sige na nga! Bye!  Kumaway ako sa kanya habang tumatakbo palayo;

2.3 kilometers na yung natatakbo namin. Wew! Napapagod na din ako ah. Pinunasan
ko
ng yung noo ko. Pawis na pawis na ko at parang nauuhaw na din ako.
Tubig?

Nung tumingin ako sa kanan ko, nakita ko si Justin na inaabot sakin yung tubig n
iya.

Kinuha ko yun kasi nauuhaw na din naman ako.  Thanks.

Lumakad nalang muna kami para magpahinga.

Si Steff?  tanong niya;
Ayun, tinabihan yung suso.
Natawa siya.  Hina talagang tatakbo nun. Mula first year ata ganun na yun eh.
Kahit nung kalalabas palang sa tyan ng Mama niya HAHA!!!

Uminom ulit ako. Hay ang sarap ng malamig na tubig! ^_^

Takbo na ulit tayo?  yaya ni Justin;
Ngumiti ako.  Sige.

Kinuha niya yung tubig at nauna nang tumakbo. Humakbang ako para muling tumakbo,

pero...

Biglang nanghina yung tuhod ko. Bumagsak yung katawan ko at nakita ko nalang yun
g
sarili ko na nakadapa sa kalsada. Napahiyaw pa yung ibang nakakita. Bigla nalang
 natigil
yung iba at tiningnan ako.

May mga tumulong sakin na umupo. Hala, pagod na pagod na ata ako. Mukhang hindi
pa
rin sapat yung tatlong araw na bawi ng kain. Hanggang ngayon nanghihina pa din a
ko.

Luna!

Pumunta si Justin sa tabi ko. Alalang-alala siya. O-Okay na ko Justin.

Hinawakan niya yung pisngi ko at ngumit ng konti. Pero napansin ko na bigla ding

napawi yun. Parang may basa na tumulo sa gilid ng mukha ko.

At pag-alis ng kamay ni Justin sa mukha ko, nakita ko sa kamay niya yung bakas n
g dugo
ko.

Chapter 39
Luna

Ayan, okay na.

Tapos nang lagyan ng band-aid ni Dra. Marquez yung sugat ko sa ulo.

Bakit ka ba kasi nadapa iha? tanong niya;
Kinamot ko yung ulo ko. Ano po?
Tinatanong ko kung bakit ka nadapa..
Ha? Nadapa po? nagtataka kong tanong;
Tumitig lang siya sakin. Biglang sumakit yung ulo ko. Aray! Sinapo ko ng kamay ko
yun;
Oh... Inalalayan ako ni Dra. Marquez. Baka epekto yan ng pagkakatama ng ulo mo;

Nagkakaroon ka ng memory lapse. Pero hayaan mo, babalik din yan sa normal pag

naghilom na yang sugat mo.
Ah, ganun po ba..

Lumabas na kami dun sa office niya. Nakita ko sina Steff at Justin na nakaupo sa sofa.
Tumayo sila nung makita nila ko.

Luna! Inakap agad ako ni Steff. Halata sa kanyang nag-alala siya. Ayos ka na ba?? May
masakit pa ba??

Umiling ako. Wala na. Okay na ko.

Tinakot mo ko! Sabi kasi ni Justin dumugo daw yung ulo mo eh! Alam mo bang mas pinagod mo pa ko sa pagtakbo papunta dito kesa dun sa Fun Run?!

Sorry sis. H-Hindi ko naman alam na madadapa ako eh...

Tsk! Wag mo nang uulitin yan ah! Kinabahan talaga ko!

Ngumiti ako at tumango.

Tumingin ako kay Justin. Thank you Justin ah... Sa paghatid sakin dito. Tapos hinintay
mo pa ko dito. Thank you talaga...

Ngumiti lang siya sakin. Wala yon. Alam mo naman na lagi lang akong nandito para sayo
eh.

Bigla akong namula. Haist! Ba t kailangan pang sabihin dito yun?!

Ahem... Umubo si Dra. Marquez sa kamao niya. So Luna, bawal ka munang magpagod ngayon. Alam kong hindi mo maiiwasan yun dahil ikaw yung president ng Student Council,
pero you have to know your limitations. Kailangan ingatan mo din yang sarili mo lalo na t
may sugat ka na pinapagaling.

Don t worry Dra! Ako bahala kay Luna! masayang sabi ni Steff.

Lumabas na kami ng clinic. Pagkasara ng pinto nakita ko si Jessie na parang may hinahanap kasi nagmamadali siya. Nung magtama yung tingin namin, biglang bumilis na
naman yung tibok ng puso ko.

Tumakbo siya papunta samin. Naka-PE pa rin siya at pawis na pawis. Humihingal pa siya
nung huminto siya sa harapan namin.

Tumingin siya kay Justin sandali tapos sakin ulit.

Ba t nandito ka?? matabang na tanong ni Steff.

Ayos ka lang ba? tanong niya sakin.

Huminga ko ng malalim. Parang naputol na naman yung dila ko kasi hindi ako makapagsalita. Buti nalang at si Justin yung nagsalita para sakin.

Ayos na siya, Jess. Ihahatid na lang namin siya sa bahay para magpahinga.

Tumingin ulit si Jessie kay Justin. Parang may kakaiba sa kanila ngayon. Para ba ng
tension sa tinginan nilang dalawa...

Justin, halika na, yaya ni Steff. Siguro nafi-feel din niya yun kaya nagyaya na si ya.

Hinawakan ni Justin si Jessie sa balikat. Mauna na kami pare.

Tapos umalis na kami. Nung lumingon ako, nakita kong nakatingin pa rin si Jessie sakin.
Ayoko talagang iwan siya dun eh. Ayokong iwan siyang mag-isa ng ganun-ganun lang ...

Pero wala akong magagawa. Hindi pa rin naman ayos yung problema namin sa isa t isa

eh. Pero kahit papano, araw-araw akong umaasa na sana ay mayos din namin yun...

Hindi lang kasi ako yung nahihirapan eh... Pati siya nakikita ko na rin na nahih irapan na...

Nung lumalakad kami sa corridor, nagsalita ako. Sinabi niyo ba kay Mama yung nangyari?

Oo, sabi ni Steff. Sabi namin maghintay nalang siya sa bahay kasi okay ka na naman.

Tumango ako. Thanks. Ayokong mag-alala pa sila ni Teena. Kadadating palang nila e h..

Basta wag mo nalang muna papagurin yung sarili mo Luna, paalala ni Justin.

Pag-uwi namin, sinalubong agad ako ng yakap nina Mama at Teena. Alalang-alala si la.

Ate okay ka na ba?

Masakit pa ba yang sugat mo anak?

Okay na ko. Papasok nalang muna ko sa kwarto, sabi ko sa kanila.

Mauna na po ako, paalam ni Justin kay Mama.

Naku salamat sa pag-aalaga kay Luna ah? Sige, mag-ingat ka sa daan pauwi, sabi ni Mama at pumunta na sa labas para isarado yung gate.

Pag-alis ni Justin, umakyat na agad ako sa kwarto. Gusto ko nang matulog pero ay aw
akong dalawin ng antok.

Naiisip ko kasi si Jessie eh. Hindi ko siya maintindihan. Si Sarah yung girlfrie nd niya pero
he cares for me. Di ba? Nakita ko yung pag-aalala sa mata niya kanina nung inapp roach niya
ko. Tapos sinasabihan pa niya ko ng namimiss niya raw ako. Tapos yung kiss... Da

lawang
beses na niya kong hinalikan...

Hindi pa ba pwedeng proof yun? May gusto rin kaya siya sakin? Ano? Meron kaya pe
ro
hindi lang niya maamin kasi nakatali siya kay Sarah??

WAAAAHHHHH!!!!

ANO BA JESSIE?!! Ba t ikaw na naman iniisip ko?!! >_<

Sumasakit na naman yung ulo ko kaya bumaba muna ko at uminom ng gamot. Katulad
nga nung sinabi ni Dra. Marquez, sabi din ni Mama na natural lang daw na magkaro
on ako
ng headaches kasi parang naalog nga yung ulo ko dun sa pagkakabagok.

Pagkainom ko ng gamot, umakyat na ulit ako sa kwarto. Umupo ako sa kama at kinuh
a
yung laptop. Nag-online ako sa facebook at nag-update ng status.

Luna Reyes

HEADACHES!!! Grrr!!! >_<
Like Comment Few seconds ago

*pop*

May nagpop-out na chat box sa ilalim ng screen.

Jessie Wright: Musta ka na?

Ano toh? Kelan ko pa naging friend si Jessie sa facebook? Baka nai-accept ko dati pero
hindi ko lang natatandaan. Haayyy.. Lagi kasing busy eh...
Nireplyan ko siya...
Luna Reyes: ok na
Jessie Wright: Sakit pa rin ba ulo mo?
Luna Reyes: ou kanina. Pero di na gaano ngayon
Jessie Wright: Ah buti naman. Kala ko kung ano na nagyari sau kanina eh...

Ahay ano ba toh! Namimisinterpret ko lang ba tong sinasabi niya??! Subukan ko nga..

Luna Reyes: tsk. nag-alala ka?? :b

*pop*

Jessie Wright: Sobra..

Napatitig lang ako sa screen. Tumalon na naman yung puso ko. Haist! Hindi naman dapat
ganito sagot niya eh. Pang-aasar yung sinabi ko eh kaya dapat yung sagot niya eh ,  Weh!
Itsura mo!  o kaya  Ano ka? Sinuswerte?!!

Pero...
Pero bakit ganito??

Jessie Wright: Luna? Dyan k p ba?
Luna Reyes: ou..
Jessie Wright: Pwede ba tayo mag-usap bukas? Yung taung dalawa lang...
Luna Reyes: ha? y?
Jessie Wright: I need to tell you something important.
Luna Reyes: uhm. kay.. wer??
Jessie Wright: Before school, pasok ka maaga. 6 AM. Maghihintay ako sa room...
Luna Reyes: kay...

Ano naman kaya pag-uusapan namin? Ba t biglang nag-aya yun? Parang kinakabahan
tuloy ako ah. Mukhang importanteng importante eh...

Jessie Wright: Luna?
Luna Reyes: hmm?
Jessie Wright: Love you..

Biglang tumakip yung kamay ko sa bibig ko. Ang lakas ng tibok ng puso ko. Shucks
!
Parang lalabas na sa dibdib ko! Nanlalaki yung mata kong nakatitig sa screen.

What the?!!! Ano ba pinagsasasabi nito?! Hindi kaya na wrong send lang siya? Bak
a para
kay Sarah yun. Malay naten kung naka-online din siya tapos magkatabi kami sa cha
tbox ni
Jessie...

Luna Reyes: wat?

Jessie Wright: Love you kako..

Hala! Para sakin nga yun! Teka ano gagawin ko?! Waaaahhh! Help me!! T_T

Luna Reyes: weh?
Jessie Wright: Ay, paulit ulit?

Luna Reyes: baka kako kasi pinagtitripan mo na naman ako eh. Lagot ka ke Sarah..

Jessie Wright: Hindi trip yun. Wala na

Bigla siyang nag-offline ng hindi pa natatapos yung sasabihin niya.  Anong wala na?

Hay yamu na nga. Nag-offline na din ako. Pagsarado ko ng laptop, hindi ko mapigilan na mangiti. Lumundag lundag ako sa kama sa sobrang saya. Grabe baka magiba ko na toh!

Pero biglang sumakit yung ulo ko kaya napaupo ako.  Aray!

Pero kahit na ganun, nangingiti pa din ako. Dumapa ako sa kama at inakap yung unan sa

may ulo ko. Hindi ko mapigil na magkakakawag! HAHA! Nakakainis naman eh! Ba t ba kasi

kinikilig pa koh!!! XD

Malapit na atang mapunit yung mukha ko sa sobrang ngiti! Pero hindi ko na pinansin yun. Ang importante eh masaya ko...

Nag-I love you si Jessie sakin! Nag-I love you si Jessie sakin!

Yun yung paulit-ulit na isinisigaw ng puso ko. Grabe, ang sarap sa pakiramdam! Hindi ko na alam kung san ko hinuhugot yung sayang nararamdaman ko. Pagkatapos ng lahat...

Lahat ng sakit at paghihirap...

Sapat na sakin na sabihan niya ko ng tatlong salitang pinapangarap kong marinig mula sa kanya. Kahit na hindi harapan at sa chat lang, okay lang yun.

Magtatatalon pa din sa tuwa yung puso ko. Wala pa ding magbabago...

Chapter 40
Luna

Dahan-dahan akong lumabas ng kwarto ko. Mga tulog pa yung tao dito. Tumingin ako sa relo ko...

5:45 AM.

Aga noh? Hindi kasi ko makatulog eh. Hihi. Pero hindi ko alintana yun kasi paran
g
napakarami pang energy sa katawan ko. ^_^

Bumaba ako ng hagdan at binuksan yung pintuan. Paglabas ko ng gate, nilock ko ag
ad
yun. Tumakbo ko papunta ng school.

Pagdating ko dun, dali-dali akong pumunta ng room. Pero nung nasa tapat na ko ng

pintuan, parang nanigas yung mga binti ko at bigla akong kinabahan.

Ang lakas na naman ng tibok ng puso ko. Kasi sa kabilang side ng pinto na toh,
naghihintay sakin si Jessie.

Whew! Hindi ko ata kayang tumuloy. Lalo na t nakakahiya pa yung sinabi niya sakin
kagabi. Hala! Ano ba gagawin ko pag pumasok ako?! Babatiin ko ba siya ng good mo
rning?
Ngingitian ko ba? O kaya maasar nalang?

Hay! Ang bobo ko naman.. T_T

Inilagay ko yung kamay ko sa knob at unti-unting inikot.

Pagbukas ng pinto, nakita ko siya. Nakadukdok dun sa table namin at natutulog.

Dahan-dahan akong lumapit sa kanya. Umupo ako sa tabi niya at inilapat yung ulo
ko sa
table para magkaharap kami.

Ang cute pala niyang matulog. Hihi. Ang tangos pa ng ilong at mahaba yung lashes
. Hindi
mapigilan ng labi ko na mapangiti.

Ang sarap naman ng ganito. Feeling ko nasa langit na ko eh...

Pamaya-maya, gumalaw siya.

Napataas yung ulo ko nang bigla siyang dumilat. Pero hindi siya nagulat, nakatin
gin lang
siya sakin.

Uhm... Yun lang nasabi ko. Hala! Ano ba?! Ang awkward naman! >_<
Ang aga mo ah, sabi niya;
Tss. Ikaw kaya nagpapunta sakin dito ng ganitong oras!
Oh wag ka nang sumigaw. Dukdok ka nalang ulit. Hinawakan niya yung mukha ko at

ibinalik sa pagkakadukdok.

Ngumit siya sakin habang magkaharap yung mukha namin. Buti t pumunta ka...

Curious ako eh. Ano ba gusto mo sabihin?

Break na kami ni Sarah.

Napataas yung ulo ko.  HA??

Oh tumaas na naman yang ulo mo eh! Dukdok na kasi ulit...

Sumunod ako sa sinabi niya. Dumukdok ulit ako pero hindi mawala sa mukha ko yung

pagtataka.  B-Bakit? Ano ba nangyari??

Matagal ko nang gustong gawin yun eh. Sa totoo nga eh dapat hindi naging kami. Sa
ka
iba kasi gusto ko...

Tinitigan niya ulit ako ng biglang lumalam yung mga mata niya. Hala! Natutunaw n
a
naman ata ako! Nakakakilig! Shuuuuuuucks!!!!>_<

W-Wag mo nga akong titigan ng ganyan. N-Nakakailang eh,  mabulul-bulol ko na sabi.

Ayaw mo bang tinititigan ka ng buong pagmamahal?

*blush*

Hala namula na naman yung mukha ko!!!!

Jessie naman eh!!!

Kilig ka??

HINDI!!!!

Weh? Alam ko naman na matagal mo nang gusto to eh...

Eeeeeeeeehhhhh! angal ko.

Ahay! Ano ba namang reaction yun?! Bakit ba kasi natatameme ako pagdating ke Jes sie
eh!!!

Ngumiti siya. Ayun eh, hindi man lang dineny.

Humarap ako sa kabila. Waaahhh!! Nakakahiya naman!!! Ba t nga ba kasi ganun sinago t
ko eh!! >_<

Ui, tawag niya sakin;
Tse!!
Tampo ka??
HINDE!!!
Eh ba t dyan ka nakaharap?
Trip ko! Walang basagan ng trip!!!
Nyeh. Harap ka na ulit dito...
Ehe! Ba t ba nanlalambing toh?! Ang awkward naman!!!
Humarap na ko sa kanya. Yun lang ba sasabihin mo?

Hindi, sagot niya.

Eh ano?

Lumapit yung mukha niya sakin. Tinitigan niya kong maigi sa mata at sinabing,  I l
ove
you.

Biglang bumilis yung tibok ng puso ko. Alam kong todo-todo na yung pamumula ko n
a
daig ko pa yung nag-aalboroto sa lagnat. Pero me lagnat nga ata ako eh...
LOVEnat.
Ay... ang corny ata?? Haha!

Weh?
Oo nga. Kagabi ka pa ah. Gusto talaga inuulit-ulit para kinikilig?
HINDI AKO KINIKILIG!  angal ko naman agad.
Eh ba t namumula ka?
Ang lapit kasi ng mukha mo eh! Nakakaasar yung itsura!
Eh bakit ang lakas ng tibok ng puso mo? Nauuga na nga yung table eh.
Biglang tumaas yung ulo ko.  Hindi ah!!!  Tapos ngumuso ako. Hay grabe ang OA naman

nun! Ang lakas daw ng tibok ng puso ko? Psychic ba siya para malaman yun?! Pero
naiinis
ako kasi totoo naman!!! Grr!
Tumaas na din yung ulo niya. Ngumiti siya sakin at kinurot sa pisngi.  Ang cute mo
kapag
ngumunguso. Ngayon ko lang napansin.

Deh kilig na naman ako nun..

Naku! Nambola pa...

Pinindot niya ng daliri niya yung tip ng ilong ko tapos ngumiti siya.  Ang cute cu
te
talaga...

Tinakpan ko yung ilong ko tapos tumawa siya. Eeeeeeeehhh kasi naman eh!!!
Nakakakilig!!!

Ako ba Luna, love mo ba ko?  tanong niya;
Ano bang tanong yan!  >_<
Bakit hindi ba?
Eeeeeehhhh...
Eh ano?
Eeeeehhhh!!!

Eh ano nga?

*EH KASI KINIKILIG AKO!!!*

Dumukdok nalang ulit ako. Waaahhh!! Nahihiya ako! Ba t ba kasi kailangan pang
tanungin yun eh!

Narinig ko yung tawa niya at naramdaman ko na dumukdok na din siya sa tabi ko. Tinitigan niya ulit ako ng may ngiti sa mga labi niya.

Okay lang kahit hindi ka sumagot Luna... Basta ako hindi magsasawang magsabi ng I

love you sayo at hindi rin ako maghihintay ng sagot kasi hindi naman tanong yun na kailangang sagutin eh. Saka hindi rin naman dun lang masusukat yung pagmamahal ko para sayo...

Jessie...

Ang corny ko noh? Pero yun yung nararamdaman ko eh. Ang corny corny ng nararamdaman ko para sayo pero yung kakornihan na yon yung bumubuhay sakin...

Hindi ko napansin na bigla na palang tumulo yung luha ko. Ba t ako umiiyak? Hindi kaya kasi matagal ko nang hinihintay lumabas sa bibig ni Jessie yung mga to? Kasi matagal ko nang pinapangarap na suklian niya yung pagmamahal ko sa kanya?

Oh ba t umiiyak ka?  Pinahiran ni Jessie yung luha sa mga mata ko.  I hate seeing you cry Luna. Lalo na kung ako yung dahilan ng pag-iyak mo. Tahan na, please?

Tumango ako sa kanya at ngumiti.  Ang corny kasi ng sinasabi mo eh. Sa sobrang corny naiyak na ko...

Hinawi niya yung buhok sa noo ko at tinitigan sa mata. Ang sarap ng feeling ko. Para na kong nasa langit. Parang nawal ng isang iglap yung lahat ng pinagdaan kong sakit at hirap. Napakagaan na ng dibdib ko. Parang nabunutan na ko ng tinik sa puso...

Inilapit niya yung noo niya sakin hanggang sa maglapat yun. Pareho kaming pumikit, ninanamnam ang oras na magkasama kaming dalawa.

Panget,  sabi ko sa kanya ng mahina.

Mas panget ka,  sagot naman niya.

Utak palaka.

Utak langgam..

Nangiti akong bigla. Parang ganito lang din yung dati eh, ang pinagkaiba nga lang hindi na siya yung may halong galit. Parang...

Parang puno na ng damdamin at pagmamahal...

Naramdaman kong dumapo sakin yung antok. Hay, napuyat talaga ko kagabi. Pero sulit naman yun kasi ganito yung kabayaran.

Kahit ilang beses pa kong magpuyat, ayos lang basta para sa kanya. Basta para sa taong mahal ko. Basta para sa nag-iisang nagpatibok sa puso ko ng ganito.

Yung kauna-unahang lalaking minahal ko...

Pamaya-maya, narinig kong nagsalita siya ng mahina...

Pero kahit gano pa man kaliit yang utak mo, kahit utak langgam ka pa o ano pa man, ikaw pa rin yung mamahalin ko... At hindi yun magbabago...

## Chapter 41

(Jessie and Sarah s Breakup)

Sarah s POV

Nakita ko si Jessie na nakasandal sa pader dito sa rooftop. Nangiti ako kasi ang gwapo na naman niya. Napakaswerte ko talaga. Kinaiinggitan din ako ng mga girls dito sa campus kasi I have a handsome boyfriend.

Well dapat lang. Coz I always deserve the best.

Tumingin siya sakin nung makita niya kong papalapit.  Hi baby!  I tried to kiss him on the cheek but he turned his head.

Nangiti ako.  That s why I like you so much Jessie. Hindi ka madaling kunin...

 Sarah.

Inakap ko yung braso niya.  Yes baby?

 Let s break up.

Nawala yung ngiti ko.  H-Ha?

Inalis niya yung kamay ko sa braso niya at tumingin sa mata ko.  Let s break up Sarah...

Naramdaman kong kumulo yung dugo ko.  What are you saying? You re joking

 I m not.

 We have a deal Jessie! You can t break up with me or else

Ano gagawin mo?! Tiningnan niya ko ng masama. Sasaktan mo si Luna? Huh! Sarah, luma na yan! Wala nang epekto yang pangbblack mail mo sakin!

I swallowed. Kainis! Ba t ba ganito yung nangyayari?!

Hinawakan ko ulit siya sa braso. Don t do this to me Jessie... Nakalimutan mo na ba na ako yung unang sinaktan ni Luna?!

I don t care! Wala na kong pakialam kahit si Luna man yung may kasalanan! Hindi ko na kaya Sarah eh! I can t do this anymore...

Inalis ko yung kamay ko. Tiningnan ko siya ng masama. Si Luna na naman?! BAKIT BA

PALAGING SIYA?!! I HATE HER!!! SANA MAMATAY NA SIYA!!!

Hinawakan niya ko sa braso, parang pinapalipit niya yun kaya hindi ko mapigilang

mapa-aray.

Do something to her, banta ni Jessie. Do something to her and I ll swear na ako makakalaban mo. I will protect her Sarah, no matter what...

Nangingilid na yung luha ko. I hate crying. That s the most hated thing I want to do right

now.

We re DONE Sarah...

Binitawan niya ko at lumakad paalis. Bigla nalang tumulo yung luha ko. Magkahalo ng galit at inis yung nararamdaman ko ngayon. Kasalanan ni Luna toh eh! IT S ALL HER FAULT!!!

Naiinis ako sa kanya! I really hate her! I wanted her to die! Bakit ba lahat ng
gusto ko
napupunta sa kanya?! Lagi nalang siya yung nakaharang sa daan ko!!!

I won t let you go Jessie. I won t just give you up. Hindi ko matatanggap yung break
up
natin. Hindi mo ko pwedeng hiwalayan ng dahil dyan sa Luna na yan. Hindi ako
makakapayag.

Magkakamatayan muna kami...

*Luna s POV*

Magdamag ko na atang akap si Stitch. Baka mapiyot na toh sa sobrang akap ko! HAH
A! At
magdamag ko ding katext si Jessie.

Yup. Alam ko na ulit yung number niya. Hihi. *^_^*

*peep*

Tiningnan ko yung text niya.
From: Jessie ko : > (See the improvement? Hindi na KAPRE! Hahaha...)
Di ka pa ba matutulog? Baka mapuyat ka..

Wow! Concerned ang drama nito! ^_^

RE:

Di, maaga pa...

From: Jessie ko : >

Aga? Mag 12 na honey ko. Me pasok pa tayo bukas. Pahinga ka na po?

Eeeeeehhh!!! Nikikilig naman ako!!! xD

RE:

Kaw ba di ka matutulog???

From: Jessie ko : >

May ginagawa pa po ako eh. Mauna ka na matulog.. :)

RE:

Eeeeeeehhh... Gusto ko sabay tayo.. :(

From: Jessie ko : >

Wag na po makulit! Tulog na! Please?

RE:

Ano ba kasi ginagawa mo??

From: Jessie ko : >

Secret... :)))

RE:

Naku! Baka nambababae ka na agad ah!!

From: Jessie ko : >

Agad agad? Patagalin muna natin... :P

AH GANON AH?!!!!!

RE:

>_<

From: Jessie ko : >

Hehe joke lang! Lam mo naman na ikaw lang luv ko di ba? :)

RE:

Sows! Sige na nga. Good night. Mwah.. :*

From: Jessie ko : >

Sige po. Good night. Love you... <3

Sinarado ko na yung cellphone. Grabe kinikilig talaga ko! ^_^

Hindi ko akalaing marunong palang mag-PO at OPO yun. Haha. Kaso medyo ilang pa k
ong
magsabi ng I love you eh. Ewan ko ba. Ang KJ ko naman!! >_<

Natulog ako ng akap si Stitch. Okay na toh, at least parang akap-akap ko na rin
si Jessie.
Hihihi. ^_^

Chapter 42

Luna

WHAAAAAAAAAT?!! KAYO NAAAAA?!!!

Kung makareact naman tong si Steff!
OO NGA! Paulet-ulet??
Hinawakan niya yung noo niya habang nakanganga siya.  OH MY GOD!!!
Tinabig ko yung braso niya.  Ang OA mo naman!
EH PANO SI JUSTIN?!
Tumaas yung kilay ko. Ano ba pinagsasasabi nito?!  HA? Panong si Justin?
DI BA ME GUSTO SIYA SAYO?!!!

Tumingin ako ng diretso sa dinadaanan namin kasi nahiya ako sa tanong niya. Oo, alam kong may gusto siya sakin. Pero... Pero...

Mabait si Justin, oo special din siya sakin... Pero... Si Jessies mahal ko Steff eh,  sabi ko ng

mahinahon.

Baka saktan ka lang ulit nung ipis na yun sis!
Ewan ko. Maaari. Hindi naman mawawala sa isang relasyon yun eh, di ba?

HUUWAAAAAAAHHH!!!  Napalayo pa sakin si Steff.  Sang lupalop mo tinago yung best friend ko?!

Natawa ko sa ginawa niya. Siguro nagbago na nga ako. Mas lumawak yung pananaw ko

sa mga bagay-bagay. Mas naintindihan ko kung ano ba yung ibig sabihin ng pagmama
hal.

At si Jessie yung nagturo sakin ng lahat ng yon...

Pagdating namin sa school agad kaming pumunta ng classroom. At pagkapasok na
pagkapasok namin dun, nakita ko kaagad si Jessie. Tumingin siya sa may pintuan a
t nakita
ko. Ngumiti siya sakin.

Pumunta na ko sa tabi niya para maupo. Napansin kong biglang tumahimik yung buon
g
klase. Napatingin ako sa kanila at nakita kong nakatingin din silang lahat samin
. Waaahhh!
Ano na naman bang meron?! o_o

Good morning honey ko,  sabi sakin ni Jessie.

Biglang nagtawanan ng mahina yung mga kaklase ko. Hala! Nakakahiya!!!

Good morning...  Inilapit ko yung bibig ko sa tenga niya.  Pwede bang wag mo nga
akong tawaging honey ko!  bulong ko sa kanya.

Bakit? Ang cute naman ah?

Ang baduy kaya!

Tsk. Okay lang yon. Di ba corny din naman yung love ko para sayo? E di sulitin na
natin!
Haha!

Itinulak ko yung mukha niya kasi naasar ako sa itsura niyang MAPANLIBAK!!! >_<

AYIIEEE! Ang sweet naman!

Ang aga-aga may langgam na agad sa pwesto niyo oh!

Ang cute niyong tingnan! Bagay kayo!

Sabay-sabay na sabi ng mga kaklase ko. Namula na naman yung mukha ko. Nagulat ak
o
ng akbayan pa ko ni Jessie. Lalo tuloy lumakas yung sigawan ng mga kaklase ko!

Ano ba toh?! Ba t mas kinikilig pa sila sakin?! Hay, yung mga loko talaga na yun!!

Hatid na kita mamaya sa inyo? tanong niya.

Napatingin ako sa kanya. Wag na! Kasabay ko naman si Steff eh...

Inalis niya yung akbay niya tapos dumukdok dun sa table. Haha! Nakakatuwa naman
toh.
Dumukdok din ako pero ibinaling niya yung mukha niya sa kabila. Nangiti ako at l
umapit pa
ng konti.

Ay tampo siya? sabi ko.

Hindi siya sumasagot. Sinundot ko siya ng daliri sa likod. Sorry na.

SHH! Wag kang maingay! Natutulog ako!

Itinaas ko na yung ulo ko tapos ngumuso. Nagtatawanan yung mga kaklase ko. Aya!
Nakalimutan kong may audience nga pala kami!

*blush*

Bumukas yung pintuan at pumasok na yung teacher namin. Syempre yung mga kaklase ko parang mga bubuyog na nagsiupuan. Ang bibilis!

Good morning class,  sabi ni Ma am Terrano;
Good morning Ma am,  sabay-sabay naming salita.
Pamaya-maya, bumangon na din si Jessie.

Di ba tulog ka?!  sabi ko;
Eh ngayon gising na ko.  Tapos dinilaan pa niya ko. Aist! Nakakaasar naman siya! >_ <
Ba t ba kasi nagpuyat ka??
Secret nga di ba.
Eeeeeehhh!
Shh.  Tinuro niya si Ma am Terrano;

(-3-) <------ako

Nagsalita si Ma am Terrano sa harapan.  After the School Fest, lagi namang sumusunod yung Thanks Giving Program natin. Next month na yon kaya hangga t maaga ay sinasab i ko na agad sa inyo para makapag-prepare kayo. Ang nakaasign sa fourth year level ng ayon ay....

May kinuha siyang papel sa bag niya. Inayos niya yung salamin niya para basahin kung ano man yung nakasulat dun sa papel.

Sleeping Beauty.

Nagbulung-bulungan yung mga kaklase ko.  SILENCE!  Tinap ni Ma am Terrano yung table.

Pipili ako sa inyo ngayon kung sino yung pwedeng gumanap bilang Prince Charming...

Ginalugad ni Ma am yung buong room. Nagulat ako ng biglang tumama yung tingin niya

dito sa direksyon ko.  How about you Mr. Wright?

Nagsilingunan yung mga kaklase ko. Napatingin din ako sa kanya pero halatang gulat

yung expression niya.  Ako po Ma am?  tanong niya.
Ngumiti si Mrs. Terrano at tumango.  Yes, Mr. Wright. Can you do it?
Kaya mo yan Jessie!
Bagay naman sayo eh!
Sige na tanggapin mo na!

Tumingin siya sakin na parang humihingi ng pahintulot. Ngumiti lang ako sa kanya at

sinabing,  Ikaw. Bahala ka...
Ngumiti din siya at tumingin na kay Mrs. Terrano.  Sure ma am. I ll do it.

Nagpalakpakan yung mga kaklase ko. Actually pumalakpak din ako eh. Nakakatuwa naman! Makikita kong umarte yung prince charming ko bilang isang prince charming din sa stage. Hihi. ^_^

Eh ma am, pano po si Sleeping Beauty?  tanong nung isa kong classmate.

SI LUNA NALANG PO!  sigaw ni Steff.

Bigla akong nahiya sa kinauupuan ko. AHAY STEFF! Nakakahiya ka naman!!! >_<

Tumaas yung kilay ni Mrs. Terrano.  Ms. Reyes? I m sorry pero hindi siya yung gagana
p
eh.

Ha? Eh sino po?  tanong ni Steff.

Si Ms. Vernon from 4-2.

Nagtinginan lahat sakin. At ako mismo sa sarili ko hindi ko mapigilang sumikip y
ung
dibdib eh. Bakit siya pa?! Marami namang iba dyan ah?! Bakit kailangang siya pa.
..

Naramdaman ko yung kamay ni Jessie na hinawakan yung kamay ko. Tumingin ako sa
kanya. Tinitigan niya rin ako sa mga mata. Parang may gusto siyang sabihin. Pero
ngumiti
nalang ako sa kanya.

Okay lang.  Yun na lang yung nasabi ko sa kanya, kahit na parang sumakit yung puso
ko.

It s only a play right? Umaarte lang naman sila dun eh kaya walang dapat ikabahala
. Saka
sabi naman ni Jessie sakin na ako lang daw yung mahal niya. At walang iba...

So syempre ako naman, hindi ko naman pwedeng hawakan sa leeg si Jessie eh. Kahit
na
gusto kong magback-out siya, ayoko pa rin na ipagkait sa kanya yung gusto niya.
Kailangan
lagi ko siyang suportado sa mga gusto niya.

Hindi ako dapat magpadala sa nararamdaman ko. Dapat maging reasonable ako. Dapat

maintindihan ko siya. Dapat lagi lang akong nasa tabi niya kahit nasasaktan ako.
..

Bakit??

Kasi mahal na mahal ko siya...

Chapter 43
Luna

Halika na honey ko! Hatid na kita!
Inakbayan ako ni Jessie.  Ba t mukhang excited ka?  tanong ko.
Eh ito ata yung first time na ihahatid kita ng buong pagmamahal eh.  Tapos ngumiti siya.
Eeeeehhhh! Nikikilig na naman aku!!! >///<
Ang corny mo talaga!  yun nalang nasabi ko.
Tsk ayan ka na naman... Halikan kita dyan eh!
Che!  Tinangka kong alisin yung braso niya pero hinigpitan pa niya yung pagkakaakbay.

Oh aalis pa eh! Sige ka pag inalis mo yung braso ko, lalakad tayo ng magkaakap!

Hala! Ayoko naman ng ganun!!! Kaya pinabayaan ko nalang siyang nakaakbay sakin. Nagtitinginan yung mga estudyante habang naglalakad kami sa corridor. Medyo napapayuko pa nga ako kasi nahihiya ako.

Si Jessie naman taas noo tapos nakangiti pa! Relax na relax ata tong lokong toh?

Paglabas namin ng building, nakita ko sina Justin na nakaupo dun sa bench. Naggi gitara
si Kevin habang nagkakantahan sila ni Rio. Si Justin naman nakaupo at nakangiti lang.

Nung nabaling sakin yung tingin ni Justin, nginitian ko siya. Pero nagulat ako n g biglang
nawal yung ngiti niya. Hanggang sa makalabas kami ng gate ni Jessie, ramdam ko p a rin
yung bigat ng titig sakin ni Justin.

*Justin s POV*

Sige na Kebs! paki-usap ko.
Eeehh! Me lakad kami ni Steff ngayon!!!
Tinabihan ko siya sa bench at kinuha yung gitara. Oy oy oy!!! Wag mong ibabagsak

yan!!!
Eh tulungan mo muna ko, sabi ko.
Eh hindi nga pwede sabi! Inabot niya yung gitara pero inilayo ko pang lalo yun.

Sige na naman kasi Kebs! Ngayon lang ulit ako hihingi ng tulong sayo!

Nagbuntong hininga siya at sumandal sa bench. HAY SIGE NA NGA!!! Kasi naman eh!

Talaga? masaya kong tanong;
Oo na! Gitara ko?

Ibinigay ko yung gitara niya at inakap pa talaga! Haha! Ayaw pakuha ulit..:D

Ano ba kasi kakantahin mo? tanong niya;
Di ko nga alam eh. Ano ba gustong kanta ni Luna?

Naramdaman ko na parang biglang may umupo sa tabi ko. Napalingon ako at kitang-k ita

ko yung pagkagulat sa mukha ni Rio. Haharanahin mo si Luna??!!
Ngumiti ako. Oo eh, ngayong gabi. Plano ko na din sanang tanungin kung pwede siya ng

maging girlfriend ko.
AYIE!!! Ginulo ni Rio yung buhok ko.
ANO BA RIO!! Sinubukan ko ulit ayusin yung buhok ko.
Binata na si Justin! In love na eh!!!

Naku! Haha. Gusto mo bang sumama?
Oo naman! agad naman niyang sagot.
Ang problema wala akong alam na magandang kantahin. Kinamot ko yung ulo ko. Hay

ang hirap naman nito! Saka mas nakakakaba pa kesa pag nagpeperform ako! Feeling ko
kasi rejected ako eh.. Haaaayyy...

Kahit ano naman eh! Basta galing dito... Sinuntok ni Rio ng mahina yung dibdib ko.

Deh sige pakantahin mo siya ng Twinkle Twinkle Little Star tapos sabihin mo kay L una

na galing sa kaibuturan ng puso niya yon! Ano ka ba naman Rio!!! Wala ka rin sig urong

maisip noh?! sabi ni Kevin.

Tumayo si Rio at iwinagayway yung daliri niya sa mukha ni Kevin. HOY KEVIN PERILLO!!! Madami kong alam na love songs noh! Wag mo kong itulad sayo na puro s enti

ang alam!
Tinabig ni Kevin yung daliri ni Rio. HOY KA RIN Rio Lee! Hindi na ko senti noh! M e Steff

na kaya ako! Inlababo na kasi koh, eh ikaw?!
Nako iiwan ka rin ni Steff makita moh!
Excuse me hindi noh, gwapo ko na toh?!
Okay uwian na! sigaw ni Rio.
Natawa ko. Ano ba kayo! Ba t ba napunta sa inyo yung usapan? Ako ho yung

namomroblema dito noh!
Eh itong si Ebs eh!
Hoy wag mo kong tatawaging Ebs!
Dumila si Rio. EBAK!

Natawa tuloy akong lalo. Hinabol ni Kevin si Rio. Inipit pa nga ni Kebs si Rio s
a kilikili
niya tapos tumalon talon eh! HAHA! Papatayin na ata ni Kebs toh eh!

Hoy tama na nga yan!  sigaw ko. Ang sakit na ng tiyan ko sa kakatawa! xD

HAHAHA!!! O sige na sige na!! Sorry na! Time-out!  sabi ni Rio habang humihingal.

Tumino ka kasi!  sabi ni Kevin habang nakangiti. Umupo na ulit sila sa bench. Kinuh
a na
ulit ni Kevin yung gitara.

Oh pano na?  tanong niya.

Ano kaya kung Harana?  suggestion ni Rio.

Nag-isip muna kami ni Kevin.  Pwede na din,  sabi ko.  Pero medyo nakalimutan ko na

ata yung tono nun eh.

Naku, madali lang yan! Sige Kebs, ibanat mo!

Ngumiti si Kevin at tinap yung gitara niya ng tatlong beses bago tuluyang magstr
um.

Tapos biglang kumanta si Rio ng Harana.

*Singing*

Uso pa ba ang harana?
Marahil ikaw ay nagtataka
Sino ba 'tong mukhang gago?
Nagkandarapa sa pagkanta
At nasisintunado sa kaba

Meron pang dalang mga rosas suot nama'y
Maong na kupas
At nariyan pa ang barkada
Nakaporma naka barong sa awiting daig pa minus one at sing along

Puno ang langit ng bituin
At kay lamig pa ng hangin
Sa'yong tingin akoy nababaliw giliw
At sa awitin kong ito
Sana'y maibigan mo
Ibubuhos ko ang buong puso ko
Sa isang munting harana para sayo

Tuloy pa din sa pagkanta sina Rio at Kevin. Hmmm... Mukhang pwede nga tong kanta ng
toh. Parang lipos din ng damdamin eh. ^_^
Huminga ko at tumingin dun sa mga nagsisilabas na mga estudyante sa building...

*Lub dub lub dub*

Nakita ko si Lunang lumabas na kasama si Jessie. Nakaakbay pa si Jess sa kanya. Napanganga ko at parang sumikip yung dibdib ko. Nang makita ako ni Luna, ngumiti siya.

Parang dinudurog yung puso ko sa nakikita ko ngayon. Hindi ko alam kung san ko ibabaling yung nararamdaman ko sa sobrang sakit. Sila na ba? Nagtapat na ba sila sa isa t
isa? Huli na ba ko? Wala na bang pag-asa?

Tiningnan ko sila hanggang sa makalabas sila sa gate. Hindi ko inalis yung tingi
n ko kay
Luna hanggang sa maglaho siya sa paningin ko...

Pero mukha namang masaya sila eh. Sila naman talaga yung may gusto sa isa t isa da
ti
pa. Hindi ba t tama lang naman yun? Dapat lang namang masuklian yung pagtitinginan
 nila
sa isa t isa di ba?

Pero... Pero...

Pero pano naman ako? Ang sakit eh... Ang sakit-sakit... Hindi pa naman ako nag-u
umpisa,
parang naglaho nang bigla yung pag-asa ko...

At nung makalabas na silang dalawa, parang unti-unti na ring bumuhos yung sakit
na
nararamdaman ko... Hindi ko na rin napansin na nangingilid na pala yung luha ko.
..

*Luna s POV*

Pagkalabas namin ng gate ni Jessie, inalis na niya yung pagkakaakbay niya sakin.

Natingin ako sa kanya pero wala akong sinabi.

Ngumiti siya.  Uy ayaw niya kong bumitaw...

*blush*

 Hindi ah! Tss. Dyan ka na nga!  Lumakad na ko paalis. Naiinis ako eh! Pero hindi ko

alam kung bakit. Hala! Nababaliw na nga ako! O_O

 Uy teka lang!  Hinabol niya ko lumakad sa tabi ko.

Ilang minuto na din kaming naglalakad pero hindi ko pa rin siya kinikibo. Natata
naw ko
na nga yung apartment namin eh. Haaay, ano ba kasi yung ipinuputok ng butse ko?!
!

Hindi mo pa rin ba ko kikibuin? Malapit na tayo oh,  sabi niya.

*no response*

Ba t ba kasi nagagalit ka?

Ewan ko nga Jessie eh. Ewan ko...

Nung nandun na kami sa harap ng gate, tumayo lang kami dun. Ayoko pang pumasok, ayoko pang iwan si Jessie. Gusto ko pa siyang makasama kahit limang minuto pa...

Di ka pa ba papasok?  tanong niya;
Umiling ako.  Ayoko pa...
Tss.  Pumunta siya sa likod ko at hinawakan ako sa magkabilang balikat.  Sige na

pumasok ka na. Hindi ka pa ba napapagod?
Umiling ulit ako.  Wag ka munang umalis...

Nagulat ako ng bigla nalang niya kong akapin mula sa likod. Hinalikan niya yung tuktok ng ulo ko.  Ano ka ba naman. Lagi lang akong nasa tabi mo di ba? Isipin mo nalang na ako si Stitch para lagi mo kong naaalala...

Tumalikod ako at umakap din sa kanya. Mukhang nagulat pa siya sa ginawa ko kasi medyo napabitaw siya. Grabe ang sarap ng ganito. Hindi ko akalain na dadating yu ng oras na maakap ko si Jessie...

Sana huminto nalang yung oras...

Sana lagi kaming ganito...

Jessie?

Hmm?

Wag mo nang masyadong papansinin si Sarah sa practice niyo ah?

Ah kaya naman pala kanina ka pa wala sa mood eh...

Siguro nga dahil din dun kaya ako naiinis. Medyo nadisappoint ako nung inalis ni Jessie pagkakaakbay niya sakin, pero mukhang mas iniinda ko yung pagiging magka-partner nila sa play eh.

Inakap ko nalang siya ng mahigpit. Basta! Wag mo na siyang papansinin ah...

Inalis niya yung pagkakaakap namin at may kinuha sa bulsa niya. Kinuha niya yung

kamay ko at may kinabit na bracelet.

Ayan, sabi niya nung matapos niyang ibuhol yung magkabilang dulo ng bracelet. Itinaas niya yung braso niya para ipakita sakin yung kaparehong bracelet na suot niya.

Pink yung akin tapos yung sa kanya naman color blue. Tiningnan ko yung design nung bracelet na binigay niya. Tumaas yung kilay ko at nagtaka. Bakit nasa gilid yung design? Ano bang shape toh? Pati kasi yung sa kanya ganun pero nasa kabilang gawi yung design.

Ay, mukha namang ewan yung honey ko...

He crossed his arms with mine at hinawakan yung kamay ko. Nung nagdikit yung bracelet namin, nakita ko na kung anong shape yun.

Nangiti ako kasi yung shape na nabuo ay heart. Nakita niya siguro na nasayahan a ko kasi
ngumiti din siya.

Ayan... As long as we hold hands, lalong titindi yung pagmamahal natin para sa is a t isa.
Pero kapag naghiwalay na yung kamay natin... Tapos binitawan niya yung kamay ko. L agi
nating mararamdaman na parang may kulang, na para bang hindi buo yung pagkatao n atin.
Kaya wag kang mag-alala kasi hinding-hindi ko na babalikan si Sarah, kasi hindi ko naman
siya minahal in the first place. Saka alam mo rin naman na ikaw lang yung mahal ko at wala
nang iba.

Eh bakit nung truth or dare, sabi mo mahal mo siya?

May dahilan ako nun kaya ko sinabi yun. Wag mo nang pansinin yun kasi hindi naman

totoo yun!

Naku pinagseselos mo lang ako eh! asar ko sa kanya.

Haha. Pwede na rin...

Ang lakas na naman ng tibok ng puso ko. Ang sarap pakinggan nung mga sinabi niya .
Parang kahit yun nalang yung ipakain sakin hinding hindi na ko muli pang magugut om.

Inakap ko siya ng mahigpit. Ako lang talaga ah? Kundi patay ka sakin...

Oo naman. Pag hindi ako tumupad ako na mismo papatay sa sarili ko...

Umalis ako sa pagkakayakap kasi nabigla ako sa sinabi niya. Yay! Wag naman ganun!

Masama yun eh!

Oo nga! Kasi kapag nawala ka parang nawala na din yung buhay ko,  seryoso niyang

sabi.

Eeeehh!! Kilig naman kasi eh!!! xD
Ang corny mo talaga!  matawa-tawa kong sabi.
Aminin mo na kase! Yung ka-cornihan ko na toh yung minahal mo eh!
Hindi ah! Ayoko ng baduy!
Sus eh ba t mahal mo ko?
Eeeehhh... Wala ka na dun!  Montik pa kong maubusan ng dahilan ah! Whew! Hahaha.;
Ngumiti siya at kiniss ako sa noo. Pinindot din niya yung tip ng ilong ko.  Ang ku
let

talaga ng honey ko. Pumasok ka na nga. Magpahinga ka na...
Ngumiti ako at binuksan na yung gate.  Di ka pa ba uuwi?
Hintayin muna kitang makapasok...
Ay, ang sweet naman. Gusto talagang makasigurado na safe ako... *^_^*
Hindi ko na napigilan. Lumakad ako palabas ng gate at hinalikan siya sa pisngi.
Nung

tumingin ako sa mga mata niya, parang nagulat siya. Ngumiti nalang ako sa kanya.
Good
night.

He smiled.  Good night.

Tapos pumasok na ko ng apartment. Naghintay muna ko ng ilang sandali dun, nakasa ndal
ako sa may pintuan. Hinawakan ko yung dibdib ko.

Grabe, ang saya-saya ko! Wala na kong mapagsidlan ng tuwa!
Nung tumingin ako sa bintana, wala na siya sa labas. Ngumiti ako at sinabi ng ma hina....
Mag-ingat ka sa pag-uwi Jessie... I love you... Tapos ibinaba ko na yung kurtina.

Chapter 44
Justin

Pag-uwi ko ng bahay, tumuloy nalang agad ako sa kwarto. Humiga ako sa kama at ipinatong yung braso ko sa may mata ko.

*sigh*

Ano na? Hahayaan ko nalang ba sina Luna? Eh sila naman talaga yung dapat di ba? Sila

yung may gusto talaga sa isa t isa...

*krrriiiing krrriiiing krrrriiiiing*

Bumangon ako at kinuha yung cellphone sa backpack ko.

Calling...

0916539****

Sino ba toh? Ba t unregistered yung number? Hindi ko naman basta pinamimigay yung

number ko kung kani-kanino ah...
*toot*

Itinapat ko sa tenga yung cellphone.

Hello?

Hi Justin...

Tiningnan ko yung cellphone ko sandali. Babae? Sino ba toh?

Uhm. Sino toh?  tanong ko.

This is Sarah...

Si Sarah? Kaya pala maarte yung boses eh. Pero bakit naman tatawag sakin si Sara
h?

San mo nakuha number ko...

It s a secret...

Ano ba talaga pakay mo?

I ll tell you personally. Meet me at my resto. Ngayon na. It has something to do ab
out
you and Luna..  Tapos binaba na niya.

Natigilan ako sa kinatatayuan ko. Pano niya nalaman yung tungkol dun? Pupunta ba ko?
Baka naman pinaglalaruan lang niya ko? Pero sabi niya may kinalaman kay Luna eh. ..

Ipinamulsa ko na agad yung cellphone ko at pumunta dun sa resto nila. Alam ko yung
itsura nun kasi ilang beses na din akong nakakain dun kasama sina Kebs. Pinagbuksan ako
ng pintuan ng waiter at pinaupo sa isang two-person table.

Umorder nalang ako ng juice kasi mukha namang hindi kami magtatagal. After fifteen
minutes, dumating na din si Sarah. Naka-school uniform pa rin siya at mukhang kauuwi
palang galing school.

Ngumiti siya sakin nung makita niya ko. Umupo siya sa harapan ko. Hi cutie...
Ano ba yung sasabihin mo? tanong ko agad;
Hindi ka naman nagmamadali noh?
Sige na Sarah, may gagawin pa ko...
Nagbuntung-hininga siya at inilagay yung baba sa kamay. Okay. Like what I ve said, it

has something to do with you and Luna...
San mo ba nalaman yun?
Baka nakakalimutan mo Justin... Nasa school paper ako at marami kong sources...
Eh ano nga ba yung gusto mong sabihin tungkol samin?

Tinitigan niya ko ng seryoso.  I know na may gusto ka sa kanya. At alam mo din na may
gusto ko kay Jessie. Then recently lang, naging sila ni Luna...

Paarang kumirot yung puso ko nung sinabi niya yon.  Ano gusto mong mangyari?
Ngumiti siya sakin with one-sided smile. Parang ayoko ng ngiti niya na yun ah. P arang

laging may kakambal na hindi magandang pangyayari.  It s simple. We both get what we

want...

Tumaas yung kilay ko.  Are you suggesting that we split them up?

Mas lumaki yung ngiti niya.  Yes.

Tumayo ako.  I m sorry pero wag mo kong isali dyan sa balak mo. Aalis na ko.

Wait!  Hinawakan niya ko sa braso. Tumingin ako sa kanya.  Papayag ka nalang ba na
maging sila? Hindi mo man lang ba paglalaban si Luna? Don t you want to try?

Ang importante sakin ay masaya siya. At kung si Jessie yung makapagbibigay sa kan ya
nun, handa akong magparaya...

Tumayo na rin siya pero hawak pa rin niya yung braso ko.  You don t know what you re
saying Justin,  sabi niya.  Wag kang maging tanga. Sarili mo lang yang niloloko mo. Why
don t you try? Think about it...

Inalis ko yung braso ko at lumakad na paalis. Pero narinig ko pa rin yung sigaw niya
mula dun sa pintuan ng resto nila.

Wag kang magbulag-bulagan Justin!!! Just call me kung nagbago na isip mo!!!

*Luna s POV*

MALI!!! sigaw ko.
Nagkamot ng ulo si Jessie. San na naman ba?
Dapat You re my queen, my dear Sleeping Beauty at hindi you re my princess, my dear

Sleeping Beauty ! Kanina pa yun ah! Pangatlong ulit na toh!

Eh ganun din yun eh!

Hindi! Yun yung nasa script kaya yun sundin mo! Tss! Kinamot ko na din yung ulo ko
.

Ang hirap namang turuan nitong Jessie na toh! Buong umaga na ata kami nagppraktis eh
first page palang!

Haist! Sabado na Sabado eh umiinit ulo ko.. >_<

Ulitin mo nga! sabi ko ng naiinis.

Ahay, inis na naman honey ko oh... Hinawakan niya ng parehong kamay yung pisngi ko
.
Wag ka nang sumibangot! Papanget ka sige!

Eh ang kulit mo eh! Sabi nang queen at hindi princess!

(-3-)

Oh ngumunguso na naman eh! Hinalikan niya yung tip ng ilong ko. Ahay! Ba t ba kailangan lagi niya kong pinapakilig?!!! >///<

Wag nang magalit yung honey ko ah? Aayusin ko na promise...
Pinigilan ko yung ngiti ko. Ehe nakakainis naman yung kilig na toh! Basta ayusin mo na

ah?

Yes ma am! Basta pag nagawa ko ng tama may prize ako ah?

Weh, ano naman yon?

Ngumiti siya sakin. Secret muna...

Naku, tss. Sige na sige na may prize ka na! Dalian mo nalang, gutom na ko eh...

At ayun nga, nagpraktis na ulit siya. Sa AWA NG DIYOS, nagawa na din niya ng maa yos.
Haayy, akala ko maiistock na kami dun forever! >_<

Ayos na ba?
Nag-thumbs up ako sa kanya. Nice.
Agad siyang pumunta sakin at binuhat ako. Thank you honey ko! Thank you thank

you!!!

Waaaahhh Jessie ibaba mo ko!!!

Ibinaba na ko ni Jessie at inakap ng mahigpit. I love you talaga honey ko..

Sus, parang yun lang. Wala yun noh! Ngumiti ako at inakap din siya.

Pano na yung prize ko? tanong niya.

Ano ba gusto mo?
Inalis niya yung pagkakaakap niya at ngumiti sakin. Hala! Ba t parang kinakabahan ako??
Gusto ko ng kiss,  sabi niya.
Biglang tumibok ng malakas yung puso ko at hindi ko mapigilang mamula!  Ano ka

sinuswerte?!
Nyeh, ang daya naman. Yun gusto kong prize eh...
Wooh! Manahimik ka nga!  Itinulak-tulak ko siya palayo.
Naku nakadalawa ka na nga ngayon ka pa mag-iinarte?
Lalo akong namula dun sa sinabi niya.  Jessie naman eh!
Sige na kasi honey ko...  Nanlambing pa yung loko! Oh teka teka bakit ngumunguso to h?!

HALA!!!

JESSIE!!!
Sige na kahit sa cheeks lang!
Tumakbo ko dun sa dulo ng room. Tawa siya ng tawa.  Habulan pala gusto mo ah!

Papatayin kita sa halik pag nahuli kita!

Hinabol niya din ako. HAHA! Ang saya sa feeling! Hindi niya ko mahabol! Amp! Ang bagal
niya! Hahahaha!!!

*blag*

Aray! sigaw ni Jessie.
Napalingon ako. Hala, nabangga ata yung kamay ni Jessie! Nakakaguilty tuloy.. T_
T

Hinawakan ko yung kamay niya at tiningnan yun. Ayos ka lang ba?
Hindi! Ikaw kasi eh nagpahabol pa!
Sorry na... Kiniss ko yung kamay niya. Ayan mawawala na yung sakit... Tapos ngumiti

ako sa kanya.
Masakit pa rin eh!
Ha?
Masakit pa din!
Kiniss ko ulit yun. Okay na?
Medyo. Pero umakyat dito eh... Tinuro niya yung leeg niya.

O_O ...Kumabog bigla yung dibdib ko.

Che! Hindi naman totoo yun eh! sabi ko.

Oo nga! Ba t ba marunong ka pa?! Ikaw nga may kasalanan nito eh!

Hay osige na sige na! Tss.. Kiniss ko siya sa leeg. Ano okay na?
Hindi pa. Biglang nawala yung sakit eh. Pumunta dito. Tapos tinuro niya sa yung li
ps

niya.
*blush*

Binitawan ko na yung kamay niya. Sumusobra ka na Jessie Wright ah! OA nang
masyado!

Aish yung honey ko naman. Kiss mo na kasi para mawala na yung sakit dali...

Inakap niya ulit ako at ngumunguso na naman. Itinutulak ko yung mukha niya haban
g

tumatawa. Haha! Para kang suso dyan!

Kiss na kasi honey ko! Dali na!

O sige na sige na! Kinuha ko yung mukha niya at kiniss siya. Parang peck lang... Oh
ano

okay na?

Umiling siya. Hindi ko man lang nafeel yun. Hindi nawala yung sakit eh...

Hala! Ang lakas ng tibok ng puso ko! Waaahhh!!! Eh pano ba gusto mo? medyo

kinakabahan kong tanong.

Ganito. Kinuha niya yung mukha ko tapos hinalikan ako ng matagal. Nilagay ko yung
kamay ko sa likod ng leeg niya. Diniinan niya yung paghalik niya sakin na halos
lumabas na
sa dibdib ko yung puso ko.

Bigla na namang bumalik sa isipan ko yung first kiss namin sa bahay nila Kevin. Pati
yung second kiss dun sa may horror booth habang nasa dilim...

At ito naman yung pangatlo... Dito sa Music room...

Ipinatong niya yung noo niya sakin. Ramdam ko parin yung bigat ng paghinga namin
g
dalawa. Pamaya-maya, nagsalita siya. I love you Luna. Mahal na mahal kita...

Hinawakan ko siya sa pisngi. Ako din Jessie. Ma

Biglang bumukas yung pinto. Natingin kaming pareho ni Jessie dun sa tatlong taon
g
pumasok sa music room.

Bigla kaming napabitaw na dalawa nung makita namin yung gulat na expression nina

Kevin, Rio at Justin...

Chapter 45
Justin

Napagdesisyunan namin nina Kevin na ituloy yung plano kong panghaharana kay Luna
.
Malay natin magbago yung isip niya. Ayoko naman kasing patulan yung sinusuggest
ni
Sarah eh. Feeling ko kasi may hindi tama dun...

Desperadong desperado yung lover boy natin ah, sabi ni Kevin.

Ang lakas ng tama kay Ms. President eh. Inakbayan ako ni Rio. Sure ka na ba sa kany
a
brad?

Oo naman. Siguradong sigurado na ko, sagot ko.

Papunta kami ngayon sa music room para magpractice. Pagtingin ko sa bilog na bin tana
dun sa may pinto, bigla akong napatigil.

Nabangga pa nga si Kevin sa likuran ko eh.  Aray! Ano bang

 Shet!  sigaw ni Rio.

Namutla ako at grabe yung kirot na nararamdaman ko sa dibdib ko. Pati sina Kevin at
Rio natahimik na din sa magkabilang tabi ko...

Lumunok nalang ako para mai-steady yung sarili ko. Nakita namin sina Luna at Jes sie na
naghahalikan sa loob ng music room.

Napakasakit ng nakikita ko ngayon. Ang hirap tanggapin na para bang tinatanggap ko na
yung kamatayan ko...

Biglang binuksan ni Kevin yung pinto kaya napatingin silang dalawa samin. Bigla silang
naghiwalay at tumingin ng namumutla.

 Ano yun ah?! Kayo na ba?!  malakas na tanong ni Kevin.

Tumingin ako kay Luna pero hindi siya makatingin samin. Para bang nahihiya na na man
siya...

 Oo guys,  sabi ni Jessie.  Kami na.

Tumingin sakin sina Rio at Kevin. Alam ko yung ibig nilang sabihin sakin. Pano k a na?
Akala ko ba mahal mo siya? Ano na gagawin mo?

 Wooh!  huminga ng malalim si Kevin.  Grabe ah, hindi ko ma-carry yung revelation.

Adik! Hindi ka ata masaya para samin?  sabi ni Jessie at inakbayan pa si Luna.

Uy hindi ah! Hindi ko lang akalain na magiging kayo. Para kaya kayong bomba at dinamita pag pinagtatabi! Daig niyo pa nuclear bomb eh!

Tumawa silang lahat, ako naman pinilit nalang na ngumiti...  Ano nga palang ginaga wa
niyo dito? Dumayo pa kayo dito para lang maghalikan ah!  sabi ni Kevin.

Uto hindi ah! Haha. Tinutulungan ako ni Luna na magpractice para sa role ko sa sc hool

play.

Ah haha...

Eh kayo ba?  tanong ni Jessie.

Wala. Balak lang naming mag-jamming session,  sagot ko. Natingin sakin sina Kevin a t
Rio pero hindi sila kumibo. Alam nila na mas nakakabuti na hindi nalang namin sa bihin
kung ano talaga yung ipinunta namin dito.

Ah ganun ba. Sige mauna na kami ni Luna ah?  Hinawakan niya sa kamay si Luna at

hinila nang paalis.

Control yourself Jessie ah?!!!  sigaw ni Kevin sa kanila habang papaalis sila.  Ikaw naman Luna wag kang agad bibigay!!!

Uto! Ano ba yang sinasabi mo?!  Dinagukan ni Rio si Kevin. Ngumuso si Rio sa direks yon
ko.

Ay, sorry pare, bigla nalang lumabas sa bibig ko yun eh,  sabi ni Kevin.

Eh wala ka naman kasing utak eh!  angal naman ni Rio.

Hindi... Ayos lang...  Tumalikod na ko at umakmang aalis.

Oh san ka pupunta?  tanong ni Kevin.

Huminga ko ng malalim at sinubukang mag-isip pero wala talagang pumapasok sa ulo

ko. Pakiramdam ko nakalutang ako sa kawalan ngayon. Ang akala ko talaga may posi bilidad
na magustuhan ako ni Luna kahit gusto niya si Jessie...

Pero mukhang masyado kong umasa kaya nasasaktan ako ng ganito ngayon...

Jhuzt?  tawag ni Rio.

Lumingon ako sa kanila...  Hindi ko alam eh.
*Luna s POV*

Hala nakakahiya naman! Ba t kailangang makita pa nina Justin yun?! Saka feeling ko

nasaktan ko si Justin kasi parang may gusto nga siya sakin di ba? Haist. Nakakag uilty tuloy..
>_<

Ba t tahimik ka?  Magkahawak pa din kami ng kamay ni Jessie habang naglalakad papunta sa mall.  Iniisip mo ba yung tungkol kanina?

Tumango ako.

Tumaas yung kilay niya.  Ba t naman? Natural lang yun kasi tayo na di ba? O baka naman... nag-aalala ka kasi nakita tayo ni Justin?

Napatingin akong bigla sa kanya. Dali-daling lumakas yung tibok ng puso ko na pa ra
bang kinakabahan ako. Nakita ko yung itsura sa mga mata niya. Mukha siyang seryo so...

Ano? Dahil ba don? tanong ulit niya;
Hindi ko alam Jessie...
Binitawan niya yung kamay ko at naglakad ng mabilis. Hinabol ko siya. Oy sandali lang

hintayin mo ko! Pero hindi siya tumigil.
Jessie!

Bigla siyang tumigil pero hindi niya ko tinitingnan. Naglakad kami ng sabay ng h indi man
lang nagkikibuan. Grabe, nafi-feel ko yung bigat ng hangin sa paligid namin ni J essie. Ano
bang problema nito? Ba t sinusumpong na naman ng pagka-abnormal toh ha???

Ng makarating kami sa mall. Agad nalang siyang pumasok sa Jollibee ng hindi man lang
nagtatanong kung gusto ko ba dito. Kumunot tuloy yung noo ko kasi naiinis na din ako sa
kanya.

Umupo siya dun sa may upuan at sumandal. Dun na lang tayo sa McDo? sabi ko;
Ayoko. Gusto ko dito eh.
Tss, naiinis na naman ako! Eh gusto ko nung burger dun eh...
Meron din namang burger dito ah...
Eh ayoko nga po nung burger dito... Ngumiti nalang ako ng makahulugan sa kanya;

Pero hindi niya pinansin yung naaasar kong ngiti. Dali umorder ka na! sabi niya sa kin.

AHAY NAKAKAASAR NAMAN!!! Sabi kasi nitong buset na toh eh wag na kong magdala ng

pera at treat daw niya! Eh hindi ko naman inaasahan na susumpungin ng pagka-abno toh eh!

Kinuha ko yung pera. Ano po ba gusto niyo SENYORITO?

Burger and fries... Tapos tinago na niya yung wallet niya.

Inirapan ko siya at pumunta na dun sa counter. Nung turn ko na, umorder na ko.

Dalawang order nga ng burger and fries.

Ano pong drinks nila ma am? tanong nung babae dun sa cash register.

Tumingin ako kay Jessie at sumigaw. HOY! Ano daw po ba yung gusto niyong drinks?! Natingin siya sa paligid kasi nagtinginan yung mga tao saming dalawa. Sige! Manliit ka sa kahihiyan!!!

Ang ingay mo! Coke lang..
Coke yung isa miss. Yung isa Sprite.
Okay, wait for a moment please. Aalis na sana yung babae ng tawagin ko siya;
Damihan mo yung asin nung isang fries ah? Mahilig kasi sa SOBRANG alat yung

boyfriend ko eh, bulong ko sa kanya.

Ah o-okay ma am.  Ngumiti siya tapos kinuha na yung order namin. Huh!!! Tikman mo ang alat ng galit ko Jessie Wright!

After a few moments...  Thank you for coming ma am please come again!

Kinuha ko yung tray at pumunta na dun sa table namin. Nung umupo ako, ganun pa d in
yung aura niya. Tss! Nagsusungit na naman po ang senyorito...

Kinuha niya yung fries. Nakatingin ako sa kanya habang sumusubo ng burger. Nung isubo niya yung isang fries, kumunot yung noo niya. Kumuha pa ulit siya ng isa p ero niluwa
niya agad yon. HUH!!! Buti nga sayo!!!

Pwe! Ang alat naman!  Uminom agad siya nung Coke niya.

Ako naman prenteng-prente lang sa pagkain.  Hoy!  tawag niya sakin.

Hmm?

Ba t ang alat nitong fries ha?

I shrugged.  Aba malay ko! Ako talaga tanungin?

Tss. Palit tayo.  Tapos pinagpalit niya nga yung fries namin.

Hoy!  angal ko.

Kumuha agad siya nung fries ko.  Akin na nga yan!  Sinubukan kong agawin yung fries

pero itinaas niya yun.

Madaya ka eh! May pinagawa ka dyan sa fries ko alam ko yun!

Tsk!  Tinry ko ulit kunin yun pero hindi ko talaga maabot. Nakakahiya naman kasing maging magaslaw dito kasi nasa public ako. Pero kung walang ibang tao, nako kani na ko pa toh nabatukan!

Ayaw mong ibigay?  banta ko;
Ayoko...
Okay.  Kinuha ko yung burger at drinks ko tapos tumayo ako para umalis. Lumakad ako papaalis dun sa Jollibee. Tsk! Nakakainis talaga! >_<
Pamaya-maya, narinig kong hinahabol niya ko.  Uy!
Tse! Manigas ka diyan! Patuloy lang ako sa pagkain ko kahit naglalakad ako ng nakasibangot.

Huy...

*no response*

Galit ka?

*no response*

Sorry na...

Umupo ako sun sa may fountain. Tuluy-tuloy pa din ako sa pagkain kasi naiinis pa din ako sa kanya.

Uy sorry na kako.  Umupo siya sa tabi ko tinitigan ako habang kumakain.

Sorry mo yang mukha mo!  matabang kong sabi;
Ahay nagagalit na naman yung honey ko...
Ikaw nga diyan eh! Bigla ka nalang nagsungit! Hindi ka man lang nagbibigay ng sig
nal na

susumpungin ka ng kaabnuan mo!

Eh nainis ako dun sa sinabi mo eh!  sabi niya.

Saan ba?! San ka na naman nainis?!

Dun nga sa sinabi mo! Hindi mo kasi alam kung si Justin ba yung dahilan kung baki
t

natahimik ka kanina eh! Alam mo bang para mo na ding sinabing you care for him?!
Iniwas
niya yung tingin niya sakin at sumibangot.

Ahe ano na naman ba drama nito?

Parang dun lang nagalit ka?  tanong ko.

Ba t naman hindi ako magagalit?! Nakakainis eh! Basta naiinis ako!

>_< <-------Jessie
O_O? <-------Ako

Lumapit ako sa kanya. Nangingiti ako sa expression niya! Haha!  Selos ka ba?

Hindi ah!  Tapos lumayo siya sakin. Haha! Gumaganon??

Lumapit ulit ako sa kanya.  Selos ka eh!
Hindi nga sabi!!! Kulet!

(-3-)

Tss. Bati na tayo ha?  sabi ko.
Batiin mo sarili mo!  masungit niyang sabi.
Ehe ba t kaya gumaganun? Bati na kasi tayo?  Inakap ko yung braso niya at sinadal yun
g

ulo ko sa balikat niya.  Wag ka nang magalit please?
Nagbuntung-hininga siya.  Hay sige na nga! Kung hindi lang kita mahal eh...
SUS! Sa loob-loob ko. Haha!
Ayun bati na kami!  Ngumiti ako at inakap yung braso niya ng mas mahigpit.
Kiss muna.  Humarap siya sakin tapos ngumuso.
Inilayo ko yung mukha niya.  Hoy nakakarami ka na ha!
Naku kung alam ko lang eh nag-eenjoy ka eh! Haha!

Hinampas ko siya sa balikat.  You wish! Ang baho nga nang hininga mo eh!

Nako deh pano pa yung sayo!
Hinampas ko siya ng hinampas. Heh! Nakakainis ka!!! Tumawa siya ng tumawa;

Actually ako man eh nakangiti. Hihi.. ^_^
O nga pala, sabi niya. Uuwi na sina Mommy at Daddy galing America. Balak ko sanang ipakilala ka sa kanila...
Natigilan ako. Ha?
Wag kang kabahan! Nasa tabi mo naman ako eh... Kinurot niya yung pisngi ko.

Ipapakilala na niya ko sa parents niya? HALA anong gagawin ko?! Nakakakaba naman!
>_<
Pero kapag pinakilala niya ko deh ibig sabihin magiging official na kami? As in OFFICIALLY and LEGALLY and PUBLICLY in love?? Haha! San ko ba nakuha yun??? xD

Huminga ko. Sige, kelan ba uwi ng parents mo?
Hmm.. next month pa ata eh...
Ganun ba... Tumingin ako sa kanya. Kung ganun mas mauuna pala ko sayo..
Tumaas yung kilay niya. Anong mas mauuna ka?
Kiniss ko siya cheek tapos ngumiti. Ipapakilala na kita sa pamilya ko bilang boyfriend ko.

Chapter 46
(Pagpapakilala ni Jessie)

Jessie

SUNDAY MORNING.

Inaya kong mag-date ngayon si Luna. Sa totoo lang excited na ko eh kasi ito yung

magiging first date namin. Madami na din akong pinlano para sa kanya. ^_^

Kaso bago ko maranasan yung saya na yun, dadaan muna ko sa MAPANURING mata ng mama niya. Haist! Grabe kinakabahan ako! Pano nalang kung hindi ako pumasa sa ka nya?
Pano kung hindi niya ko magustuhan?

>_<

To: Honey ko (-3-) (Oh di ba naka-nguso? Para lagi ko siyang naaalala hahahaha)
Andito na ko sa labas...

RE:
Ok. Wag kang kakabahan ah?

Huminga ko ng malalim bago mag-doorbell...

*ding dong*

Pamaya-maya, may nagbukas ng pintuan.

Oh Jessie! sigaw ni Steff at binuksan yung gate. Anong ginagawa mo dito??
Uhmm...
Uy. Tumingin kaming dalawa kay Luna. Nagpabalik-balik yung tingin ni Steff saming dalawa. Alam na kaya nito yung tungkol samin ni Luna?
Kinuha ni Luna yung kamay ko at pumasok na kami sa loob. Teka lang naman! bulong ko sa kanya.

Sus kinakabahan ka lang eh!
Hindi ah! Sinong kinakabahan?!
Deh ikaw!
Anak? Lumabas sa mula sa kitchen yung Mama niya. Mukhang may ginagawa dun kasi nagpupunas ng kamay at nakasuot ng apron.
Naramdaman ko yung kurot ni Luna sa may likod ko. Nung tumingin ako sa kanya, nakangiti siya sa Mama niya. Ano? mahinang tanong ko.
Bumati ka, nakangiti pa rin niyang sabi.
Ay oo nga pala... Nag-bow ako sa mama niya. Good morning po. Ako nga po pala si Jessie Wright.

*hinga*

Ah... Inalis nung mama niya yung apron. Kaibigan ka ng anak ko?

Wooohh! Heto na tayo!!! >_<

Hindi Ma, boy friend ko siya.

Mukhang gulat na gulat yung mama ni Luna. Kasi naman eh! Ang hirap naman nito!!

Ate he s your boyfriend?

May bumababa na bata mula sa hagdan. Kapatid siguro niya yun. Inakay siya ni Lun
a

papunta samin. Yes, Teena. Do you like him ba?

Tumingin siya sakin at nginitian ko siya. Hi. Your name s Teena right?

Ngumiti siya sakin at tumango. Yes, kuya. Nice to meet you. You look handsome nam
an

pala...

Lalo akong nangiti sa sinabi niya. Buti pa tong bata napakalinaw ng mata! Di gay
a nung
ate niya nung first time naming nagkakilala! Hahaha!

A-Ah sige maupo muna kayo dyan sa sofa anak. Maghahanda lang ako ng maiinom...
Pumunta sa kitchen yung mama ni Luna. Inakay ako ni Luna papunta dun sa sofa.

Umupo si Steff at Teena sa sofa. Ngumiti si Steff samin habang nakahalukipkip yu
ng
braso. Kayo ah. Nagmamadali kayong masyado! Pinakilala na agad sa magulang! Ba t hi
ndi
muna kayo nagtago para exciting! So alam na nga pala ni Steff. Hahaha buti naman
para
wala nang violent reactions.. x)

Berat! Anong tago-tago sinasabi mo dyan?! matawa tawang sabi ni Luna.

Nagtinginan nalang kami ni Luna at nangiti. Pamaya-maya, lumabas na sa kitchen yung mama niya na may dalang tray. Umupo siya sa harap namin, katabi nina Steff at Teena. Ibinaba niya yung mga baso na may lamang juice.

Pagpasensyahan mo na iho yung naihanda ko ah, hindi naman kasi sinabi nitong si Luna na dadating ka eh, sabi niya.

Ay naku okay lang po. Nag-abala pa po kayo, sabi ko nalang.

Kabait naman palang bata nito. Jessie name mo di ba?

Opo.

Natutuwa naman ako at nakahanap si Luna ng isang mabait at guwapong lalaking gaya mo...

Napakamot nalang ako sa ulo. Nakakahiya eh haha. Pero naramdaman ko yung hampas ni Luna sa balikat ko. Nagpabola ka naman! sabi niya.

Tss. Pinupuri na nga ako ng mama mo eh ayaw mo pa!

Natawa silang lahat. Nakakatuwa naman kayo, sabi nung mama niya. Basta Jessie ingatan mo si Luna ah. At ikaw naman anak, wag magiging pabigat dito kay Jessie ah?

Weh, siya nga pabigat mama eh..

Naku, ako raw... Ngumiti kaming pareho.

Natutuwa talaga ko. Ito kasi yung first time na nagpakilala ng lalaki sakin si Lu
na eh.

Natingin ako kay Luna pero umiwas siya ng tingin. Nangiti ako. Kung ganun ako ta
laga
yung first boyfriend niya! Wow swerte ko naman! ^_^

Wag po kayong mag-alala, ako pong bahala sa kanya, sabi ko sa mama niya.

Ngumiti siya. Thank you Jessie... San nga pala punta niyo? Mukhang pareho kayong nakabihis ah??

Ah, eh, gusto ko po sanang ilabas si Luna ngayon. Saka gusto ko na rin pong ipagp
aalam
sa inyo yun... Kung okay lang po sa inyo...

Tumango yung yung mama niya habang nakangiti. Sige, papayagan ko kayo anak, may tiwala naman ako sa inyo eh...

Nangiti kaming pareho ni Luna. Aba, tinawag akong anak nung mama niya! Grabe approved ako!!! Yes!!! ^_^

Thank you po tita, sabi ko;
Mama nalang itawag mo sakin...
Ngumiti ako at yumuko. Thank you po... Mama.
Basta mga anak tandaan niyo, bata pa kayo, kaya hanggang cheeks lang yung kiss ah
?

Medyo napakislot si Steff dun sa upuan niya. Ako naman napalunok tapos si Luna p
arang
medyo namutla. Waaahh!! Pano na?? Kasi naman eh!!! Kinakabahan ako! >_<

Umakap sa braso ko si Luna at tumayo kaming pareho.  Sige Ma, mauna na kami,  sabi

niya. Whew, buti nalang at iniba ni Luna yung usapan.
Ah sige mga anak, mag-ingat kayo ah! Wag kayong masyadong papagabi!
Yes Ma,  sabi ni Luna.
Opo Ma,  sabi ko naman.

Nung naglalakad na kami sa labas ni Luna, hinawakan ko yung kamay niya. Ramdam k
o
yung tuwa naming pareho.

Hanggang cheeks lang daw yung kiss!  paalala ni Luna;
Eeeeehhh...
Tumawa siya.  Gaya-gaya naman sa pag-eeeehhh toh! Buti nga t pumasa ka kay Mama

eh!
Syempre naman! Wala pa kayang tumatanggi sa kaguwapuhan ko noh!
Naku lumobo na naman kasi yang ulo mo!
Weh? Alam ko namang nabihag ka kaagad sa kakisigan ko eh, ayaw mo lang ipahalata,

tukso ko sa kanya.

Sinuntok niya ng mahina yung braso ko.  Oy hindi ah! Kapal mo!

Sus! Deny pa honey ko! Halika na nga!  Inakbayan ko siya at inilapit sakin. Naramdaman

ko rin yung kamay niya sa likod ko.

Ang sarap sa feeling. Magkasama kami ngayong araw ng kaming dalawa lang. Pag-aari
namin yung buong oras na magkasama kami. Parang magiging langit yung araw ko nga yon,
kasi katabi ko yung angel ko... :)

At higit sa lahat, hindi na namin kailangang mag-alala at itago pa yung tungkol samin sa
pamilya niya. ^_^

Chapter 46.2
Luna

Pumunta kami ni Jessie sa mall. Ito yung first date namin kaya excited na excited ako!
Nag-ayos pa ko ng konti para naman walang masabi tong suplado na toh noh. Hahaha! Saka

sabi pa niya siya daw bahala sakin ngayong araw kaya, well, let s see nalang kung ano yung

mga pakulo niya... ;D

Umakyat kami sa third floor para manuod ng sine.

Ito ticket natin oh.  Inabot sakin ni Jessie yung isa. Wow ready nga toh ah haha..

Tiningnan ko yun at tumaas yung kilay.  Battleship??

Ngumiti siya.  Oo, maganda daw yan sabi ni Kebs eh.

Eeehh... Hindi ba pwedeng yung Avengers nalang?  Itinuro ko yung poster nung Avengers. Tiningnan niya yun at napakunot yung noo.  Matagal ko na kasing hinihint ay yun eh...

Eh ako man eh, matagal ko nang hinihintay mag-showing yung Battleship,  dahilan naman niya.  Maganda naman daw eh, try muna natin yun tapos mamaya nalang yung gusto mo...

Ehe, eh di mag-movie marathon nalang kaya tayo?  matabang kong sabi;
Na-feel ko din na medyo nainis din si Jessie.  Naku ayan ka na naman eh!
Eh ayoko nga nyan!
Subukan mo muna kasi! Aayaw kasi agad eh!
Eh di dyan ka! Dun ako sa kabila papasok!  Pumunta ko ng counter at kinuha yung

wallet ko.  Miss isang ticket nga sa Avengers..
Wait lang po Ma am.  Kumuha na siya ng ticket.

Nung iaabot na niya sakin yung ticket, bigla akong hinila ni Jessie papasok dun sa

sinehan. Ibinigay niya dun sa may guard yung ticket naming dalawa.  Jessie ano ba!!!

Ang dilim sa loob. Nag-uumpisa palang yung palabas at madami ding tao.  Jessie! mahina kong sabi kasi baka makaistorbo ko.

Hindi siya umimik at tuluy-tuloy lang sa paglakad. Pamaya-maya, iniupo niya ko d un sa pinakagilid umupo naman siya dun sa tabi ko. Ipinatong pa niya yung paa niya dun sa vacant seat sa harap niya.

Lalo akong nainis kasi wala akong takas! Haaissstt!! Kasi naman eh!!! Lagi nalang akong nakakaladkad kung san niya gusto! >_<

Sumandal nalang ako at sumibangot.  Tss. Nakakainis...  bulong ko. Pero hindi man lang niya ko tiningnan! Busing-busy sa panunuod tong loko na toh! Saka wala man lang kaming popcorn o kahit anong makakain!! Grr!!

Ayaw mo kong pansinin ah? Sige...

Iniharap ko yung ulo ko sa kabila at pumikit. Sige, tutulugan nalang kita! Kala mo ah!!!

Pamaya-maya, nafeel kong dinadalaw na nga ako ng antok. Inayos ko yung upo ko para makatulog na talaga ko ng tuluyan nang biglang may humila sakin patayo.

Lumabas kami ni Jessie sa sinehan.  Hoy! Ano bang problema mo?! Ba t umalis tayo?!

tanong ko.

Binitawan niya ko.  Hindi ka naman kasi nanonood eh!
Tsk! Di ba sabi ko nga sayo ayoko nun! Dapat hindi mo nalang ako pinansin!
Eh hindi pwede yun! Date nga toh eh! Pwede kayang hindi kita pansinin?! Luna

naman!!!

Tumalikod siya at nagsimulang lumakad paalis. Ayt, nagalit na nga ata yun! Hala!

Jessie!  sigaw ko. Hinabol ko siya pero hindi niya ko pinapansin, nakakunot pa din yung noo niya.

(>3<) !!!

Tumahimik nalang ako dun sa tabi niya. Hindi rin naman ako kikibuin nung sungit na toh
eh. Pamaya-maya, pumasok siya sa isang kainan. Ayt! Ayoko na naman dito! >_<

Pero hindi na ko umimik at siguradong lalo pa kaming mag-aaway nun. Hinayaan ko nalang siyang umorder at umupo nalang ako dun sa table namin. Pagdating nung pag kain,
tahimik din kaming kumakain.

Ehe! Ano ba naman toh! Hindi naman dapat ganito eh! First date namin toh kaya wa la
dapat awayan!!!

Jessie?

Oh?  inis niyang sagot pero patuloy pa din sa pagkain.

Sorry na...

Kumain ka nalang...

Nainis ako dun sa sinabi niya kaya hindi ko nalang siya pinansin at kumain ng ku main.
Medyo nabubulunan pa nga ako eh.

Hoy, dahan-dahan lang naman,  sabi niya sakin. Pero hindi ko siya pinansin. Sabi mo

kasi kumain lang ako eh! Eh di ayan!!! Grr!!!

Mabubulunan ka niyan eh.

Wala kang pake!  Tuloy pa din ako sa pagkain.

Nagbuntong hininga siya. Tinry niya ulit kumain pero ibinaba rin niya yung kutsa
ra niya.

Ano ba! Hindi ako makakain pag may pulubi sa harapan ko! Umayos ka nga!

Napahinto ako sa pagkain at tinitigan siya. Parang nasaktan ako sa sinabi niya. P
ulubi?

Oo, pulubi! Muka kang pulubi sa pagkain mo kaya nga ayusin mo eh!

Nilunok ko yung kinakain ko at uminom. Tinitigan ko ulit siya na para bang hindi
ako
makapaniwala sa sinasabi niya. Huh! Well I m sorry Mr. Wright... Hindi ko naman po
alam
na mukha palang pulubi yung girlfriend niyo!!!

Tumayo ako ng padabog at umalis. Nung naglalakad ako, bigla nalang nangilid yung
luha
ko pero pinunasan ko agad yun bago pa makita ni Jessie na umiiyak ako. Biglang m
ay
humila sa braso ko...

Ano ba problema mo ha?!! inis na tanong ni Jessie.

Linya ko yan ah! Dapat nga ako nagtatanong sayo niyan eh!!! Inalis ko yung braso k
o sa

kamay niya.

Napakamot nalang siya sa ulo niya. Tumingin-tingin nalang siya sa paligid para
pakalmahin yung sarili niya. Ako naman napayuko nalang...

Ano bang problema ko? Ginagawa naman ni Jessie lahat ah? Pero ba t ba kasi napakas
elfish
ko? Feeling ko sinisira ko yung plano niya para sa date namin... Feeling ko ang
samasama
ko...

Umuwi nalang tayo, sabi ni Jessie.

At dun na ko tuluyang naiyak. Hindi ko napigilan yung emosyon ko eh. Parang magkahalong inis at paninisi sa sarili yung nararamdaman ko. May kumawala pang h ikbi sa bibig ko...

Oh... Hinawakan ako sa magkabilang balikat ni Jessie. Ba t ka umiiyak? Inakap niya ko. Alam mo namang ayokong umiiyak ka di ba? Hinaplos-haplos niya yung buhok ko.

Inakap ko din siya ng mahigpit. Wala na kong pakialam kahit napapatingin na yung ibang tao sa mall. Ang importante sakin ay kasama ko si Jessie... N-Naiinis ako eh... sa bi ko sa pagitan ng hikbi. Ang sama-sama ko... A-Ayoko din namang... m-masira yung arawa n -na toh eh... S-sorry na Jessie...

Inakap niya ko ng mas mahigpit. Wag mo nang sisihin yung sarili mo. May kasalanan din naman ako eh. Tumahan ka na, please? mahinahon niyang sabi.

S-Sorry talaga...

Shh... Tama na, okay? Tumahan ka na... Pinunasan niya yung luha ko. Ayokong umiiyak yung honey ko okay? Pati ako nasasaktan eh...

Pinunasan ko yung mata ko at tumango.

Smile ka na? sabi niya sakin. Dahan-dahan akong ngumiti. Ayan! Maganda na ulit yung honey ko!

Kinurot niya yung pisngi ko. Wag ka na ulit iiyak ah? Humahaba lalo yang nguso mo eh!

Hinampas ko siya sa dibdib. Dati hinaharot mo ko na pango tapos ngayon naman sinasabi mo na mahaba nguso ko!

Oh magagalit na naman yung honey ko eh! Inakap niya ulit ako. Joke lang naman yun eh. Hindi ka naman talaga pango. Iniinis lang kita nun...

Sadya lang kasi na matangos ilong mo! May halo ka kasi eh... Daya...

Tumawa siya at hinawakan yung kamay ko. Yamo, kahit kasi gano ka pa kapangit, kah it

gano pa ka-flat yang ilong mo o kahit mas maliit ka pa sa dwende, ikaw pa din yu ng

mamahalin ko...

Hinampas ko yung braso niya. Kasi naman eh!!! Nang-iinis ka pa!

Tumawa ulit siya. Napakapikon talaga nung honey ko! Kiniss niya yung tuktok nung

ulo ko. Pero hindi joke yun. Ikaw lang talaga yung mamahalin ko..

Hindi ko mapigilang mapangiti sa sinabi niya. Wala siyang pakialam kahit pangit man
ako, ang importante sa kanya ay ako yung mahal niya... At walang iba...

Nagpunta kami dun sa Tom s World. Naglaro kami dun ng matagal. Nakakatuwa, ang galing palang magbasketball nitong loko na toh? Sabagay, kapre toh eh hahaha.. A yt! Bad
mouth! ^_^

Nung mapagod na kami, pumunta kami dun sa balcony ng mall. Ang sarap ng simoy ng

hangin. Lalo na kasi at katabi ko si Jessie...

Suot mo pala yan? Tinuro ni Jessie yung bracelet na bigay niya sakin;
Oo naman. Pwede ko bang kalimutan toh?

Ngumiti siya. Hinawakan ko ulit yung kamay niya para magdikit yung bracelet nami
n.
Natuwa ako kasi nabuo na naman yung heart. Ipinatong ko yung ulo ko sa balikat n
iya.
Naramdaman ko din nang ipatong niya yung ulo niya sa ulo ko.

I love you, sabi niya. Hindi ko na masukat yung pagmamahal ko para sayo...

Nangiti ako. Ang corny mo na naman eh...

Tsk oo nga eh. Ang corny din kasi ng mahal ko eh...

Oy hindi ah! Ikaw lang kaya yun!

Weh, deh sige. Pero aminin mo na yung corny na toh yung bukod tanging minahal mo!

Hinawakan ko ng mas mahigpit yung kamay niya. Tama naman siya eh. Hindi na ko

makikipagtalo sa kanya kasi parang nagsinungaling lang ako sa sarili ko nun. Sige
na nga,
talo na ko...

Ayun, talo na naman yung honey ko...

Anong talo na naman? Pinagbigyan lang kita ngayon noh!

Wee! Sige na sige na! Sandal ka na ulit!

Sumandal nalang ulit ako. Dun kami nagpalipas ng oras... At sa buong oras na yun
na
magkasama kami, magkahawak yung kamay namin. Para bang ayaw na naming
maghiwalay pa kahit kelan. Ramdam na ramdam ko yung pagmamahal namin para sa isa t

isa...
Yung pagmamahal na matagal din na itinago at ipinagkait...

Hindi kami umalis ni Jessie dun sa balcony. Patuloy lang naming hinawakan ang ka
may
ng isa t isa hanggang sa kainin na nang dilim ang kalangitan...

Chapter 47
Luna

Naglakad nalang kaming pauwi ni Jessie kasi malapit lang naman yung mall na
pinuntahan namin sa apartment. At syempre, gusto na din naming masulit yung bawa
t
sandali na magkasama kami ngayong gabi...

Magkahawak pa din kami ng kamay habang naglalakad. Grabe noh? Ba t di ko nalang

kaya pagdikitin toh ng tuluyan? Haha..

Ayoko pang umuwi, sabi ko habang nakatingin ako sa daan.
Mamimiss mo ba ko?
Oo eh...
Sus, yung honey ko naman. Parang hindi tayo magkikita bukas sa school ah?
Eh basta... Mamimiss kita... (>3<)
Psh... Halika nga dito... Hinila niya ko at inakap. Ito yung gusto ko eh, yung par
a kong

batang nakakulong sa mga braso ni Jessie. Ang sarap sa feeling eh, pakiramdam ko
lagi
akong safe...

Wag ka nang malungkot. Di ba ako nga yung Stitch na binigay ko sayo? Kaya lagi mo

kong kasama.

Eh iba pa rin yun. Gusto ko ikaw mismo...

Hinawakan niya yung mukha ko at ngumiti.  Wag ka namang maexcite honey ko.
gamot.  I know you don t like drugs anak, pero kailangan mo yun. Habang maaga kailan gan
nating maging maagap...

Pagkatapos nun, inakap niya ko.  Be careful ah. Love you..

Medyo nangilid yung luha ko. Nakakainis naman! Sa dinami-dami ng tao bakit sakin pa napunta tong sakit na toh eh! Madaming beses ko na ding sinabi sa isipan ko yun pero wala din naman akong magawa kundi tumahimik nalang at tanggapin yun..

Love you too Ma..

Bye tita.

Lumakad kami ni Steff papuntang school. Hindi ka ba nahihirapan sis? Gusto mo bang sumakay nalang ng tricycle?

Wag na sis. OA much? Ang lapit lang natin eh hahaha..

Tawa tawa ka pa dyan! Ako na nga yung nag-aalala sayo eh! Sumibangot siya at umiwas ng tingin.

Weh? Tampo siya? Sorry na oh..

Cheh!

Pagdating namin ng school, tumuloy agad kami sa classroom. Natuwa ako kasi nangamusta yung mga kaklase ko. Nag-alala daw sila sakin kasi napapadalas daw yung pagabsent ko. Nagkasundo naman kami ni Steff na wag nang sabihin sa kanila yung totoong dahilan. Ayoko kasing may makaalam na may sakit ako... Ayokong kaawaan.. Alam ko, masyadong mapride yun, pero I just want to keep it as a secret.. Kasi I want to live a normal life.. Like before...

Pagtingin ko sa table ko, napansin kong wala si Jessie. Hindi ko mapigilang magtanong sa sarili ko. Dahil kaya yun sa nangyari samin nung isang araw? Tuluyan na kaya siyang

lumayo? Pero tama lang yon di ba? Ako naman kasi yung pumutol ng lahat eh. Ako y
ung
humingi ng distansya kaya kailangan ko yung panindigan..

Kailangan kong tiisin yung sakit. We need time and space... Pero natatakot ako e
h..
Natatakot ako na baka sa mga panahong yun eh tuluyan na siyang lumayo. Baka hind
i ko na
siya mahawakan pa. Baka.. Baka hindi na ulit bumalik yung dati.

Sumikip yung dibdib ko. But I just pushed the thought back and sat on the chair.
Nung
umupo ako dun, feeling ko parang napakalaki nung table para sakin. Parang may ku
lang.
Parang hindi kumpleto.. I miss him.. I miss him so bad that I wanted to cry..

Lumipas ng napakabagal yung kalahati ng araw ko. Wala akong ginawa kundi ang
tumingin sa bintana o kaya tumitig sa upuan sa tabi ko.. Hayy ang hirap naman ng
ganito.
Ang dami ko na ngang namiss na lessons lutang pa rin yung isip ko.. >_<

Sis! Tara lunch na tayo.. Hinila niya yung kamay ko habang palabas kami ng room.

Teka wag mo nga kong kaladkarin!

Eh miss ko na si babe eh! Sabay daw tayo sa kanila ngayon!

Sus! Parang di kayo nagkita kahapon ah!

Eh ganon talaga! Hahahaha! Saka miss ka na rin daw nila eh!!

Naku mga utot niyo kamo! Natawa ko. Nakakatuwa naman haha. Namiss nila ko?

Shucks. ^_^

BABE!!! LUNA!! sigaw agad ni Kevin nung nakita niya kami ni Steff. Kasama niya sa
table sina Justin at Rio.

Nagtinginan pa nga yung ibang tao dun sa canteen eh kaya medyo nahiya ako. Haist
ang
ingay talaga nitong lokong toh! Kumaway siya samin. Nagulat nalang ako nang batu
kan siya
ni Steff.

Ang ingay mo!
Kinamot ni Kebs yung ulo niya. Aray naman babe! Sobra mo naman akong namiss..
Oo nga eh miss na miss na kita. Gusto mo isa pa? Nakataas na naman yung kamay ni

Steff nang biglang tinakpan ni Kevin yung ulo niya.

Oh oh oh! Babe naman!

Haha tama na nga yan! Paupuin mo muna sila Kebs! sabi ni Justin. Umupo si Steff du
n
sa tabi ni Kevin. Ehe, naubusan ako ng upuan. (>3<)

Dito ka na. Tumayo si Justin at inalok yung upuan niya;
Nako wag na Justin! Dun nalang ako sa kabilang table..
Hindi ayos lang dito ka na maupo, pilit niya;
Oo nga naman sis! Wag ka na kasing mag-inarte! Nagpapaka-gentleman na nga yung ta
o

eh!

Tinitigan ko ng masama si Steff pero dinilaan lang ako ng berat! Haist! Wala ako
ng
nagawa kundi yung umupo dun. Kumuha ng silya si Justin. Umasog ako ng konti para

makasingit siya. Ehe, ang sikip naman..

Nasisikipan ka ba?  tanong ko kay Justin.

Ngumiti siya.  Hindi ayos lang..

Tsk. Eh mukha na nga siyang pinitpit na bawang eh! Tumayo sina Kebs at Steff para kumuha ng pagkain. Si Rio naman nag-excuse na magsi-CR lang daw sandali..

Musta ka na ba?  tanong sakin ni Justin.

Okay na.. Buti nga mabilis akong gumaling eh,  pagsisinungaling ko.

Ngumiti siya.  I m glad na nakapasok ka kaagad. Sayang at hindi mo naabutan si Jessie..

H-Ha? Anong hindi inabutan?

I mean, first day ng pagpasok mo hindi mo siya nakita. Sinundo kasi niya yung parents niya ngayon sa airport eh..

Dumating na yung parents niya? Wala man lang siyang nabanggit na ngayon yung arrival nila. BIglang bumigat yung dibdib ko.. But then again, bakit naman niya sasabihin sakin yun di ba? Sino ba ko para pagsabihan niya nun? Ako nga yung dahilan kung bakit ganito sitwasyon namin eh. I called things off. How many times do I have to tell myself that?

Huminga nalang ako ng malalim. Parang naramdaman ni Justin na may malalim akong

iniisip.  May problema ba?  tanong niya.
Ah w-wala hehe. May iniisip lang ako..

Si Jessie ba?

Biglang kumabog yung dibdib ko. Napatingin ako sa kanya.  Pano mo naman nasabi?
 Ganyan kasi lagi expression mo kapag may pinag-awayan kayo ni Jessie eh. So ano, siya

nga ba?

Yumuko ako at nilaro yung hinlalaki ko.  Medyo...

 Sabi na eh.. Ano ba kasi nangyari?

 I broke up with him.

Napanganga siya.  What?! B-Bakit?  Nakita ko yung gulat sa mga mata niya. Sa totoo l ang
parang lason na kumawala yung sinabi ko na yun eh. Ayokong sabihin yon kasi nasa saktan
ako. Ako mismo hindi ko matanggap na ginawa ko yung bagay na yon..

 There s tension between us.. Kaya sinabi ko na mas.. Na mas mabuti siguro kung
palipasin muna namin yung tensyon na yon..

 Pero Luna.. Baka naman pwede niyo pang pag-usapan yon?

Umiling ako.  I tried Justin. I tried to talk to him but it just end up worse.. Wa la kaming
ginawa kundi magsigawan sa wala namang kwentang bagay..

Biglang pumasok sa isip ko yung pag-aaway namin ni Jessie nung pagkatapos ng pla y.
Hindi ko akalain na magkakaganon siya para lang sa isang kiss sa noo. Hindi ko r in akalain
na ipapamukha pa niya sakin na ako yung masama. Hindi ba t siya nga yung lagi kong

nakikitang nakikipaghalikan kay Sarah?!

Hindi ko pa nga nasasabi sa kanya na pinapatawad ko na siya dun sa panttrip niya sakin, sinundan pa niya ng isa pang kasalanan! So what do you expect me to do? Intindihin na naman siya? Hindi ba ko pwedeng umangal kahit minsan lang?

I don t like seeing you hurt Luna, sabi sakin ni Justin.

Tiningnan ko siya sa mga mata. May nakikita ko dun na hindi ko maipaliwanag. I tried to understand him, Justin. But it hurts too much.. Nangilid yung luha ko. Hinawakan ni Justin yung kamay ko.

Shh. Don t cry. Mas ayokong nakikita kang umiiyak..

Do you really like me that much?

Parang nagulat siya sa tanong ko. Alam ko naman na may gusto siya sakin eh. Hindi niya lang sinasabi ng diretso. Pero I can feel it. I can feel his affection for me..

Yes, I like you Luna.. And if you ll just see me, makikita mo kung gano ko kagustong pasayahin ka. Sinabi niya nun ng walang pag-aalinlangan. I felt desperation in his words..

Tinitigan niya ko sa mata at hinigpitan yung pagkakahawak sa kamay ko. Please, Luna.. Give me a chance. I can make you happy and forget about Jessie..

I.. I don t know Justin.. Ang gulo ng isip ko ngayon. Mas lalong gumulo nung sinabi sakin ni Justin yung mga bagay na yon. Parang nagkaroon ako ng doubt. Parang medyo natempt ako sa offer niya. Who knows na kaya ni Justin na alisin yung sakit na nararamdaman

ko sa puso ko di ba? Baka maging masaya na din ako finally. He doesn t have anyone like

Sarah on his tail and he also said that he likes me..

But I felt guilty.. Kasi kapag tinggap ko yung inaalok niya, para na rin akong n agtaksil kay Jessie. Parang sinabi ko na rin na kakalimutan ko na talaga siya. Na wala nang p ag-asa pang magkabalikan kami.

>_<

Waahhh! Ang gulu-gulo! Lord please help me! T_T

Huminga si Justin.  I won t push you to like me Luna. Pero sana hayaan mo lang ako s a tabi mo. I want you to feel that I m always here and I care for you. Please, kahit yun lang. Sana mapagbigyan mo ko..

Natouch ako sa sinabi niya. Napakapalad ko at nakilala ko si Justin. Ang sarap magkaroon ng mga taong aalagaan at handang ipagtanggol ka. Na kahit mahirap yung

pinagdadaanan mo ay napapawi pa rin nila yung sakit sa puso mo..

Ngumiti ako sa kanya.  Okay..

Nangiti din si Justin.  Thank you Luna.. I promise I won t leave you.. I ll always be here..

 HOY! Dibdibang usapan na yan ah!  sigaw ni Kevin samin habang papunta sila ni Sarah

sa table.

 Haha lol. May pinag-usapan lang kaming importante ni Luna.  Kumuha si Justin ng softdrinks at uminom.

 Nako! Sinusulot mo na si Luna habang wala yung isang pare naten ah! Lagot ka pagdating  ARAY!

Binatukan ulit ni Steff si Kevin.  Ang ingay mo talaga!

Nakaisa ka na naman babe eh! Nagbibiro lang naman ako!

Tumawa nalang kami ni Justin. Mukhang hindi pa alam ni Kevin yung nangyari samin ni
Jessie. Well, I ll tell him and Rio nalang someday. Nakatapos na kaming kumain lah at pero
hindi pa rin bumabalik si Rio.

San na kaya nagpunta yun?  nagtatakang tanong ni Kebs;
Ewan ko nga eh. Sabi niya magsi-CR lang daw siya,  sabi ni Justin;
Halika na, balik na tayo ng room. Mauna na kami ng sis ko mga pogi ah.  Kinuha ni Steff

yung kamay ko at humarap kay Kevin.  Pwera sayo!

Then hinila niya ko paalis. Narinig ko yung pahabol na sigaw ni Kevin samin.  Hoy babe!
Sabi mo  MGA  de ibig sabihin kasama ko!

Cheh! Nagkamali ka lang ng rinig!  Tumawa ng tumawa si Steff habang papunta kami ng

room. Nakakatuwa talaga silang dalawa. Parang dalawang makukulit na bata lang ah!

Hanggang sa pagpasok ba ng room sis tatawa ka pa din? OA ka na ah!  sabi ko sa kanya.

Wag ka ngang bitter dyan! Patulan mo na kasi si Justin para hindi pumutok yang pwet
mo sa ingget!

Hinampas ko siya sa balikat.  Gagi ka talaga! HAHAHA!

Binuksan na ni Steff yung pintuan at unang pumasok. Papasok na din sana ko nang bigla

akong nabangga sa likod niya.  Hoy sis! Ba t ba natigil

O_O

Biglang bumilis yung tibok ng puso ko. Parang sumikip na naman yung paghinga ko
sa
pagkagulat. Si Steff din halatang nagulat kasi natigilan siya sa pwesto niya. Ka
si dun sa
bandang dulo, sa may table ko, nakita kong nakaupo at nagsusulat si Jessie..

Chapter 55
Luna

HOY BA T PUMASOK KA PA?!! Mabilis na lumakad si Steff papunta kay Jessie. Malakas
niyang inilapag yung palad niya sa table. Hala! Dapat pala hindi ko nalang sinab
i kay Steff
yung mga nangyari eh! >_<

Napatingin yung mga kaklase ko samin. Nilapitan ko si Steff at hinila paalis per
o ayaw
niyang magpaawat.

Bakit? Dito din naman ako nag-aaral ah? pilosopong sabi ni Jessie.

IKAW LALAKE! Tinuro niya si Jessie. KUNG YUNG BESTFRIEND KO MAPAPALAMPAS
YUNG PINAGGAGAGAWA MO.. PWES AKO HINDE!!!

STEFF! Tama na! Pilit ko siyang hinihila sa braso pero nagpupumilit pa din siya. S
inipa
niya yung upuan at itinulak pa si Jessie kaya napasigaw yung iba naming mga kakl
ase.
Napaupo tuloy siya sa sahig.

Nagsilapitan samin yung mga kaklase ko. Yung iba tumutulong nang pumigil kay Steff na sigaw pa din ng sigaw ng kung anu-ano kay Jessie.  IKAW YUNG DAHILAN KUNG BAKIT NAGKAKAGANITO YUNG BESTFRIEND KO! IKAW YUNG DAHILAN KUNG BAKIT LAGI NALANG SIYANG MALUNGKOT! SIMULA NUNG DUMATING KA SA BUHAY NIYA, WALA KA NANG GINAWA KUNDI PAIYAKIN SIYA!!!

STEFF! PLEASE TAMA NA!  Nangilid yung luha. Dahil siguro sa dalawang bagay... Una, ayokong nakikitang ganito si Steff. At pangalawa, nasaktan ako sa mga sinabi niya dahil totoo yung mga iyon.. Si Jessie lagi yung dahilan kung bakit umiiyak ako. Pero nasasaktan pa rin ako twing iniisip ko na yung taong nagpapasaya sakin ay yung mismong taong nagpapaluha sakin.

Tumayo si Jessie at inayos yung polo niya. Halata kong naiinis siya pero hindi siya nagsalita. Wala siyang sinabi o naging angal na kahit ano. Pero bakit? Guilty kaya siya? Tinatanggap niya kaya ng maluwag sa loob niya yung mga sinasabi ni Steff?

GET LOST JESSIE!!! YOU DON T DESERVE TO BE WITH MY BESTFRIEND!!!

STEFF!!!

BITWAN NIYO NGA AKO!!!  Inalis niya yung mga braso niya sa pagkakahawak namin. Tumingin siya sakin at kinuha yung kamay ko at hinila ko paalis. Mabilis niyang nilakad yung corridor at tinungo yung CR.

Pagdating namin dun, nilock niya yung pinto para sure na solo namin yung lugar. Huminga siya ng malalim para pakalmahin yung sarili niya.  I m sorry sis.. I lost it.. Hindi ko na napigil yung sarili ko nung nakita ko yung walangyang Jessie na yon..

Inakap ko siya.  I love you sis..  yun nalang yung nasabi ko. Sa totoo lang I m so blessed

to have a best friend like Steff. Lagi niyang iniisip yung kapakanan ko.. I love her.. And I

can t guarantee that I ll live happily without her by my side.

 I love you too sis.. Dapat hinayaan mo nalang akong sapakin siya eh! Tutal ginawa namn
niya sayo yun.. Ugh! I want to kill him!  naiirita niyang sabi.

 Yamo na sis nakaraan na yun.. Kalimutan na natin yun...  Ayoko na kasing maalala pa

yung masakit na alaala na yun. I wan t to move on. Alam kong hindi sinasadya ni Jessie na
saktan ako pero I can t help to think about it negatively.

 Hay nako hindi pwede sis! I hate him! Wala siyang karapatang saktan ka!

 Tss. Sis naman. Yamo pag ginawa niya ulit yun you ll have my full approval na sapakin
siya ng walang lubay..

Ngumiti kaming dalawa.  Haha! Hindi lang sapak aabutin niya sakin!  sabi ni Steff.  Nga
pala sis, nainom mo na ba yung gamot? After lunch daw di ba dapat iinom ka?

 Eh hindi pa.. kaso sis I don t like drugs talaga eh..  >_<

 HINDI PWEDE SIS! Magagalit ako sayo sige ka! Inumin mo na!

 Ehe.. Sige na nga..  Kinuha ko yung bote ng gamot na binigay ni Mama kaninang umaga.
Dinukot ko yun sa bulsa sa loob ng bag ko kasi pilit kong itinatago yun. Kumuha ko ng isang
tablet.

Nilagay ko sa bibig ko yun at sinundan ng lagok ng tubig mula sa mineral water na baon

ko. Para namang nalukot yung mukha ko.  Pweh! Ang pait!

Abey syempre naman! Ano yang iiinom mo, Fruteez? Sis naman parang tange..

Tsk ako na nga tong napaitan ako pa nasabihan ng tange! >_<

Haha eh tange ka naman talaga eh.
Eh ano pang tawag mo sa sarili mo?
Maganda haha.
Wenks! Kapal ng peys! Ibinalik ko na yung bote sa loob ng bag ko. Oh halika na nga

ganda at bumalik na tayo sa classroom.
Eh ayoko nang bumalik dun panget! Baka maihulog ko na sa bintana yung Jessie na yon!
Sus! Pinanindigan ngang maganda siya! Hahaha saka oy sinong panget ha?! Berat ka!

Wag mo na nga kasing pansinin yung kapre na yun.. Tinatry ko na ngang maging mas aya

ulit eh..

Inakbayan niya ko at ginulo yung buhok ko. ARAY! Steff ano ba! Nagugulo yung buho k ko oh! Haish!!

Hahahahaha natutuwa lang kasi ko sayo eh! Tama yan sis! Tama yan! Try to be the o ld you nalang kasi! Kalimutan mo na lang yang Jessie na yan! Isipin mo na hindi mo siya nakilala di ba? That way makakapag-move on ka na agad!

Itinulak ko siya at inayos yung buhok ko. Berat ka! Pwede mo namang sabihin ng maayos yon ba t kailangang guluhin pa yung buhok ko?!!

Eh ganun talaga nang-gigigil aku sayu wih! Kinurot pa niya yung pisngi ko.

ARAY NAMAN!

Haha halika na nga. Binuksan na niya yung pintuan ng CR. Lumabas na kami at naglakad papuntang classroom. Nung pagbukas namin ng pintuan, nagtinginan lahat ng
mga kaklase ko samin ni Steff. Pero tahimik nalang siyang pumunta sa silya niya at naupo.

Ako naman, feel na feel ko yung bigat ng bawat titig sakin. Parang hinihintay ni la kung
ano yung mangyayari kapag umupo ako sa tabi ni Jessie. Pinilit ko yung sarili ko na maging
kalmado at umupo sa tabi niya.

Nagkakailangan pa din kami. Hindi ko siya kinikibo at hindi niya rin ako kinakau sap.
Para bang may malaking pader na nakapagitan samin ngayon. Nagsiupuan lang yung m ga
kaklase ko nang biglang dumating yung teacher namin.

Good afternoon Mrs. Angeles. It s nice to see you.

Good afternoon class. Be seated.

Then umupo na kaming lahat. Get your book in Math IV and answer page 186.
Naglakad si Mrs. Angeles at nagpamigay ng sheet kung saan namin ilalagay yung an swer
namin. Grabe noh? Kahit sa pagsosolve kailangan maayos at nasa linya yung soluti on. Ang
problema nga lang eh sa scratch ako kadalasang nagsosolve.. Haist.. (-_-)

Pagkatapos magpamigay, pumunta na si Mrs. Angeles dun sa board at may isinulat.
Binuksan ko yung bag ko. Kumunot yung noo ko nung mapansin kong wala dun yung li bro
ko. Hinalughog ko na yung bawat sulok ng bag ko pero wala talaga dun yun huhuhuh u..
(T3T)

Ah, Ma am?  Tinaas ko yung kamay ko.

Lumingon si Mrs. Angeles.  Yes, Ms. Reyes?

H-Hindi ko pa kasi dala yung libro ko.  Mahinang nagtawanan yung mga kaklase ko. Naku ang mga loko talaga! Grr! Nakakaasar.. >_<

Is that my problem Ms. Reyes? Bakit hindi mo kasi dinala yung libro mo? San ka ba sa tingin mo pupunta? Sa palengke?  masungit na sabi ni Mrs. Angeles. Lalo namang nagtawanan ng yung mga kaklase ko.

No Ma am. I m sorry..  Yun nalang yung nasabi ko. Wala akong magagawa eh. Strikto pa naman tong teacher namin na toh.

I ll forgive you this time Ms. Reyes since it was your first time to forget you boo k. Pero sa susunod, hindi na pwede yang mga ganyan, is that clear?

Yes Ma am.

Okay. Makishare ka muna kay Mr. Wright. Hindi excuse yung pagkaiwan mo ng libro para hindi ka magsagot..

Ha? Ano daw?

Napanganga ko sa sinabi ni ma am. Tumingin ako kay Steff at nakita kong nakatingin din siya sakin. Kinagat niya yung labi niya na ang ibig sabihin ay  Uh-oh .

Inilagay ni Jessie yung libro niya sa gitna ng table namin. Patuloy pa din siya sa pagsasagot. Nainis ako kasi parang kampanteng kampante pa siyang nakaupo dun.

Napilitan lang ako,  sabi ko kasi ayokong isipin niya na utang na loob ko sa kanya yun.

Okay, matipid niyang sagot.

Lalo naman akong nainis dun. Ewan ko ba. Parang naiilang pa rin ako. Hindi ko ma isip na

babalik na naman kami sa dati. Yung hindi nagkikibuan at laging malayo sa isa t is a. Bigla

namang bumigat yung dibdib ko. Nakakainis talaga. Sa sobrang inis ko parang gust o ko
nang tumayo at umuwi nalang..

Kinuha ko yung ballpen at isinulat yung pangalan ko sa taas ng papel. Kaso paran g
biglang sumakit yung ulo ko..

Hinilot ko yung sintido ko para mawala yung hilo ko. Grabe, parang tinutusok ng kung
ano yung ulo ko. Pagtingin ko sa papel ko, nakita kong wala sa linya yung pangal an ko.
Kinabahan ako. Biglang nag-echo sa utak ko yung sinabi ni Mama..

*She ll experience headache, clumsiness, slight seizures, nausea and abnormalities in vision*

Oh my.. bulong ko. Unti-unti na.. Inuunti-unti na ko ng sakit ko.. Bigla kong naal ala
nung nadapa ako noong fun run. Tinanong ako ni Dra. Marquez kung bakit ako nadap a pero
hindi ko naman maalala yung sinasabi niya. Parang in a split second parang kinal imutan
yun ng utak ko. Hindi kaya dahil yun sa sakit ko? Kaya rin ba lagi akong nahihim atay?

Wag ka ngang maingay..

Tumingin ako kay Jessie. Kumunot yung noo ko. Ano?

You heard me. Tuluy-tuloy pa din siya sa pagsagot. Bakit ba ganito ugali niya? Kun g
umarte siya parang siya yung galit dito ah! Feeling niya siya lagi yung biktima! Feeling niya
siya lagi yung nasa tama!

Sa inis ko, hindi nalang ako sumagot at baka kung ano pa masabi ko sa kanya. Hindi ko na din pinansin yung paling na pagkakasulat ko sa pangalan ko. I just wanted to get out of here. As soon as possible..

Di sinasadya, napatingin ako sa kaliwang kamay niya na nakapatong sa table habang nagsusulat siya. Biglang kumirot yung puso ko nung makita kong hindi niya suot yung bracelet naming dalawa. Natikom bigla kung kamay ko. I bowed my and stared painfully at my right wrist.

Kawawa ka naman bracelet. Mukhang hindi na ulit mabubuo yung puso mo...

Biglang may tumulong luha sa mata ko. Pero pinahid ko agad yon bago mapansin ni Jessie na umiiyak ako...

*riiiiiinnnnggg*

Natapos yung araw ko na mabigat yung dibdib ko. Pinilit kong wag ipahalata kay Steff na nalulungkot na naman ako. Sinabi ko nalang sa kanya na mauuna na kong umuwi kasi

masama yung pakiramdam ko.

Agad naman siyang pumayag. So naglakad ako pauwi ng bahay. Pagpasok ko sa loob, tinanong agad ni Mama kung nainom ko daw yung gamot ko at ano daw ba yung gusto kong ulam.

Kahit ano nalang Ma. Akyat po muna ko sa kwarto..

Pumunta na agad ako sa kwarto ko kasi mabigat na naman yung pakiramdam ko. Wala na nga ba talagang pag-asa? Parang unti-unti na kong nagsisisi na nakipaghiwalay ako kay Jessie eh. Parang gusto kong bawiin lahat nung mga sinabi ko even if it hurts my pride.

I don t want to lose him forever.. I love him.. Mahal na mahal ko siya.

But there s one thing that can prove that. I wanted to know if he still wants me or not.
Kaya binuksan ko yung laptop at inopen agad yung facebook. Kinagat ko yung labi ko.
Kinakabahan ako.

Bigla akong nag-alinlangan. Parang ayoko nang malaman yung resulta. Pano kung nagbago na siya ng password? Pano kung hindi na ako yun? Pano kung pinipilit na niya kong kalimutan habambuhay?

Huminga ko ng malalim at tinype yung email add niya.

Email Address

jessiewright@yahoo.com

Password

|

Natigil ako sa pagttype nung password na niya yung susunod. Madaming tanong yung

umiikot sa ulo ko. Natatakot ako. Natatakot ako sa kalalabasan..

Tinurn-off ko yung capslock.

Email Address

jessiewright@yahoo.com

Password

************* (lovekohoneyko)

Pinindot ko yung log-in. Tumikom yung parehong kamay ko. Ang bilis-bilis ng tibok ng puso ko at hindi ko mapigilang umasa.. Dito ko malalaman kung ako pa talaga. Kung mahal pa niya ko.. Kung may halaga pa ko sa kanya..

Naging white yung screen at nagload yung browser.

Please. Please. Maglog-in ka. Please..

Maya-maya, biglang nag-appear na yung page..

The password you entered is incorrect. Please try again.

Nawalan ng lakas yung mga kamay ko sa keyboard at bigla akong namutla.

Chapter 56
Luna

Anak?  Kinatok ni Mama yung pinto.  Anak? Bumangon ka na. Baka malate ka..

Bumiling ako at inilagay yung braso ko sa ibabaw ng mata ko. Nakatulog pala ko ng hindi ko namalayan. Nasa tabi ko pa rin yung laptop ko. Nakabukas pa din pero nawalan na ng power. Umupo ako sa gilid ng kama at kinusot yung mga mata.

Pumunta ko sa cabinet at kumuha ng twalya. Nung papunta na ko sa CR, parang may nabunggo yung paa ko. Pagtingin ko sa baba, nakita ko si Stitch. Binalibag ko nga pala yun kagabi dahil sa sama ng loob. Pinilit kong pigilin yung iyak ko kaya siguro masyadong napagod yung dibdib ko at nakatulog nalang akong bigla.

Sinipa ko yun para alisin sa dadaanan ko. Pumasok na ko sa CR at nagshower..

After ten minutes, lumabas na ko ng CR. Kinuha ko yung uniform ko at isinuot. Nagsusuklay na ko ng buhok non nung mapansin ko yung bracelet. Nahinto ako sa pagsusuklay. Hindi naman din niya suot yun di ba? Nakita kong wala yun sa kanya kahapon kaya bakit isusuot ko pa toh di ba? Parang pinagmumukha ko lang tanga yung sarili ko.

Inalis ko yung tingin ko dun at nagpatuloy sa pagsuklay. Bumaba ako ng kwarto. Nakita kong nagkakainan na sila sa may table. Ganito naman lagi pag may pasok eh. Pagbaba ko palang ng kwarto maaabutan ko na agad silang nagkakainan sa table. Haayyy. Parang gusto ko tuloy munang magbakasyon...

Umupo na ko dun sa table.  Anak nakainom ka bang gamot kagabi?

Hala nakalimutan ko! Nakatulog nga kasi kong bigla kagabi di ba? Ehe. >_<

Yes Ma, pagsisinungaling ko. Wala namang mangyayari kung hindi ako nakainom di ba? Isang gabi lang naman yun. Hindi na mauulit pa..

Dala ko nga pala yung gitara ko, sabi ni Casey habang humihigop ng kape. Hindi pa

tayo nakakapag-jamming simula nung dumating ako eh. Di ba yun yung request mo sa kin

kung sakaling uuwi ako?

Ay oo nga pala! Nagkamot ako ng ulo. Kaso madaming gawain sa school eh..

Oo nga Lollipop. We re so busy. Malapit na ulit yung brutal na exam eh, sabi ni Steff.

Ay ganun ba.. Ano kaya kung bumisita ko ngayon sa school niyo?

Ha? Anong oras? tanong ko.

Uwian niyo. Mga bandang hapon.. Para na rin mafamiliarize ako dito sa lugar di ba?

Oo nga anak, ilibot niyo si Casey. Hindi naman pwedeng dito siya sa bahay buong

bakasyon niya di ba? sabi ni Mama.

Okay. Ngumiti ako kay Casey. Dalin mo na din yung gitara mo mamaya ah?

Ngumiti siya. Sure.

Umalis na agad kami ni Steff pagkatapos kumain. Pagdating namin sa school nagpaalam siya sakin na dadaanan lang daw niya si Kevin.

Teka sama ko!

Baket?
Wala.. Masama ba?
Hinampas niya yung braso ko. Naku! Gusto mo lang makita si Justin eh!
Hoy hindi ah! Hindi naman siya kaklase nina Kebs at Rio ah!
Oo hindi nga. Pero hello? Magkatabi lang kaya yung room nila! Engot much sis?

Ngumuso ako at sumibangot. Hindi naman talaga eh! Ang totoo niyan, ayoko kasing pumasok ng mag-isa at abutan si Jessie dun. Saka as much as possible gusto kong madelay yung pagkikita namin. Naaalala ko kasi yung tungkol kagabi eh. Takte. >_<

Tsk! Halika na nga! Para na namang nilukot na papel yang mukha mo eh! Kinuha ni Steff yung kamay ko.

Pagdating namin sa classroom 4-4, nagulat ako ng bigla nalang sumigaw si Steff. K EVIN PERILLO! NASAN KA BOBO KA?!!!

Steff! impit kong sabi sa kanya. Waaahh! Nakakahiya naman! Dapat pala hindi na ko sumama eh!

HOY ANDITO KO!! Biglang tumayo si Kevin sa upuan niya at dali-daling lumabas.

BA T TUMAYO KA? DEH BOBO KA NGA? HAHAHA! Nagtawanan din yung mga tao sa loob ng room. Tapos si Kebs naman parang medyo namula.

LOKO KA BABE! Ba t kailangan mo pang sumigaw ng ganon?!!

Wala lang. Trip ko lang hahaha. Walang basagan ng TREP! May kinuhang CD si Steff mula sa bag niya. Oh ayan na yang DVD mo. PANGET WALANG KWENTA! Ang lutong pa nung pagkakasabi ni Steff dun Panget . Hahahaha ang berat talaga..

Kinuha yun ni Kevin at sumibangot. Naku! Ikaw na nga lang yang pinahiram ikaw pa me
ganang manlaet!

Hoy panget! Hindi ko naman sinabing pahiramin mo ko ah? Pinilit mo nga lang akong

panuorin yang may ALIEN na yan eh!

Ang ganda kaya! Wala ka talagang taste! >_<

Hindi naman talaga maganda eh! Wala ka kasi dyan Hahahaha!

Ngumiti si Kevin. Sus kaya naman pala eh.. Gusto lagi akong nakikita nung babe ko
!
Wee! Miss mo ko noh? Pilit na inakap ni Kevin si Steff. Si Steff naman kunwari pa
ng
pumapalag hahahaha.

Hoy bitawan mo nga ako! Waaahh ang baho ng kili kili!

Anong mabaho? Kinuskos kong mabuti yan para ngayon noh! Hahahahaha!

Yuck! Ew! Get off me!

Nangingiti ako habang tinitingan silang dalawa. Ang cute nilang tingnan. Parang
kahit
anong mangyari sa kanila hinding hindi sila mapaghihiwalay. Parang napakatibay n
g
relasyon nila kasi nagkakaintindihan sila..

Biglang bumigat yung loob ko. Hindi ko alam kung bakit hindi ganito yung nangyay ari
samin ni Jessie. Oo aaminin ko na napakarami naming indifferences, pero pwede na mang
isantabi yun di ba? Pwede naman naming punan yung kulang ng bawat isa? Pero...

Hindi ganun yung nangyari eh..

Luna?

Napalingon ako. Oh Justin.. Nakatayo siya dun sa pintuan nila. Ngumiti siya sakin at
nilapitan ako.

Bakit nandito ka? tanong niya sakin.

Sinamahan ko si Steff. May ibinigay lang kay Kevin.. Sis! Halika na nga at malela te na
tayo oh!

Teka lang sis! May itinuturo pa sakin si babe eh! Bumalik na yung tingin ni Steff kay

Kevin.

Tumaas yung kilay ko. Ano ba yun?

Strategy para dun sa pinahiram niya saking game. Hindi ko matapos yung level 5 eh ..

Sus! Eh pwede namang mamayang hapon yan eh! pilit ko sa kanya.

Eh ang layo kaya ng room nila! Saka baka hindi na rin kami magkita ni babe ko

mamayang hapon..

Oo nga naman.

Sumibangot ako kay Kevin.  Naki-oo ka pa!  sabi ko sa kanya.

 Gusto mo hatid na kita?  alok ni Justin.

 Naku wag na! Nakakahiya naman. Baka malate ka pa...

Hinawakan niya yung kamay ko.  Ayos lang.. Guys mauna na kami ah?

 Sige go! Shoo!  Ehe, shoo daw? Ano kami langaw? Kaasar na Steff toh!

Hindi naman ako makatingin kay Justin habang hawak niya yung kamay ko. Nakakaila
ng
naman! >_<

 Naiilang ka ba? Gusto mo bumitaw na ko?  tanong niya sakin. Ay, mind-reader ba toh?

O_O

 H-Hindi ayos lang hehe..  Nakakahiya naman din kasi eh. Saka ano ba masama? Hawak
lang naman niya kamay ko eh. Nagtitinginan na naman samin yung mga estudyante. K
ung
makatitig para kaming bag na naglalakad ah. Napaka-usisero talaga nila.. >_<

 Nagulat ako nung makita ko kahapon si Jessie,  sabi ni Justin.  Siguro napaaga yung
balik niya galing airport.

 Ah,  matipid kong sagot. Ayoko na kasing pag-usapan pa yon. Saka I don t want to
remember his promise na ipapakilala niya ko sa parents niya. Ayoko na ding mainv
olve pa
sa buhay niya. Dapat lang din na kalimutan ko siya di ba? Katulad ng ginagawa ni
yang
paglimot sakin..

Napansin ni Justin na bigla akong nawala sa mood.  Sorry.

Ano ka ba! Don t be sorry hehe. Masama lang kasi yung tulog ko kagabi, pagdadahilan ko.

Hindi nga pala pumasok si Rio ngayon. Parang ang weird niya this past few days. E wan ko ba..

Tumingin ako kay Justin. Oh? Kaya pala hindi ko siya nakita sa room nila ni Kevin kanina. May problema kaya siya?

Umiling si Justin. I don t know. Just let him be.. Kilala ko si Rio. Hindi siya mad alas magsabi ng nararamdaman niya. Baka magalit lang siya pag nakialam tayo.. May tiw ala naman ako sa kanya eh..

Huminga ko ng malalim bago buksan yung pinto ng room ko. Binitawan na rin ni Jus tin yung kamay ko. Uh Luna? simula ni Justin. Tumingin ako sa kanya.

Bakit?

Parang nag-alinlangan siya. Napansin kong huminga din siya ng malalim. Nagulat ak o non nung malaman kong naging kayo ni Jessie...

Kumurap ako. Bumilis din yung tibok ng puso ko. Feeling ko parang medyo nakakail ang yung sitwasyon. Tumingin si Justin sa mata ko. Naaalala mo ba yung sinabi ko sayo nung isang gabi?

Alin yun?

Yung tinext mo ko kung me gusto ba ko sayo? Tapos bigla siyang namula. Ha? Ano daw?

Kumunot yung noo ko. Ano bang sinasabi nito? Tinext ko ba siya? Kelan?  Ano bang sinasabi mo?

Natigilan si Justin. Parang nagulat siya kasi wala talaga kong alam sa sinasabi niya.

Hindi mo na ba natatandaan? Ang alam ko Sabado ng gabi yun eh..

Ha?  Sabado ng gabi? Nun ko nga ata nakatext si Justin eh.  Ah! Yung sinabihan mo ko na I miss you?

Mas namula siya nung sinabi ko yun. Actually ako nga rin eh. Hala! Stupid mouth!

Nakakahiya naman yung mga pinagsasasabi ko! >_<

O-oo.

Ah. Pero wala akong matandaan talaga na tinanong ko sayo yun eh. Kasi nung Sabado

ng gabi katext kita nun tapos biglang...  Nanlaki yung mata ko.  OH MY GOD!

B-Bakit?!  Nagulat siya. Tumakip yung isang kamay ko sa bibig ko. Pinakialaman ni Jessie yung sim ko?! Kinuha niya kasi sakin yun nung gabi na yun eh! Siguro kaya yung sim niya yung naibalik niya sakin kasi nakalagay pa nun yung sim ko sa cellphone niya!
Waaahh! (>o<)

SORRY JUSTIN!

H-Ha? Bakit nagsosorry ka?

Basta! I m sorry! Hindi ako yung nakatext mo nun!

Kumunot yung noo niya.  Ha? Anong hindi ikaw? Eh sino?

Si Jessie yun! Waaahh! Kinuha niya yung sim ko!  T_T

Si Jessie? Magkasama kayo nun?

>_<

Kasi naman eh! Ang engot ko! Bakit ko ba kasi sinabi yun?! Deh natural magtataka
siya
kung pano nakuha ni Jessie yung sim ko ng disi-oras na gabi! Tsk! Nakakainis nam
an! Gusto
kong dagukan ng walang lubay si Jessie eh! Kaso parang ang awkward naman kung bi
gla
akong susugod sa kanya..

Uhmm. Kasi Justin ano eh.. Uhm.. May nangyari lang kasi sakin nun. Tapos tinulung
an
niya ko. Oo yun nga! Promise! Wala nang iba..  Haist, ba t ba ang defensive ko? Wala
naman
talagang nangyari di ba? Saka bakit ba ko nagpapaliwanag ng ganito kay Justin? H
aist..

Hinawakan niya yung kamay ko at tinitigan ako sa mata. Ngumiti siya.  I know. I tr
ust
you Luna. Saka okay lang yun. Hindi mo kailangang magsorry.

Ngumiti ako sa kanya. Naramdaman ko yung urge na akapin siya kasi natutuwa ako.
So I

hugged him.  Thank you Justin..  I don t care kung may nakakakita man samin. Basta I m

just grateful kasi may tiwala sakin si Justin..

Inakap niya din ako.  I ll always be here for you,  bulong niya.

I pulled back.  Sige mauna na ko..

Okay. Wag ka nang sisibangot ah? Just enjoy your day..

Hindi ko alam kung maipapangako ko yun. Kung wala sana si Jessie sa room oo

magagawa kong ngumiti ng hanggang tenga. But I m not entirely sure that I ll make it

through the day without hurting my feelings..

Nung binuksan ko yung pintuan, napansin kong mabilis na nagsiupo yung mga kaklas
e
ko. Yung iba naman biglang tumalikod dun sa bintana at kunwaring nag-uusap. Tuma
as

yung kilay ko. Anong trip niyo? tanong ko sa kanila.
Wala.. nakangiting sabi sakin ni Annie, yung seatmate ni Steff.
Naku. Alam ko yang ngiti na yan eh!
Masarap bang umakap si Papa Justin? tanong nung isa kong kaklase.

Napatingin ako sa kanya. Sabi na eh! Tss! Nakikiusyoso sila samin sa labas ni Ju
stin!
Pahamak na bintana yun oo!

Unconsciously, biglang bumaling yung tingin ko kay Jessie. Nakaupo lang siya dun
at
mukhang may katext sa cellphone. Sino yun? Si Sarah na naman ba? Huminga ko ng
malalim at tumingin ako sa kaklase ko na yun. Oo. Masarap siyang umakap..

Nagtilian yung mga kaklase ko.

YAAAHHH! SABI NA EH! NAKAKAINGGIT NAMAN!!
GUSTO KONG AKAPIN DIN AKO NI JUSTIN!!!
I HATE YOU LUNA! ANG SWERTE MO!!!

Magsitigil nga kayo! Hahahaha!  Tinawanan ko nalang sila habang papunta dun sa table.
Umupo ako sa tabi ni Jessie pero hindi ko siya pinapansin. Tuluy-tuloy pa din siya sa
pagtetext. Hindi ko mapigilan yung sarili ko na magsalita.

Grabe thank you sa pangingialam mo sa sim ko ah,  I said with sarcasm.
Napatingin siya sakin.  Ano bang pinagsasasabi mo?
Wow! Nakalimutan mo na? Ang galing mo din noh? Bakit mo tinext si Justin ng ganun?

Pinipilit kong wag sumibangot. Gusto ko kasing tuparin yung sinabi ni Justin sakin kanina.
So ginawa ko nalang blank yung expression ko.

Pake mo ba?  matabang niyang sabi.

Okay.  Yun nalang yung sinabi ko. Ayoko na kasing palakihin pa yung walang kwentang usapan na toh. Kaya umupo nalang ako ng maayos at kinuha yung cellphone ko. Napatingin
siya sakin.

Gaya-gaya..  sabi niya.

Tumingin ako sa kanya. Actually naaasar ako but then, I just smiled.  Thanks.  Tapos tiningnan ko na agad yung cellphone ko.

Tinext ko si Justin.

To: Justin ^^,
Gagawin ko yung sinabi mo. Hindi ako sisibangot ngayong araw. :)

*beep*

RE:
Good. :) Cute ka kasi pag nakasmile eh.

Bigla naman akong nangiti dun sa sinabi niya. Hindi ko maexplain pero bigla nalang sumulpot yung kilig ko. Eeehh! Ano ba toh! X)

To: Justin ^^,
Aish. Ganun? Hahaha.

RE:
Oo hehe. Cute ka nga :)

Eeehh! Kinikilig na talaga ko! >///<

Ba t ngumingiti ka dyan?  sabi ni Jessie.

>_<

Pake mo ba?  nakangiting sabi ko sa kanya.

Mukha kang ewan. Naaasar ka tapos nakangiti ka pa..

Biglang nawala yung ngiti ko. Anak ng! Papatayin ko na tong lalaking toh! Agad ko

namang binalik yung ngiti ko.  Asar? Hindi ah. Hindi ako naaasar..

Ewan ko sayo. BALIW.

ANO BANG GUSTO MO HA?! Napatayo ako. Nagtinginan samin yung mga kaklase ko. Shucks. Hindi na ko nakapagpigil. >_<

Dahan-dahan akong umupo at huminga hinga ng malalim. Calm down Luna. Tandaan mo yung sinabi ni Justin. Wag mo nalang pansinin tong lalaki na toh..

Ngumiti ako sa mga kaklase ko. Sorry. Hehehehe.
Hindi pala asar ah, mahinang sabi ni Jessie. Tae narinig ko yun ah! Nakakainis tal aga!

Kinuha ko nalang yung cellphone ko at tinext ulit si Justin.

To: Justin ^^,

I m sorry Jhuzt. I lost control. Sumibangot ako. Sorry talaga : (

RE:
Si Jessie na naman ba? Wag kang magsorry. Wala kang kasalanan. Ako nga dapat magsorry kasi wala akong magawa ngayon para mapangiti ka.

Lumakas yung tibok ng puso ko. Nafeel ko din na namula ko. Justin, bigla kong nasa bi
ng mahina.

Biglang nalingon sakin si Jessie. Katext mo si Justin?

Nagulat ako sa kanya. Ang talas ng pandinig amp!  Oo.

Parang sumeryoso yung mukha niya. Nagseselos kaya siya? Hay nako. Wag ka nang umasa Luna. Sarili mo lang yung pahihirapan mo pag nag-assume ka.

Okay.  Tapos nagtext na ulit siya.

Sabi niya kasi sakin na wag daw akong sumibangot ngayong araw. Kaya I m doing my best para tuparin yung sinabi niya..

Ah..  matipid niyang sagot.

Biglang sumikip yung dibdib ko. Ang bigat na naman ng kalooban ko. Wala man lang

siyang reaction. Wala na ba talaga siyang pakialam sakin? Ganun-ganun nalang ba lahat ng
pinagdaanan namin? Yumuko ako. Humigpit din yung pagkakahawak ko sa cellphone ko
.
Gusto kong ibalibag yun. Gusto ko siyang sumbatan. Gusto kong umalis ng room at umiyak
nalang..

I m sorry Justin.. I m sorry kasi hindi ko nagawa.. Hindi ko natupad yung gusto mo.. Hindi
ko makayanang hindi sumibangot at masaktan pagdating kay Jessie...

Chapter 57
Luna

*beep beep beep*

Kinuha ko yung cp sa bulsa ng palda ko.

Calling...
Casey :)

Hello?

Luna? Nasan ka na ba? Nandito na ko sa labas ng school niyo.

Ay sige wait lang ah. Andyan na ko.. Binaba ko yung linya. Kinuha ko agad yung bag ko at lumabas ng SC room. Tumakbo ko pababa ng hagdan at tinungo agad yung gate. Nahinto ako nung nakita ko si Casey.

Oh my God. Ano toh, fashion show? Shucks.

Nakasuot kasi siya ng red and black checkered polo shirt at pants. Tapos naka-gel pa yung buhok niya at black glasses. Nagtitinginan nga sa kanya yung mga babae habang palabas ng gate eh. Pano ba naman kasi! Parang artista yung nakikita mo sa harap mo ngayon! >///<

Ibinaling niya yung ulo niya sa direksyon ko. Nangiti siya nung nakita niya ko. Luna! Inalis niya yung salamin niya at lumapit sakin. Napansin kong napatingin yung ibang babae sakin. Yung iba naman nagbulungan. Oh my..

Nakasukbit yung case ng gitara niya sa likod niya.  Ayos porma natin ah,  biro ko sa kanya.

Naman! Kelan ba ko nalaos? Hahaha. Asan nga pala si Steff?  tanong niya.
Ayun, kasama boyfriend niya..
Talaga? Wow. I wanna meet him..
Naku wag na! Nasa music room kasi siya ngayon. Baka magulo yung session ng banda.

Hinawakan ko yung braso niya para hilahin paalis.

Yun ba yung sinasabi mo saking baduy na banda sa chat?

Natawa ko.  Oo yun nga hahaha.

Ngumiti siya.  I want to see them. And you also promised me na ituturo mo sakin yu ng buwisit kamong lalaki na nakilala mo?

Nawala yung ngiti ko.  You already met him Casey.
Talaga?  nagtatakang tanong niya.  Who? When? Where?
Kinamot ko yung ulo ko at huminga ng malalim.  The night when I fainted..
Nanlaki yung mata ni Casey. Napanganga siya ng konti.  That guy? He s the one you re talking about? God, freak nga talaga siya..

Parang medyo nakaramdam ako ng inis nung sinabi nyang freak si Jessie. Nakakaasa r naman. Hanggang ngayon ipinagtatanggol ko pa din si Jessie..

 Yes, he s that freak,  sumang-ayon nalang ako.

Umiling siya.  Akala ko talaga kung ano na yung ginawa sayo nun eh.. Well, anyway,
 let
me see the school band, okay?

 Pero..

 Sige na! Itour mo muna ko!  ^_^ v

Napakamot nalang ako ng ulo. Ngumiti naman siya. Lalakad na sana ko ng bigla kon
g
naramdaman yung pag-akbay ng braso niya.  Casey!  angal ko sa kanya.

 Bakit?  natatawa tawa niyang sabi.  Wala namang masama di ba?

 Baka akalain nilang may relasyon tayo! Nga chismosa pa naman tao dito!

 Deh hayaan mo sila! Alam naman nating akbay kaibigan lang naman toh eh..

>3<

Nakaakbay sakin si Casey habang papunta kami dun sa music room. Nakayuko na nga
lang ako at medyo tinatago pa yung mukha ko eh. Nakakahiya naman kasi eh! Ang da
ming
tumitingin kay Casey kaya nadadamay tuloy ako! Siguradong may mga iniisip na yun
g mga
toh tungkol samin. >_<

Inalis na niya yung pagkakaakbay niya nung nandun na kami sa labas ng music room
.
Mula dito rinig yung bawat taginting ng gitara at palo ng drums..

Drums.. Ibig sabihin... N-Nandito din si Jessie ngayon?

Bigla tuloy bumilis yung tibok ng puso ko. Kinakabahan ako na hindi ko malaman. Ewan
ko ba.. Parang yung feeling eh bumababa sa tiyan ko.. Hindi ko siya maexplain..

Binuksan ko yung pinto. Natingin sila samin ni Casey. Biglang huminto yung pagtu gtog
nila nung makita nila si Casey. Ramdam ko din yung bigat ng tingin samin ni Jess ie pero
hindi ko nalang yun pinansin..

CASEY! Tumayo si Steff mula sa pagkakaupo at lumapit samin. Buti t andito ka!
Oo nga eh hehe. Sabi ko kasi kay Luna gusto kong makita yung school band..
Kumindat si Steff. Naku! Eh wag mo namang icocompare sa band mo sa States ah! Mga

pipichugi lang yung mga uhugin na toh eh!

HOY! NARINIG KO YUN BABE AH! Nagreact naman agad si Kevin.

HEH! Tumahimik ka nga! Wala ka naman talagang binatbat kay Casey eh! Laos na yang

paggigitara mo!

Syado mo babe! Kung alam ko lang eh kaya ka nainlove sakin kasi tinitingala mo ko eh!

Sus! Asa! Dinilaan ni Steff si Kevin.

Hahaha siya ba boyfriend mo piglet? tanong ni Casey kay Steff.
Piglet? Anak ng teteng Babe! BABOY KA PALA! Tapos tumawa ng malakas si Kevin.

>_< <------STEFF
XD <------KEVIN
Lagot ka sakin mamaya! sigaw ni Steff kay Casey. Tapos tumalikod siya at tiningnan ng
masama si Kevin. Lumapit siya dun tapos binatukan. TAWA TAWA KA DYAN?!
Nakahawak sa ulo si Kebs. ARAY! Ano na naman bang ginawa ko?!
Nakakainis yung tawa mo! SHATTAP!!!

Tumawa kaming dalawa ni Casey. Maya-maya, lumapit samin si Justin. Iniabot niya yung

kamay niya kay Casey. Hi. My name s Justin.

Kinamayan ni Casey si Justin at ngumiti. Casey..
Kaibigan ka ni Luna? tanong ni Justin.
Yup. Nakaistorbo ba ko? Pansensya na..
Naku hindi hehe. Kung gusto mo dito ka muna, alok ni Justin. Nabanggit ni Steff na

kasama ka raw sa isang band sa States?
Tumango si Casey. Yup. Ako yung guitarist dun..

 Wow. Ang cool.  Ngumiti si Justin. Hayy, buti naman at nagkasundo yung dalawa na to
h.
Si Rio at Kevin naman yung sumunod na lumapit at nagpakilala kay Casey. Tiniting
nan ko si
Jessie sa gilid ng mata ko para hindi niya mahalata.

Nakaupo siya dun sa may sofa. Nagbabasa ng magazine. Tumingin si Casey sa kanya.

Mukhang namukaan niya si Jessie kasi lumapit siya dito. Iniabot niya yung kamay
niya kay
Jessie.  Hi. I don t think we are properly introduced. I m Casey. You are?

Natigil sa pagbabasa si Jessie. Tiningnan lang niya yung kamay ni Casey tapos bu
malik na
ulit sa pagbabasa. Binaba na ni Casey yung kamay niya. Nainis ako sa inasal ni J
essie. Kung
wala lang si Casey kanina ko pa siya nasigawan! >_<

Lumapit ako kay Casey at hinawakan siya sa braso.  His name is Jessie,  matabang kon
g
sabi. Napatingin sakin si Jessie.  Halika na Casey. Dun nalang tayo..

 Okay.  Hinila ko si Casey pabalik kina Justin. Hindi pa kami nakakalayo, biglang ma
y
tumunog na cellphone.  Sayo ba yun?  tanong ni Casey.

 Hindi eh.  Nung lumingon ako sa likod, nakita kong may kausap na sa cellphone si
Jessie. Mukhang secret pa yung pinag-uusapan nila kasi tinatakpan pa ni Jessie y
ung bibig
niya.

 ANO?!

Napatingin kaming lahat kay Jessie.  Pare ano ba yun? Bakit   Hindi na natapos pa ni
Kevin yung sasabihin niya kasi bigla nalang tumakbo palabas si Jessie. Naiwan ka
ming
nakatinging lahat dun sa pintuan.

 Mukhang importante yun ah,  sabi ni Justin.

Hayaan na nga lang natin yun, sabi ni Steff. Nag-usap usap na ulit sila pero nanatili pa ding nakititig yung mga mata ko dun sa pintuan. Ano kaya yun? Bakit napasigaw pa siya kanina? Hindi ko mapigilang mag-isip ng kung anu-ano.

Ang weird nga rin niya ngayon this past few days eh. Lagi nalang siyang maagang umuuwi tuwing walang practice yung banda. Dati kasi kung san san muna siya tumatambay eh. Tapos ngayon lagi niyang hawak yung cellphone niya na para bang laging may hinihintay na text..

Luna?

H-Ha? Napatingin ako kay Justin.

May problema ba?

Ah w-wala. Magsi-CR lang muna ko.. Tumayo ako at lumabas ng music room. Parang may something sa loob ko na pumipilit sakin na sundan si Jessie. May feeling ako na may nangyayaring hindi maganda..

Nagdadalawang-isip ako kung itutuloy ko pa ba. Ako lang naman tong parang tanga na nagpupumilit na iinvolve yung sarili sa buhay niya eh. Sinabi ko na dati na hindi na ulit ako magiging concern sa kanya pero yung sarili ko mismo yung pilit na bumabali sa pangako na yun..

Papaliko na sana ko nang may marinig akong nag-uusap. Nagtago ako at dahan-dahang tumingin sa pinanggalingan ng boses na yun. Nakita ko si Jessie na may kausap na babae. Hindi ko kilala kung sino yun pero parang nakaramdam ako ng selos.

Bigla akong nainis. Hindi ko din kasi maintindihang mabuti yung sinasabi nila. Ang narinig ko lang eh nag-sorry yung babae tapos umakap siya kay Jessie. Huminga ng malalim si Jessie at inakap din yung babae.

Iniwas ko na yung tingin ko at sumadal sa pader. Ang sikip-sikip ng dibdib ko. Pinunasan ko na agad yung mata ko bago pa may tumulong luha mula don. Dati si Sarah, tapos ako, and now, sino naman ba yung babae na yon?!

Ayoko mang maniwala pero parang unti-unti nang nabubuo yung ideya sa utak ko..

Naging parang basura na din ako.. Napakatanga ko.. Dapat hindi ko hinayaang mahulog yung sarili ko sa kanya eh.. Dapat pinigilan ko.. Dapat hindi ko hinayaan yung sarili kong mahalin yung bawat bagay na maganda sa kanya.. Dapat hindi ko nalang din hinayang mas mahalin ko yung imperfections niya.. Kung alam ko lang.. Kung alam ko lang sana na ganito pala kasakit magmahal.. Hindi na sana ko nagtangka pang pumasok sa ganitong kagulong mundo...

I once said that he is my light.. My tomorrow.. Pero mukhang unti-unti nang naglalaho yun.. Para nalang isang masayang panaginip na sandali ko lang naranasan.. Pano pa ko aasa kung may iba na siyang pinag-aalayan ng liwanag at bukas niya? Di ba? Pano kung hindi nga talaga kami yung para sa isa t isa?

Hindi ko na napigilang pumatak yung luha ko. Hindi ko na ata kaya yung sakit. Napapagod na kong umasa. Hirap na hirap na ko. Alam ng Diyos kung gano ko minahal si Jessie. Kahit na siya ang mali pinipilit ko siyang intindihin. Nagpapakatanga ko para sa kanya. Nagbibingi-bingihan kasi mahal ko siya..

Kaso sobrang sakit na eh.. Parang hindi na kaya ng puso kong tumanggap pa ng panibagong sakit.. Kung pwede nga lang turuan yung puso kung sino yung pwedeng mahalin eh matagal ko nang ginawa.. Kaso, naiinis ako sa puso ko.. Kasi hinayaan na nga

niyang mahulog yung sarili niya sa maling tao, siya pa yung hindi mapigilan ang sarili na
masaktan..

Luna?

Tumingin ako sa tabi ko. Nakakunot yung noo ni Jessie sakin at hindi niya rin ka sama
yung babae kanina.

B-Bakit umiiyak ka?

Humikbi ako. Ayokong makita ko ni Jessie na umiiyak. Para kasing sinabi ko na ri n na
nagtagumpay siyang durugin yung puso ko. Na nagtagumpay siyang paglaruan yung damdamin ko..

Gusto ko siyang sapakin ngayon. Gusto ko siyang saktan. Gusto ko siyang gantihan . Pero
hindi ko magawa. Kasi mahal ko siya. Mahal na mahal. Sa sobrang pagmamahal ko sa kanya,
handa akong tiisin yung sakit na nararamdaman ko..

S-Sige, mauna na ko..  Lalong sumikip yung dibdib ko sa sinabi niya. Dati rati, sas abihin
niya sakin na wag na kong umiyak kasi pati siya nasasaktan. Siya mismo yung nagp apahid
ng luha mula sa mga mata ko. Hahalikan niya ko sa noo at sasabihing ngumiti na k o. Isang
sabi niya lang sakin dati na tumahan na ko, kakalma na agad yung tibok ng puso k o..

Mistulang naglahong parang bula yung lahat ng iyon. Wala nang ngiting papawi sa lungkot na nararamdaman ko. Hindi ko na rin mararamdaman yung yakap na laging pumoprotekta sakin at wala nang mga labing kakalinga sakin..

Inakap ko si Jessie mula sa likod. Natigilan siya nung maramdaman niya yung higp it ng
yakap ng mga braso ko sa kanya.  L-Luna?

Let me hug you.. P-Please.. For the last time..  Mas lalong tumulo yung luha ko. Hinigpitan ko pa yung yakap ko sa kanya kasi baka hindi na din maulit toh. Baka wala nang
susunod na pagkakataon pa. Kaya ibubuhos ko na yung lahat ng nararamdaman ko sa yakap na toh..

Luna,  mahina niyang sabi.

P-Please.. Let me hug you.. And I promise *hikbi* lalayo na ko..  Naramdaman kong nagkaroon ng tensyon sa katawan ni Jessie. Pero hindi ko nalang pinansin yun. Na guumapaw
na yung damdamin ko nung mga oras na yon..

I felt his hands gripped mine. Pero inalis ko na yung pagkakayakap ko sa kanya. Parang
unti-unti ring nakakalas yung pagkatao ko habang bumibitaw ako sa pagkakaakap sa

kanya. Alam ko kasing maaring yun na yung panghuli.

And I also don t want to feel the pressure of his hand. Mas lalo lang akong mahihi rapang
lumayo. Mas lalo lang akong mangungulila sa kanya..

Pinahid ko yung luha ko at pinilit na ngumiti.  S-Sige. Uuwi na ko..

Luna, wait.  Hinawakan niya yung kamay ko. Naramdaman ko yung bigat sa dibdib ko. Kinagat ko nalang yung labi ko para pigilin yung sarili ko na bumalik. Ayoko nan g
pahirapan pa yung sarili ko kaya lumalayo na ko.. Kung san siya masaya, hahayaan ko
nalang siya. At kung yung makapagbibigay sa kanya ng kasiyahan ay hindi sa pilin g ko, then

I ll let him go..

Mahal na mahal ko siya and I want him to be happy. Even if I m not there beside hi m and

the one giving him happiness..

Humigpit yung pagkakahawak niya sa kamay ko. Though it hurts so much, I said,  I m sorry..  Then I pulled my hand and walked away..

Chapter 58
Sarah

Sino yun? Sino na naman ba yung kasama ni Luna na yon? Napakalandi talaga nung babae na yun! Nakuha na nga niya si Jessie ko, finiflirt na si Justin tapos ngay on pag
nakatalikod yung dalawa na yun, may kaakbayan naman na ibang lalaki?

Screw her! >_<
 Girl? Ba t nakasibangot ka na naman dyan ha?  tanong ni Leslie, friend ko.
 Eh kasi si Luna eh! Napakaflirt talaga!
 Tsk ayan ka na naman eh! Wag mo na nga pansinin yung buhay nun!  Tiningnan ko siya

ng masama. Parang medyo nailang siya kaya iniwas niya yung tingin niya.

 I just can t let that damn girl get the good ones! Buti sana kung mga mukhang ewan sina
Jessie pero hindi eh! Tapos ngayon yung nakaakbay sa kanya mukha pang artista! A sar!

Kinuha ko yung bag ko at tumayo sa bench.

 Oh san ka pupunta girl?!  sigaw ni Leslie habang lumalakad ako paalis;
 Sa publication s office!  sigaw ko.
 Bakit??!

Hindi ko nalang siya pinansin. Actually, hindi muna ko pupunta sa publication s of
fice.
Sinundan ko sina Luna at yung kasama niyang lalaki. Kinuha ko yung cellphone ko
and
snapped a photo of them.

*click*

Tiningnan ko yun. Napangiti ako.  Perfect.

Nagmamadali akong pumunta dun sa publication s office. Binuksan ko kaagad yung
computer at hinanap yung mga photos na ipinadala ng ibang estudyante through ema
il
para makakuha ng scoop yung school paper. Karamihan dun stolen eh kaya hindi nil
a alam
na kinabukasan pwede nang lumantad yung mga pinaggagagawa nila.

May section kasi yung school paper for couples. Kung intriguing yung pagiging co
uple
nila or unexpected na naging sila, basta yung mga ganun, then pwede silang ilaga
y sa school
paper. Luckily, sa section na yun, pen names yung ginagamit namin kaya walang
nakakaalam kung sino ba yung sumulat ng article na yun..

Inopen ko yung mga email hanggang sa mahanap ko yung photo ni Luna with Jessie n
a
ipinadala nung isang araw. Then I remember na binura ko nga pala yun! Gosh! Sana
 nasa
recycle bin pa yun!

Inopen ko yung recycle bin at hinanap yung picture niya na yun. Nainis kasi ko n
un eh.
Nakakairitang makitang magkasama si Luna at Jessie kahit sa picture lang. Lalo n
a t hawak
pa ni Jessie yung kamay nung lecheng babae na yun. >_<

 Ayun! Thank God!  Nirestore ko yung picture at ikinopy sa USB ko. Tumingin tingin p
a
ko sa emails. Naintriga ko dun sa isang file na ang pangalan ay,  The President an
d the band
vocalist  so inopen ko yun.

Nangiti ako kasi yung nasa picture na yun ay si Luna at si Justin. May nakasulat pa ngang tanong eh...

Does the Student Council President have a romance with Justin Cuevo? I hope not, please. Can you make sure of it for me?

Well mukhang fan girl toh ni Justin ah. And big thanks to her kasi nakakuha ko n g isang magandang litrato. And not only that, I have a very very good article forming in my mind right now..

Kinopya ko rin yung picture na yun then after that, inalis ko na yung USB ko. Bi nura ko na ulit yung picture ni Luna at Justin as well as yung sa kanila ni Jessie. Ayok ong may makakita pang iba nun, at least wala silang mapapatunayan di ba? Brilliant..

Ipinamulsa ko yung USB at pinatay yung computer. Nilock ko na yung publication s o ffice at lumakad pabalik kay Leslie.

Oh girl? Ang tagal mo din ah,  sabi niya.

I crossed my arms.  Well. Let s just say that I know exactly what to do..

Tumaas yung kilay niya. Ngumiti siya.  Oooh.. I know that aura. May gagawin ka na namang kamalditahan noh? You re so bitchy talaga..

Natawa ko.  You re right about that my dear friend. I m a bitch. Kaya dapat mag-ingat sakin yung Luna na yon..

*Luna s POV*

Pagdating ko ng apartment, tumuloy agad ako ng kwarto. Hindi ko na nga napansin yung pagtawag ni Mama sa pangalan ko eh.

Kinuha ko si Stitch mula sa sahig. Tiningnan ko yun.  I m sorry Stitch. Pero sa tingin ko dapat hindi na kita makita..  Ibinaba ko yung stuff toy na yun sa basement. Masakit man sakin na iwanan yun, nagtiis ako. Kasi twing nakikita ko yun, parang nakikita ko na rin si Jessie eh. Pati yung kiss na pinagsaluhan namin noon sa horror booth. Kaya dapat lang na ilayo ko na sakin toh..

Yung bracelet naman itinago ko sa pinakalikod ng drawer ko. Tinakpan ko yun ng kung anu-ano para madali kong makalimutan yun. I don t know pero ayokong itapon yun. Hindi ko kaya eh. Mas mainam na rin siguro kung itago ko nalang ng maigi yon. Then kapag kaya ko na talagang mabuhay ng wala yon, I ll give it back to Jessie...

*beep*

Tiningnan ko yung cellphone ko.

Message
Received

Inopen ko yung message.

From: Casey :)

Wer r u?

RE:

I went home. Not feeling so well. Sorry. :(

From: Casey :)

Oh ok. Meet u there nalang. Pahinga ka na muna..

RE:

Okay.Tnx.

Huminga ko ng malalim at pinikit nalang yung mga mata ko..

*Kinabukasan*

Hindi ko alam kung panong bukas ba sa pinto yung gagawin ko sa classroom. Kanina pa ko nakatayo dun sa tapat ng pinto pero hindi ko pa rin mabuksan yun. Ngayong araw kasi, makakatabi ko na naman si Jessie..

Kung pwede nga lang lumipat nalang ng section eh. >_<

Naunang pumasok kaysa sakin si Steff kasi nagdahilan ako na medyo masakit pa yung ulo ko. Kaya ngayon, namomrobela ko sa simpleng pagbubukas ng pinto. Haist..

*click*

Inikot ko na yung door knob at binuksan yung pinto. Ngumiti ako sa mga kaklase ko at nag-good morning sa kanila. Nag-good morning din naman sila pero parang naninibago sila

sakin. Ginagawa ko naman din dati yun eh, pero simula nung dumating si Jessie, lagi nalang akong bad mood sa umaga.

And now I m trying to pull things back the way they used to be.

Umupo ako dun sa tabi ni Jessie. Hindi ko nalang siyang pinansin. Kagabi sinabi ko sa sarili ko na magiging normal na ko. Pipilitin kong hindi maging concern kay Jessie. I ll forget about him from now on..

Naramdaman ko yung bawat tingin niya sakin pero hindi ko nalang yun pinansin. I kept myself busy with a book. Tama, ganito nalang. Gagawin ko nalang abala yung sarili ko para makalimutan ko agad siya..

 Luna.

Biglang tumalon yung puso ko. Nakakainis naman! Isang sabi palang niya ng pangalan ko feeling ko natutunaw na naman yung pader na pilit kong itinatayo sa pagitan naming dalawa. But no, I have to be strong. Dapat hindi ako magpadala...

 Yes?  simpleng sabi ko.

Tinitigan niya ko sa mata. I hate it when he stares at me like this. Parang ang lalim ng iniisip niya. Parang lagi nalang akong naaabsorb ng bawat titig niya.  About yesterday

 Ah..  pinutol ko agad yung sasabihin niya. Ngumiti ako.  I m sorry kung napakadrama ko kahapon hehe. Pero hayaan mo, tutuparin ko na ngayon yun..

Lumiit ng konti yung mata niya. Nafeel kong bumigat yung titig niya sakin.  Can you really do that?

Nawala yung ngiti ko. Nainis ako sa sinabi niya. Sinasabi ba niya na hindi ko ka ya yon?!
Ang kapal naman ng mukha niya! Siya lang ba yung lalaki sa mundo?! Oo mahal ko s iya
pero hindi ibig sabihin non hindi ko na siya pwedeng kalimutan! Kung ako nga nak ayanan
niyang ipagpalit ng ganun-ganun lang eh.. So ako hindi pwede? Ganun? Huh! Magtig il nga
siya..

Iba t ibang klase ng inis at galit yung bumubulong sa isip ko ngayon. Pero again, pinilit ko

yung sarili ko na wag madala sa mga sinasabi niya.

Ngumiti ako sa kanya.  I ll do my best.

Umiwas na ko ng tingin. Ibinalik ko nalang yung atensyon ko dun sa binabasa kong libro.

That s right. I ll do my best to forget him. I deserve to be free from pain right? A yoko na

kasing masaktan pa kaya ko ginagawa toh..

Pumasok na si Mrs. Terrano at nag-greet kaming lahat.  Class, may announcement ako sa
inyo. Today we have a transferee from America, like Mr. Wright..

Nagbulung-bulungan yung mga kaklase ko. Transferee? Late namang nagtransfer yun!

Tiningnan ko si Jessie pero nakatingin lang siya dun sa harap. Walang expression . For a
second parang nagtaka ko, but then hinayaan ko nalang yun..

Bumukas yung pinto at may pumasok na babae. Parang familiar siya sakin. I ve seen her
somewhere pero hindi ko lang matandaan. Mahaba yung buhok niya at maganda. Paran g
napaka-elegante niyang tingnan.. Promise, para siyang artista..

Everyone, meet Ms. Yuzon.  Nagpalakpakan yung mga kaklase ko nung ipinakilala siya ni Ma am Terrano..

Ngumiti yung transferee samin.. Oh my... Nanlaki yung mata ko. Bigla akong natin
gin kay
Jessie ulit. This time, tiningnan na niya ko. Hindi ko maalis yung tingin ko sa
kanya. Yung
transferee.. Siya yung kasamang babae ni Jessie kahapon. Yung yakap-yakap niya..

Umiwas na ko ng tingin. Nafeel kong sumikip yung dibdib ko habang tinitingnan yu
ng
BAGONG girlfriend ni Jessie sa harap. Magkahalong inis, selos at insecurity yung

nararamdaman ko. Oo maganda kasi siya. Kaya siguro ipinagpalit ako ni Jessie. We
ll I can t
blame him because sinong lalaki ba yung tatanggi sa katulad niya?

Hi everyone. I m Katrina Yuzon. But you can call me Kat. My father is a Filipino an
d my
Mom is half-American. Sa States na kami tumira when I was eight. Pero don t worry
kasi
marunong pa din akong mag-Tagalog.  Tumawa siya ng mahina. Pati yung mga kaklase k
o
natawa din. Mukhang nagustuhan agad nila si Kat.

My parents are engaged in business kaya nakilala ko din si Jessie. Kasi business
partners yung parents namin.

Iba t ibang salita yung umalingawngaw sa room.

WOW!

Ang galing naman!

Magkakilala pala sila!

Parehong galing America ah!

Huminga ko ng malalim. Kaya naman pala eh, business partners yung parents nila.
Kaya
hindi malayong magkalapit yung loob nila. Pero di ba sabi ni Jessie five months
lang siya
dun? Baka naman nung mga panahon lang niya nakilala si Kat? Hay ewan!

Ms. Reyes?  tawag sakin ni Ma am Terrano.

Yes ma am?

May vacant seat pa ba dyan sa likod?

Tumingin ako sa kanan.  May available seat pa po dito. Sa tabi po ni Arnie..  Nalipat kasi

si Arnie dun simula nung magtransfer si Jessie. Tumingin ako kay Ma am Terrano.  Pero pwede pong dito nalang siya maupo sa seat ko..

Nagtinginan yung mga kaklase ko sakin. Si Jessie man natingin sakin. Tumayo ako.  Baka po kasi mas maging comfortable siya katabi ni Jessie since magkakilala na po sila.

Ngumiti si Mrs. Terrano.  Very well. That s our president.. Marunong magpaubaya. You

can sit beside Mr. Wright, Ms. Yuzon..

Ngumiti si Kat at umupo sa tabi ni Jessie. Ako naman, lumipat dun sa tabi ni Arnie, like before, siya ulit yung katabi ko.

So ganito yung seating arrangement namin..

Arnie ----> Ako -----> Jessie -----> Kat

Ngumiti si Kat sakin.  Thank you ah. Ano nga palang pangalan mo?
I smiled at her.  Luna.

That s a great name. I m Kat. Iniabot niya yung kamay niya, and I shaked it. Kahit medyo labag man sa loob ko yung ginawa ko, nakita ko naman na mukha siyang mabait.
Kaya siguro nagustuhan siya ni Jessie kasi maganda na, mabait pa..

Medyo sumikip yung dibdib ko kaya huminga nalang ako ng malalim para mawala yun. I let go of her hand.

Maaaring tama si Ma am Terrano. Maybe, nagpapaubaya na nga ako...

## Chapter 59
Luna

Sabay-sabay kaming naglunch nina Steff at yung PC. Pero hindi namin kasama si Jessie kasi ang alam ko sabay silang maglulunch ni Kat. Nandun kami sa labas ng building, nakaupo sa may bermuda.

May bago daw kayong kaklase? tanong ni Kevin habang kumakagat sa burger niya.

Oo. Banlaw America din kaya sobrang puti, matabang na sabi ni Steff.

Ay insecure si babe ko? Mas maganda ka naman dun eh!

Tiningnan siya ng masama ni Steff. Insecure ka dyan! Dagukan kita eh! Saka nakita mo na ba kasi yon?

Hindi pa. Ano nga ba itsura nun?

Maganda, sexy tapos maputi.. Tsk kakasuka.. Kumagat ng malaki si Steff sa sandwich

niya.

Ba t ba ang bitter mo? Para namang ipagpapalit kita dun! Binigay ni Kevin yung bote ng
juice kay Steff. Ininom niya yun.

Hindi dahil sayo noh! Naiinis ako sa kanya kasi close siya kay Jessie! inis na sab i ni
Steff. Napatingin sila sa kanya, ako naman tuloy lang sa pagkain. Hindi pa kasi alam ni Steff
na si Kat yung bagong girlfriend ni Jessie eh. Pero alam kong nafifeel niya na m ay thing
between them. At naiinis siya kasi alam niyang naging kami din ni Jessie dati..

Jessie? Sumeryoso yung mukha ni Kevin. Magseselos na ko babe sige ka..
Dinagukan ni Steff si Kevin. UTO! Hindi yon yung ibig kong sabihin! Wala akong gu sto sa

lalaking yun noh!
Eh bakit ayaw mong maging close sila? Nakatingin ng seryoso si Kevin kay Steff.
Ano ka ba! Alam naman natin yung sa kanila dati ni sis ko di ba?! Tapos ngayon, b igla

bigla.. HAIST!!! Inubos na ni Steff yung sandwich niya. Binilot niya yung tissue at shinoot

dun sa malapit na basurahan.

Tumingin si Kevin sakin. Okay ka lang ba?
H-Ha? Oo naman hehe. Ngumiti nalang ako;
Hindi mo naman kailangan ngumiti pag ayaw mo eh. Nandito naman kami lagi sa tabi

mo, sabi ni Justin.

Oo nga! Hindi ka namin iiwan!  nakangiting sabi sakin ni Kevin. Si Steff naman

kumindat tapos nag-peace sign.

Napansin ko si Rio. Nakatingin siya sa malayo. Ang weird niya talaga this past few days.
Ano kayang nangyayari sa kanya?

Rio?  tawag ko sa kanya;
Nalingon siya sakin.  H-Ha?
Ba t ang tahimik mo?
Tumingin na rin sina Justin sa kanya. Ngumiti lang siya.  Wala. May iniisip lang ako.

Parang tumaas yung kilay naming lahat pero hindi na rin kami nagtanong. Ang weird
talaga. Ang awkward.. O_O

JESSIE!  Kumaway si Rio. Hala ba t tinawag pa niya. >_<

Teka sino yun?  nagtatakang tanong ni Kevin. Nung lumingon ako, nakita kong may
lumabas din na babae sa building at hinawakan sa braso si Jessie.

Lumapit sina Jessie at Kat samin. Umiwas nalang ako ng tingin at ipinagpatuloy yung
pagkain. Si Justin naman naramdaman kong umusog ng konti papunta sakin. Natingin ako
sa kanya. Ngumiti lang siya sakin.

Natuwa ako sa ginawa niya. Alam siguro niya na magiging uncomfortable ako since
pupunta si Jessie kasama yung bagong girlfriend niya. So ayun, nakiupo silang dalawa
samin. Nakabilog kasi kami, ganito yung order..

Jessie -----> Kat ------> Rio ------> Kevin ------> Steff ------> Ako ------> Ju
stin
Hi, I m Kat, ngumiti siya samin.
Kevin. Ang laki ng ngiti ni Kevin. Napansin kong sumibangot si Steff. And this is m
y

babe, Steff. Bigla namang ngumiti si Steff.
Hello. Parang nakita kita sa room kanina? masayang sabi ni Kat.
Sa room? Baka hinde. Magkaklase tayo eh. Napatingin ako kay Steff. Nagiging

sarkastiko na naman tong babae na toh!

Babe! Napakunot yung noo ni Kevin sa kanya;
Pero tumawa lang si Steff. Joke lang! Tapos nag peace sign pa. Pero alam ko na she

means what she said. I know na naasar siya kay Kat.
Tumawa nalang si Kat. You re so funny!
I m Rio.
Hello. Nagwave si Kat kay Rio.
And I m Justin.
Ngumiti si Kat. Hi Justin..
Naglunch na ba kayo? tanong ni Justin kina Jessie at Kat.
Hindi pa eh, sagot ni Jessie.

Heto oh.  Binigyan ni Justin silang dalawa ng tig-isang sandwich.

Thanks!  sabi ni Kat.  Nakakatuwa naman kayo. Buti at first day ng school nakilala ko na
agad kayo. Ang swerte ko naman..

Nagkamot ng ulo si Kevin at ngumiti.  Ay ganun ba hehe, nakakahiya naman  ARAY!
Napabaling yung katawan ni Kevin sa kabila. Napansin kong kinurot siya ni Steff pero
nakangiti lang yun kay Kat.

Bakit?  tanong ni Kat.

Nagtinginan ng sandali si Kevin at Steff. Parang nag-usap sila sa pamamagitan ng tingin.
Wala hehe may MALAKING LANGGAM lang na nangagat!  palusot ni Kevin. At nakita kong
parang naasar si Steff sa sinabi ni Kevin pero hindi nalang siya nagreact.

Kaano ano mo si Jessie, Kat?  tanong ni Rio.

Kumuha ko ng tubig at uminom. Montik na kasi kong mabulunan eh. Si Justin naman
napansin na parang medyo nagrereact ako pero hindi siya umimik.

Ngumiti si Kat at tumingin kay Jessie.  We re close friends..

Tumaas yung kilay ni Steff. Pati si Justin parang nagtaka din. Close friends? Hu
h! Sino
niloko niyo? >_<

Ah ganun ba. Eh pano kayo nagkakilala ni Jessie?  tanong ni Steff.

Hmm.. Let s just say na friends yung family namin sa States. Then nung nagpunta si

Jessie dun sa America, pinakilala ako nung parents ko sa kanya. Five months lang ata siya
dun eh, pero we became close agad.

Ahhhhhhhhhhhhhh.... mahabang sabi ni Steff. Medyo nangiti ako sa inasal niya..

Eh bakit naman umuwi brad? tanong ni Kevin.

Wala lang, mas gusto ko dito eh, simpleng sagot ni Jessie.

Siniko ng mahina ni Kat si Jessie sa tagiliran at ngumiti. Nainis kaya sayo sina Auntie
and Uncle nun! Ang kulit mo kasi eh!

Ngumiti si Jessie.
Nailang akong bigla. Hindi ako makatingin sa kanila. Ang hirap naman ng kalagaya
n ko.

Hello?? Stupid ex-girlfriend over here??

Nagulat ako nang biglang may kamay na gumapang papunta sa kamay ko. Hinila ko

patayo ni Justin. Sige mauna na kami ni Luna ah, paalam niya.

Nakatingin ako sa kanya. Ha? Mauna? San ba kami pupunta?

Ah sige Justin! Mauna na kayo! agad namang sang-ayon ni Steff.

Eeh? Ano ba nangyayari dito? Humigpit yung pagkakahawak ni Justin sa kamay ko.
Tiningnan niya ko. Halika na. Hinila niya ko paalis. Hindi naman ako umangal. Lumi
ngon
ako kina Steff. Nakita kong nakitingin samin si Jessie habang papaalis kami.

Luna?

Napatingin ako kay Justin.  Ha?
Natawa siya.  Wala pa kong sinasabi.
Kinamot ko yung ulo ko.  Aish ganun ba? Sorry..
Binitawan na niya yung kamay ko nung nakapasok na kami sa loob ng building.  Ayos ka

na ba?  tanong niya sakin.
Nagtaka ko.  Ha? Anong ayos na ko?
Kinurot niya yung pisngi ko.  Alam kong naiilang ka kanina dun. Kaya inilayo kita.
.  Kaya

siguro biglang pumayag na din si Steff kasi nakikita nila ni Justin na hindi ako comfortable
kanina don.

Ngumiti ako sa kanya.  Thanks Justin.

Di ba sabi ko naman sayo.. Lagi lang ako nandito para sayo?  nakangiti niyang sabi.

Parang may naramdaman akong kakaiba sa dibdib ko. Parang.. Kinilig ako na hindi ko
maexplain. Kasi parang uminit yung pakiramdam ko.. Parang naoverwhelm ako sa sin abi na
ni Justin yun..

LUNA!!!

Napalingon kami ni Justin. Tumatakbo samin papunta si Annie.  Bakit tumatakbo ka?
tanong ko sa kanya.

Humihingal pa siya nung binigay niya sakin yung school paper. Tumingin ako sa ka
nya

na parang nagtatanong.  Ipinamigay yan kaninang lunch break.. Tingnan mo..

Kinuha ko yung school paper at binuklat. Tumabi sakin si Justin para tingnan kun
g ano

ba yung sinasabi ni Annie.  Ano ba meron dito?  tanong ko.

Page 8,  seryoso niyang sabi.

For a second, bigla akong kinabahan. Hindi naman kasi tatakbo si Annie papunta d
ito
sakin kung walang nangyayaring kakaiba eh. So inilipat ko agad yung school paper
 sa page
8.  Couple s Section,  sabi ni Justin.

Then bigla akong namutla. Si Justin nafeel ko din na nagulat sa tabi ko. Humigpi
t yung
pagkakahawak ko dun sa school paper.

Luna,  kinakabahang sabi sakin ni Justin. Hinawakan niya ko sa braso pero tinanggal
 ko

yun.

LUNA!!!  Sinigaw ni Justin yung pangalan ko habang tumatakbo ko papunta sa
publication s office.

*Sarah s POV*

Nakita na kaya ni Luna yung juicy gossip na pinasabog ko? Huh! Sigurado kong sir
a na
yung reputasyon niya bilang presidente..

Syempre siya ba naman yung bansagan ng  Luna-Tic: The Boy-Collector President
tingnan ko kung hindi siya lumubog sa kintatayuan niya ngayon. Somehow, may free
dom

ako na magpublish ng kahit anong gusto kong article kasi kakilala nina Mommy yun
g

school president. See? It s just a matter of power..

I read the article girl. Ngumisi sakin si Leslie. Bitch ka talaga.

Hinawi ko yung buhok ko at ngumiti. Of course I am.

Pero grabe yung Luna na yun girl ah, tatlo tatlong lalaki yung kinakalantari. Napa
iling

si Leslie.

I know Lez. Kaya nga gusto kong ilabas yung baho niya eh. Pero syempre, it s betwee
n
us nalang na ako sumulat niyang article. Okay?

Tumango si Leslie. Of course girl.

Good. Kinuha ko yung bag ko at tumayo. Lalabas na sana ko ng biglang bumukas ng
malakas yung pinto ng publication s office.

*Luna s POV*

Napatingin sakin yung mga tao sa loob. Pero hindi ko sila pinansin kasi kay Sara
h lang
ako nakatingin. Tinitigan ko siya ng masama na para bang gusto ko na siyang pata
yin. Sa
totoo lang, kung hindi lang sana isang malaking pagkakasala yung pumatay ng tao,
matagal
nang nakabaon sa lupa si Sarah! >_<

Padabog akong lumakad papunta sa kanya. Ngumiti siya habang papunta ko sa kanya.

Look who s here! Our boy-collector president!

Ihinampas ko yung school paper sa desk niya.  Ano na naman ba toh ha Sarah?! Pwede bang tigilan mo na ko?!

 Aba aba aba..  matawa-tawa niyang sabi.  Ako ba nagsulat niyan? Kung umasta ka parang ako may pakana nyan ah!

Kumunot lalo yung noo ko.  PWEDE BA WAG KA NANG MAGMAANG-MAANGAN! IKAW LANG NAMAN YUNG GAGAWA SAKIN NG GANYANG KAWALANG HIYAAN EH!

 Wow!  Pumalakpak si Sarah.  Tingnan niyo? Student Council President ba yan? Kung anu-ano yung lumalabas sa bibig!

Tinulak ko siya. Sinalo siya ni Leslie, yung bestfriend niya. Naramdaman ko ring may mga kamay na humawak sa braso ko.  Luna tama na!  sabi ni Justin.

Pero kumawala ako sa pagkakahawak niya. Nagsitayuan na din yung mga co-publisher ni Sarah sa office. Pati sa labas may mga tao na ding nakatingin.  How dare you push my friend!  singhal ni Leslie.

 Buti nga yan lang inabot niya! Kung ako masusunod, matagal ko nang pinatay yang magaling na kaibigan mo!  sigaw ko.

Natawa ng malakas si Sarah at umiling-iling.  Tingnan niyo guys? Pinagbabantaan pa nung presidente natin yung buhay ko para lang sa isang article sa school paper! Saka AKO yung pinagbibintangan niya na sumulat non!

Susugurin ko na ulit sana si Sarah pero pinigilan ako ni Justin. Gusto ko siyang sabunutan! Gusto kong bunutin lahat ng buhok niya sa ulo! Grr! Nakakainis!!! >_<

 Flirt ka na nga WAR-FREAK ka pa!  sigaw sakin ni Sarah.

Wag mo kong igaya sayo! Bruha ka!

Ano ba! Itigil niyo na nga toh! sigaw ni Justin habang pilit pa rin akong pinipigi
l sa

pagsugod kay Sarah.

ANO NA NAMAN BANG GINAWA MO SA BESTFRIEND KO HA?!! Napatingin ako kay

Steff. Nandito na rin pala sina Kevin, Rio, Jessie at Kat.

HOY BABAE! WAG KA NGANG MAKIALAM DITO! sigaw ni Leslie kay Steff.

Sumibangot si Steff. HOY KA DIN MALDITANG BRUHANG COPY-CAT SA ISA PANG
BRUHA! MGA WALA KAYONG MAGAWA SA BUHAY NIYO! LAGI NIYO NALANG
GINAGAWAN NG MASAMA YUNG BESTFRIEND KO!

BABE! Hinawakan na ni Kevin si Steff.

May pruweba ba kayo na ako yung nagpublish nung article na yon?!! sabi ni Sarah
habang nakatingin sakin ng masama. Wala naman si ba?! Susugod ka nalang dito ng w
ala
man lang proof! Baka nakakalimutan mo na pen names yung ginagamit namin sa secti
on na

yon at kahit sino ay pwedeng magsulat sa school paper!!!

Ikaw lang yung pwedeng gumawa sakin non! Wala nang iba! singhal ko sa kanya.

EXCUSE ME!!! Oo inis ako sayo pero hello?! Ako lang ba may karapatang mainis sayo
?!
Tumawa ng malakas si Sarah. Kumukulo na yung dugo ko nung oras na yon. Gusto ko
na
talaga siyang patayin! Inis na inis na ko sa kanya! >_<

Nagsimula na namang magsalita si Sarah. Ang problema kasi sayo, puro sugod lang a
ng
alam mo! Kaya ka iniwan ni Jessie eh! Wala kang kwentang

Bigla akong nawala sa sarili ko at sinampal ko siya. Nawalan siya ng balanse at napaupo
sa sahig. Napakalas ng tibok ng puso ko dahil sa sobrang galit. Sapo-sapo ni Sar ah yung
pisngi niya habang nagpipilit akong kumawala kay Justin.

TAMA NA! sigaw ni Rio. Lumuhod siya sa sahig at tinulungang tumayo si Sarah. Pero

tinabig lang ni Sarah yung kamay niya.

ANO BA! DON T TOUCH ME! sigaw niya kay Rio.

Namutla ako sa ginawa ni Rio. Kasi parang kinampihan pa niya si Sarah eh. Hindi niya
dapat kaawaan si Sarah kasi siya yung may kasalanan ng lahat ng toh. Nararapat l ang sa
kanya yung sampal na ibinigay ko.

RIO! sigaw ni Steff. BAKIT MO TINUTULUNGAN MO YANG BRUHA NA YAN HA?!
WAG MO NGA AKONG TAWAGING BRUHA! BITCH! Akmang susugurin ni Sarah si Steff

ng biglang humarang si Rio sa gitna.

PWEDE BA WAG MONG TAWAGIN YUNG SARILI MO! pilosopong sigaw ni Steff.

TAMA NA!!! ENOUGH!!! Kumunot yung noo ni Rio. Bakit ba niya pinoprotektahan si
Sarah? Bakit pinigilan niya si Steff? Ano ba? Ano ba talagang nangyayari sa kany a?

TUMABI KA NGA DYAN RIO! BAKIT BA GANYAN KA HA?! BAKIT YANG BRUHA PA NA
YAN YUNG KINAKAMPIHAN MO?! sigaw ni Steff.

SABI NANG WAG MO KONG TAWAGING BRUHA EH! Susugod na naman si Sarah kay

Steff pero pinigilan ulit sila ni Rio.

Kumunot yung noo ni Steff. ANO BA RIO!!! SABI NANG TUMABI

MAHAL KO SI SARAH!!!

Namutla si Steff. Lahat kami natigilan at natahimik. Tinitigan kaming lahat ni R
io at
huminga siya ng malalim. Mahal ko siya, okay? I love her...

## Chapter 60
Sarah

SHUT UP!!! Tinulak ko si Rio at lumabas na ng office. Sumunod sakin si Leslie. Nun
g
nasa labas na kami ng building, ibinalibag ko yung bag ko.

GRR! NAKAKAINIS! Bakit kailangan pang sabihin nung walang kwentang lalaki na yun
na mahal niya ko?! Pinagmukha niya kong ewan! sigaw ko.

Girl tama na! Ipinagtanggol ka na nga ni Rio eh! sabi ni Leslie.

Tiningnan ko siya ng masama. I don t need him to protect me! Wala siyang kwenta! Si

Jessie lang ang gusto ko! Siya lang!

Padabog akong lumakad palabas ng gate. WAIT GIRL! Kinuha ni Leslie yung bag ko at
tumakbo para sundan ako.

Wag ka na kasing magalit! Tagumpay naman yung plano mo kay Luna eh!

Basta! I hate that guy Rio! Para siyang stalker! Lagi siyang tingin ng tingin sak
in tapos
minsan may binibigay pa saking chocolates! Nakakainis!

Girl naman! May gusto na nga sayo yung tao eh!  sabi ni Leslie. Binigay niya sakin
yung

bag.

I don t like him! Si Jessie lang yung gusto ko!

Ano ka ba girl! Hindi pa ba nagsesettle sa kukote mo na ayaw nga sayo ni Jessie?!

Natigil ako sa paglalakad. Sumibangot ako sa kanya.  NO Leslie,  madiin kong sabi.  Hi
ndi
ako susuko. Lahat ng gusto ko nakukuha ko. At kung hindi ko man ulit makuha si J
essie, I ll
make sure na sirang sira na yung buhay ng Luna na yan!

*Kat s POV*

Pagkaalis palang nung Sarah, umalis na din agad si Rio. Siguro he didn t know how
to
face his friends after what he has said. Hindi ko alam kung sinundan niya yun o
umalis na
talaga.

Pero hindi ko mapigilang isipin yung sinabi ni Sarah kanina.. Iniwan ni Jessie s
i Luna?
Naging sila?? At hindi ko rin mapigilang magselos. Oo ngayon lang ulit kami nagk
ita ni
Jessie pero I ve loved him ever since. I don t know, but there s something unique abou
t him
that made me fall in love with him..

Umalis na sina Justin at nagpaalam na din kami ni Jessie. Sumakay kami ni Jessie
sa kotse
ko. Tinanong ko sa kanya dati kung bakit hindi niya ginagamit yung kotse niya sa
bahay.

Ang sabi lang niya hindi naman daw kasi siya masyadong pala-lakad eh. Sa school lang daw yung madalas niyang pinupuntahan o kaya lagi nalang siyang namamasahe twing kasama niya sina Kevin.

Pasensya na dun sa nangyari kanina ah. Ikinabit niya yung seat belt sa passenger s seat.
I remember nung isang araw parang nagalit siya sakin. Kasi pumunta ko ng school ng walang paalam. Nasigawan pa nga nya ko sa phone eh.

Well, okay, kasalan ko yun. Pero nacurious kasi ko eh. Baka naman kako may tinatago siya sakin kasi ayaw niya kong papuntahin sa school. Sabi pa nga nya idelay nalang yung enrollment ko eh. Pero nagulat nalang ako ng pumayag siya nung kinagabihan.

Perhaps I know what his secret is.. Ayaw niyang makita ko si Luna. His ex.. He s doing everything to delay our meeting. Pero nagtataka talaga ko kung bakit bigla siyang pumayag na mag-enroll na ko kinabukasan.. Haayy, yamo na nga..

No it s okay. Girlfriend mo pala dati si Luna? I started the engine.

Yes, matipid niyang sagot.

May problema ka ba? Para kasing wala ka sa mood eh. Tumitingin tingin ako sa kanya

habang nagddrive. Nakafocus lang yung tingin niya dun sa daan.

I m just tired. I want to sleep..

Okay. Nareceive mo ba yung call nung parents mo? Dun daw kayo matutulog ngayon samin ah. Ngumiti ako sa kanya.

Yup. Dala na daw nila yung damit ko.

Natawa ko. Ang kulit nung parents natin eh. Masyado tayong minamadali. I m sorry ha ?
Wala yun. Alam mo naman na botong boto sina Mommy sayo.
Mas nangiti ako sa sinabi niya. Hindi ko tuloy mapigilang itanong toh. Eh ikaw ba ? Boto

ka ba sakin?
Malapit na ba tayo? Hindi pa ko nakakapunta sa bahay niyo eh. Nakatingin pa din si

Jessie sa daan. Parang medyo bumigat yung dibdib ko kasi hindi niya sinagot yung tanong

ko. Maybe he s still adjusting. Baka wala pa siyang feelings para sakin. Pero I ll try my best

to win him..

Hindi ko nalang pinansin yung disappointment na naramdaman ko. Ah oo, mga five minutes pa.

Pagdating namin sa bahay, ipinark ko na yung kotse sa garage. Pumasok kami ni Jessie sa loob. Pagbukas ng pinto, nakita namin agad yung parents namin na nag-uusap dun sa sala.

Jessie! masayang sabi ni Mommy;
Ngumiti si Jessie. Hello po tita. Inakap siya ni Mommy;
Ang gwapo talaga nitong batang toh! Kinurot ni Mommy yung pisngi ni Jessie;
Mommy naman! nakangiti kong sabi;
Syempre san pa ba magmamana yan? sabi ni Aunt Amanda, mommy ni Jessie.

Of course! From me! sabi ni Uncle Charlie, Jessie s dad. Yeah well he s an American, pero nakakaintindi na rin siya ng Filipino. He s even trying to speak like one per o syempre
hindi pa rin nawawala yung accent niya hehe. ^_^

Nagtawanan nalang kaming lahat. Umupo kami ni Jessie dun sa sofa. I think you two are
getting along, sabi ni Mommy.

Ngumiti si Jessie. Yes tita. Mabait po si Kat. Pati nga po yung mga kaklase namin gusto

na agad siya eh.

Oh really? Ngumiti sakin si Mommy. Well that s great!

Maganda mommy yung school. Very welcoming pa yung mga tao. I think I ll like it her e.

Mabuti naman hija, sabi ni Aunt Amanda. I think you won t have any problems there.

And if in case, just go to my son and he ll definitely help you out.

Ngumiti ako sa kanya. Uhm thanks auntie.

I ll go to my room. Excuse me. Tumayo na si Jessie.

Oh of course! Kat, ituro mo sa kanya yung room niya, sabi sakin ni Mommy.

Excuse me. Tumayo ako at sinamahan si Jessie sa guest room. Dalawa yung guest room

namin dito sa bahay kaya sapat lang para sa kanya at kina Auntie at Uncle. Binuk san ko
yung pintuan.

Do you like it? tanong ko sa kanya;
Ngumiti siya. Yes. Thanks.

Isinara ko na yung pinto. I can t help smiling. Nakakatuwa kasi dito matutulog si
Jessie
ngayong gabi. This is the first time na may makakasama kong ibang lalaki sa baha
y. Strikto
kasi sina Mommy pagdating sa mga ganung bagay.

Because they only wanted Jessie to be my boyfriend. And I m glad because I also th
ink
that way..

*Luna s POV*

Hindi na namin inabutan pa si Rio sa school. Hindi na siya pumasok noong tanghal
i. Pati
sina Kat at Jessie hindi na din bumalik. San kaya silang pumuntang lahat?

Hatid na kita?  alok sakin ni Justin.

Hindi. Wag na. Nadamay ka na nga dun sa article eh. Baka kung ano pa isipin nila.
Sorry
talaga Justin..

Simula nung lumabas yung article na yun. Yung kasama ko sina Jessie, Justin at C
asey sa
tatlong magkaibang picture, parang naiba na yung tingin sakin nung mga estudyant
e. Lagi
nalang nila kong tinitingnan ng kakaiba twing dadaan ako.

Naiinis na nga ako eh. Pero hindi naman ako makaangal.

Inaalala mo pa rin ba yun?  tanong ni Justin.

Tumango ako.  Mabuti sana kung tungkol nalang sakin eh, pero pati kayo dinamay pa
ni
Sarah.

Kinuha ni Justin yung kamay ko. Natingin ako sa kanya pero ngumiti lang siya sak
in.  I
don t care what they think. Di ba sabi ko naman sayo lagi akong nandito sa tabi mo
? Nung
sinabi ko yun, alam ko na kahit anong gawin mo, damay na lagi ako. Kaya wag mo n
ang
intindihin yun, okay?

Gusto kong umiyak sa sinabi niya. Pero instead, inakap ko siya ng mahigpit.  Thank
 you
Justin.

Hinaplos niya yung buhok ko.  I ll always be here for you.

Nung inalis ko na yung yakap ko, kinuha niya ulit yung kamay ko.  Tara na?  Ngumiti
ako
at tumango.

As expected, nung naglalakad kami sa hallway pinagtitinginan kami ng mga student
s.
Kulang nalang patayin nila ko sa tingin nila eh. At parang gusto ko na ring isar
ado yung
tenga ko naririnig kong mga bulong mula sa kanila..

 Ang kapal naman ng mukha.. Hindi talaga siya titigil noh? Nakakapit pa din kay Ju
stin..

 Hindi na nahiya! Kung ako yan hindi na ko papasok eh.

 Nakahawak pa yung kamay niya kay Justin! Tingnan mo nga naman!

Humigpit yung pagkakahawak sakin ni Justin. Siguro naririnig niya rin yung mga b
ulong
nila. At siguro nafeel din niya na naiilang ako. Paglabas namin ng building, hin
di pa rin niya
binibitawan yung kamay ko. Kahit nung naglalakad na kami papunta ng apartment hi
ndi pa
din siya bumibitaw.

Thank you ha,  sabi ko. Napatingin siya sakin pero nakatingin pa din ako sa daan habang nagsasalita.

Para san?  tanong niya.

Para kanina.. Alam kong naririnig mo yung mga bulung-bulungan nila kaya hinigpitan mo yung hawak sakin.

Huminto na kami nung nasa tapat na kami ng bahay. Pero napansin ko na hindi pa rin bumibitaw si Justin.  Justin?

Hmm?

Tiningnan ko yung kamay namin.  Papasok na ko.

Humigpit yung hawak niya sa kamay ko.  Justin?  nagtatakang tanong ko.

Tinitigan niya ko. Bigla namang bumilis yung tibok ng puso ko. Parang may iba sa titig niya. Hindi ko nga lang alam kung ano yung exact explanation nun.  Natatakot ako Luna..

Tiningnan ko siya sa mata.  Ha? San?

Natatakot ako na kapag bumitiw ako, mawawala ka na sakin.

Naririnig ko yung lakas ng tibok ng puso ko. I felt this awkwardness again. Namula ng bigla yung mga pisngi ko.  A-Ano bang sinasabi mo Justin?  matawa-tawa kong tanong.

I want to protect you.. I want to take you away from sinister gazes and pain. I will hold your hand forever kung yun yung kinakailangan. I don t want to let go. Even now..

Hindi ko alam kung ano yung sasabihin ko. Hindi ko alam kung matutuwa ba ko o ii was nalang. Alam ko, may puwang din si Justin sa puso ko pero nahihirapan pa din ako ng kalimutan si Jessie eh. Masyado pang sariwa yung sugat. I need more time to heal it..

Para kasing hindi pa ko ready na pumasok ulit sa relationship. Nag-iwan kasi ng malaking impact yung break up namin ni Jessie sakin eh. Yun kasi yung first time na nainlove ako kaya matinding sakit yung idinulot sakin nun.

At dahil first time din yun, ibinigay ko kay Jessie lahat. Pilit ko siyang iniin tindi kahit mali na siya. Laging siya yung priority ko na kahit yung sariling pangangailangan ko nakakalimutan ko na.

I m sorry Justin.. sabi ko sa kanya.

Naramdaman ko na nasaktan siya sa sinabi ko. Naguilty din ako kasi ayoko namang

saktan siya. Pero sa sarili ko naman ako magsisinungaling kung sasabihin ko sa k anya na I ll

let him hold my hand forever. Siguro hindi pa nga ngayon.. Hindi pa ito yung tam ang oras..

Nararamdaman ko pa kasi yung lambot at init ng kamay ni Jessie sa kamay ko eh. I still feel the tingling sensation whenever he filled the gaps of my fingers with his. Yun yung mga oras na hawakan niya lang yung kamay ko, I ll feel safe already. Parang wala nang makakapanakit pa sakin kasi hawak-hawak niya yung kamay ko..

I miss him. I hate to admit it but I miss him. Kahit na ilang beses ko nang sina bi sa sarili ko na hindi na siya babalik, I still miss him so much. Sa sobrang pagkamiss ko sa k anya parang gusto ko nang umiyak. Sa sobrang pagmamahal ko sa kanya parang gusto ng sumabog ng dibdib ko.

I hate it. Naiinis ako. Pero panahon lang yung makakapagsabi kung tuluyan ko na
bang
bibitawan yung mga masasayang alaala ni Jessie.. Kung tuluyan ko na bang kakalas
in yung
kamay ko sa pagkakahawak sa kanya...

I ll still wait for you.  Binitawan na ni Justin yung kamay ko. Nakita ko sa mga mata
niya
yung pain at desperation.  I ll always be here. Hindi kita iiwan.. Ayos lang kung si
Jessie
talaga yung mahal mo, hindi naman kita pipiliting kalimutan siya eh. Ang sakin l
ang naman
Luna, sana makita mo, kahit minsan, lang na handa akong mahalin ka kahit nasasak
tan ako.
Kahit gawin mo lang akong panakip-butas basta napasaya kita sa mga panahong yon.
Mahal
kita Luna. At ayokong mawala ka..

Nangilid yung luha ko habang tinitingnan ko siyang lumakad paalis. Hindi ko
maipaliwanag yung nararamdaman ko. Nalulungkot ako para kay Justin, pero nalulun
gkot
naman yung isang bahagi ng puso ko sa pangungulila kay Jessie.

Gulung-gulo na yung isip ko. Hindi ko alam kung sino ba yung pipiliin ko. Hindi
ko alam
kung ano na yung tamang gawin. Tumingala ako. Ipinukol ko nalang sa mga ulap yun
g mga
daing ko.

Ano ba yung tamang gawin?

Sino ba yung pipiliin ko?

Bibigyan ko ba ng chance si Justin?

Kakalimutan ko na ba talaga ng tuluyan si Jessie?

Shall I need Justin to sing my troubled heart to sleep?

Or shall I need Jessie to make my heart beat like it never had beaten before?

Pumasok na ko sa apartment. Nahihirapan ako. Hindi ko na talaga alam kung ano yung dapat gawin. Umakyat ako sa kwarto ko at humiga sa kama.

Hanggang nung maghapunan hindi pa rin mawala sa isip ko yung mga sinabi ni Justin.

...Ang sakin lang naman Luna, sana makita mo, kahit minsan, lang na handa akong mahalin ka kahit nasasaktan ako. Kahit gawin mo lang akong panakip-butas basta napasaya kita sa mga panahong yon. Mahal kita Luna. At ayokong mawala ka..

Hindi ako nakakain ng maayos kasi nababagabag pa din ako. Nanatili akong nakahiga sa kama, nakatulala sa kisame at gulung-gulo yung isip. Hindi ko na makayanan yung stress kaya kinamot ko nalang yung ulo ko.

WAAAAHHHH!! ANO BA!!! NAGUGULUHAN NA KO!!!

Para na rin sa ikatatahimik ng lahat, kumuha ko ng coin sa wallet ko. Kapag heads yung lumitaw, bibigyan ko na ng chance si Justin. At kapag tails naman, otherwise.

Pinaikot ko yung coin sa ere at sinapo bago mahulog. Inilagay ko yun sa braso kong nakatakip yung kamay ko sa ibabaw. Bigla akong kinabahan.. Tails kaya o heads?

Pero pagkatapos ng ilang segundo, huminga ko ng malalim at inalis na sa pagkakat akip yung kamay ko...

Chapter 61
Luna

Maaga kaming pumasok ni Steff kinabukasan. May swimming class kasi kami ngayon. Buti nga kanya kanyang dala ng swimsuit eh. Buti hindi compulsory mag bathing su it. At kung nagkataon, nako magddrop ako. >_<

Hindi mo ko mapagsusuot ng ganung mga ka-ek ekan. Baka magkapatayan muna tayo hahaha lols joke. So yung outfit ko ngayon ay fit sleeveless top at shorts. Nila gay ko na rin yung goggles sa loob ng bag ko. Hindi na ko nag-abalang magdala ng mga sun block kasi for sure kumpleto yung parlor ni Steff pagpunta namin dun..

Mag-iingat kayo sa paglangoy ah, baka madulas kayo dun sa gilid ng pool, paalala n i Mama.

Opo Ma, sabi ko.

Nako sayang naman! Hindi ko kayo makikitang mag two-piece hahaha! Tumawa si Casey.

Hoy Lollipop! Dami dami ng nakatwo-piece sa America di ka pa ba nagsasawa? Kahit nga naglalakad lang sa gilid ng kalasada pwede silang magtwo-piece eh! sabi ni St eff.

Oy grabe ka naman! Hahaha hindi ba kayo pwedeng kumuha ng picture? Patingin nalang pagbalik niyo, sabi ni Casey.

Ano ba sa tingin mo pupuntahan namin? Public pool? Hello! Swimming class kaya toh

hahaha! sagot ni Steff.

Oo nga Casey. Saka never mo kong makikitang nakatwo-piece! Mabubulag ka muna bago mo ko makitang nakaganun! natatawa kong sabi sa kanya.

Tumawa siya. HAHA sige na nga magsialis na kayo! Ang kukulet talaga!

Aba t pinapalayas kami? Apartment mo toh? Eks-kyus-mi! sabi ni Steff.

Haha, tama si Casey mga anak, baka malate pa kayo. Ngumiti si Mama.

Sige po tita! Ba-bye! Nagwave kami ni Steff habang papaalis.

Pagdating namin sa school, pumunta na agad kami ng girl s locker room na malapit s a swimming pool. Second batch kasi kami, at makakasabay pa namin yung Section 4-3. So ibig sabihin makakasama ko si Justin.

Habang nagpapalit kami ng pang-swimming, bigla ko na namang naalala yung sinabi niya sakin kagabi. Pati yung resulta ng toss coin ko..

*Flashback*

Ihinagis ko yung coin. Umikot yun sa ere ng ilang segundo. Sinapo ko yun at inil agay sa braso ko..

Heads, I ll give Justin a chance.

But if tails, otherwise..

Huminga ko ng malalim at inalis yung kamay ko. Nakita ko na yung lunabas na part
e ng
coin...

HEADS.

*Present*

Sis! Ba t ganyan na naman yung suot mo?! Tiningnan ako ni Steff mula ulo hanggang paa. Nalukot yung mukha niya.

Kumunot yung noo ko. Baket? Masyado bang maikli yung shorts ko?

Tange! Ba t hindi man lang bathing suit yung sinuot mo?! Maglilibot ka ata sa mall eh!

Gagi! Ang ikli na nga nitong suot ko oh! Tapos hindi pa ko kumportable at walang manggas tong pang-itaas ko!

Kinamot ni Steff yung ulo niya at umiling. Hay ewan ko sayo sis! Napaka-conservat
ive
mo! Hindi na uso ngayon yun noh! Yung iba nga naglalakad na ng hubad sa kalsada
eh!

Hinampas ko yung balikat niya at tumawa. Berat OA ka naman masyado! Wala na kasin
g
basagan ng trip!

Eh tingnan mo kasi yung suot ko oh. Pumamewang siya at nag-pose pa. Di ba? Pang modelo ng swimsuit! Maikling shorts tapos sleeveless top! Yung uso ngayon litaw
yung

pusod!

Natawa ko dahil sa mga pose niya.  Haha magtigil ka na nga dyan! Para kang model n
g
tuyo eh!

 Berat! De ikaw naman model ng gurang na hipon! Ayaw mong magladlad ng katawan!

Itinulak ko yung mukha niya.  Hahaha tara na nga sa labas! Hindi ka na naman
magpapatalo eh!

Nung labas na kami, sakto kasi patapos na din yung oras nung unang batch. Class
4-2 at
4-4 yung magkasabay.  Nako sis, tingnan mo at may umaahon na pugita.  Itinuro ni Ste
ff
sakin si Sarah habang umaakyat sa gilid ng pool.

Natawa ko sa sinabi niya.  Ang sama mo talaga! Hindi kaya pugita yun!

 Eh ano? Bruha?

Umiling ako.  Hindi.. DUGONG!! Hahahaha!

Nagtawanan kaming pareho ni Steff. Sumakit pa nga yung tiyan ko sa sobrang tawa
eh!
Grabe talaga, nakakaberat pag si Steff yung kasama ko. v ^__^ v

 Luna! Steff!

Napalingon kami sa likod. Nakita namin si Justin na lumalapit papunta samin. Par
ang
nafeel ko na nagblush ako. Ang pogi niya kasi eh! Nakashorts lang at nakasalamin
 pa! Naks!
Ano toh, celebrity pool? >///<

 Wow, ang ganda niyo pareho ah.  Ngumiti siya samin;
 Matagal na! Huli ka na sa balita cutie pie!  sabi ni Steff;

Haha, ganun ba? Sorry naman. Buti nga at magkasabay pa yung section natin sa
swimming class eh.. Inalis niya yung salamin at itinaas sa ulo niya.

>///<

Waahh! Deh siya na talaga pogi!

Nagsiahunan na yung Class 4-2 at 4-4. Second batch: Class 4-1 and class 4-3! Pumu
nta
na kayo sa pool! Pumito yung PE teacher namin at nagsitalunan na din yung ibang m
ga
nasa second batch.

Babe! Tumakbo si Kevin at inakap si Steff.

WAAHH! Basa ka babe! Bitawan mo nga ako! sigaw ni Steff.

Uto mababasa ka rin naman eh! Pa-hug na please?

Nagtawanan kami ni Justin habang nagpupumiglas si Steff sa pagkakayakap ni Kevin
.
Nagawi yung tingin ko sa kanan. Nakita ko si Rio na umaahon mula sa pool. Nginit
ian ko
siya, at ngumiti din naman siya sakin. Pero imbis na pumunta dito, sinundan niya
si Sarah.

Well, hindi ko naman masisisi si Rio eh. Hindi naman niya kasalanan kung nainlov
e man
siya kay Sarah. Nagkausap na din kami. Alam naman din kasi niya kung gano ako
nabubwisit kay Sarah, pero sabi niya na wala nalang daw siyang kakampihan. Magig
ing
open-minded nalang daw siya because I m his friend too.

Pero isa lang yung hiningi niya sakin...

Pang-unawa..

Sana daw maintindihan ko kung lagi siyang nagke-care kay Sarah. And tumango nalang din ako. Rio s my friend too. At ayokong magkagalit kami kaya pumayag nalang din ako.

Bumigat ng konti yung pakiramdam ko nung makita kong sabay na lumusong sa pool sina Jessie at Kat. Maganda talaga si Kat. Lahat ng lalaki nakatingin sa kanya. Well, I don t blame them because she s really beautiful. Samantalang yung mga babae naman nakatingin kay Jessie at mukhang mga kinikilig pa..

Huminga nalang ako. Well, nakapagdecide na naman ako di ba? Dapat kong sundin yung lumabas sa toss coin para hindi na magulo pa yung buhay ko. Hinawakan ko yung kamay ni Justin. Napatingin siya dun pagkatapos sakin.

Ngumiti ako sa kanya.  Tara. Lusong na tayo.

Hindi ko na siya hinintay makasagot dahil hinila ko na siya papunta ng pool. Halatang nagulat siya pero hindi nalang siya kumibo.  Wait lang,  sabi niya sakin. Nauna siyang lumusong sa pool at iniiabot yung parehong kamay niya.  Tara na. Hindi naman pala masyadong malalim.

Natuwa ako sa ginawa niya. Tiningnan pa talaga niya kung abot ko yung pool. Mas matangkad kasi siya sakin kaya nauna siyang lumusong.  Okay.

Tumalon ako. Sinapo ko ni Justin at napaakap ako sa kanya. Narinig ko yung tawa niya

habang nakakapit ako sa leeg niya.  Marunong ka bang lumangoy?  nakangiti niyang

tanong sakin.

Bumitaw na ko sa pagkakakapit ko.  Slight. Ikaw ba?

Hmm.. Pwede na.

Talaga? Turuan mo ko!  masaya kong tanong sa kanya.

Sige.

Dun tayo sa malalim!  Itinuro ko yung dulo ng pool.

Napatingin siya sakin.  Doon? Kaya mo bang lumutang?

Slight haha! Eh di ipasan mo nalang ako.

Ngumiti siya sakin.  Sige.  Hinawakan niya yung kamay ko habang pumupunta kami dun.

Palalim na ng palalim yung tubig. Dumating din yung pagkakataon na nakatingkyad na ko.

Justin?  tawag ko sa kanya.

Bakit?

Hindi ko na ata kayang abutin pa hehe.

Ganun ba.. Pasan ka na.

Pumunta ko sa likod at umakap sa leeg niya. Natutuwa ako at hindi ko mapigilang ngumiti. Naaalala ko tuloy nung bata ako, madalas akong pumasan sa likod ni Kuya Waren,
yung kuya ko. Ayt, bigla ko namang namiss si kuya. Kamusta na kaya siya dun sa A merica?
Busy pa rin siguro siya sa pag-aaral. >3<

Okay ka lang ba dyan?  tanong sakin ni Justin.

Oo. Uhm.. Hindi ka ba nasasakal?

Hindi. Naramdaman ko yung ngiti niya kahit hindi ko nakikita yung mukha niya. Naku po kinikilig ata ako ah. Hahaha..

Abot mo pa? nagtataka kong tanong sa kanya kasi nakaabot na kami sa dulo ng pool.

Oo. Nakatingkyad haha.

Medyo kinabahan ako. Ehe! Wag mo kong bibitawan ah! Mumultuhin kita forever sinasabi ko sayo.

Hahaha hindi kita bibitawan wag kang mag-alala.

Isinandal ko yung ulo ko sa likod niya. Nafeel ko na biglang bumilis yung tibok ng puso ko. Hindi niya ko iiwan... Hindi ako iiwan ni Justin di tulad ng ginawa ni Jessie..

Luna? Lumingon siya sa likod;

Hmm?

Ayos ka lang ba? Ba t parang tumahimik ka?

Huminga ko ng malalim. Humigpit din yung pagkakahawak ko sa mga kamay ko. Yung tungkol sa sinabi mo sakin kahapon... Mahina lang yung pagkakasabi ko pero naramdaman kong naging tensed yung katawan niya.

Wag mo nalang pansinin yon, sabi niya sakin. Nadala lang ako kahapon kaya ko nasabi yun.. Pero totoo yung lahat ng yon..

I know.

Napalingon siya sakin. Hinigpitan ko yung pagkakaakap ko sa kanya.  Ayoko nang
malungkot pa Justin.. Ayoko na ulit umiyak.. I don t want to feel pain anymore.. A
t gusto
kong..  Huminga ko ng malalim. Naramdaman ko din na pinapakinggan ni Justin yung
bawat salita na lalabas mula sa bibig ko.

 Gusto kong hawak mo lang din lagi yung kamay ko Justin..

 Luna..

Natawa ko ng mahina.  I know it sounds childish. Pero hindi naman siguro malayo na

mahalin din kita di ba? Walang makakapagsabi nun.. Gusto ko lang kasing maging m
asaya
na ulit..

Hinawakan ni Justin yung parehong kamay ko. For a second akala ko bibitawan niya
 ko,
pero bigla siyang umikot at inakap ako. Napanganga ako habang nakapatong yung ba
ba ko
sa balikat niya.

 I ll make you happy Luna. I promise. Pasasayahin kita..

I felt the loud beating of his heart against my chest. Ngumiti ako at inakap siy
a ng mas
mahigpit. Somehow, I felt happiness and comfort from his words. Natutuwa ako kas
i alam
ko na hindi ako bibiguin ni Justin. Alam kong gagawin niya yung lahat ng kaya ni
ya para
pasayahin ako..

And I ll also try my best to be happy with him beside me..

*Kat s POV*

Sabay kaming lumusong ni Jessie sa pool. Excited ako kasi ito yung first time na magkasama kami na magsswimming. You look good, sabi ko sa kanya.

Ngumiti siya sakin. You too..
Haha pinagtitinginan ka nung mga babae dun oh..
Ikaw rin kaya. Tingnan mo yung mga lalaking nakaupo dun, halos rape-in ka na sa tingin eh.
Pinalo ko ng mahina yung braso niya. Silly! Nakakatawa ka talaga..
Maya-maya, natingin ako dun sa babae t lalaki na palusong sa pool. Hey sina Luna at Justin yun ah?

Tumingin din si Jessie sa kanila pero hindi siya kumibo. Lalo naman siyang nawalan ng kibo noong pumasan si Luna sa likod ni Justin. Tumingin ako sa kanya. Nakatingin siya sa dalawa na yun habang papunta dun sa dulo ng pool.

Somehow, I felt jealous. Parang medyo bumigat yung dibdib ko kasi kitang kita ko yung titig niya kina Luna at Justin. Kung mas kilala ko pa sana ng konti si Jessie masasabi ko na isa yung titig na parang gusto niyang paghiwalayin yung dalawa.

Jessie? tinawag ko na siya kasi hindi ko na makayanan yung katahimikan niya;
Bakit pupunta pa sila dun? Eh hindi naman marunong lumangoy yung pango na yun, bulong niya.

H-Ha? Sinong pango?

 Ah wala.  Tapos ngumiti siya sakin. Wala akong gumawa kundi ngumiti nalang din.
Nakatingin na rin ako kina Luna at Justin. Nakatigil lang sila dun sa dulo ng po
ol, nakapasan
pa din si Luna. May pinag-uusapan kaya sila?

Maya-maya, nakita kong umikot si Justin at umakap kay Luna. Sila na kaya? Baka s
ila na
nga. Hindi naman kasi sila mag-aakapan ng ganyan kung walang something sa kanila
ng
dalawa eh..

*wooosshh*

Nakita kong umahon na si Jessie sa pool. Napatingin ako sa kanya.  Aahon ka na?

nagtatakang tanong ko.

 Oo.. Mainit eh,  matabang niyang sagot. Nakakunot yung noo niya at parang bigla siy
ang
nawala sa mood. Nagsimula na siyang maglakad paalis.

 Wait! San ka pupunta?  habol na tanong ko.

Tumingin siya sakin.  Kahit san.  Tapos naglakad na ulit siya. Naiwan akong nakating
in
sa kanya hanggang sa pumasok siya sa boy s locker room. Tumalikod ako at sumandal
nalang sa wall ng pool.

Tiningnan ko sina Justin at Luna. Masaya silang magkaakap dun sa dulo ng pool. A
nd
again, naramdaman ko na naman yung jealousy na bumalot sa puso ko kanina. Hindi
ko
mapigilang magselos habang tinitingnan kong tumawa si Luna.

She s kind and simple.

Siguro hindi lang niya napapansin pero attractive siya kasi simple siyang manami
t.
Unaware siya sa nakikita ng ibang tao sa kanya.

She s clever and friendly.

First impression ko sa kanya, nakita ko na agad sa kanya yung spirit of friendli
ness and
intelligence. Katulad nung ginawa niyang pagpapaubaya nung seat niya sakin nung
first day
ng school. Hindi siya nag-atubili na i-offer yung seat niya sakin kaya napanatag
agad yung
loob ko sa kanya. Her gesture made me like her..

She s sweet and innocent.

Kaya siguro nagustuhan siya ni Jessie. Lahat na ng magagandang katangian nasa ka
nya. I
feel envious of her. Maraming tao ding nagmamahal sa kanya kasi marunong siyang
magpahalaga. I never had any real friend because they say that masyado daw akong

mataas. Parang isang bituwin na mahirap abutin..

Anak kasi ko ng isang tanyag na business man and business woman. Saka strikto di
n
yung parents ko kapag tungkol na sa pagkakaibigan ko ang usapan. Sabi nila na yu
ng iba
daw pineperahan lang daw ako..

Until Jessie came.. Walang naging hadlang samin nung maging friends kami.. Sina
Mommy and Daddy kasi gustung-gusto si Jessie kaya malaya akong makipagkaibigan s
a
kanya.. Umaasa pa din ako hanggang ngayon na ibabalik din ni Jessie yung pagting
in ko. I
love him and I want him to love me too.. Pero..

Luna is a kind of girl that is very hard to forget.

Hindi man sabihin ni Jessie, alam kong hindi pa din niya nakakalimutan si Luna.
Nakikita
ko yung bawat titig niya sa kanya. Nakikita ko din yung pagseselos sa mga mata n
iya. I can
see his stolen glances of her. I can see his yearning to have her back again.

Pero wala magawa si Jessie kasi naiipit siya. Naiipit siya between me and our fa milies..
But then, I love him and I ll try my best to win him over. Siguro naman, distance and time
can make a difference di ba? Habang magkalayo sila ni Luna, madaming maaaring magbago..

At habang nandito ako sa tabi niya, hindi rin malayo na matutunan din niya kong mahalin balang araw..

Chapter 62
Luna

Anak.. Hinplos ni Mama yung buhok ko. Aalis na kami after Christmas ni Teena. Hindi

na kita mababantayan..

Ngumiti ako sa kanya. Ayos lang Ma. Bibisita nalang ako sa inyo sa bakasyon dun s a
States..

Umiling si Mama. That s not what I mean.. Ang sinasabi ko ay yung sakit mo. Hindi m o
dapat baliwalain yung kalagayan mo kasi yung utak mo yung apektado dyan.

Yumuko ako. Nakakainis naman eh. Bakit ba kasi nagkaroon pa ko ng brain disease?

Kaya pektado tuloy yung buong katawan ko. Hindi daw lalala yun sabi ni Mama as l ong as I
take my medicines. Pero dadating din daw yung panahon na kailangan ko ng treatme nts
para sa tuluyang paggaling.

Hindi ba talaga pwede dito nalang ako Ma? Nandito naman si Steff para magpaalala saking uminom ng gamot at dalin ako sa ospital eh, pakiusap ko.

Anak, alam mo naman na malaki yung tiwala ko kay Steff di ba? Alam kong aalagaan ka niya. Pero ang kinatatakot ko lang naman ay yung lumala yung sakit mo at wala ako sa tabi mo. I m a doctor, as well as your mother. I know what s the best for you

Nangilid yung luha ko. Inakap ko si Mama para na rin hindi niya makita na may

namumuong luha sa mga mata ko.  But I don t want to leave

Hinaplos niya yung buhok ko.  Uuwi ka din naman anak eh. Ang gusto ko lang naman ay yung tuluyang paggaling mo..

Gano katagal ba kong gagamutin dun Ma?

I don t know. It takes years para sa tuluyang paggaling ng mga brain disease patients. Tinitest kasi yung recovery state nila through time..

Parang kumirot yung puso ko sa sinabi ni Mama. Years? Ayokong mawala ng ganun katagal. Madaming pwedeng mangyari habang wala ako. Natatakot ako na baka makalimutan nalang nila ko. Ayokong mangyari yun. Ayoko ding iwan si Justin. Lalo na ngayon na binigyan ko siya ng chance..

Pero parang may puwang sa puso ko eh.. May isa kong inaalala na talagang pumipigil sakin na sumama kina Mama. Na parang tali na nagpupumilit hatakin ako pabalik..

Alam ko, taliwas man sa gusto kong mangyari, hindi ko pa rin mapigilang mapaisip

tungkol dun.. Kapag kasi umalis ako at nawala ng ilang taon, natatakot ako na baka tuluyan na kong makalimutan ni Jessie..

*Sa school*

Luna!

Lumingon ako. Napangiti ako nung makita kong tumatakbo papunta sakin si Justin.

Hatid na kita?  tanong niya.

Hindi ka ba malelate?

Hinawakan niya yung kamay ko.  Hindi. Tara na?

Ngumiti ako at tumango. Hinila niya yung kamay ko. Lumakad kami ng magkahawak

yung kamay papuntang room. Ang medyo nakakailang nga lang ay yung mga mapanuring

mata ng mga estudyante habang lumalakad kami sa hallway.

Narinig ko na naman yung mga bulung-bulungan nila. Nakakainis na! Hindi na ba ta laga
sila titigil?! Tss. Para silang mga galamay ni Sarah! >_<

Yumuko nalang ako para iwasan yung tingin nila.  Luna?  Tumingin ako kay Justin.
Bakit?
Nag-aalala ka ba?
Napatingin ako sa sahig. Nabasa na naman niya kung ano yung nararamdaman ko.

Medyo.

Ang akala ko ay hahawakan niya ulit ng mahigpit yung kamay ko, pero nagulat ako ng bigla
niya kong hilahin papunta sa kanya at halikan sa labi.

Napatili yung ibang mga nakakita. Yung iba naman napasigaw. Nanlalaki yung mata ko habang mahigpit yung pagkakahawak niya sa mukha ko. Nung bumitaw na siya, noon ko lang naramdaman yung pagkabog ng dibdib ko.

Parang nakaramdam ako ng init na kumakalat sa mukha ko. Hindi ko na rin alam kung ano yung magiging reaction ko.. Feeling ko ipinako ako sa kinatatayuan ko.

Inakbayan ako ni Justin.  Makinig kayong lahat!  Nagtinginan sa amin yung mga estudyante at nakinig.  Hindi totoo yung kumalat na balita sa school paper tungkol kay Luna. Kung may picture man siyang kasama si Jessie, nagkakamali kayo kung inaakala niyong may namamagitan sa kanila. Bakit? Inamin ba nilang dalawa sa inyo na naging sila? Hindi naman di ba? Saka masama bang umakbay at humawak sa kamay ng isang kaibigan?

Justin.  Tiningnan niya ko sa mga mata.

Ang totoo lang dun sa picture ay yung tungkol samin.

Lumakas lalo yung tibok ng puso ko. Alam ko na pinagtatakpan ako ni Justin. Ginagawa niya toh para sa kapakanan ko at para na rin sa ikatitigil ng issue. Hinawakan niya ulit yung kamay ko at hinila na papunta ng room.

Habang lumalakad kami paalis, lumingon ako at nakita kong sinusundan pa din kami ng tingin ng mga estudyante. Nung nasa harap na kami ng room, binitawan na niya yung kamay ko.  Sorry Luna ah. Hindi ko naman gustong halikan kang bigla sa harap nila kanina eh..

Nakaramdam ako ng awkwardness. Pero pinilit kong maging kalmado. Ngumiti ako sa kanya.  Hindi. Naiintindihan ko naman kung bakit mo ginawa yun eh..

Napansin kong namula ng kaunti yung mukha niya. Hindi ko tuloy alam kung dahil b
a

yun sa nahihiya siya kasi hinalikan niya ko o dahil he s very sorry.  Pasensya na ta
laga..

 Ano ka ba! Pumunta ka na nga sa room mo!  natatawa tawa kong sabi. Itinalikod ko
siya at itinulak paalis. Hindi ko na kasi makayanan yung awkwardness na nararamd
aman
ko eh. Kumaway ako sa kanya.  Kita nalang tayo mamaya..

Ngumiti siya at kumaway din sakin.  I love you!  Tapos tumalikod na siya. Dahan-daha
ng
bumaba yung kamay ko. Tumalikod na agad siya? Siguro, hindi na siya naghihintay
ng
kapalit. Alam kasi niya na hindi ko pa siya masasabihan ng  I love you too  sa ngayo
n..

Papasok na ko sa room ng may biglang humawak sa braso ko.  LUNA!  sigaw ni Annie.

Napahawak ako sa tenga ko.  Aray! Ba t ba sumisigaw ka!

Malaki yung ngiti niya sa mukha. Saka yung mata niya parang napansin ko na halos

magningning na sa sobrang saya.

 Bakit ba?  matawa tawa kong sabi kasi mukha siyang ewan na nakangiting-aso sa harap

ko.

 Nakita ko yung ginawa ni Justin!  Inalog niya yung braso ko.  Ang sweet niyo! Kilig t
o
the bones ako kanina!

>///<

Inalis ko yung braso ko.  Haha tumahimik ka nga dyan!  Binuksan ko na yung pintuan.
Pero inunahan akong pumasok ni Annie sa room.

Namutla ako ng bigla siyang magtatalon at sumigaw dun sa loob.  CLASSMATES! MAY BALITA AKO SA INYO!

ANNIE!  Hinabol ko si Annie.

ALAM NIYO BA???
ANNIE NAMAN EH!  Hindi ko mahabol si Annie kasi nasa magkabilang dulo na kami ng

room. Siya nasa likod samantalang ako nasa harap.

Nagpeace sign sakin si Annie.  Nakita kong hinalikan ni Justin si Luna kanina sa h
arap ng
madaming estudyante!

v ^____^ v <-----Annie
>///< <------Ako

Napasinghap yung iba kong mga kaklase. Yung iba naman napatili.

OH MY GOD! REALLY?!
SHETNESS KA LUNA! NAKAKAINGGIT KA!
WAAAAHHH! KINIKILIG AKO!!!

Nagtinginan sakin yung mga kaklase ko. Nahihiya ako kasi nasa harapan pa ko kaya

hindi ako makaiwas sa tingin nila. >_<

Biglang nagtama yung tingin namin ni Jessie. Hindi siya kumikibo, nakatingin lang siya sakin. Ako yung unang umiwas ng tingin kasi naiilang ako sa titig niya. Nung magtama naman kami ng tingin ni Kat, ngumiti siya sakin kaya ngumiti na din ako sa kanya.

SIS! Bigla akong inakap ni Steff sa harapan. Congrats! Hindi mo man lang sinabi sakin na kayo na pala ni Papa Justin! Magtatampo na talaga ko!

Oo nga Luna! Sorry kasi ang akala ko kayo ni Jessie eh. Siguro naiinis ka tuwing tinutukso ka namin sa kanya. Sorry talaga ah? sabi nung isa kong kaklase at nag-agree naman silang lahat.

Okay lang. Thanks.. Yun nalang yung nasabi ko sa kanila. Tama, hindi naman kasi namin nasabi sa lahat na naging kami ni Jessie eh. Nag-assume lang sila but they re actually right. Kaso nga, biglang nagkandaloko-loko yung relasyon namin ni Jessie kaya nauwi sa ganito..

Hindi nalang din kumibo si Steff sa nalalaman niya. Kayo kasi eh! Mapag-ASSUME! sabi niya sa mga kaklase ko pero nakatingin siya kay Jessie.

Sorry na nga eh!

Ano ba kayo! Wag niyo na ngang pag-usapan yan! natatawa tawa kong sabi sa kanila.

Eh kasi naman eh! So ano? Masarap humalik si Papa Justin? tanong nung babae kong classmate. Mga nagsitinginan naman sila sakin at nakangiti, naghihintay ng sagot ko.

Si Steff din nakangisi sa tabi ko.

>///<

 Wag niyo nga akong tingnan ng ganyan!  angal ko sa kanila.

 Sabihin mo na kasi sis!  pilit sakin ni Steff. Kumindat pa siya sakin.  Ano? Nasarapa
n ka
ba?

Natawa ko. Siguro dahil na din sa nakakatawa yung mga expression nila at nakakat
awa

yung buong pangyayari na toh.  Okay lang.

Biglang nagtilian yung mga kaklase ko. Si Steff naman umakap sakin. Mukhang mas
kinikilig pa sila kaysa sakin ah! Hahahaha. Pero oo, aaminin ko, kinilig ako kan
ina nung
hinalikan ako ni Justin.. Kasi naman eh! xD

Natutuwa ako kasi nagawa ni Justin na patayin yung issue. Kaso lang, feeling ko
napasubo pa rin ako sa ginawa niya. >///<

Buti nalang at dumating na si Ma am Terrano. At kung hindi, hindi titigil yung mga

kaklase ko sa pag-iinterrogate sakin!

Umupo na ko dun sa tabi ni Arnie.  Congrats Luna.  Nakita kong iniabot sakin ni Kat
yung kamay niya.  Sana maging matatag kayo ni Justin.  Ngumiti siya sakin.

Sa totoo lang, medyo nakaramdam ako ng inis. Siguro kasi bagong girlfriend siya
ni
Jessie, AT natutuwa siya kasi wala na siyang kaagaw. Pero ngumiti nalang ako at
kinamayan

siya.  Thanks..

 Class, I have an announcement for you.  May hawak na papel si Ma am Terrano.  Next

month na gaganapin yung annual school camp for seniors. At napagdesisyunan ng sc
hool

administration na sa Baguio yung gawing camp site.

Agad namang nagbulungan yung mga kaklase ko. Yung iba pumalakpak pa sa sobrang tuwa.

Waah! Sasama ko!

Sa Baguio? Malamig dun! Tapos December pa!

Gusto kong sumama kaso baka hindi ako payagan.. T_T

Pinalo ni Ma am Terrano yung table niya. Quiet Class! Ngayon, yung hawak kong papel

na ito ay yung registration form. Ililista ko yung pangalan dito ng mga sasama. Sino na ba
yung mga sure?

Madaming nagtaas ng kamay. At syempre, hindi kami mawawala ni Steff! Hahaha! Hin di
pwede aba! First time kaya kaming magsschool camp since for seniors lang kasi la ging open
yun eh. Bigla na namang pumasok sa isip ko yung graduation. Medyo nalungkot ako kasi
ayoko pang grumaduate. Kahit ganito yung mga kaklase ko labs na labs ko sila. T_ T

Sa ibang section po ba madaming sasama? tanong ni Steff.

Konti lang Ms. Lazaro. Ang alam ko sa 4-2 dalawa lang, Si Ms. Vernon at yung kaib igan
niya. Sa 4-3, si Mr. Cuevo at may tatlo pa. Sa 4-4 naman si Mr. Perillo at Mr. L ee lang.

Karaniwan kasing sumasama sa school camp ay yung mga nasa 4-1.

Oh my God! Kasama yung Pepperoni Cheese!

Si Papa Rio ko kasama! Yehey!

Magpapakuha ko ng picture kay Papa Kevin!

Ano ka?! Syempre may picture din dapat ako kay Papa Justin!

Ba t lalayo pa kayo eh andito na naman si Papa Jessie!

Napansin kong medyo nainis si Steff. Ako naman tinawanan ko nalang sila. Grabe y ung fansclub nung PC ah.. Hanggang bagyo consistent Hahaha. ^_^v

Okay class, sinu-sino ba dito yung hindi sasama? tanong ni Ma am Terrano. Nagtinginan yung mga kaklase ko. Tinitingnan siguro nila kung sinu-sino yung hin di makakasama. May nagtaas n tatlong kamay.

Nagtaas si Arnie dito sa tabi ko. Si Annie din dun sa tabi ni Steff. Nagulat ako kasi napalingon sa likod yung mga kaklase ko. Sinundan ko yung tingin nila at nakita ko rin na nakataas yung kamay ni Jessie.

Why are you not going Mr. Wright? tanong ni Ma am Terrano.

Wala po. Ayoko lang pong sumama, simpleng sabi ni Jessie. Yung iba kong mga kaklas e parang nadisappoint. Bakit ayaw niyang sumama? Dahil nga ba ayaw lang talaga niy a? O baka naman may iba pang dahilan?

Maya-maya, nagtaas na din ng kamay si Kat. Me too ma am. Hindi nalang din po ako sasama.

Tumingin nalang ako sa desk ko. Tama toh di ba? Magkakasama kami ni Justin sa Baguio. Maaaring pagbalik namin mula don eh nagbago na yung tingin ko sa kanya. Hindi imposible yun. Saka mainam din na hindi na kasama si Jessie para si Justin lang talaga yung mapagtuunan ko ng pansin.

It s the best for all of us. Yun nalang yung inisip ko.. Kahit na nakaramdam ako n g konting bigat sa loob ng dibdib ko..

Chapter 63
Sarah

Nakakainis! Ininom ko yung baso ng alak ko hanggang sa maubos yon. Ibinagsak ko yung baso na yon sa bar counter.

Ghurl! Ano ka ba! Nakakatatlong bote ka na! Pilit saking kinukuha ni Leslie yung b ote ng alak ko pero hindi ko yun ibinigay.

Screw that Luna! Nakikiepal pa kasi si Justin eh! Bakit ba lagi nalang may nagtat anggol sa kanya?! Pinuno ko ulit yung baso ko. Parang sa isang kiss lang namatay na agad yung ginawa kong issue?! Mga walangya sila!!!

Tinungga ko ulit yung baso ko. Ghurl naman! Tama na! Lasing ka na eh!

Tiningnan ko ng masama si Leslie. Tumigil ka nga dyan! Hindi pa ko lasing! I HATE HER! I HATE THEM!!! Ibinato ko yung baso. Napatingin yung ibang nasa bar pero wala ako ng pakialam. Nag-uumapaw ngayon yung galit at inis ko.

Sarah ano ba! Nakakahiya na yang ginagawa mo! Hinawakan ako ni Leslie sa braso.

Get off me! Inalis ko yung braso ko at lumakad palabas ng bar. Hindi ako susuko. M ay alas pa ko. Nasa akin pa yung picture namin ni Jessie na pinakuhanan ko kay Trix ie. Dito din sa mismong bar na toh naganap yun. Kaso hindi ko alam kung pano ko gagamitin ngayon yon kay Luna kasi sila na ni Justin..

Tsk nakakainis talaga!!! >_<

Ghurl! Teka hintayin mo ko! Tumakbo si Leslie para makahabol sakin. Magtaxi nalang
tayo! Gabi na eh!

Hindi ko siya pinansin. Patuloy lang ako sa paglalakad habang nakakunot yung noo
ko sa
sobrang inis. Gusto kong ibalibag yung hawak ko na bag. Gusto ko ding ibuwal yun
g bawat
nadadaanan kong poste..

Malapit na kami ni Leslie sa crossing. Gusto ko nang umuwi at matulog. Konti lan
g yung
nagdadaang sasakyan ngayon kaya malabong makakuha kami ng taxi. Saka mailap din
yung
tao sa lansangan kasi masyado nang gabi. Binilisan ko pa yung paglalakad ko para
makauwi
na ko in no time.

Mula sa kanan, nakarinig ako ng tawanan. Napahinto ako ng makabunggo ako sa isan
g
lalaki. Sinalo ko ni Leslie mula sa likod. ARAY! ANG TANGA MO NAMAN! HINDI KA
TUMITINGIN SA DINADAANAN MO!!! sigaw ko sa bumunggo sakin.

Aba at ako pa ngayon ang may kasalanan?! singhal nung lalaking nakabangga ko.

Ghurl tara na, kinakabahang sabi sakin ni Leslie habang inaalog alog niya yung bal
ikat
ko. Actually medyo kinabahan nga rin ako eh. Mukha kasing siga yung nakabangga n
amin
pati yung isang kasama niya. Akmang tutuloy na kami sa paglalakad ng bigla nila
kaming
harangin.

At san kayo pupunta? Pagkatapos mo kong sabihan ng tanga aalis ka na lang?!

Nainis ako kaya nagsalita ako. Pwede ba, tumabi ka nga dyan! Ang panget ng mukha
mo!

Nagtawanan yung dalawang lalaki.  Wow panget daw pare oh? Pero kung sabagay, pareho naman kasi kayong maganda.  Tapos tiningnan niya ko mula ulo hanggang paa. Pinawisan yung leeg at likod ko. Kinabahan akong bigla.

Ghurl tara na! Sorry po sa pagbangga sa inyo!  Nanginginig yung kamay ni Leslie

habang kinukuha yung braso ko.

Teka lang aba! Hindi ba kayo pwedeng makipaglaro samin ng kahit sandali lang?

Nakangisi na yung dalawang lalaki.

Hinawakan ko yung kamay ni Leslie at tumakbo.  HOY BUMALIK KAYO DITO!  sigaw nila samin. Bigla nalang akong inakap nung lalaking nakabangga ko mula sa likod at ti nakpan
yung bibig ko. Si Leslie man nahuli na nung isang lalaki.

Sumisigaw ako sa palad niya at nagpupumiglas sa pagkakaakap. Nagulat ako ng bigl a
nalang nila kaming dalin ni Leslie sa isang eskinita. Lalong lumakas yung tibok ng puso ko
dahil sa kaba. Naiiyak na rin ako kasi hindi ako makawala.

Habang nahihirapan kami ni Leslie, tawa naman ng tawa yung dalawang lalaki.  Sige sumigaw pa kayo! Wala ring makakarinig sa inyo dito!  matawa tawang sabi nung lala king

may akap sakin.

Sige magpumiglas pa kayo! Ito yung gusto ko eh pahirapan muna bago bumigay!  sabi

pa nung isa.

Kinagat ko yung kamay nung may hawak sakin.  ARAY!!!

TULONG!!!  sigaw ko.  TULUNGAN NIYO AHHH!  Ibinalibag ako nung lalaki umakap sakin sa sahig. Tiningnan niya ko ng masama at sinampal sa mukha.

WALANG HIYA KANG BABAE KA!  sigaw niya sakin.

Hinipo ko yung bibig ko kasi feeling ko dumugo yung lower lip ko. Maya-maya, may

kinuha yung lalaki na yun sa bulsa niya. He flipped it tumambad sakin yung blade ng kutsilyo. Bigla akong namutla at napaatras habang nakaupo sa lupa.

Papalapit siya ng papalapit sakin. Tinry kong tumayo pero hinawakan niya ko sa buhok at idinapa. Itinapat niya yung kutsilyo sa leeg ko.  P-Please.. Wag mo kong patayin.. P-Please.  Humihikbi na ko ngayon. Sobra na yung takot na nararamdaman ko. Hindi na rin ako makasigaw kasi alam kong kakalabitin niya yung kutsilyo sa oras na sumigaw ako.

Pwe!  Dumura siya sa gilid.  Hindi na pala kita gusto. Ang panget mo na! Mabuti pang patayin nalang kita..

HMMMMM!!!  Narinig ko yung ungol ni Leslie. Itinaas pa nung lalaki na yun yung ulo ko habang nakadagan siya sa likod ko. Naramdaman ko na yung blade ng kutsilyo na dumikit sa leeg ko. Napapikit nalang ako ng mahigpit..

*PAK!*

Biglang gumaan yung katawan ko. Napabiling ako sa narinig kong ingay. Nagulat ako ng makita ko si Rio na nakatayo sa harap ko. Binitawan na nung isang lalaki si Leslie at sinamahan yung isa niyang kasama.

Lumapit si Leslie sakin at hinawakan yung kamay ko.  R-RIO!  sigaw niya. Kinuha ko na agad yung cellphone ko at tumawag ng pulis.

Hindi ko kayo mapapatawad kapag sinaktan niyo si Sarah!  sigaw ni Rio habang

nakatikom yung mga kamay niya.

EH GAGO KA PALA EH!  Nagsimula na yung gulo. Nanginginig yung kamay at boses ko habang tumatawag ako.

Hello?

H-Hello? K-Kailangan namin ng tulong! P-Please puntahan niyo po kami!  nanginginig kong sabi.

Ano ba yung eksatong lugar hija?  tanong nung pulis na kausap ko.

D-Dito po sa may eskinita! Malapit s-sa crossing!

Sige malapit lang yung stasyon namin dyan. Magpapapunta na agad kami ng

Hindi ko na narinig yung sinasabi nung pulis na kausap ko kasi nabingi ako sa ti li ni Leslie. Napatakip siya sa bibig niya. Namutla ako ng makita kong bumagsak si Rio . Nakahawak yung kamay niya sa tagiliran niya.

Lumakas yung tibok ng puso ko at nabitawan ko yung hawak kong cellphone. Yung mg a lalaki naman nagsitakbuhan na at nawala sa dilim. Hindi ako makakurap habang nak ikita kong namimilipit si Rio sa sakit.

Ang tanging naisigaw ko nalang noong mga oras na yon ay yung pangalan niya..

*Luna s POV*

YESSS! 2-0! WAHAHAHA!  sigaw ni Kevin habang naglalaro sila ni Steff ng Xbox.

Si Steff naman mukhang nainis kasi kumunot na naman yung noo niya. Maya-maya, ibinato na ni Steff yung console dun sa sofa at tumayo na mula sa pagkakaupo sa sahig.
AYOKO NA! DINADAYA MO LANG AKO EH!!!  >_<

Si babe naman hindi sports! Hahahaha,  natatawang sabi ni Kevin.

Che! Anong hindi sports ka dyan?? Pangatlong palit na nga natin ng game tapos ni

minsan hindi pa ko nanalo! Siguro may kinalikot ka sa console ko noh?!  >_<

Haha babe naman oh. Magaling lang talaga ko! Ako si Master Kebs eh!  v ^___^ v

Tumabi ka nga dyan MASTER at ako y magcCR!  inis na sabi ni Steff. Pinatabi niya yung

binti ni Kevin para makadaan siya.

Anong gagawin mo dun?  tanong ni Kevin.

Nagtinginan kami ni Justin at natawa. Si Steff din natingin kay Kevin.  IINOM SA B
OWL
SIGE! UHAW AKO EH! ANO BA YAN KABOBO MO NAMAN BABE!  >_<

Nagtawanan kami ni Justin.  Hahaha oo nga naman Kebs! Ba t ba kasi tinanong mo pa kung ano gagawin ni sis?  natatawa kong sabi sa kanya.

Kumunot yung noo ni Kevin.  EH BA T BA?! Hoy babe sige ah, kailangan pagpunta ko sa CR tuyo na yung bowl! Pag hindi mo ininom yon.. NAKOW sinasabi ko sayo!!!

Manahinik ka nalang kase! Amp bobo!  >_<

Tumalikod na si Steff para pumunta ng CR. Si Kevin naman kinuha ulit yung console at naglaro nalang ulit.. Pero nakasibangot hahaha! Kami ni Justin nagtatawanan nalang ng mahina habang nakaupo dun sa sofa.

Dito kami mag-oovernight kina Kevin ulit ngayon. Wala lang, trip trip lang hehehe.. Teka lang ah, iinom lang ako, paalam ko kay Justin at tumayo na ko para uminom.

Teka ako nalang kukuha..

Wag na! Hehehe ako nalang.. ^_^

Ngumiti siya sakin. Okay.

Lumakad ako papunta ng kitchen. Inopen ko yung ref at kumuha ng pitsel. Nagsalin ako ng tubig sa baso. Biglang dumako yung tingin ko dun sa may counter. Naramdaman ko na parang biglang bumilis yung tibok ng puso ko.

Naalala ko kasi suddenly yung first kiss ko.. Dito naganap yon.. Sa bahay ni Kevin.. Sa may kitchen..

And with Jessie..

Iniwas ko nalang yung tingin ko dun sa counter at uminom. Ayoko nang balikan pa yung pangyayari na yun. Bumibigat lang kasi yung loob ko...

*Ding dong*

Narinig kong bumukas yung pinto. Bumalik na ko sa sala para makita kung sino yung dumating. Pero nagulat ako...

Natigil ako sa paglalakad ng makita kong pumapasok si Jessie sa bahay.. At kasama si Kat.. Natingin silang pareho sakin. Yumuko ako ng konti para umiwas ng tingin pero ngumiti din naman ako.

Umupo ako sa tabi ni Justin. Naiilang na naman ako. Bakit ba kasi pumunta pa si Jessie dito eh! Saka sinama pa niya si Kat..

Hello, sabi ni Kat habang nakangiti. May dala kaming wine. Kinuha niya yung

dalawang bote ng wine dala ni Jessie at inilapag dun sa coffee table. Bumalik na din si Steff galing ng CR at napatigil din siya sa paglalakad nung makita niya sina Jessie.

Hello. Nginitian ni Kat si Steff. Ngumiti din naman si Steff pero sandali lang at umupo na agad sa tabi ni Kevin sa sahig.

Late na ba kami? tanong ni Jessie;
Hindi pa simula ni Kevin, pero pinutol siya ni Steff;
Oo late na kayo. Matutulog na nga sana kami eh..
Babe! bulong ni Kevin. Tiningnan niya si Steff pero patuloy lang siya sa pagpindot sa

console niya. Umupo nalang din sina Jessie at Kat sa kabilang sofa.

Where s Rio? tanong ni Kat;
Di daw siya makakasama. May lakad daw siya eh, sabi ni Justin;

Ay ganun ba. Sayang naman pala..

Tumayo si Kevin.  Wait lang, kukunin ko lang yung cake dun sa may ref.  Umalis na si
ya
at pumunta sa kitchen. Hanggang nung pagbalik niya, walang nagkibuan samin. Mist
ulang
naging isang library yung living room. Nandun pa din yung ilangan kasi eh..

Ibinaba ni Kevin yung boz ng cake. Dala naman ni manang, yung katulong nila Kebs
, yung
mga platito at tinidor. Si Kevin na yung nagcut ng cake. Nauna niyang binigyan s
ina Jessie at
Kat. Tig-isa sila.

Wow, mukhang masarap. Thanks Kevin,  sabi ni Kat habang inaabot yung platito na
may lamang cake.

Kebs nalang hehehe.
Ehem!  Umubo si Steff at tumayo. Inagaw niya yung kutsilyo kay Kevin.  Ako na

maglalagay! Baka mapagod ka pa..

Nako selos pa babe ko oh hahaha!  tukso ni Kevin.

Shattap!  Humiwa si Steff ng cake slice at inilagay sa platito. Ibinigay niya yun s
akin.

Ang dami naman niyan!  angal ko.

Hayaan mo na! Tsk ibabalik ko pa ba dito yan?

Ngumuso ako at walang nagawa kundi kunin yung platito.  Kasi naman eh! Ang laki!

Hindi ko mauubos toh.  ToT
Hati nalang tayo,  sabi ni Justin.

Oh yun naman pala eh! Maghati nalang kayo! Aangal pa kasi eh..  Bumalik na ulit sa

pagsslice ng cake si Steff.

Kinuha ni Justin yung platito mula sa kamay ko. Hinawakan niya yung tinidor at k
umuha

ng konting cake. Ngumiti siya sakin.  Say aaahhh..

Natawa ko.  Ang baduy naman nun..

Hahaha susubuan nalang kita. Dali nganga na..

Ngumanga ko at sinubuan niya ko ng cake. Ngumiti siya sakin nung sinubo ko yun.
Weeeee! Ang cute haha. ^_^

Di sinasadya, napatingin ako kina Jessie. Nainis akong bigla nung makita ko si K
at na
sinubuan din ng cake si Jessie. Tss ano toh, gayahan? -_-

Nilagyan ni Justin ng icing yung ilong ko. Nagulat ako kaya medyo napaurong yung

katawan ko.  Ay! Justin!

Tumawa siya.  Sumisibangot ka na naman kasi eh! Yamo bagay naman sayo eh. Ang cute

mo..  ^_^

>///<

Pinunasan ko yung ilong ko. Kumuha din ako ng icing at ipinahid sa pisngi niya.  H
ahaha!
Sayo man bagay din!

Ngumiti siya.  Ah ganon ah..  Kumuha siya ng icing at ipapahid din sana sa pisngi ko
 pero

hinawakan ko yung braso niya.

 Hahahaha teka peace na tayo!
 Hinde! Walang peace peace!  Pilit pa din niyang inilalapit yung icing sa mukha ko.
 Hoy! Ang sweet niyo naman po! Nagiging matabang tuloy yung icing!  sabi samin ni

Steff.

 Haha oo nga! Uy baka langgamin yang sofa ah!  natatawa tawang sabi ni Kevin.

Tinigilan na ni Justin yung pangungulit sakin pero tumatawa pa din siya. Pinahir
an na
rin niya yung icing sa mukha niya. Kinuha ko yung tinidor at sumubo ng cake. Nap
atingin
ako kay Jessie. Nakita kong nakatingin siya sakin pero umiwas din agad siya ng t
ingin.

*beep beep beep*

Kinuha ni Justin yung cellphone niya. Nung una nag-alangan siyang sagutin.  Si Sar
ah,
tumatawag,  sabi niya.

Napatingin kaming lahat sa kanya.  Si Sarah? Bakit naman tatawag sayo yun?  tanong

Kevin sa kanya.

 Wag mong sagutin! Ifflirt ka lang nyang bruhang yan!  sabi ni Steff.

Tumingin sakin si Justin. Nanghihingi siguro siya ng permiso. Ngumiti ako sa kan
ya.

 Okay lang. Sagutin mo na..
Tumango siya at pinindot yung answer.  Hello?

Maya-maya sumeryoso yung mukha niya.  T-Teka lang Sarah huminahon ka. Hindi kita maintindihan..  Tumahimik kaming lahat at nakatingin lang kay Justin.

Then biglang napanganga si Justin at parang namutla. Bigla tuloy akong nakaramda
m ng
kaba. Nafeel ko din na parang naging tensyunado yung mga kasama ko dito.

Okay sige. Pupunta na kami agad dyan. Sa pinakamalapit na ospital di ba? Okay oka
y..

Pagkababa ni Justin ng tawag, nagtanong na agad ako.

Bakit daw? Anong nangyari?
Anong ospital?  tanong ni Steff;
Tumingin muna siya sakin, pagkatapos saming lahat.  Nasaksak daw si Rio.
ANO?!!!  sabay-sabay naming sabi.
Ha? B-Bakit? Panong nasaksak?  tanong ni Jessie;
I don t know. Pero kailangan na nating pumunta agad sa pinakamalapit na ospital,  sab
i

ni Justin at tumayo na.
Sige ireready ko lang yung sasakyan.  Tumakbo na agad si Kevin papunta ng garahe.
Sumunod si Steff sa kanya. Ako naman sinapo ko nalang yung noo ko sa sobrang

pagkagulat.
Oh my God..  sabi ni Kat. Tumayo na din siya at pumunta na sa garahe kasama si Jess
ie.
Luna?  Hinawakan ako sa kamay ni Justin.  Tara na?

Tumango ako at hinayaang hilahin niya patayo. Pumunta na agad kami sa garahe at sumakay sa sasakyan. Binuksan ni manang yung gate at kitang kita sa pagddrive ni Kevin yung pagmamadaling makapunta sa ospital kung saan naka-confine si Rio..

Kami namang mga nakasakay ay nanatiling tahimik at nag-aalala... Buong biyahe, wala akong ibang ginawa doon kundi ang magdasal..

Chapter 64
Sarah

Nakaupo kami ni Leslie dun sa labas ng ER. Buti at dumating agad yung mga pulis kaya nakahingi kami ng saklolo.

Ghurl? Ayos ka na ba? tanong sakin ni Leslie.

Hinilot ko yung sintido ko. Masakit lang yung ulo ko.

Ang dami mo kasing ininom eh! Tsk!

Tiningnan ko siya ng masama. Pwede ba Lez! Kung bubungangaan mo lang din ako, mabuti pang lumayas ka nalang!

Hay oo na hindi na po! Tapos sumandal nalang siya sa upuan.

Naiinis ako dahil sa nangyari kanina, naiinis ako dahil tinawagan ko si Justin, naiinis ako kasi makikita ko si Luna pamaya-maya, at naiinis din ako kasi nagkaroon ako ng utang na loob kay Rio.

May lumabas na doktor sa ER.  Excuse me. Kaanu-ano kayo ni Mr. Lee?
School mate po niya kami,  sabi ni Leslie;
Well, he s not in danger anymore. Buti nalang at hindi na-puncture yung liver niya so he will recover in no time. Pero medyo mahihirapan pa siyang huminga sa ngayon kaya kinailangan niya ng breathing apparatus.  Ngumiti yung doktor.

Thank you po.  Ngumiti din si Leslie.

Dadalin nalang namin siya sa room 312.  Tapos umalis na yung doktor at pumasok ulit sa ER.

Ano ka ba ghurl! Parang wala kang pakialam kay Rio ah!

Eh bakit ba Leslie?! Sinabi ko ba na iligtas niya tayo?? Saka ikaw naman yung tum awag sa kanya eh! Hindi mo man lang sinabi sakin!

Be thankful nalang kasi ghurl! Kaya ko lang naman tinawagan si Rio kasi lasing ka na at baka kung ano pa gawin mo!

Haaayy!  Tumayo ako at lumakad paalis.

Teka! San ka pupunta ghurl?!

Sa lobby! Bibili kong kape!  Pagdating ko sa lobby, hinanap ko na agad yung coffee machine. Naghulog ako ng ten pesos sa coin slot at pinindot yung cappuccino. Hin intay kong mapuno yung cup tapos kinuha ko na yun.

Hindi ko alam kung magiging thankful ba ko kay Rio sa ginawa niya. Because I don t
 like
him. Napakakulit niya. Lagi siyang nakabuntot sakin. I hate it. Kaso parang medy
o
nakokonsensya ko eh. Naguiguilty ako na dahil sakin eh nalagay sa bingit ng kama
tayan
yung buhay niya..

But.. No Sarah. You never feel guilty about anything.

Umiling ako ng bahagya para maalis yung pag-aalinlangan sa isip ko. Umupo ako sa
 tabi
ni Leslie at ininom yung cappuccino ko.

 Ghurl naman! Hindi mo man lang ako binili,  angal niya.

 Malay ko ba kung gusto mo? Bumili ka nalang ng sayo..

 Tsk. Nasa room 312 na nga pala si Rio. Unconscious pa daw siya..

 Ahh..

 Hay naku girl, you re so bitchy talaga.  Tumayo siya.  Bibili lang akong cup noodles sa

convenience store. Nagugutom ako eh. Puntahan nalang kita dun sa room 312.

 Wag na. Uuwi na din naman ako mamaya eh.  Humigop ulit ako.

 Ano ka ba ghurl! Bantayan mo muna yang si Rio! Kahit sa pamamagitan lang naman no
n
makapag-thank you tayo sa kanya!  Tapos tumalikod na siya at lumakad paalis.

Aba. Ba t naging ganon yun? So mabait na drama niya ngayon, ganon? >_<

Inubos ko yung cappuccino. Itinapon ko yun sa trash can at sumakay ng elevator. Pagdating ko sa third floor, hinanap ko na agad yung room 312. Nung nasa tapat na ko ng kwarto niya, parang nagkaroon ako ng doubt na pumasok.

Biglang bumukas yung pintuan.  Nandun na si Mr. Lee sa loob,  sabi nung doktor.  Tumawag ka nalang ng nurse kapag may nangyari, okay hija?

Tumango nalang ako. Umalis na siya kasama yung ibang nurse. Hinawakan ko yung knob at itinulak ng dahan-dahan. Huminga ko ng malalim nung makita kong may tube na nakakabit sa ilong niya para tulungan siyang huminga.

For the first time, nakaramdam ako ng kakaibang feeling sa dibdib ko... Parang naaawa ako sa kanya.. Parang naguiguilty ako kasi nakahiga sya ngayon dyan sa hospital bed..

Pumunta ko ng CR. Naghilamos ako ng mukha at inalis yung dumi sa braso at binti ko. Kinuha ko yung available na towel na nakasabit sa likod ng pinto. Lumabas na ko sa CR at umupo dun sa sofa.

Maya-maya lang, biglang bumukas yung pintuan. Nakita ko sina Justin, Luna, Jessie, Kat, Kevin at Steff. Natigilan sila ng makita nila ako. Tinaasan ko sila ng kilay kasi ayoko namang isipin nila na nandito ko para makipagbati sa kanila.

Hoy bruha! Anong ginagawa mo dito?!  matabang na tanong ni Steff.

Pero bago ako makasagot sa insulto niya, bigla kaming nakarinig ng mahinang ungol.

RIO!  sigaw ni Kevin. Nagsilapitan silang lahat sa kama nya.

K-Kevin?  mahinang sabi ni Rio.

Oo ako nga! Nandito kaming lahat. Ano nang nararamdaman mo?

Pumipikit pikit pa si Rio at sinusubukang gisingin yung sarili.  Nahihilo ako..

 Magpahinga ka na muna,  sabi ni Luna.

 Ikaw!  Itinuro ako ni Steff. Nagsilingunan silang lahat sakin.  Ano bang nangyari ha??!
Pakana mo na naman ba toh?!

Kumunot yung noo ko. Tumayo ako at tiningnan siya sa mata.  Pwede ba wala akong

kinalaman dyan! Oo inaamin kong galit ako sa inyong lahat pero hindi naman ako

marunong pumatay ng tao noh!

 Naku magtigil ka nga! Kahit sinong galing sa impyerno kayang gumawa ng kasamaan!

 Ano ba tigilan niyo na nga yan! Isipin niyo naman yung kalagayan ni Rio!  saway ni Luna. For a moment nainis na naman ako sa kanya. She s trying to be the good girl again.
Ugh! Lagi nalang siya yung bida!!!

Inirapan ako ni Steff at umiwas nalang ng tingin. Ako naman nagdesisyon nang umalis
nalang dahil masyadong nakaka-suffocate yung maliit na kwarto na toh para saming lahat.
Akmang bubuksan ko na yung pinto ng marinig ko yung mahinang tawag sakin ni Rio,  S-
Sarah..

Natigilan ako. Huminga ko ng malalim bago tumalikod.  Ano ba yon Rio ha? Pwede ba kung may sasabihin ka, bilis-bilisan mo at gustung gusto ko nang umuwi,  mataray kong
sabi.

 Hoy bruha!

Babe! Inakap ni Kevin si Steff. Napaka-war freak talaga nung magbestfriend na toh. . I
hate them.. >_<

Wag kang umalis, sabi ni Rio sakin.

Pero Rio simula ni Steff.

Please.. Don t.. Tiningnan niya ko sa mata. Nakita ko yung seriousness and sincerity sa
request niya. Kung normal na pagkakataon lang toh siguro natulak ko na siya o ka ya
nasabihan ng hindi maganda.

Bakit ba kasi kailangang nandito pa ko?! Andyan na naman yung mga kaibigan mo ah!

inis kong sabi sa kanya.

I want you by my side.. pakiusap ni Rio.

Then nakitang lumapit si Luna sakin. Seryoso yung mukha niya. Please Sarah.. Sama han

mo muna si Rio.

Kumunot yung noo ko. And why should I do that??

Because he loves you.. At alam kong sayo siya kukuha ng lakas ng loob para

magpagaling agad..

Naiinis ako sa sinabi niya. I don t love Rio. And I don t even like him! Sa totoo la ng, kung
hindi sana ako yung dahilan kung bakit nasasaksak siya, hindi naman talaga ko ma gtitiis
dito eh. Ni hindi nga ako pupunta para bumisita sa kanya eh..

*sigh*

Please.. Sarah.. Hinawakan ni Luna yung braso ko. Nainis ako sa ginawa niya kaya i nalis

ko kaagad yung braso ko.

Don t touch me!
Aba t talagang !
Babe ano ba! Pinigil ulit ni Kevin si Steff;

Look, sabi ko kay Luna. I m not doing this because you asked me to, ginagawa ko toh para bayaran yung utang ko sa kanya. Maliwanag?

Tumango siya sakin. Excuse me. Tinabig ko siya at lumakad pabalik sa sofa para maupo. I placed my leg over the other. Kinuha ko na rin yung cellphone ko para i text si Leslie kasi naiinip na ko sa kanya.

Pare, uuwi muna kami sandali ah. Kukuha lang kami ng damit, sabi ni Jessie kay Rio .
Pero umiling siya. Wag na pare. Umuwi nalang kayo. Bumalik nalang kayo bukas.
Whaaat?? They re going home while I m here rotting with this wounded guy?? That s not

fair! Nakakainis! >_<
Pero pano ka, Rio, sabi ni Kat.
Nandito naman si Sarah eh. Kaya okay lang ako..
Tumingin na naman silang lahat sakin. Hindi ako mapapanatag kapag siya yung banta y

mo! sabi ni Steff.

Please.. Do it for me, sabi ni Rio.

Nagtinginan silang lahat. Maya-maya, nagsalita na si Luna. Halika na guys. Umuwi na
tayo..

Pero sis

Steff, matigas na sabi ni Luna. Let s go home..

Nagbuntung hininga nalang si Steff at kinamot yung ulo. Isa-isa na silang nagpaa lam kay
Rio. Pero bago tuluyang umalis, tiningnan ako ni Steff. Pag may nangyaring masama kay
Rio.. Itinuro niya ko at nanliit yung mata. Isusunod kita sinasabi ko sayo..

Tumaas yung kilay ko. Yeah right.. Like I ll be scared by your useless threat..

Umirap si Steff sakin bago tuluyang isara yung pinto. Hindi ko nalang siya pinan sin.

Sumandal ako sa sofa at sumibangot. Sarah?

Ano? inis kong sagot kay Rio.

Pasensya ka na ah..

Shut up..

Ayos ka na ba?

Sa tingin mo ba mukhang ayos ako?! Tsk!

Gusto lang naman kitang makasama eh..

So ginagamit mo yang kalagayan mo para lang makuha yung gusto mo?  Tiningnan ko siya ng parang nandidiri ako sa kanya.  You re unbelievable.. I hate you..

Alam ko.  Seryoso yung mukha niya.

What?  tanong ko kasi hindi masyadong na-gets yung sinabi niya.

Alam ko naman na hindi mo ko gusto eh..

Oh eh alam mo naman pala eh! Itigil na natin tong kabaliwan na toh!  Tumayo ako at pumunta sa may pintuan.

You can call me everything you want Sarah. Kahit bugbugin mo ko ayos lang. Dahil ako mismo sa sarili ko hindi ko alam kung bakit nahulog yung loob ko sayo. You re always acting like the tough girl. Maraming naiinis sayo at pati na rin yung mga kaibigan ko ayaw sayo. Pero behind all that, minahal pa din kita..

Humigpit yung pagkakahawak ko sa knob. I felt something strange.. Hindi ko maipaliwanag yung magiging reaction ko..

I m sorry kung pinilit kitang mag-stay dito. Pero kung gusto mo talagang umalis, it s okay. Hindi na kita pipilitin pang samahan ako. I want what s the best for you. Siguro mas mainam nga kung umuwi ka nalang para makatulog ka ng maayos...

Ano ba tong sinasabi niya?? Why is he caring for me so much?? Gusto kong mainis sa sinasabi niya... Gusto kong magalit at sampalin siya.. Pero.. Somehow..

I can t..

Pero binuksan ko pa rin yung pinto. Tumalikod ako at tumingin sa kanya. Nakating in pa
din siya sakin, pero this time, ngumiti siya.  Mag-iingat ka ah..

I hate him. Bakit ba hindi niya magawang magalit sakin kahit anong sabihin ko sa

kanya?? Baliw na ba siya?

Rio..
Hmm?
Tumalikod ako sa kanya.  Uuwi ako..
Okay lang. May mga nurse naman dito eh.. Sige magpahinga ka na..
Humigpit yung pagkakahawak ko sa knob. Nakakainis talaga siya. I hate him for hi s

attitude.. I hate him kasi gusto kong mainis sa kanya ngayon pero hindi ko magaw a...

Sarah? Hindi ka pa ba
Kukuha lang ako ng damit..  Lumabas na agad ako sa kwarto at isinarado yung pintuan

bago ko pa marinig yung sasabihin niya..

Chapter 65
Luna

Bakit ba basta ka nalang pumayag na umalis sis ha?  tanong agad ni Steff pagkalabas

namin. Nakita ko yung pagkairita niya..

Gustong makasama ni Rio si Sarah. Let s give them time alone,  si Justin yung sumagot

para sakin.

Eh baka kung ano gawin nung bruhilda na yon kay Rio!

I doubt that,  sabi ni Jessie.

Napatingin ako sa kanya. Nakaramdam ako ng inis kasi parang pinagtatanggol pa ni
ya si
Sarah.

Jessie s right. Palagay ko hindi naman siya makakagawa ng ganung bagay,  salo naman

ni Kat.

And how do you know?? Gano ka na ba katagal dito ha? Hindi mo pa kilala yung ugal
i
nung bruha na yon!  sabi ni Steff.

Babe tama na! Hayaan nalang natin sila..

Hinawakan ko sa braso si Steff. Nagbuntung hininga nalang siya. Sumakay na kami
sa
sasakyan pero tahimik pa din kaming lahat. Hanggang sa pagdating sa bahay nina K
evin
namamayani pa din yung katahimikan.

Kumibo lang si Kevin nung tinanong niya kung matutulog na daw ba kami.  Oo tara na
,
inaantok na ko eh,  sabi ni Steff. Feel ko pa din na parang annoyed siya sa nangya
ri. Pero I
can t blame her kasi hindi naman talaga madaling pagkatiwalaan si Sarah. Lalo na t a
lam ng
buong mundo kung gano kasama yung ugali niya..

Dapat dun kami matutulog sa guest room ulit eh kaso tatlo na kaming babae kaya h
indi
kami kasya sa kama..

Hala eh pano yan?  sabi ni Kevin.

Dun nalang ako sa sala,  sabi ko;
Napatingin si Steff sakin.  No! Hindi ka dun sa sala.. Kailangan DITO ka sa kwarto
.
Sis naman!  bulong ko sa kanya kasi alam ko na pinapatamaan niya si Kat.
Okay ganito nalang..  Ngumiti si Kevin.  Since couples naman tayong lahat, bakit hind
i

nalang magtabi-tabi yung magkakapartner di ba? Oh di pare-pareho tayong ayos niy
an!
Binatukan ni Steff si Kevin.  UTO!!! Anong tabi-tabi ka dyan?? Baka rape-in mo pa
ko sa
kalagitnaan ng tulog ko eh!
Kinamot ni Kevin yung ulo niya.  Aray! Babe naman kung makabatok! Oh di sige ano
naman plano mo aber??

Tumingin si Steff sakin at ngumiti. Bigla akong kinabahan kasi ayan na naman yan
g ngiti
nya na yan. Feeling ko may iniisip na namang kababalaghan tong berat na toh.

Here s the arrangement,  simula niya.  Ako at si Kat ang magtatabi dito sa kama.
Tumaas yung kilay ko.  Teka teka! Hindi naman ata patas yun! Eh san ako matutulog?
?
Ikaw nalang matulog sa sahig!
Tange hindi pa kasi tapos! Atat ka? Atat? Tsk.

>3<

Okay gaya nga ng sinabi ko, ako at si Kat dito sa kama. Si Jessie at babe dito sa sahig matutulog..

Eh san ako?  Tinuro ni Justin yung sarili niya.

Ngumiti si Steff kay Justin.  Dun kayo ni Luna sa kwarto ni babe.

HA??!  sabay naming sabi ni Justin.

(O_O) <-----------Justin

(>///<) <--------Ako

Nagkatinginan kami ni Justin.  Baliw ka na sis!  angal ko kay Steff.

Tumawa siya pati si Kevin.  Ang cute ng reaction niyo hahahaha! Bakit ano ba masama?
Kayo naman di ba? Saka bakit ayaw niyo? May gagawin siguro kayo noh??  Kumindat si Steff.

BERAT! Ano ba yang pinagsasasabi mo??  >///<

Eh ano magagawa natin eh pare pareho tayong isinilang na babae ni Kat hahahaha.. Tabi na kasi kayo ni Justin..

Uhm, uwi nalang kaya ako? Para makatulog kayo ng maayos,  alok ni Kat.

Nako wag na Kat!  Hinawakan ni Steff si Kat sa braso at ngumiti.  Gabi na eh! Baka ku
ng
ano pa mangyari sayo sa daan. Saka ayaw mo ba nito?? Barkada night hahahaha!

Kumunot yung noo ko. Nakakainis naman kasi si Steff! Sabi na t may pinaplano toh e
h!
Halata naman kasing pilit niyang pinagsasama kami ni Justin sa isang kwarto eh.
Tapos
ngayon umaarte pa siya na parang close na close siya kay Kat. Tss! >_<

Oo nga, dito nalang kayo, aalis nalang kami ni Kat. Hatid ko nalang siya,  sabi ni
Jessie
pero nakatingin siya sakin. Medyo nailang ako kaya umiwas nalang ako ng tingin..

Pwede ba Jessie wag kang KJ?  sabi ni Steff at tiningnan siya ng masama. Pero bigla
ring
nagbago yung tono ng boses niya.  So pano? Let s sleep na?  ^_^

Tss..

Umakyat na kami ni Justin sa kwarto ni Kevin. Nauna kong magshower kaysa sa kany
a.
At katulad ng dati, pinahiram kami ni Kevin ng pantulog. Then turn na ni Justin
magshower.
Nakaupo ako sa kama, pinapatuyo ng tuwalya yung buhok ko. NNung medyo tuyo na yo
n,
kinuha ko yung suklay sa may table at sinuklay yung buhok ko..

After a few minutes, lumabas na sa CR si Justin..

O///O

WAAAHH!!!  Napatakip yung kamay ko sa mata ko.

L-Luna? Bakit? natatarata niyang tanong.

Bakit.. Bakit... B-Bakit wala kang pang-itaas?? nabubulol kong tanong. Ang lakas ng kabog ng dibdib ko. Hiyang hiya ako sa nakikita ko ngayon. Parang gusto ko nang lumubog sa kama sa sobrang hiya.

Ay sorry. Nahulog kasi yung t-shirt sa CR eh. Nabasa kasi yon kaya hindi ko maisuot. Saka nakalimutan ko nandito ka nga pala. Sorry talaga, teka yamo isusuot ko nalang..

Wag na! Then bigla akong namula. Dali Luna dagdagan mo pa! Baka isipin pa ni Justin na gusto ko siyang nakikitang nakahubad! W-Wag mo nang isuot yan. Baka sipunin ka pa eh. Kumuha ka nalang sa cabinet ni Kebs..

Gumapang ako sa kama at humiga. Nagtalukbong ako ng unan kasi feeling ko daig ko pa yung nilalagnat sa pula ng mukha ko. Naririnig ko rin yung mahihinang tawa ni Justin kaya lalo tuloy akong nahiya.

Okay na, may suot na ko.. Huy, ialis mo na yang unan. Inagaw niya yung unan sa kamay ko. Nakita kong nakangiti siya sakin.
>///<

Sorry Luna ah.. Di ko talaga sinasadya yun, sabi niya.

Umupo ako. Oo alam ko. Nagulat lang talaga ko kanina eh hehehehe..

Hinaplos niya yung buhok ko. Gusto mo nang matulog?

Automatic na tumango yung ulo ko. Medyo naiilang ako kasi lalaki yung kasama ko ngayong matulog.. At sa isang kama pa..

Biglang bumukas yung pinto. Napalingon kami ni Justin. Nakita namin si Jessie na

nakatayo dun sa may pintuan. Napataas yung kilay ko kasi parang medyo nakanganga siya
tapos nakatitig samin.

Bakit? tanong ni Justin;
Lumunok si Jessie. Ah w-wala naman. Nakarinig kasi ko ng sigaw kanina eh..
Ah yun ba. Si Luna yon. Nagulat kasi siya sakin kasi lumabas ako ng CR na walang pang

itaas.
Nakahubad ka? tanong agad ni Jessie.

Kumurap si Justin. Tapos ako naman nakaramdam ng awkwardness. Bakit ba kasi kailangan pang pag-usapan yun?? >_<

Uhm oo. Nahulog kasi yung t-shirt sa floor ng CR kaya nabasa. Eh hindi ko naman maisuot. Saka I forgot na kasama ko nga pala si Luna dito sa kwarto, sabi ni Justin tapos

tumingin siya sakin.

Ah, sabi ni Jessie.

Hindi ka pa ba matutulog pare?

Ah eh.. Matutulog na din. Sige, good night. Isasarado na sana niya yung pinto pero

nagulat ako ng bigla niyang buksan ulit yun. Wala na ba kayong kailangan? Gusto niyo pa
ba ng unan? Madami kasing unan dun sa baba eh.

Ngumiti si Justin at umiling. No thanks pare, we have plenty here.

Ah okay. Sige. Good night ulit. Dahan-dahan niyang isinarado yung pinto. Nakita kong tumatawa ng mahina si Justin.

Ba t tumatawa ka? tanong ko sa kanya.

Wala hahaha. Tara tulog na tayo.. Tapos humiga na siya. Pinatay ko na yung ilaw at

humiga sa kabilang side ng kama. Magkatalikod kaming natulog. Medyo kinakabahan pa nga ako eh. Pero tinry kong ipikit nalang yung mata ko at hinayaang dalawin ako ng antok..

Matagal na din akong nakahiga dun pero hindi pa ko makatulog. Bumiling na din ako. Nagkamot ng ulo. Tinawag ko na din si Justin pero tulog na talaga siya. Kinuha ko yung cellphone ko at kinalikot nalang yon. Hindi ko pa nga pala nabubura yung picture ni Jessie dito. Inalis ko siya sa wallpaper pero hindi ko pa yun nabubura sa pinaka-memory ng cp ko.

Pero somehow, parang ayoko pang burahin yun...

Inilock ko yung cellphone ko at umupo. Tiningnan ko ulit si Justin pero mukhang mahimbing na yung tulog niya. Tumayo ako at lumakad ng tahimik. Binuksan ko yung pinto at isinara ng dahan-dahan.

